8

Edukasyon sa Pagpapakatao

Modyul para sa Mag-aaral

Ang mga modyul na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, at pamantasan. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

Kagawaran ng Edukasyon
Republika ng Pilipinas

Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Modyul para sa Mag-aaral
Unang Edisyon, 2013
ISBN: 978-971-9990-80-2

Paunawa hinggil sa karapatang-sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph. D.

Mga Bumuo ng Modyul para sa Mag-aaral

Mga Manunulat:	Regina Mignon C. Bognot, Romualdes R. Comia, Sheryll T. Gayola, Marie Aiellen S. Lagarde, Marivic R. Leaño, Eugenia C. Martin, Marie Ann M. Ong, at Rheamay T. Paras
Mga Konsultant:	Fe A. Hidalgo, Ph. D. at Manuel B. Dy, Ph. D.
Gumuhit ng mga Larawan:	Jason O. Villena
Naglayout:	Lemuel C. Valles
Editor at Subject Specialist:	Luisita B. Peralta
Management Team:	Lolita M. Andrada, Ph. D, Joyce DR. Andaya, Bella O. Mariñas, at Jose D. Tuguinayo, Jr., Ph. D.

Inilimbag sa Pilipinas ng Vibal Publishing House, Inc.

Department of Education - Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)
Office Address: 2nd Floor Dorm G, Philsports Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

TALAAN NG NILALAMAN

Yunit I – Ang Pamilya Bilang Ugat ng Pakikipagkapwa ……... 1

Modyul 1: Ang Pamilya Bilang Natural na Institusyon 1

Modyul 2: Ang Misyon ng Pamilya sa Pagbibigay ng Edukasyon, Paggabay sa Pagpapasiya, at Paghubog ng Pananampalataya ……..... 29

Modyul 3: Ang Kahalagahan ng Komunikasyon sa Pagpapatatag ng Pamilya …… 53

Modyul 4: Ang Papel na Panlipunan at Pampolitikal ng Pamilya ……... 75

Yunit II – Ang Pakikipagkapwa …….. 103

Modyul 5: Ang Pakikipagkapwa …….. 104

Modyul 6: Ang Pakikipagkaibigan ……... 137

Modyul 7: Emosyon ……. 166

Modyul 8: Ang Mapanagutang Pamumuno at Pagiging Tagasunod ……. 195

Yunit III – Mga Pagpapahalaga at Birtud sa Pakikipagkapwa ……... 227

Modyul 9: Pasasalamat sa Ginawang Kabutihan ng Kapwa ……. 227

Modyul 10: Pagsunod at Paggalang sa mga Magulang, Nakatatanda, at may Awtoridad 256

Modyul 11: Paggawa ng Mabuti sa Kapwa …… 290

Modyul 12: Katapatan sa Salita at Gawa …… 314

Yunit IV – Mga Isyu sa Pakikipagkapwa …….. 335

Modyul 13: Ang Sekswalidad ng Tao …….. 335

Modyul 14: Karahasan sa Paaralan ……. 367

Modyul 15: Agwat Teknolohikal …… 401

Modyul 16: Epekto ng Migrasyon sa Pamilyang Pilipino ……. 433

Yunit I

Ang Pamilya Bilang Ugat ng Pakikipagkapwa

Modyul 1: ANG PAMILYA BILANG NATURAL NA INSTITUSYON

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Usapang pamilya naman tayo! Noong nagdaang taon ay naging malalim ang pagtalakay tungkol sa sarili at dumaan ka sa mahabang proseso ng pagkilala at pagpapaunlad ng iyong pagkatao. Inaasahan na sa pagkakataong ito ay handa ka nang lumabas sa iyong sarili at ituon naman ang iyong panahon sa mga tao sa iyong paligid – ang iyong kapwa. Sa pagkakataong ito, pag-usapan naman natin ang pinakamalapit mong kapwa… ang iyong PAMILYA.



Kagiliw-giliw pag-usapan ang tungkol sa pamilya. Bilang isang Pilipino, alam kong may malaking puwang sa iyong isip at puso ang iyong pamilya. Ngunit sapat na nga kaya ang pagkakakilala at pag-unawa mo sa tunay na saysay ng pamilya sa iyong sarili at sa lipunan? Paano maiuugnay ang pamilya bilang likas na institusyon sa pagpapaunlad ng pakikipagkapwa? Tutulungan ka ng modyul na ito upang masagot mo ang mga tanong na ito.

Pagkatapos ng iyong paglalakbay sa modyul na ito ay inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Bakit itinuturing na natural na institusyon ang pamilya?**

Handa ka na ba? Halika na! Sabay tayong maglakbay patungo sa kaibuturan ng ating pamilya.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Natutukoy ang mga gawain o karanasan sa sariling pamilya na kapupulutan ng aral o may positibong impluwensya sa sarili
b. Nasusuri ang pag-iral ng pagmamahalan at pagtutulungan sa isang pamilyang nakasama, namasid, o napanood
c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
d. Naisasagawa ang mga angkop na kilos tungo sa pagpapaunlad ng pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput sa titik d:

1. May nabuong mga hakbang, katuwang ang mga kasapi ng pamilya, sa pagsasagawa ng mga angkop na kilos na makatutulong sa pagpapaunlad ng pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya
2. May mga kalakip na patunay sa isinagawang pag-uusap sa pagitan ng mga kasapi ng pamilya
3. May nagawang *family log* na magsisilbing talaan ng mga karanasan sa pamilya sa pagsasabuhay ng mga hakbang sa pagpapaunlad at pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot.

1. Ang ating lipunan ay binubuo ng iba’t ibang institusyon o sektor. Alin sa mga institusyon sa lipunan ang itinuturing na pinakamaliit at pangunahing yunit ng lipunan?

   a. paaralan
   b. pamilya
   c. pamahalaan
   d. barangay

2. Sinasabi na ang pamilya ay isang natural na institusyon. Alin sa sumusunod na pahayag ang dahilan?

   a. Ang bawat pamilya ay kasapi ng iba't ibang institusyon ng lipunan.
   b. Ang mga institusyon sa lipunan ay naitatag dahil sa pagdami ng pamilya.
   c. Nabuo ang pamilya dahil sa pagmamahalan ng dalawang taong nagpasiyang magpakasal at magsama nang habambuhay.
   d. Sa pamilya nahuhubog ang mabuting pakikipag-ugnayan at pagpapahalaga sa kapwa.

3. Ang bawat pamilya ay ginagabayan ng batas ng malayang pagbibigay (law of free giving). Alin sa sumusunod na pahayag ang naglalarawan sa nasabing batas?

   a. Isang ama na naghahanapbuhay upang maibigay ang pangangailangan ng kaniyang pamilya.
   b. Pinag-aaral ng mga magulang ang kanilang anak upang sa pagdating ng panahon sila naman ang maghahanapbuhay sa pamilya.
   c. Naging masipag ang anak sa paglilinis ng bahay dahil nais niyang mabigyan ng karagdagang baon sa iskwela.
   d. Nais ng magulang na may mag-aaruga sa kanila sa kanilang pagtanda kung kaya't inaaruga nila nang mabuti ang kanilang mga anak.

4. "Kapag matatag ang pamilya matatag din ang isang bansa." Ano ang ibig sabihin nito?

   a. Ang pamilya ang salamin ng isang bansa, kung ano ang nakikita sa loob ng pamilya ganoon din sa lipunan.
   b. Ang pamilya ang pundasyon ng lipunan.
   c. Kapag matatag ang pamilya, matatag din ang bansa, dahil ito ang bumubuo sa lipunan.
   d. Kung ano ang puno siya rin ang bunga. Kung ano ang pamilya siya rin ang lipunan.

5. Sinasabi na ang mabuting pakikipagkapwa ay nagmumula sa pamilya. Alin sa sumusunod na pahayag ang ***hindi*** nagpapatunay nito?

   a. Ang pamilya ang unang nagtuturo ng mabubuting paraan ng pakikipagkapwa tao.

b. Kung paano nakikitungo ang magulang sa kaniyang anak, gayundin ang magiging pakikitungo nito sa iba.
c. Sa pamilya unang natututuhan ang kagandahang-asal at maayos na pakikitungo sa kapwa.
d. Kapag wala ang magulang, ang paaralan ang siyang pangalawang tahanan na gagabay sa mga bata.

6. Alin sa sumusunod ang una at pinakapangunahing pamantayan sa paghubog ng isang maayos na pamilya?

a. Pinagsama ng kasal ang magulang
b. Pagkakaroon ng mga anak
c. pagtatanggol ng pamilya sa kanilang karapatan
d. mga patakaran sa pamilya

7. Hindi nakakaligtaan ng pamilyang Santos ang manalangin nang sama-sama higit sa lahat ang pagsisimba ng magkakasama tuwing Linggo. Ano ang ipinakikita ng pamilyang ito na dapat mong tularan?

a. Buo at matatag
b. May disiplina ang bawat isa
c. Nagkakaisa sa paraan ng pagsamba sa Diyos
d. Hindi nagkakaroon ng alitan kailanman

8. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapaliwanag na ang pamilya ang una at patuloy na pundasyon ng edukasyon para sa panlipunang buhay (social life)?

a. Ang pamilya ang siyang may katungkulan na pag-aralin ang mga anak.
b. Ang mga magulang ang unang naging guro, gumagabay, at nagtuturo ng pakikitungo sa kapwa.
c. Ang pamilya ang unang kapwa at madalas na kausap o nakakahalubilo sa loob ng tahanan.
d. Ang mga magulang ang pinagmulan at huling kahahantungan ng ating buhay.

9. Ano ang dahilan kung bakit ang pagtutulungan ay natural sa pamilya?

    a. Dahil kaligayahan ng bawat kasapi na makitang mabuti ang kalagayan ng buong pamilya.
    b. Dahil wala nang iba pang magtutulungan kundi ang magkakapamilya.
    c. Sapagkat kusang tumutulong ang bawat miyembro ng pamilya sa abot ng kanilang makakaya.
    d. Sapagkat natural lang na magtulungan sa pamilya upang maipakita ang suporta ng bawat isa.

10. “Ang mabuting pakikitungo sa pamilya ay daan sa mabuting pakikipagkapwa tao.” Ano ang ibubunga nito sa isang tao kung ito ang kaniyang isasabuhay?

    a. Higit na nagiging popular ang isang tao kung maayos ang kaniyang pakikipagkapwa tao.
    b. Nakatutulong ito sa kaniyang suliranin sa buhay upang masolusyunan ang problema.
    c. Ang maayos na samahan sa pamilya ay nagtuturo sa tao na maging mabuti sa pakikipagkapwa
    d. Madaling matanggap ng kapwa ang isang tao na maayos ang pamilyang kinabibilangan



B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

May nakapagtanong na ba sa iyo kung ano ang iyong pananaw tungkol sa pamilya? Marahil sasang-ayon ka na magkakaiba ang pananaw ng mga tao tungkol dito. Sa pagkakataong ito, magandang maisalarawan ang iyong pamilya.

Panuto:

1. Gamitin ang pagkamalikhain sa paglalarawan ng iyong pananaw tungkol sa pamilya. Maaaring gawin ang sumusunod:

    a. Gumuhit o di kaya ay gumupit ng mga larawan na maaaring magamit sa paglalarawan.
    b. Pumili ng isang awit na tutugma sa sariling paglalarawan.

c. Sumulat ng tula.
d. Lumikha ng isang slideshow, atbp.

2. Maaaring gamiting gabay ang sumusunod na tanong sa pagsasagawa ng gawain:

   a. Paano mo ilalarawan ang isang pamilya?
   b. Ano ang kahulugan o kabuluhan ng pamilya para sa iyo?

3. Maaaring lakipan ng maikling paliwanag ang ginawang paglalarawan.

4. Matapos ang gawain ay ibahagi ang ginawa sa isang kaibigan o kapamilya. Maaari din itong i-*share* sa facebook.

5. Gumawa ng ulat mula sa ginawang pagbabahagi sa sariling kuwaderno.

6. Matapos ito ay sagutin ang sumusunod na tanong sa kuwaderno:

   a. Anong isang salita ang maaari mong gamiting paglalarawan sa pamilya? Bakit mo napili ang salitang ito?
   b. Anong karanasan sa pamilya ang nagbunsod sa iyo upang magkaroon ng ganitong pananaw tungkol sa pamilya?
   c. Anong mahalagang mensahe ang nais mong ipaabot sa iyong sariling pamilya?

Gawain 2


Bawat kasapi ng pamilya ay may bahaging ginagampanan. Madalas nga lamang ay hindi na nabibigyang-pansin sa isang pamilya ang kontribusyon ng bawat isa, maliit man ito o malaki. Sa pagkakataong ito ay maglalaan ka ng panahon upang isa-isahin ang mga naiiambag ng mga kasapi ng iyong sariling pamilya para sa iyong sarili, para sa mga kapwa kasapi ng pamilya, para sa buong pamilya, at maging para sa pamayanan.

Panuto:

1. Gumuhit ng isang bahay na nagpapakita ng mahahalagang bahagi nito.

2. Gamitin ang istruktura ng bahay ang ilang kagamitan na naririto upang ilarawan mo ang bawat kasapi ng iyong pamilya at ang mahahalagang kontribusyon nila sa iyo, sa iba pang kasapi ng pamilya, o sa buong pamilya.

   Halimbawa:



Ang aking AMA at INA ang haligi ng aming tahanan dahil _____
_____

Ang aking KUYA at ATE ay maihahalintulad ko sa PADER ng aming tahanan dahil
_____
_____

3. Tiyakin na mailalarawan mo ang lahat ng kasapi ng pamilya at ang iyong sarili.
4. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.
5. Matapos ito ay humanap ng isa pang kapwa mo mag-aaral o kaibigan na pagbabahaginan mo ng iyong ginawa.

Maaaring makatulong sa iyo ang mga ito sa isasagawang pagbabahagi:

a. Tiyaking tunay na mapagkakatiwalaan ang taong pagbabahaginan.
b. Ipaliwanag sa mga taong pagbabahaginan ang mahalagang layunin ng gawain.
c. Ibahagi sa kaniya o sa kanila ang nilalaman ng gawain at maging bukas sa paghimok sa kanilang isagawa ang katulad na gawain upang makapagbahaginan.
d. Ipaliwanag isa-isa ang mga simbolo at at ang mga dahilan sa pagpili nito.
e. Maging bukas sa pagsagot ng mga tanong at sa pagpapalawak ng pagpapaliwanag kung kinakailangan.
f. Maging mulat sa paglalagay ng hangganan sa mga impormasyong ibabahagi tungkol sa pamilya.

6. Itala sa iyong kuwaderno ang mahahalagang pangyayari na naganap sa iyong ginawang pagbabahagi.

7. Matapos ito ay sagutin ang sumusunod na tanong:
   a. Ano ang iyong mga natuklasan sa natapos na gawain? Ipaliwanag.
   b. Bakit mahalagang magampanan ng bawat kasapi ng pamilya ang kanilang gampanin? Ipaliwanag.
   c. Paano mo napahahalagahan ang kontribusyon ng bawat kasapi ng iyong pamilya sa iyo at sa iyong pamilya?
   d. Anong mga katangian ang taglay mo ngayon ang impluwensya ng iyong pamilya? Ilarawan.



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain: Ako ay AKO dahil sa Aking Pamilya

Panuto:

1. Isa-isahin mo ang iyong mga karanasan sa pamilya na iyong nakapulutan ng aral o nagkaroon ng positibong impluwensya sa iyong sarili.

2. Suriin mo rin kung paano ka inihanda o inihahanda ng iyong pamilya sa mas malaking mundo ng pakikipagkapwa. Isa-isang itala sa iyong kuwaderno ang lahat ng mahahalagang reyalisasyon mo tungkol dito.

3. Mas magiging makabuluhan kung lilikha ng isang *photo journal* sa computer gamit ang *moviemaker* o *powerpoint*. Maaari ding gumupit ng mga larawan mula sa lumang magasin at gamitin ang mga ito upang ipahayag ang bunga ng ginawang pagsusuri.

4. Matapos ang gawain na ito ay sagutin ang sumusunod na tanong:
   a. Ano ang iyong naging damdamin sa pagsasagawa ng gawaing ito?
   b. Ano ang mahalagang reyalisasyon na iyong nakuha mula sa gawaing ito?
   c. Bakit mahalagang maglaan ng panahon upang suriin ang iyong ugnayan sa iyong pamilya? Ipaliwanag.
   d. Ano ang ibinibigay ng pamilya na tunay na nakatutulong sa isang indibidwal upang mapaunlad ang kaniyang sarili tungo sa pakikipagkapwa?

Gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba:

(Maaaring makatulong ang mga hakbang sa paggawa nito gamit ang teknolohiya na matatagpuan sa website na ito: http://digitalwriting101.net/content/how-to-use-windows-moviemaker-to-compose-a-photo-essay/. Kung magpapasiyang gawin ito gamit ang computer, i-upload ang *photo journal* sa *youtube* o sa *facebook*.)

May inihandang ilang halimbawa para sa iyo sa ibaba:



Mula pagkabata, alam ko kung gaano kasarap sa pakiramdam ang palagiang paggabay ng aking mga magulang; kaya alam kong matutuwa rin ang ibang taong gagawaan ko ng ganito.

Sa bawat pagkakataon na kami ay nagkakasama sa hapag-kainan na nagdarasal bago kumain, sa silid bago matulog o sa sambahan tuwing linggo, naturuan akong maging mapagpasalamat sa kahit na maliit na biyaya mula sa Diyos at sa aking kapwa.












Sa mga pagkakataon sa hapag-kainan na kami ay pinahihinto ng aming ina upang ipakita na kami'y pinagpala dahil may pagkain sa aming hapag.

Natutuhan kong magpasalamat sa pamamagitan ng pagbibigay at pagtulong sa aking kapwa.





Sa bawat pagkakataon na ako ay napagagalitan, napagtanto ko na mas marami dito ay dahil sa kanila ring pag-aalala para sa akin, para sa aking kabutihan upang mahubog ako bilang isang mabuting tao.


D. PAGPAPALALIM

Ang Pamilya Bilang Likas na Institusyon


Madalas mo siguro makita ang ganitong sticker sa likod ng mga sasakyan. Siguro noong una mo itong nakita ay nasabi mo ring, “Wow, ang *cute* naman.” Naisip mo rin ba na kapag nagkaroon ka ng sariling sasakyan ay lalagyan mo rin ng katulad na larawan o *sticker*. Ngunit kung susuriin, matutuwa kang isipin na ito ay isang simpleng patunay sa patuloy na pagpapahalaga ng Pilipino sa pamilya.



Ang paksa tungkol sa pamilya marahil ang pinakanakapupukaw ng interes na pag-usapan sa mas maraming pagkakataon, masaya man ito o minsan ay malungkot. Nakalulugod pag-usapan ang masasayang alaala sa pagkakataon na nagsasama-sama ang pamilya, halimbawa sa pamamasyal sa ibang lugar o ang simpleng masayang usapan at biruan sa hapag-kainan habang kumakain ng hapunan. Likas na yata na ang unang tinatanong kapag nagkita ang dalawang magkaibigan pagkatapos ng mahabang panahon ay kung may asawa na ba siya at kung ilan na ang kaniyang anak. Magiliw na ibabahagi ang mga narating o nakamit ng kaniyang mga anak, at marami pang iba. Patunay ito na ang Pilipino ay likas na makapamilya. Kaya mahalagang maging mas malalim ang pagkilala at pag-unawa, lalo na ng isang kabataang katulad mo tungkol sa pamilya. Kasi katulad ng kahit na sino sa buong mundo, ikaw rin ay nagmula sa isang pamilya.



Ano nga ba ang pamilya? Ayon kay Pierangelo Alejo (2004), ang pamilya ang pangunahing institusyon sa lipunan na nabuo sa pamamagitan ng pagpapakasal ng isang lalaki at babae dahil sa kanilang walang pag-iimbot, puro, at romantikong pagmamahal - kapwa nangakong magsasama hanggang sa wakas ng kanilang buhay, magtutulungan sa pag-aaruga at pagtataguyod ng edukasyon ng kanilang mga magiging anak. Ayon pa rin sa kaniya, ang pamilya ay isang kongkretong pagpapahayag ng positibong aspekto ng pagmamahal sa kapwa sa pamamagitan ng kawanggawa, kabutihang loob, at paggalang o pagsunod.




Maaaring patuloy na nagkakaroon ng ebolusyon sa kahulugan ng pamilya ngunit isa ang mananatili, ang pamilya ay isang likas na institusyon. Bakit nga ba? Basahin mo at unawain sa ibaba ang pitong mahahalagang dahilan:

1

Ang pamilya ay pamayanan ng mga tao (community of persons) na kung saan ang maayos na paraan ng pag-iral at pamumuhay ay nakabatay sa ugnayan.

Ang pamilya ay mayroong misyon na bantayan, ipakita, at ipadama ang pagmamahal. Ito ay itinatag bilang isang malapit na komunidad ng buhay at pagmamahal. Ang bawat partikular na gawain ng pamilya ay pagpapahayag at pagsasabuhay ng pangunahing misyon na ito. Kung walang pagmamahal, ang pamilya ay hindi matatawag na *pamayanan ng mga tao.* Hindi rin ito ganap na iiral, lalago, at hindi makakamit ng mga miyembro nito ang kaganapan.

Ang kapangyarihan ng pamilya bilang isang lipunan ay nakasalalay sa ugnayang umiiral dito. Mapangangalagaan ito ng mga batayang karapatan ng tao. Lumikha ang pamilya ng mga karapatang pantao upang suportahan ang bawat kasapi sa pagganap niya ng kaniyang mga tungkulin sa pamilya. Mahalagang mabigyang-tuon ang mabuti at malalim na ugnayan sa pamilya upang magampanan nito ang kaniyang tunay na layon, ang mapagyaman ito (pamilya) para sa kapakinabangan hindi lamang ng mga kasapi nito kundi maging ng lipunan. Ang pamilya ay isang mabuting pangangailangan ng lipunan (*necessary good for society*); kaya't kapag hindi ito iginalang, mapanira ang epekto nito sa lipunan sa kabuuan. Ngunit kailangan ding mabigyang-diin na ang lipunan ay umiiral para sa kapakanan ng mga pamilya at hindi ng kabaligtaran nito. Kung ang kabutihan ng pamilya ay napagyayaman, naitataguyod, at napangangalagaan ng lipunan, ang bawat kasapi nito ay nabibigyan ng pagkakataon na makamit ang kaniyang kaganapan sa isang maayos na kapaligiran na angkop para sa paghubog ng mga panlipunang birtud at pagpapahalaga. (De Torre, J., 1977)



Ang pamilya ay itinatag bilang isang malapit na komunidad ng buhay at pagmamahal.

2


Nabuo ang pamilya sa pagmamahalan ng isang lalaki at babaeng nagpasiyang magpakasal at magsama nang habambuhay.

Nilikha ng Diyos ang tao bunga ng Kaniyang pagmamahal at kasabay nito siya rin ay tinawag upang magmahal; kaya't likas ang pagmamahal sa tao. Ang isang lalaki at babae na nagpasiyang magpakasal at magsama habang buhay ay tumutugon sa tawag ng Diyos na magmahal. Ang pagpapakasal ng dalawang taong nagmamahalan ang magpapatibay sa isang pamilya – dito ipinakikita ang pagsasama ng buhay at pagmamahal, ang pagbibitiw ng mga pangako na nagpapatibay sa pagbibigay-halaga sa tao bilang tao at hindi isinasaalang-alang ang anumang mayroon ng isa.

Ang pagmamahal na namamagitan sa mag-asawa (*conjugal love*) ay nakapagbibigay-buhay (dahil nakatakda ito sa pagkakaroon ng anak), kaya patungo ito sa pagmamahal ng magulang (*paternal love*). Nabuo ito dahil sa pagmamahal. Ito ang tanging "samahan" na di dapat piliin, ihalal, o iboto ang mga namumuno; kinikilala rito ang pamumuno ng ama at ina. Hindi rin kailangang manghikayat ng mga miyembro upang dumami ang mga kasapi nito. Likas na dumarami ang mga kasapi nito na bunga ng pagmamahalan. Ang ugnayan ng mga kasapi nito ay pinagtitibay ng pagmamahalan magkalayo man sila sa isa't isa. Napananatili itong buo dahil sa bigkis ng pagmamahal. Ang isang kasapi ng pamilya na nalayo bunga ng pangingibang-bansa ay baon ang pagmamahal ng pamilya sa kaniyang pag-alis. Pinapawi ng mga larawan sa pitaka o sa ibabaw ng kaniyang mesa ang pangungulila. May mga pagsasakripisyong kailangang gawin na magbubunga ng pisikal na pagkakalayo ngunit hindi nito mapaglalayo ang kanilang diwa na nakatatak ang pangakong magsasama at magmamahalan habang buhay.



Mahal kita dahil ikaw ay ikaw…




3 *Ang pamilya ang una at pinakamahalagang yunit ng lipunan. Ito ang pundasyon ng lipunan at patuloy na sumusuporta rito dahil sa gampanin nitong magbigay-buhay.*

Ang bawat isang sanggol na ipinanganganak sa mundo sa bawat segundo ay nagmumula sa isang pamilya. Dito unang sumisibol ang bawat mamamayan na magiging mahalagang bahagi ng lipunan, ang mga magiging kasapi ng iba't ibang sektor ng lipunan. Ito ay dahil layunin ng pamilya ang pag-aanak at edukasyon ng mga anak. Ito ang dahilan kung bakit ang pamilya ang itinuturing na una at pinakamahalagang bahagi ng lipunan. Kaya mahalagang ito ay maayos na kilalanin at bigyan ng sapat na suporta ng lipunan. Sabi nga, walang lipunan kung walang pamilya. Kung hindi maayos ang pamilya, tiyak na hindi rin magiging maayos ang lipunan. Kung maayos ang lahat ng pamilya, tiyak na magiging matiwasay ang lipunan. Kaya nararapat lamang na magkaisa ang mga pamilya sa kanilang layunin na itaguyod ang kapakanan ng lipunan sa pamamagitan ng kolektibong



pagkilos tungo sa pagkamit ng mga nagkakaisang layunin. Mahalagang maging bukas ang pamilya sa kapwa pamilya at maayos na gampanan ng bawat kasapi nito ang kanilang tungkulin sa lipunan.



Sa pamilya, binibigyang-halaga ang kasapi dahil *sa pagiging tao niya*, hindi dahil sa kaniyang *kontribusyon* o magagawa sa pamilya. Ang ugnayang dugo ang likas na dahilan kung bakit itinuturing ang kapamilya bilang parang sarili (*another self*), may dignidad at may *karapatang* mahalin dahil sa pagiging tao niya at hindi sa kung anong mayroon siya (halimbawa, kapangyarihan, kagandahan, o talento.) Hindi ito kumikilos batay sa prinsipyo ng paggamit lamang (*principle of utility*).

Bilang natatanging miyembro ng pamilya, hindi siya basta pinapalitan kung hindi man niya magampanan nang maayos ang kaniyang pananagutan. Samantalang sa isang kompaniya o samahan, kung hindi tutupad sa kaniyang tungkulin ang isang kasapi maaari siyang palitan ng taong may higit na katangian at makagagaganap ng nasabing pananagutan. Ito ay hindi maaaring gawin sa miyembro ng pamilya. Ang ama kung mawalan ng trabaho ay hindi puwedeng pagpasiyahan ng mag-iina na alisin na siya bilang ama. Siya pa rin ang ama at ang paggalang sa kaniya ay hindi mababawasan kung wala siyang trabaho. Ganoon din, hindi rin nababawasan ang kaniyang dignidad kung wala siyang trabaho. Kaya nga, kahit sa panahon ng materyalismo na kung saan pinahahalagahan ng ilan ang pakinabang na makukuha sa tao kaysa sa halaga niya bilang tao, dapat makintal sa isip ng bawat miyembro ng pamilya na bigyang-halaga ang kapamilya kahit hindi ito makatugon sa bawat inaasahan sa kaniya. Ito ay dahil umiiral sa pamilya ang pagmamahal na lubusan at walang hinihintay na kapalit (*radical and unconditional love).* Ang isang sanggol na nasa sinapupunan pa lamang ng ina ay minamahal na ng kaniyang mga magulang kahit hindi pa nila nakikita ang kaniyang anyo – ang mensahe ng pagmamahal na ipinararating sa pamamagitan ng haplos; ang pag-aalaga sa kalusugan ng ina dahil alam na ito ay para rin sa kapakanan ng batang nasa sinapupunan; at ang pagtitiis sa matinding kirot bunga ng panganganak dahil alam na pagkatapos nito ay hindi maipaliwanag na kaligayahan dahil masisilayan na ang biyayang pinakahihintay – lahat ito ay dahil sa pagmamahal na hindi

nakabatay sa kaanyuan, katangian, at kakayahan. Ang bawat kasapi ng pamilya ay hindi matutumbasan ng kahit na anong halaga, sila ay minamahal at tinatanggap dahil siya ay siya.

Sa pamilya, ipinararanas sa tao kung paano mahalin upang ganap niyang matutuhan kung paano ang magmahal. Ito ang kauna-unahang lugar kung saan natututuhan ng tao ang tunay na kahulugan ng pagiging tao – ang isang tao na binibigyang halaga para sa kaniyang sariling kapakanan at nakakamit ang kaganapan sa pamamagitan lamang ng matapat na pag-aalay ng sarili para sa kapwa.

5 *Ang pamilya ang una at hindi mapapalitang paaralan para sa panlipunang buhay (the first and irreplaceable school of social life)***.**

Ang pamilya ang pinakaepektibong paraan upang gawing makatao at mapagmahal ang lipunan. May orihinal na kontribusyon ito sa pagtatayo ng mundo, sa pamamagitan ng pangangalaga at pagtuturo ng mga pagpapahalaga. Dito umuusbong ang mga panlipunang pagpapahalaga na nakatutulong sa pag-unlad ng lipunan. Una rito ang ugnayan (*communion*) at pakikibahagi na dapat umiiral sa araw-araw na buhay-pamilya. Nagagabayan ng batas ng malayang pagbibigay (*law of free giving*) ang ugnayan sa pagitan ng mga miyembro nito. Tatalikuran ng mundo ang isang tao dahil sa kaniyang pagkakasala ngunit mananatiling nakaalalay at naniniwala sa kaniya ang kaniyang pamilya – mananatili sa kaniyang tabi upang gabayan siyang baguhin ang kaniyang buhay. Halimbawa, nakahandang magsakripisyo ang mga magulang para sa pag-aaruga ng anak na may kapansanan, papasanin kung kinakailangan para maihatid siya sa paaralan. Ito ay dahil sa pagnanais ng mga magulang na matanggap ng anak ang anumang tinatamasa ng lahat ng batang katulad niya. Lahat ng ito ay malayang ibinibigay bunsod ng pagmamahal.



Ang paggalang at pagpapatatag ng dignidad ng bawat kasapi ng pamilya ang nagiging batayan upang ang malayang pagbibigay sa iba ay buong pusong tanggapin at magkaroon ng pagkakaisa. Iginagalang ng bawat isa ang dignidad ng kapwa miyembro, kaya't ang malayang pagbibigay ay ipinakikita sa taos-pusong pagtanggap, paglilingkod, diyalogo, malalim na pagkakaisa, at pagtutulungan.



Ang ganitong ugnayan na umiiral sa pamilya ang una at hindi mapapalitang paaralan para sa panlipunang buhay, ang halimbawa at ugat ng mga ugnayan sa lipunan. Ang pakikitungo ng lalaki sa kaniyang maybahay, ang pag-aasikaso ng babae sa kaniyang asawa, at ang pagtrato ng ama o ng ina sa kaniyang mga anak ay pinag-uugatan ng iba't ibang pagpapahalagang panlipunan. Ang pag-uunawaan na nakikita ng mga anak sa kanilang mga magulang ay magtuturo sa mga anak na maging malawak ang pag-unawa sa kaniyang kapwa. Kapag maayos ang samahan ng pamilya sa loob ng tahanan, mas magiging madali para sa isang anak na makitungo sa kaniyang kapwa, hindi siya mababalot ng takot o kawalang tiwala, bagkus laging mananaig ang pagmamahal na naitanim sa loob ng tahanan.

Magandang halimbawa rito ay ang dating kalihim ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal na si Kalihim Jesse Robredo. Ang pagkamatay niya ang nagbukas sa maraming tao ng kaniyang pagiging halimbawa ng matapat na paglilingkod. Winika niya sa isang panayam na mula sa kaniyang mga magulang ay natutuhan niya ang pagmamalasakit sa kapwa, ang pagiging matipid, at ang pamumuhay nang simple. Sa kaniyang ama, natutuhan niya na ang pangangalaga sa integridad ng kaniyang pagkatao at ang karangalan ng pamilya ang pinakamahalaga sa lahat. Ang mga ito ay tungkulin ng lahat ng kasapi ng pamilya na isabuhay at ito ang naging gabay niya sa kaniyang panunungkulan.

> *"Sa aking mga magulang ay natutuhan ko ang pagmamalasakit sa kapwa, ang pagiging matipid, at ang pamumuhay nang simple. Sa aking ama, natutuhan ko na ang panga-ngalaga sa integridad ng aking pagkatao at ang karangalan ng pamilya ang pinakamahalaga sa lahat."*
>
> -Dating Kalihim Jesse Robredo

Ang mga pagpapahalagang panlipunan na natutuhan sa tahanan ay gagamitin ng bata sa pakikitungo sa kaniyang kapwa. Kung gayon, magiging madali para sa kaniyang hanapin ang kaniyang kaganapan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba. Makakamit ang kaganapan ng pagkatao kung kapwa maituturing ng mga tao ang isa't isa bilang tao.



May panlipunan at pampolitikal na gampanin ang pamilya.

Hindi nilikha ang pamilya para sa kapakanan ng mga miyembro lamang. Mayroon itong tungkulin sa lipunan kung saan ito ay isang mahalagang bahagi. Una rito ang iba't ibang paraan ng pagbubukas ng tahanan sa kapwa (*hospitality*) tulad ng pagpapakain sa nagugutom o pagbibigay ng baso ng tubig sa nauuhaw. Maaari din namang magbigay ng panahon upang alamin ang pangangailangan ng kapwa o kaya'y pagtulong sa pagtatayo ng bahay sa mga nasunugan o sa paglilipat sa mga binaha. Isang totoong kuwento na pinakamagandang halimbawa nito ang naibahagi ng isang pamilyang nakatira sa Malabon. Ayon sa kanilang ibinahaging karanasan:

"Noong bagyong Ondoy, bumaha sa aming lugar at umabot sa aming bahay. Hanggang baywang na ang tubig sa loob ng bahay at patuloy ang pagtaas ng tubig. Ang malakas at mabilis na agos ng tubig ang nagtulak sa aming magpasiyang lumipat ng bahay. Kasabay nito ay may lumapit na isang kakilala at inalok ang bahay nila upang aming tuluyan. Sa loob ng tatlong araw, kinupkop nila ang aming pamilya.

"Maaaring magkaroon kami ng dahilan para malungkot sa dalawang nakalulunos na pangyayari, ngunit mas nangingibabaw ang pagkalugod dahil sa dalawang pagkakataon naramdaman namin ang pagtanggap, pagmamalasakit, at pagmamahal ng mga pamilyang ginamit na instrumento ng Diyos upang tugunan ang aming panalangin sa panahon ng pangangailangan."

Nang maganap ang malakas na ulan bunga ng Habagat, naulit ang pangyayaring ito sa aming bahay. Ngunit sa pagkakataong ito, hindi pa man kami nagpapasiyang umalis ng aming bahay, may dumating na isang kapitbahay at sinusundo kami upang patirahin sa kanilang tahanan. Sa loob ng apat na araw kami ay kinupkop ng isa na namang pamilya.

Maaaring magkaroon kami ng dahilan para malungkot sa dalawang nakalulunos na pangyayari, ngunit mas nangingibabaw ang pagkalugod dahil sa dalawang magkahiwalay na pagkakataon, naramdaman namin ang pagtanggap, pagmamalasakit, at pagmamahal ng mga pamilyang ginamit na instrumento ng Diyos upang tugunan ang aming panalangin sa panahon ng pangangailangan."

Kasama sa panlipunang tungkulin ng pamilya ang gampaning politikal tulad ng pagbabantay sa mga batas at institusyong panlipunan – kung ang mga ito ay sumusuporta at ipinagtatanggol ang mga karapatan at tungkulin ng pamilya. Kaya may pananagutan ang pamilya na *baguhin ang lipunan* sa pamamagitan ng pakikisangkot sa mga isyu at usapin – at hindi nakatuon sa kapakanan ng sariling pamilya lamang.

7 *Mahalagang misyon ng pamilya ang pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa mabuting pagpapasiya, at paghubog ng pananampalataya.*

Bukod sa pagkakaroon ng anak, may pananagutan ang mga magulang na gabayan ang anak upang lumaki at umunlad ito sa mga pagpapahalaga at maisabuhay ang misyon ng Diyos para sa kaniya. Ang tungkulin ng mga magulang na magbigay ng edukasyon ang *bukod-tangi at pinakamahalagang gampanin* ng mga magulang. Ito ay hindi mapapalitan *(irreplaceable*) at hindi mababago (*inalienable*) kaya't hindi puwedeng ipaubaya o iasa ang tungkuling ito sa iba (tulad ng panganay o nakatatandang anak na nakasanayan na sa ilang pamilyang Pilipino). Kasama sa edukasyong ito ang pagsasanay ng mga anak sa pagsasabuhay ng mga pagpapahalaga tulad ng simpleng pamumuhay, katarungan (sa pamamagitan ng paggalang sa dignidad ng kapwa), paggabay sa mabuting pagpapasiya, edukasyon sa pananampalataya, at pagpapaunlad nito.

Ang mga pagpapahalagang maitatanim sa puso ng anak ang siyang magtuturo sa kaniya na maging maingat at maayos sa kaniyang mga pagpapasiya. Ngayong nahaharap sa mga negatibong impluwensya ang mga kabataan, mahalagang taglay nila ang mga pagpapahalagang kailangan para sa maingat na pagpapasiya.

Bukod sa pagiging modelo ng mga pagpapahalaga, ang mga magulang ay dapat na mamuno at manguna sa pananalangin kasama ang anak, magbasa at pabasahin ng mga aklat ang mga anak tungkol sa pananampalataya at mamuno sa regular na pagtuturo tungkol sa pananampalataya (hal. Qu'ran sa mga Muslim at Bibliya sa mga Kristiyano). Upang makamit ang edukasyon sa pananampalataya, kailangang makipag-ugnayan ang pamilya sa ibang institusyon tulad ng paaralan at simbahan o sambahan.

Sa pamilya umuusbong ang *pagkatao* ng bawat kasapi ng pamilya. Ang mga mabuting halimbawa ng mga magulang ang magsisilbing gabay ng anak sa kaniyang pamumuhay sa hinaharap. Ang ihanda siya sa buhay panlipunan ay isang regalong hindi kailanman matutumbasan ng anumang halaga – hindi ito mauubos at hindi mananakaw ninuman.

Pagtutulungan ng Pamilya

Ang pagtutulungan ay natural ding dumadaloy sa pamilya sapagkat kaligayahan ng bawat kasapi na makitang mabuti ang kalagayan ng buong pamilya. Kilala ang pamilyang Pilipino sa pagkalinga sa kanilang mga anak. Palaging nakahandang tumulong ang mga miyembro sa oras ng pangangailangan ng bawat isa. Sa ating bansa, likas ang pag-aaruga sa nakatatanda. Hindi hinahayaan ang ina o amang tumatanda na maiwan sa *nursing home* katulad ng mga dayuhan bagkus sila ay aalagaan hanggang sa huling yugto ng kanilang buhay. Hindi man maalagaan ng lahat ng mga anak ay patuloy ang pagtulong pinansiyal ng ilan. Katulad ng ibang mga pagpapahalaga, ito rin ay itinanim ng mga magulang sa kanilang mga anak. Mula pa nang sila ay maliliit sinasanay na sa paghahati-hati ng mga gawaing bahay, binibigyan ng tungkulin ang mga mas nakatatandang kapatid sa kanilang nakababatang kapatid, at nagtutulungan ang bawat isa sa kanilang mga takdang-aralin.

Maituturing na labis na kabutihan ang hindi talikuran ang isang kasapi ng pamilya sa oras ng pangangailangan. Ngunit mahalagang tandaan na ang pagtulong ay may hangganan. Kailangang matiyak na hindi ito nagdudulot ng labis na pagiging palaasa. Kailangan ding matulungan ang isang anak na tumayo sa kaniyang sariling paa sa takdang panahon. Hindi makatutulong kung laging nariyan ang magulang

upang tugunan ang pangangailangan ng anak. Sa takdang panahon, kailangan na niyang mamuhay nang mag-isa at malayo sa kaniyang pamilya. Sa ganitong paraan mas matutulungan ang isang anak na hanapin at matagpuan ang kaniyang pagkatao.

Ang pamilya, dumaan man sa maraming mga pagbabago bunga ng modernisasyon, ay mananatiling natural na institusyon ng lipunan. Mahalagang hindi mabago kasabay ng panahon ang *pag-iral* ng isang pamilya. Kung ito ay magpapaanod sa pagbabago, saan pa likas na dadaloy ang pagmamahal at pagtutulungan? Saan pa matututo ang taong magmahal at maglingkod? Saan pa kukuha ng pag-asa ang lipunan na umunlad?

Kung ang pamilya ay magpapaanod sa pagbabago, saan pa likas na dadaloy ang pagmamahal at pagtutulungan? Saan pa matututo ang taong magmahal at maglingkod? Saan pa kukuha ng pag-asa ang lipunan na umunlad?


Kabataan, kailangan mo nang kumilos para sa pagtataguyod at pagmamahal ng sarili mong pamilya. May gampanin ka, may bahagi ka, nakahanda ka na ba?

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Mahalaga ba ang pamilya para sa isang indibidwal? Sa lipunan? Bakit? Ipaliwanag.
2. Anong mga pagbabago ang kinakaharap ng pamilya kasabay ng modernisasyon?
3. Ano ang pinakamahalagang misyon ng pamilya? Ipaliwanag.
4. Bakit mahalagang bumuo ng magandang ugnayan sa pamilya? Ipaliwanag.
5. Paano napatitibay ng kasal ang isang pamilya? Ipaliwanag.
6. Bakit itinuturing ang pamilya bilang pundasyon ng lipunan? Ipaliwanag.
7. Paano iiral ang isang pamilya bilang orihinal na paaralan ng pagmamahal?
8. Paano magagawa ng pamilyang makatao at mapagmahal ang lipunan?
9. Paano matuturuan ng pamilya ang mga kasapi nito na taos-pusong gampanan ang panlipunan at pampolitikal na tungkulin nito?
10. Ano-ano ang mahalagang gampanin na dapat isakatuparan ng magulang bilang unang guro sa tahanan? Ipaliwanag.

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Panuto: Gamit ang *graphic organizer* buuin ang mahalagang konsepto na nahinuha mula sa mga nagdaang gawain at babasahin. Isulat ito sa kuwaderno.



Batayang Konsepto:


_____

_____

_____

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

1. Paano mapalalakas ang pamilyang Pilipino bilang likas na institusyon? Magsagawa ng isang Pagsusuri ng Kalakasan, Kahinaan, Oportunidad at Banta (SWOT Analysis) tungkol dito gamit ang *pitong dahilan* na inilahad sa babasahin.

2. Gawin ang pagsusuri sa dalawang aspekto: *una*, para sa pamilyang Pilipino at *ikalawa*, para sa iyong sariling pamilya.

3. Gamiting gabay ang sumusunod na tanong sa pagsagot sa bawat kolum:
   a. *Kalakasan* – Anong kalakasan mayroon ang pamilyang Pilipino at ang iyong pamilya batay sa pitong dahilan? Anong natatanging kakayahan o kakanyahan mayroon ang pamilyang Pilipino at ang iyong sariling pamilya?

   b. *Kahinaan* – Anong kahinaan ng pamilyang Pilipino at ng iyong sariling pamilya ang nagiging balakid sa pagkamit ng tunay nitong layunin? Anong mga suliranin ang nagiging dahilan upang hindi magtagumpay ang bawat kasapi ng pamilya na gampanan ang kanilang mga tungkulin sa pagkamit ng kaganapan?

   c. *Oportunidad* – Anong oportunidad ang naghihintay na makatutulong upang mapagtagumpayan ng pamilyang Pilipino at ng iyong sariling pamilya ang layunin nito?

   d. *Banta* – Anong banta sa pamilyang Pilipino at sa iyong sariling pamilya ang kailangang bigyan ng tuon upang hindi ganap na makaapekto sa pagganap nito ng kaniyang tunay na layunin? Anong pwersa sa loob o sa labas ng pamilya ang maaaring magsilbing balakid sa pagkamit ng pamilya ng tunay nitong layunin?

4. Sundin ang katulad na pormat sa ibaba at gamiting gabay ang halimbawa:

Mga Dahilan	Kalakasan (Strength)	Kahinaan (Weakness)	Oportunidad (Opportunity)	Banta (Threat)
Ang pamilya ay pamayanan ng mga tao (*community of persons*) na kung saan ang maayos na paraan ng pag-iral at pamumuhay ay nakabatay sa ugnayan.	Likas na mapagmahal sa pamilya ang mga Pilipino.	May mga pagkakataon na labis ang pagnanais ng mga kasapi ng pamilya na maging malapit sa isa't isa kung kaya hindi natuturuan ang mga kasapi nito na tumayo sa sarili nilang mga paa.	Ang mga gawain sa samahan ay nakatutulong sa pagbuklod ng aming pamilya.	Ang kahirapan at modernisasyon bunga ng teknolohiya ay bumabawas sa pagkakataon na magkaroon ng malapit na ugnayan ang mga kasapi ng pamilya.
	Kahit lumipas na ang maraming taon at kahit dumaan ang maraming pagbabago, nananatiling buo ang aming pamilya.	Dahil parehong nagtatrabaho ang aking mga magulang, mas maliit ang panahon na nailalaan namin sa isa't isa na magkakasama.	Nakikita ko na kapag wala ang aking mga magulang at sila ay nasa trabaho, laging gumaganap ang aking ate at kuya sa mga gampanin sa tahanan.	Nawawalan na ng panahon ang aking mga magulang na pakinggan ang aming mga suliranin sa tahanan.

5. Ibahagi ito sa isang kakilala, kaibigan o kapamilya na maaari mong maging katuwang sa pagsasakilos ng mga ito.

6. Itala sa kuwaderno ang magiging karanasan sa ginawang pagbabahagi.

Maaaring makatulong sa iyo ang mga ito sa isasagawang pagbabahagi:

a. Ipaliwanag sa mga taong pagbabahaginan ang mahalagang layunin ng gawain.

b. Ipaunawa sa kanila kung ano ang maidudulot na pagbabago ng mga ito sa iyo kung ito ay iyong matagumpay na maisasakatuparan.

c. Isa-isahin sa kanila ang nilalaman ng tsart at sikaping bigyan ng malalim na paliwanag ang bawat hakbang, kung paano mo ito nagawa at bakit mo ito kailangan.

d. Ibahagi rin sa kanila ang iyong pangangailangan ng paggabay upang matiyak na maisasakatuparan mo nang matagumpay ang gawain na ito. Pag-usapan kung sa paanong paraan makatutulong ang iyong kakilala, kaibigan, o kapamilya.

Pagninilay

1. Gamit ang mahabang *bond paper*, isulat ang mga mahalagang repleksyon na nakuha mula sa aralin. Simulan ito sa bilang 2 sa ibaba.


2. Ilagay sa unang pahina ang mga hindi malilimutang karanasan mula sa mga gawain.

3. Idagdag sa unang pahina ang mga tanong at pag-aalinlangan na nananatili sa iyong isipan.

4. Ilagay sa ikalawang pahina ang mahahalagang aral na napulot mula sa mga gawain at babasahin.

5. Idagdag sa ikalawang pahina ang mga payo na maaaring ibigay sa mga kakilala o kaibigan kaugnay ng pagpapaunlad ng pagmamahal at pagtutulungan sa pamilya.

6. Mas mainam kung maglalakip ng mga larawan mula sa pagsasagawa ng mga gawain.



7. Maaari itong gawin gamit ang sariling sulat kamay o kaya naman ay gamit ang computer (*MS Word*).

Pagsasabuhay

1. Gawing kabahagi ang mga kasapi ng pamilya sa pagpaplano kung paano maisasagawa ang gawain na ito para sa buong pamilya.

2. Magkaroon ng kasunduan kung paano maisasakatuparan at mababantayan ang pagsasakatuparan ng plano at gawain.

3. Gumawa ng pare-parehong *bond bracelet (*gamit ang yarn o anumang sinulid gabay ang isang video sa *youtube*. Sundin lamang ang mga hakbang na ipinakikita rito: http://www.youtube.com/watch?v=UIQIQ_nknKg&feature=related*)* para sa lahat ng kasapi ng pamilya.

4. Matapos ito ay magplano ng pagkakataon para magtipon ang lahat ng kasapi ng pamilya. Mas mabuti kung hihingi ng tulong sa iba pang kasapi ng pamilya upang ito ay tiyak na maisasakatuparan.

5. Sa pagkakataon na magtitipon ang pamilya ay ibigay sa bawat kasapi nito ang *bond bracelet* at ipaliwanag sa kanila ang kahulugan at kahalagahan nito para sa iyo at para sa iyong pamilya.

6. Gamitin ang pagkakataon na ito upang maibahagi sa pamilya ang mga pagkatuto sa aralin.

7. Ibahagi sa kanila ang iyong naisin na mas mapaunlad ang pagmamahalan at pagtutulungan sa inyong pamilya. At hingin ang kanilang reaksyon dito.

8. Lumikha ng isang *family log* upang maitala ang lahat ng mga kaganapan sa kolektibong pagkilos para sa pagpapaunlad ng pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling tahanan.

Kung hindi maisakatuparan ang planong tipunin ang lahat ng kasapi ng pamilya, maaaring lumikha ng isang liham para sa kanilang lahat. Isulat ang lahat ng mensaheng nais na iparating sa kanila kaugnay ng mga plano. Ilakip na rin dito ang ginawang *bond bracelet*. Maaaring hindi maging mabilis ang tugon mula sa kanila. Huwag kang malungkot, mahalagang hakbang na ang iyong naisagawa.

Patuloy na isagawa ang mga plano sa pagpapaunlad ng pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya.

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan (computer, mga aklat, worksheet)

Mga larawan

Sinulid para sa *bond bracelet*

Papel

Panulat

Mga Sanggunian

Abad, J. and Fenoy, E. (1988). *Marriage: A path to sanctity*. Manila: Sinag-tala Publishers, Inc.

Alejo, P. (2004). *Values guisado: Learning to love, loving to learn values*. Mandaluyong City: Sibs Publishing House, Inc.

De Torre, J. (1977). *The roots of society.* Greenhills: Sinag-tala Publishers, Inc.

Santos, C. et al. (1997). *Conjugal communion: A Theology course on marriage and the family for university students.* Pasig City: University of Asia and the Pacific.

____. (2005). *Familiaris consortio: Apostolic exhortation of Pope John Paul II on the role of the Christian family in the modern world*. Pasay City: Paulines Publishing House.

____. (2007) *The family in the new millennium: The place of family in human society. Volume 1.* Connecticut: Praeger Publishers.

Profile. Jesse Robredo, like Magsaysay, man in a hurry to serve, do good. Retrieved from http://www.interaksyon.com/article/41012/profile-- jesse-robredo-like-magsaysay-man-in-a-hurry-to-serve-do-good on September 30, 2012

http://books.google.com.ph/books?id=Xq1E4SF3jCAC&pg=PR14&lpg=PR14&dq=family+as+natural+institution&source=bl&ots=z5hx9uFjVz&sig=uVdV9bM9VZTzkGvfy3CaYwcd1tU&hl=en&sa=X&ei=CYosUJT_EYWXiQe9o4GoBA&redir_esc=y#v=onepage&q=family%20as%20natural%20institution&f=false

Modyul 2: ANG MISYON NG PAMILYA SA PAGBIBIGAY NG EDUKASYON, PAGGABAY SA PAGPAPASIYA, AT PAGHUBOG NG PANANAMPALATAYA



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Mission: Impossible… Pamilyar ba sa iyo ang mga katagang ito? Marahil napanood mo na rin minsan ang pelikulang ito. Nais kong gamiting gabay ito sa pagpapakilala sa iyo ng susunod na aralin.

Ang mga magulang ay binigyan ng napakahalagang misyon na arugain, igalang, at mahalin ang kanilang mga anak. Ito ay isang misyon na hindi madali; bagkus ay puno ng maraming hamon. Sa kasalukuyan na nahaharap sa maraming banta ang pamilyang Pilipino, mas magiging mahirap para sa isang pamilya, lalong-lalo na para sa isang magulang, ang isakatuparan ang napakahalagang misyon upang maihanda ang kanilang mga anak sa pakikipagkapwa; mga misyon na itinuturing ng iba na imposible kasabay ng maraming pagbabago sa lipunan. Ano nga ba ang pananagutan ng mga magulang sa mga anak at ano ang bukod-tangi at pinakamahalaga sa mga ito? Paano nga kaya matitiyak na posible ang misyon na ito?

Sa araling ito, titingnan natin kung paano magiging *Mission: Possible* … ang pagganap ng pamilya sa napakahalagang misyon na ito at sasagutin natin ang mahalagang tanong na: **Ano ang pinakamahalagang gampanin ng magulang sa kanilang mga anak?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Nakikilala ang mga gawi o karanasan sa sariling pamilya na nagpapakita ng pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasiya, at paghubog ng pananampalataya

b. Nasusuri ang mga banta sa pamilyang Pilipino sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasiya, at paghubog ng pananampalataya

c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin

d. Naisasagawa ang mga angkop na kilos tungo sa pagpapaunlad ng mga gawi sa pag-aaral at pagsasabuhay ng pananampalataya sa pamilya

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput sa titik d:

1. Nakasulat ng mga 5 o mahigit pang tiyak na hakbang sa sumusunod:
   a. Edukasyon
   b. Pagpapasiya
   c. Pananampalataya
2. Angkop ang mga tiyak na hakbang na naitala
3. Makatotohanan ang mga tiyak na hakbang na naitala
4. May patunay ng pagsasakatuparan ng mga tiyak na hakbang sa itinakdang panahon



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawain ang mga aytem sa bawat bilang. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang karapatan para sa _____ ng mga bata ay orihinal at pangunahing karapatan.

   a. kalusugan
   b. edukasyon
   c. buhay
   d. pagkain at tahanan

2. Bahagi ng buhay ng isang lalaki at babae na nagpasiyang magpakasal ang magkaroon ng mga anak. Ito ay_____.

   a. bunga ng kanilang pagtugon sa tawag ng Diyos na magmahal.
   b. makapagpapatatag sa ugnayan ng mag-asawa.
   c. susubok sa kanilang kakayahan na ipakita ang kanilang pananagutan bilang magulang.
   d. pagtugon sa kagustuhan ng Diyos na maparami ang tao sa mundo.

3. Ang sumusunod ay nagpapakita ng tunay na pagiging mapanagutan ng magulang *maliban* sa:

   a. pagharap sa anumang hamon sa lahat ng pagkakataon na ginagabayan ng prinsipyong moral
   b. pag-agapay sa mga anak sa lahat ng pagkakataon lalo na sa panahon ng mga hamon upang ang mga ito ay matagumpay na malampasan
   c. pagkakaroon ng pananagutan sa Diyos, sa kanilang konsensiya at sa lahat ng mga taong ibinigay sa kanila ng Diyos upang paglingkuran at alagaan
   d. malayang pagganap sa kanilang mga tungkulin kakambal ang pagtanggap sa anumang kahihinatnan ng kanilang mga pagganap at hindi pagganap sa mga ito

4. Sino sa sumusunod na magulang ang tunay na gumaganap ng kanilang tungkulin sa kanilang mga anak?

   a. Si Leonardo at Rose na nagpapaplano at nagpapasiya para sa katiyakan ng magandang buhay para sa kanilang mga anak.
   b. Sina Edith at Jojo na pinag-aaral ang kanilang mga anak sa mamahaling unibersidad upang matiyak ang magandang buhay para sa kanilang hinaharap
   c. Si Mario at Andrea na namumuhay nang simple kasama ang mga anak, katuwang ng mga ito sa kanilang mga gawain, pangangailangan, at gumagabay sa kanila sa mundong kanilang gagalawan lalo na sa hinaharap.
   d. Sina Anita at Melduard na parehong nagsasakripisyo na magtrabaho sa ibang bansa upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga anak, tinitiis ang hirap ng kalooban dahil malayo sila sa kanilang pamilya.

5. Bakit itinuturing na una at pangunahing guro ng mga anak ang mga magulang?

   a. Dahil kasabay ng pagkakaroon ng karapatan ng mga bata sa edukasyon ang pagkakaroon ng karapatan ng magulang na sila ay turuan.
   b. Dahil sa kanila nakasalalay ang pundasyon ng mga bata sa kaalamang kanilang makukuha sa paaralan.
   c. Dahil sila ang magsasanay sa mga bata sa pagmamahal sa pag-aaral at kaalaman.
   d. Dahil ang kanilang mga ipinakikitang kilos at gawi ang tutularan ng mga bata.

6. Bakit mahalagang maturuan ang mga anak na mamuhay nang simple?

   a. Upang maisabuhay nila ang pagiging mapagkumbaba
   b. Upang masanay sila na maging masaya at kuntento sa mga munting biyaya
   c. Upang hindi sila lumaking hindi marunong magpahalaga sa perang kanilang pinaghirapan
   d. Upang maisapuso ng mga anak na mas mahalaga ang tao sa kung ano siya at hindi sa kung ano ang mayroon siya

7. Ang pagtuturo ng simpleng pamumuhay sa mga anak ay maaaring magbunga ng sumusunod na pagpapahalaga *maliban* sa:

   a. pagtanggap
   b. pagmamahal
   c. katarungan
   d. pagtitimpi

8. Ang sumusunod ay makatutulong sa isang bata upang matuto ng mabuting pagpapasiya *maliban* sa:

   a. pagtitiwala
   b. pagtataglay ng karunungan
   c. pagkakaroon ng ganap na kalayaan
   d. pagtuturo ng magulang ng mga pagpapahalaga

9. Ang sumusunod ay mga paraan upang mahubog sa mga anak ang pagpapahalaga sa mga gawaing ispiritwal *maliban* sa:

   a. ilagay ang Diyos sa sentro ng pamilya
   b. iparanas ang tunay na mensahe ng mga aral ng pananampalataya
   c. maglaan ng tiyak na panahon upang makinig at matuto sa mga aral ng pananampalataya
   d. ituon ang pansin sa ganap na pag-unawa sa nilalaman ng mga aklat tungkol sa pananampalataya

10. Sa paanong paraan magagawang posible ang pagsasakatuparan ng mga misyon ng pamilya?

   a. Pagsasagawa nito nang may pagmamahal at malalim na pananampalataya
   b. Pagtiyak ng pagsasagawa ng mga ito nang kolektibo at may bahagi ang lahat ng kasapi ng pamilya

c. Paghingi ng tulong sa ibang mga magulang na may mas malalim na karanasan
d. Pagtiyak na malinaw sa mga anak ang hirap sa pagharap sa hamon at pagtulong ng mga ito upang ito ay maisakatuparan



B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Bukod sa pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan ng pamilya, ano pa ang mahahalagang gampanin ng pamilya? Sasagutin natin ito sa gawaing ito.

Panuto:

1. Gumawa ng sampung *metastrips* (mga pirasong papel o cartolina na may kulay at may sukat na 6 x 2 na pulgada).
2. Gamit ang *permanent marker*, isulat sa bawat piraso ng *metastrip* ang mahahalagang gampanin ng pamilya para sa lahat ng kasapi nito.
3. Matapos maisulat ang sampu ay bigyan ng maikling paliwanag ang bawat isa.
4. Pagkatapos, pumili lamang ng lima na sa iyong palagay ay pinakamahalaga. Ipaliwanag kung bakit ito ang iyong pinili.
5. Ngayon naman ay pumili lamang ng tatlo mula sa lima na sa iyong palagay ay pinakamahalaga.
6. Sumulat ng detalyadong paliwanag kung bakit ang mga ito ang iyong pinili mula sa sampung mga naitalang gampanin.
7. Pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na tanong:
    a. Bakit mahalaga ang mga gampanin na ito para sa iyo? Ipaliwanag.
    b. Ano ang maaaring maidulot kung ang mga gampaning ito ay hindi matugunan ng pamilya?
    c. Ano naman ang maidudulot kung ang mga gampanin na ito ay matugunan ng pamilya?

Gawain 2

Madalas, ang tawag ng ilang kabataan sa kanilang mga magulang ay *sirang plaka*. Lalo na sa mga pagkakataong may mga bagay silang nagawa o hindi nagawa. Sa gawaing ito, babalikan mo ang mga salitang tulad nito.

Panuto:

1. Maglista ng mga katagang paulit-ulit mong naririnig sa iyong mga magulang o kapamilya kapag may mga bagay kang nagawa o hindi nagawa o kaya naman ay mga salitang palagi nilang paalala sa iyo mula noon hanggang ngayon.

2. Matapos ito ay isulat mo kung ano ang malalim na aral na nais na maitanim nila sa iyong puso at isipan kung bakit nila nasasabi ang mga katagang ito.

3. May inihandang halimbawa para sa iyo:

"Mag-aral kang mabuti. Huwag puro laro at lakwatsa."	→	Nais nila na ako ay makatapos ng pag-aaral at makakuha ng sapat na kaalaman at kasanayan na kailangan upang pakapagtayo ako ng negosyo o makakuha ako ng magandang trabaho sa hinaharap. Ito ang paraan na kanilang naiisip upang maiahon ko ang aking sarili sa kahirapan.

4. Matapos ito ay sagutin ang sumusunod na tanong:

   a. Ano ang madalas na damdamin mo kapag paulit-ulit mong naririnig ang mga katagang ito mula sa iyong mga kapamilya? Bakit?
   b. Ano ang iyong naging reyalisasyon matapos mong magawa ang iniatas sa iyong gawain? May nabago ba sa iyong damdamin at paniniwala?



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Gawain 1

Panuto:

1. Panoorin ang sumusunod na patalastas sa *youtube*:
    a. Patalastas ng Hating Kapatid sa http://www.youtube.com/watch?v=ZLsyvzvxmZY
    b. Patalastas ng Lucky Me sa http://www.youtube.com/watch?v=zAn4GDQg0eA
    c. Patalastas ng NBA sa http://www.youtube.com/watch?v=uJjo8WwWO7k

2. Matapos manood ay sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang mga sagot sa kuwaderno.
    a. Ano ang mga mahahalagang mensahe na ipinararating ng bawat isang patalastas? Ipaliwanag.
    b. Paano mo maiuugnay ang mga sitwasyon sa patalastas sa sitwasyon na mayroon ang pamilyang Pilipino sa kasalukuyan?
    c. Bakit mahalagang maitaguyod ang edukasyon ng mga kasapi ng pamilya?
    d. Bakit mahalagang maturuan at magabayan ang mga bata sa kanilang mga pagpapasiya?
    e. Bakit mahalagang mahubog ang pananampalataya ng isang bata?

Gawain 2

Hindi madali ang pagganap sa mga tungkulin ng pamilya para sa mga kasapi nito. Lalo na yong tatlong bagay na napag-usapan sa itaas. Ano ang mga banta sa pamilyang Pilipino sa sumusunod na gampanin?

a. Pagbibigay ng edukasyon
b. Paggabay sa paggawa ng mabuting pasiya
c. Paghubog ng pananampalataya

1. Sagutin ang tanong gamit ang katulad na tsart sa ibaba.

Mga banta sa pamilyang Pilipino	**Paano ito malalampasan**	**Ano ang magiging bunga nito sa pamilyang Pilipino**
a. Pagbibigay ng Edukasyon		
Hal. Dahil sa kahirapan ay napipilitan maghanap-buhay ang ama at ina kaya nababawasan ang kanilang panahon sa pagbabantay ng kanilang mga anak at sa pagtuturo sa kanila ng mga mabuting asal.	Magtulong-tulong ang lahat ng kasapi ng pamilya upang matulungan ang mga magulang sa kanilang mga gampanin sa pagtuturo sa mga anak, lalo na ang mga nakatatandang miyembro ng pamilya.	Magiging mulat ang lahat ng kasapi na mahalagang gampanan nila ang kanilang mga tungkulin sa pamilya upang mapunan ang pagkukulang ng mga magulang bunga ng kanilang pagsasakripisyo para matugunan ang pangunahing pangangailangan ng pamilya.
b. Paggabay sa Paggawa ng Mabuting Pasiya		
c. Paghubog ng Pananampalataya		

2. Punan ang bawat kahon at pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na tanong:
   a. Anong mga pagbabago sa pamilyang Pilipino ang iyong nasasaksihan? Ipaliwanag.
   b. Bakit mahalagang malampasan ang mga banta sa pamilyang Pilipino?
   c. Ano ang maibubunga ng pagsisikap na malampasan ang mga banta sa pamilyang Pilipino para sa kabataang Pilipino at para sa lipunan? Ipaliwanag.

D. PAGPAPALALIM

Mission Impossible?



Hay! Narinig mo na naman ba ang *sirang plaka*? Paulit-ulit na salitang, minsan ay masakit na sa tenga, 'yan ang maaaring paglalarawan mo sa maraming

paalala sa iyo mula sa iyong pamilya. Pakiramdam mo nagkakampi-kampi sila para paulit-ulit kang sermunan. Pero minsan man lang ba inisip mo nang malalim kung bakit ganito sila sa iyo? Sa pagkakataong ito, hayaan mong buksan natin ang iyong isip at puso sa malalim na dahilan ng walang sawang paalala mula sa iyong pamilya. Handa ka na ba?



Isa kang regalo para sa iyong pamilya, hindi mo maipaliliwanag ang kanilang saya nang ikaw ay lumabas mula sa sinapupunan ng iyong ina. Hindi ka pa nga nila nasisilayan, labis na ang kanilang tuwa, lalo na nang marinig nila ang una mong iyak - ang hudyat na ikaw ay dumating na at nabuksan na ang napakagandang regalo mula sa Diyos. Ngunit sa paglipas ng panahon, nagkakaroon ng mga hindi pagkakaunawaan sa inyong pagitan, lumilitaw ang mga pagkakaiba sa pananaw at paniniwala sa pagitan mo at ng mga kasapi ng iyong pamilya. Minsan sa tindi ng sama ng loob dahil sa paulit-ulit nilang mga paalala ay naiisip mong "*Ang dami namang iba, bakit sila pa!*" Pero oo nga naman, ang dami namang iba pero sila ang pinili para sa iyo. Hindi ba sapat na ito upang maunawaan mo na sila ang nakatakda na gumanap ng mahalagang misyon para sa iyo? Sila ang ginamit na instrumento ng Diyos para sa pagkamit mo ng iyong kaganapan bilang tao. Nakatakda silang tumupad sa isang mahalagang misyon upang makamit ito.



Sa unang aralin, pinag-aralan mo ang pitong dahilan kung bakit likas na institusyon ang pamilya. Naaalala mo pa ba? Ano ang ikapito rito? Tama, ito ay ang pagkakaroon ng misyon ng pamilya sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa mabuting pagpapasiya, at paghubog ng pananampalataya. Isa ito sa pinakamahalagang dahilan kung bakit tinatawag na likas na institusyon ang pamilya kaya sa pagkakataong ito ay ilalaan mo ang iyong panahon sa pag-unawa sa

paksang ito. Sa araling ito, mas palalalimin ang pagtalakay sa mahalagang misyon na ito. Mas magiging malalim ang iyong pag-unawa sa dahilan kung bakit labis-labis ang pagnanais ng mga magulang na maitanim sa isipan ng mga kabataan ang mahahalagang aral na madalas ay nagiging dahilan ng inyong hindi pagkakaunawaan. *Game* ka na ba?

Bahagi ng buhay ng isang lalaki at babae na nagpasiyang magpakasal ang magkaroon ng mga anak – ito ay bunga ng kanilang pagtugon sa tawag ng Diyos na magmahal. At mula sa pagiging mag-asawa, sila ay makabubuo ng isang pamilya – isang pamilya na tungkulin nilang alagaan at arugain. Ito ay isang tungkulin na hindi maaaring talikuran o ipasa sa iba.

Ang pagiging mapanagutan ng mga magulang ay nangangahulugan ng malayang pagganap sa kanilang mga tungkulin kakambal ang pagtanggap sa anumang kahihinatnan ng kanilang mga pagganap at hindi pagganap sa mga ito. Mahalagang may kakayahan silang harapin ang anumang hamon sa lahat ng pagkakataon na ginagabayan ng prinsipyong moral. Mahalaga ring maisapuso nila ang pagkakaroon ng pananagutan sa Diyos, sa kanilang konsensya, at sa lahat ng mga taong ibinigay sa kanila ng Diyos upang paglingkuran at alagaan.

Kaakibat ng kagustuhan ng Diyos na igalang ng mga anak ang kanilang mga magulang ay ang kagustuhan Niya na ang katulad na paggalang at pagkilala ay ibigay ng mga magulang sa kanilang mga anak. Nararapat lamang ito para sa mga anak dahil sila ay biniyayaan ng Diyos ng buhay at dahil sila ay sila bilang tao. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanilang sarili para sa paglilingkod, pagtanggap, at pag-aalaga sa kanilang mga anak. Ang tungkulin ng mga magulang sa kanilang mga anak ay hindi nagtatapos sa pagbibigay sa kanila ng makakain, maiinom, maisusuot, at matitirahan o sa paghahanda sa kanila para magkaroon ng magandang trabaho sa hinaharap. Kasama rito ang paghahanda para sa kanila sa buhay at paggabay sa kanila upang makamit nila ang tunay na tunguhin ng tao – ang kaniyang kaligayahan at kaganapan bilang tao.

Pagbibigay ng Edukasyon

Dahil ang magulang ang ginamit na instrumento ng Diyos upang bigyan ng buhay ang kanilang mga anak, may karapatan at tungkulin ang una upang bigyan ng edukasyon ang huli. Ang karapatan para sa edukasyon ng mga bata ay orihinal at pangunahing karapatan. Hindi magagampanan ng mga magulang ang kanilang tungkulin sa edukasyon ng kanilang mga anak kung hindi sila bibigyan ng karapatan para rito. Katuwang nila ang mga institusyon sa lipunan sa pagkamit nito. Kasama ng pagkakaroon ng karapatan ng mga bata sa edukasyon ay ang karapatan ng mga magulang na sila ay turuan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga magulang ang itinuturing na una at pangunahing guro ng mga anak sa tahanan.

Sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan, mahalagang handa ang mga anak na harapin ang anumang hamon na inihahain nito. Magagawa lamang nila ang mga ito kung naihanda sila ng kanilang mga magulang gamit ang mga pagpapahalagang naituro sa kanila sa tahanan bilang sandata at kalasag. Ang pornograpiya, droga, maruming pulitika, *peer pressure*, at iba pa, ay ilan lamang sa mga halimbawa ng mga sitwasyong kahaharapin ng isang anak sa lipunan.

Pangunahing dapat na ituro ng magulang sa kanilang mga anak ang wastong paggamit ng kalayaan sa mga materyal na bagay. Kailangang maturuan ang mga bata na mamuhay nang simple. Sa ganitong pagmumulat, maisasapuso ng mga anak na mas mahalaga ang tao sa kung ano siya at hindi sa kung ano ang mayroon siya. Maaaring isipin na *simpleng* turo ito ngunit ang turong ito ay magbubunga ng iba pang mga pagpapahalaga tulad ng:

a. pagtanggap – dahil sa paghubog sa kakayahang tanggapin ang tao bilang siya at hindi siya susukatin batay sa kung ano ang maaari niyang maibigay,
b. pagmamahal – dahil sa paghubog sa kakayahang tanggapin ang isang tao na hindi tumitingin sa kaniyang kakayahan at katangian ay tanda ng malalim na pagmamahal at;
c. katarungan – dahil nagbubunsod ito upang kilalanin at igalang ang dignidad ng tao.

Sa isang lipunan na unti-unting nayayanig at nawawasak ng pagiging makasarili ng iilan, mahalagang hubugin ang mga anak sa tunay na diwa ng katarungan. Ito ang magbubunsod upang matutuhan nilang igalang ang dignidad ng kanilang kapwa at ang diwa ng pagmamahal na hindi naghihintay ng kapalit at nagpapadaloy sa paglilingkod at pagtulong lalo na sa mga nangangailangan.

Ngunit mahalagang maunawaan na wala pa ring makahihigit sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagpapakita ng magandang halimbawa. Ang halimbawa ang pundasyon ng impluwensya. Ang mga bagay na nakikita ng mga bata na ginagawa ng kanilang mga magulang, ang mga salita na kanilang naririnig sa mga ito, at ang paraan ng kanilang pag-iisip ang tunay na makaiimpluwensya sa kanilang mga iisipin, sasabihin, at isasagawa.

Sabi nga,

Kung ang isang bata ay namumuhay sa pamumuna o sa pamimintas, natututo siyang maging mapanghusga.

Kung ang isang bata ay namumuhay sa katiwasayan, natututo siyang maniwala sa kaniyang sarili.

Kung ang isang bata ay namumuhay sa poot, natututo siyang lumaban.

Kung ang isang bata ay namumuhay sa pagtanggap, natututo siyang magmahal.

Kung ang isang bata ay namumuhay sa takot, palagi siyang mababalot ng pag-aalala.

Kung ang isang bata ay namumuhay sa pagkilala, natututo siyang bumuo ng layunin sa buhay.

Kung ang isang bata ay namumuhay sa awa, palaging may awa sa kaniyang sarili.

Kung ang isang bata ay namumuhay sa papuri, natututuhan niyang magustuhan ang kaniyang sarili.

Kung ang isang bata ay namumuhay sa selos, natututo siyang palaging makaramdam ng pagkakasala.

Kung ang isang bata ay namumuhay sa pakikipagkaibigan, natututuhan niya na masarap mabuhay sa napakagandang mundo.

Ang mga magulang ang kauna-unahang modelo ng kanilang mga anak. Hindi ito maiiwasan dahil lahat ng kanilang sinasabi at ginagawa ay nakaiimpluwensiya sa kanilang mga anak, positibo man ito o negatibo. Magsisilbing pamantayan ng kilos at asal ng mga anak ang kanilang nakikita mula sa kanila.

Paggabay sa Paggawa ng Mabuting Pagpapasiya

Isa sa mga pangunahing makatutulong upang ang isang tao ay maging matagumpay, masaya, at magkaroon ng kakayahan na makapag-ambag para sa kaunlaran ng lipunan ay ang turuan siya na makagawa ng mabuting pagpapasiya at pagkatapos ay bigyan siya ng laya na magpasiya para sa kaniyang sarili. Ang mga pagpapasiyang isasagawa ng mga bata hanggang sa kanilang pagtanda ang siyang magdidikta kung anong uri ng tao sila magiging sa hinaharap at kung anong landas ang kanilang pipiliing tahakin. Mahalaga sa murang edad pa lamang ay binibigyan na ng laya ang bata na magpasiya para sa kaniyang sarili, mga simpleng pagpapasiya tulad ng damit na isusuot, ano ang kaniyang gustong kainin at inumin, ang musikang kaniyang pakikinggan, at iba pa. Ang mga pagpapasiyang ito ay makatutulong upang mataya ang kaniyang kakayahan sa pagpapasiya upang maibahagi sa kaniya ang tulong o paggabay na kaniyang kailangan.

Ang mga pagpapasiyang isasagawa ng bata hanggang sa kaniyang pagtanda ang siyang magdidikta kung anong uri ng tao siya magiging sa hinaharap at sa kung anong landas ang kaniyang pipiliing tatahakin.

Sa paglipas ng panahon, mahaharap na ang isang kabataan sa mas mabibigat na suliranin. May mga pagkakataong nakagagawa ng hindi maingat at makasariling pagpapasiya - hindi isinasaalang-alang ang mas malawak na pagtingin sa magiging epekto nito.

Mahalagang magabayan ang isang kabataan sa paggawa ng tamang pagpa-pasiya upang hindi siya masanay na gumawa ng mga maling pasiya at hindi matuto sa mga ito.

Ito ay dahil hindi pa sapat ang kaniyang mga karanasan at kakayahang bumuo ng sariling pananaw.

May mga kabataang nagiging kasapi ng *gang*, may mga dalagang maagang nagbubuntis, may mga lalaking nalululong sa droga, may mga kabataang nakagagawa na ng krimen, ang lahat ng ito ay bunga ng kawalang kakayahan ng ilang mga kabataan na gumawa ng mabuting pagpapasiya. Kaya mahalagang ang isang kabataan ay magabayan sa paggawa ng tamang pagpapasiya upang hindi siya masanay na gumawa ng mga maling pasiya at hindi matuto sa mga ito. Hindi rin tama na lagi na lamang nariyan ang magulang upang tulungan siyang maisaayos ang kaniyang mga pagkakamali. Hindi siya matututo sa paraang ito.

Ang pagsisisi ay bunga ng maling pagpili. Ang pagkakaroon ng kakayahan sa mabuting pagpapasiya ay bunga ng karununga at pagpapahalagang naitanim ng mga magulang sa kanilang mga anak mula noong sila ay bata pa lamang. Ito ay bunga ng pagtitiwala at pagbibigay sa mga bata ng kalayaan na gumawa ng pagpapasiya na ginagabayan ng maingat na paghusga.

Piliin mo ang magmahal … kaysa ang masuklam.
Piliin mo ang tumawa … kaysa ang lumuha.
Piliin mo ang lumikha … kaysa ang sumira.
Piliin mo ang magtiyaga … kaysa ang manghinawa.
Piliin mo ang pumuri … kaysa ang manira.
Piliin mo ang magpagaling … kaysa ang manakit.
Piliin mo ang magbigay … kaysa ang magnakaw.
Piliin mo ang umunlad … kaysa ang mabulok.
Piliin mo ang manalangin … kaysa ang manisi.
Piliin mo ang mabuhay … kaysa ang mamatay at
Piliin mo ang tamang pagpapasiya … upang ikaw ay lumaya at tunay na lumigaya.

Paghubog ng Pananampalataya

Kailan ka huling nagsimba o sumamba kasama ang iyong pamilya? Kailan ang huling pagkakataon na sama-sama kayong kumain at nagbigay ng pasasalamat dahil sa mga biyayang inyong tinanggap bilang pamilya? Siguro, madalas walang pagkakataon, *busy* lahat. Maging ikaw *busy* rin. Pero napansin mo ba na kapag hindi sama-sama, parang may kulang?

Sabi ni *Stephen Covey* sa kaniyang aklat na *7 Habits of Highly Effective Families*, may mga pag-aaral na nagpapatunay na ang pakikibahagi ng isang tao sa mga gawaing pangrelihiyon ay mahalaga upang magkaroon ng pangkaisipan at

pandamdaming kalusugan at katatagan lalo na kung ito ay ginagawa ng tao nang may pagkukusa o bukas puso. Ito rin ay nakapagpapatibay ng pagsasamahan ng pamilya. Aniya, kung ang isang pamilya ay maglalaan ng 10-15 minuto sa tuwing umaga sa pagbabasa ng mga babasahin na mag-uugnay sa inyo at sa Diyos (tulad ng Bibliya para sa mga Kristiyano o Qu'ran para sa mga Muslim), makatitiyak na ang mga pagpapasiyang isasagawa ay mabuti, mas magiging makabuluhan sa pag-iisip, mas magiging mahusay ang pakikitungo sa kapwa, mas magiging maayos ang mga binubuong pananaw, magkakaroon ng sapat na kakayahan na mag-isip muna bago gumawa ng kilos o tumugon sa isang sitwasyon, mas magiging malapit ang ugnayan sa mga bagay o tao na tunay na mahalaga sa iyo, at higit sa lahat mas magiging matibay ang ugnayan ng buong pamilya.

Ngunit paano natin masasanay ang ating sarili kasama ang ating pamilya sa pagsasagawa ng mga ganitong gawain? Narito ang ilan sa mga pamamaraan na maaaring makatulong sa iyo at sa iyong pamilya.

1. *Tanggapin na ang Diyos ang dapat maging sentro ng buhay-pampamilya.* Sa paglipas ng panahon, ang mga kasapi ng pamilya, lalo na ang mga magulang, ay labis ang pagiging abala sa pagtatrabaho para sa pagtataguyod ng pangangailangan ng pamilya. Ang hirap ng buhay ang nagdidikta sa mga magulang na magsikap para gawing sapat ang kinikita para sa pangangailangan ng pamilya. Ngunit may mga pagkakataon na wari ay ito na ang nailalagay sa gitna ng buhay-pampamilya, ang pangangailangang kumita ng pera para sa katiwasayan ng pamilya. Mahalagang tanggapin at yakapin ng lahat ng kasapi ng pamilya na ang Diyos at ang tunay na pananampalataya sa Kaniya ang makapagbibigay ng katiwasayan sa pamilya at sa ugnayan ng mga kasapi nito. Mas magiging madali para sa isang pamilya ang harapin ang anumang pagsubok kung nananatiling matingkad ang presensya ng Diyos sa gitna nito.

2. *Ituon ang pansin sa pag-unawa*. Ang pakikinig sa panalangin o sa nilalaman ng mga aklat tungkol sa pananampalataya (hal. Qu'ran sa mga Muslim at Bibliya sa mga Kristiyano) ay hindi sapat kahit pa ang pagmemorya sa nilalaman nito. Ang mahalaga ay tunay na ipaunawa sa anak ang halaga ng pagkakaroon ng kaalaman at pag-unawa sa nilalaman nito para sa kaniyang buhay at kung paano ito mailalapat sa kaniyang araw-araw na pamumuhay. Marahil kaya walang

interes ang mas maraming kabataan sa pagbabasa ng mga ganitong aklat ay dahil hindi nila lubos na nauunawaan kung saan nila ito magagamit. Ito ang madalas na maririnig sa mga mag-aaral kung bakit ayaw nila ng Mathematics, dahil sa abot ng kanilang pag-unawa ay hindi naman nila alam kung paano ito magagamit sa buhay, tulad ng mag-aaral na gustong kumuha ng kursong *Mass Communications* o *Social Work* sa kolehiyo. Marahil tulad ng pagkukulang ng isang mahusay na guro sa Mathematics, ay gayon din ang pagkukulang ng ilang magulang na hindi nabibigyang-tuon ang pagpapaunawa ng praktikal na paglalapat ng pagbabasa ng nilalaman ng mga aklat tungkol sa pananampalataya sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

3. *Hayaang maranasan ang tunay at malalim nitong mensahe*. Hindi natin malilimutan ang mga karanasan na nagkaroon ng malalim na epekto sa ating pagkatao. Mas magiging malalim ang mensaheng maibibigay ng aral ng pananampalataya kung ito ay mararanasan sa pang-araw-araw na buhay. Halimbawa, kung ang nais ipaunawa sa mga kasapi ng pamilya ay tungkol sa pasasalamat na turo ng Diyos, mahalagang isama ang buong pamilya sa pagbibigay na hindi naghihintay ng anumang kapalit tulad ng pagbibigay sa mga nangangailangan. Maaari din namang ituro sa mga kasapi ng pamilya ang kabutihan sa pamamagitan ng pagsasanay sa bawat isa na magsulat ng mensahe ng kabutihan sa bawat araw at ilagay ito sa lugar na madalas puntahan ng mga kasapi ng pamilya (hal. *refrigerator*, sa hapag kainan, o sa *facebook page*).

4. *Gamitin ang mga pagkakataon na handa ang bawat kasapi ng pamilya na makinig at matuto*. Ang paghubog sa tao sa pananampalataya ay hindi dapat ipinipilit. Kapag ginawa ito, lalong lalayo ang loob ng kasapi ng pamilya. Mahalagang laging gamitin ang mga pagkakataon na dumarating upang mailapat ang mga mensahe mula sa mga aklat tungkol sa pananampalataya. Halimbawa, sa isang maliit na bata ay maituturo ang pagdarasal at presensya ng Diyos sa panahon na sila ay natatakot (hal. kapag kumukulog o kumikidlat). Ang pagtuturo ng pasasalamat ay maituturo sa pagkakataon na nakatanggap ng biyayang hindi inaasahan lalo na sa panahon ng kagipitan.

4. *Tulungan ang bawat kasapi upang maitanim sa kanilang isipan ang mga itinuturo tungkol sa pananampalataya*. Mabilis makalimot ang tao. Kaya sa pagtuturo tungkol sa mahahalagang aral tungkol sa pananampalataya, mahalagang maisagawa ito nang paulit-ulit upang ito ay tumanim nang malalim sa kanilang puso at isipan. Ayon sa isang artikulo sa internet, kung ang impormasyon ay ibibigay sa isang tao ng isang beses lamang, mababa sa 10% bahagdan lamang nito ang matatandaan paglipas ng 30 araw. Ngunit kung maibibigay ang impormasyon sa 6 na pagkakataon, 90% ng impormasyon ay mananatili sa isipan sa loob ng 30 araw. Kung ang nais ay maipaunawa ang Diyos at ang pananampalataya sa mga kasapi ng pamilya, ulitin nang mas madalas ang mabuting mensahe ng Diyos sa kanila. Halimbawa, ang pagtuturo ng pag-asa ay maaaring gawin sa panahon ng pagbisita sa isang kakilalang maysakit ngunit patuloy na lumalaban o sa isang lugar na sinalanta ng bagyo ngunit patuloy na bumabangon ang mga tao. Hindi rin matatawaran ang aral tungkol sa pag-asa sa tuwing makakakita ng isang taong may kapansanan ngunit patuloy na namumuhay nang normal.

5. *Iwasan ang pag-aalok ng "suhol."* "Sige, kapag sumama ka sa akin magsimba kakain tayo sa labas." Pamilyar ba sa iyo ang motibasyon na ito? Ito rin ba ang mekanismo na nagpapatakbo sa iyo para sa pagsama sa pamilya sa pagsimba? Hindi naman siguro ito masama ngunit mahalagang maiwasan na hindi dapat malito ang tao sa tunay na layunin ng pagsasagawa ng mga gawain para sa pananampalataya. Mas mahalaga pa rin na matulungan ang mga kasapi ng pamilya na gawin ito nang kusang-loob at buong-puso. Sa ganitong pagkakataon lamang ito magkakaroon ng lalim para sa kanila.

6. *Ipadanas ang pananampalataya nang may kagalakan*. Mas masaya, mas hindi malilimutan. Ito ang mahalagang tandaan kung magtuturo tungkol sa pananampalataya. Tiyakin na lilikha ng mga pagkakataon na magiging masaya ang kasapi ng pamilya na matuto. Halimbawa, ang pagsasagawa ng *egg hunt* (may nilalaman na mensahe ng Diyos) kahit sa isang pangkaraniwang araw na kumpleto ang pamilya. Maaari din namang magkuwento ng mga nakatutuwang anekdota at ito ay iugnay sa turo ng Diyos.

Mission: Impossible? Katulad ng misyon ng bida sa pelikula, maaaring isipin na imposibleng maisagawa ang lahat ng ito nang buong husay. Ngunit ito ay maaaring maging *Mission: Possible* kung ang lahat ay isasagawa nang may pagmamahal at malalim na pananampalataya.

Huwag nating hayaan na masira ang pamilyang binuo dahil sa pagmamahal. Kailangang kumilos ang lahat para ito ay ingatan at ipaglaban. Kasama ka ba sa laban?

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Sa iyong palagay, bakit mahalagang mabigyan ka ng mabuting edukasyon ng iyong pamilya? Paano ka nila mabibigyan ng edukasyon? May isa ka bang mungkahing paraan? Isa-isahin ang mga ito.

2. Ano kaya ang mga pangunahing dapat matutuhan ng isang anak na tulad mo sa kaniyang mga magulang?

3. Bakit mahalagang maturuan ng pamilya ang mga anak sa mabuting pagpapasiya? Ipaliwanag.

4. Sa paanong paraan matuturuan ng pamilya ang mga anak sa paggawa ng mabuting pagpapasiya?

5. Bakit mahalagang mahubog ng pamilya ang pananampalataya ng mga kasapi nito?

6. Paano mahuhubog ng pamilya ang pananampalataya ng mga kasapi nito?

7. Paano matitiyak ang tagumpay ng pagsasakatuparan ng mga misyon ng pamilya sa kanilang mga anak?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Panuto: Gamit ang *graphic organizer,* buuin ang mahalagang konsepto na nahinuha mula sa nagdaang gawain at babasahin na binasa.



Batayang Konsepto:


_____

_____

_____

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Panuto:

1. Gumawa ng sariling *infomercial* na nagpapakita ng kahalagahan ng pagtataguyod ng sumusunod na gampanin ng pamilya:

    a. Pagbibigay ng edukasyon

    b. Paggabay sa paggawa ng mabuting pasiya

    c. Paghubog ng pananampalataya

2. Ang patalastas ay kailangang magtagal ng 1 hanggang 2 minuto lamang.

3. Mahalagang mabigyang-diin dito ang panghihikayat sa maraming pamilyang Pilipino na gawin ang lahat ng kanilang magagawa upang maisakatuparan ang kanilang mahahalagang misyon para sa:

    a. pagbibigay ng edukasyon sa kanilang mga anak,

    b. paggabay sa mga ito sa paggawa ng mabuting pagpasiya at;

    c. paghubog ng kanilang pananampalataya

4. Matapos magawa ang patalastas ipakita sa guro at i-upload ito sa y*outube* o sa *facebook* upang makita ng maraming tao.

Pagninilay


1. Humanap ng anumang larawan sa internet o sa mga lumang magasin na maaaring magsimbolo sa edukasyon, pagpapasiya at pananampalataya.


2. Pagkatapos ay hati-hatiin ito upang maging *puzzle pieces*.

3. Ang magdidikta sa bilang ng piraso ng *puzzle* ay ang dami ng mga pagkatuto na nakuha sa aralin. Ibig sabihin, bawat piraso ng *puzzle* ay maglalaman ng iyong mahalagang pagkatuto na may kaugnayan sa halaga na maisakatuparan ang misyon para sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa mabuting pagpapasiya ng pamilya at paghubog ng pananampalataya.

4. Isulat sa likod ng bawat piraso ng *puzzle* ang mga pagkatuto.

5. May inihandang halimbawa sa ibaba:





6. Idikit ang mga *puzzle pieces* sa *plastic cover* upang mabasa maging ang mga nakasulat sa likod nito.

Pagsasabuhay

Magkakaroon lamang ng kabuluhan ang lahat ng mga pagkatuto sa bawat aralin sa EsP kung unti-unting mailalapat sa buhay ang mga ito hanggang maging bahagi na ng pang-araw-araw na pagkilos ang mga ito. Gawin ang sumusunod.

1. Sumulat ng mga tiyak na hakbang kung paano mo:
   a. Mapauunlad ang pansariling-gawi sa pag-aaral
   b. Matitiyak na makagagawa ng mga mabuting pagpapasiya
   c. Mahuhubog o mapauunlad ang pananampalataya

2. Pagkatapos, ilagay ito sa isang tsart upang mabantayan ang pagsasakatuparan ng mga hakbang na ito.

3. Bantayan ang paglalapat ng mga tiyak na hakbang sa loob ng dalawang linggo.

4. May inihandang halimbawa para sa iyo.

Hakbang	Unang Linggo							Ikalawang Linggo						
	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
Pagbibigay ng Edukasyon														
1. Nakagawa ng gawaing iniatas ng guro sa klase	√			√	√	√	√				√	√	√	√
2. Nakagawa ng takdang aralin sa takdang panahon			√	√	√			√	√	√	√	√	√	√
3.														
4.														
5.														
Paggabay sa Paggawa ng Mabuting Pagpapasiya														
1. Isinangguni ang isang suliranin sa magulang o sa taong may kaalaman sa moral na pamumuhay						√	√	√				√	√	√
2.														
3.														
4.														
5.														
Paghubog ng Pananampalataya														
1. Nagdasal kasama ang pamilya bago kumain	√	√	√			√	√	√				√	√	√
2.														
3.														
4.														
5.														

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan (*computer*, mga aklat, *worksheet*)

Mga larawan

Patalastas mula sa YouTube

Metastrips

Permanent marker

Tsart para sa paglalapat ng mga tiyak na hakbang

Mga Sanggunian

Abad, J. and Fenoy, E. (1988). *Marriage: A path to sanctity*. Manila: Sinag-tala Publishers, Inc.

Santos, C. et al. (1997). *Conjugal communion: A Theology course on marriage and the family for university students.* Pasig City: University of Asia and the Pacific.

____. (2005). *Familiaris consortio: Apostolic exhortation of Pope John Paul II on the role of the Christian family in the modern world*. Pasay City: Paulines Publishing House.


Aladics, R. ma stl. *The Rights and duties of parents to the education of their children and the mass media.* Retrieved from http://www.christendom-awake.org/pages/aladics/rights&duties.html on October 1, 2012

Taylor, J. Lesson #1: Make good decisions. retrieved from http://www.familiesonlinemagazine.com/kids-decision-making.html on October 1, 2012


Schultz, T. Faith and children. Retrieved from http://www.focusonthefamily.com/faith/spiritual_development/faith_and_children.aspx on October 2, 2012

Modyul 3: ANG KAHALAGAHAN NG KOMUNIKASYON SA PAGPAPATATAG NG PAMILYA

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?



Ang unang salita natin ay sa pamilya natin natutuhan. Dito unang nahuhubog ang ating kasanayan sa komunikasyon. Dito tayo unang natututong makipagkapwa at bumuo ng pamayanana. Ayon sa Banal na Papa Juan Paulo II, isa sa mga pangunahing tungkulin ng pamilya ang bumuo ng pamayanan. Hindi posible ang makipagkapwa o bumuo ng pamayanan nang walang komunikasyon, pasalita man o di-pasalita.



Bagama't tao lamang ang nakapagwiwika, hindi tao lamang ang may kakayahan sa komunikasyon. Mayroong paraan ng komunikasyon ang mga balyena na pinakamalaking nilalang na nabubuhay; gayundin naman may komunikasyon sa mga insekto tulad ng langgam at bubuyog. Minsan nga may komunikasyon din sa pagitan ng mga tao at hayop. Kaya nga ang unggoy ay nakababasa at nakapagsesenyas sa ating wika! Higit ang tao sa hayop at iba pang nilikha; samakatuwid, ang komunikasyon sa pagitan ng mga tao ay may mas malalim na kahulugan at dahilan kaysa sa pagpapahayag ng iniisip o niloloob. Ito ang kinakailangan nating maunawaan tungkol sa komunikasyon sa pamilya, nang sa gayo'y maging mapanagutan tayo sa paggamit ng kakayahang ito. Ang komunikasyon ay maaaring makapagbigkis at maaari ding magdulot ng pagkakawatak-watak. Mahalagang matutuhan at sanayin sa loob ng pamilya ang uri ng komunikasyong makapagpapaunlad sa ating pagkatao sapagkat ito ang magpapatatag dito.

Paano na lamang kung sa pamilya pa lamang ay hindi maayos ang daloy ng komunikasyon? Paano ito makaaapekto sa ugnayan ng mga kasapi ng pamilya? Sa pakikipagkapwa? Sa pagbubuo ng komunidad?

Inaasahang sa pamamagitan ng pag-aaral mo ng modyul na ito masasagot mo ang mga tanong na ito at sa huli'y maipaliliwanag ang sagot sa mahalagang tanong na: **Bakit mahalaga ang komunikasyon sa pagpapatatag ng pamilya?**

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:


a. Natutukoy ang mga gawain o karanasan sa sariling pamilya o pamilyang nakasama, namasid, o napanood na nagpapatunay ng pagkakaroon o kawalan ng bukas na komunikasyon
b. Nabibigyang-puna ang uri ng komunikasyon na umiiral sa isang pamilyang nakasama, namasid, o napanood
c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
d. Naisasagawa ang mga angkop na kilos tungo sa pagkakaroon at pagpapaunlad ng komunikasyon sa pamilya

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

1. Malinaw at makatotohanan ang pagkakagawa ng plano (*action plan*)
2. Naisagawa ang gawain ayon sa plano
3. May mga patunay ng pagsasagawa
4. May kalakip na pagninilay tungkol sa iyong karanasan at epekto ng gawain sa iyong pagkatao at pakikipagkapwa

Paunang Pagtataya

A. *Panuto:* Para sa Bilang 1 hanggang 6, punan ang mga kahon ng angkop na mga bahagi upang mabuo ang daloy ng komunikasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot sa mga pamimilian sa ibaba ng *diagram*. Isulat sa kuwaderno ang titik ng iyong napiling sagot.



Mga Pamimilian:

a. Mensahe
b. Pangangailangan
c. Pagbibigay ng kahulugan sa mensahe
d. Tugon sa mensahe o *feedback*
e. Pagsasalin sa wika o simbulo (pasalita o di-pasalita)
f. Pagkaunawa (o di-pagkaunawa) sa mensahe
g. Damdamin

B. *Panuto*: Para sa Bilang 7 hanggang 12, tukuyin kung ang uri ng diyalogo sa sitwasyon ay *I-Thou* o *I-It.* Gawin ito sa kuwaderno.

_____7. Kailangan ni Daniel na maibenta ang kaniyang lumang kotse dahil nais niyang makabili ng bago. Nagtungo siya sa kaniyang kumpare upang kumbinsihin itong bilhin ang kaniyang lumang kotse. Nakumbinsi naman niya ito dahil sila'y nagkasundo sa halaga nito.

_____8. May suliranin si Jane sa kaniyang pamilya. Kailangan niya ng mapaghihingahan ng kaniyang sama ng loob. Pumunta siya sa kanilang gurong tagapayo. Mahusay na tagapakinig ang kanilang gurong tagapayo. Alam ni Jane na bibigyan siya nito ng panahon at hindi siya nito huhusgahan.

_____9. Maganda ang samahan nina John at kaniyang ama. Pinakikinggan nito ang kaniyang mga opinyon sa tuwing sila'y nagkakausap. Bagama't hindi siya nito laging pinagbibigyan sa kaniyang mga gustong gawin, alam ni John na ito'y para sa kaniyang ikabubuti.

_____10. Malapit na ang semestral break. Niyaya si Josie ng kaniyang kaibigan na magbakasyon sa isang kilalang resort. Nag-isip si Josie ng paraan upang makumbinsi ang kaniyang mga magulang na siya'y payagan. Sa kanilang pag-uusap ay hindi rin niya ito napapayag. Masamang-masama ang loob ni Josie sa mga ito.

_____11. Madalas nagkakagalit ang magkapatid na Wally at Jose. Hindi nila pinakikinggan ang sinasabi ng bawat isa. Kapwa ayaw magpatalo sa argumento ang dalawa.

_____12. Gandang ganda si Juan kay Mila. Matagal niya na itong *crush*. Hindi siya magkalakas ng loob na lapitan ito at kausapin. Nang minsang magkita sila at nagkausap, masayang masaya si Juan. Wari ba'y si Mila at siya lang ang nasa silid, hindi nila kapwa napapansin at naririnig ang ibang tao.

C. *Panuto*: Para sa Bilang 13 hanggang 15, tukuyin kung ang sumusunod ay diyalogo o monologo. Gawin ito sa kuwaderno.

_____13. Nagkaroon ng pagpupulong ang samahang Kabataan – Pambansang Samahan sa Edukasyon sa Pagpapahalaga (K-PSEP) sa paaralan ni Joan. Si Wency, ang pangulo nito, ay mahusay magsalita. Palagi itong kampeon sa pagtatalumpati sa kanilang paaralan. Nais ni Joan na imungkahi sa samahan ang isang proyekto para sa nalalapit na "Boys and Girls Week," ngunit hindi siya nagkaroon ng pagkakataon. Si Wency ang nasunod sa lahat ng proyekto.

_____14. Pinagagalitan ni Aling Juana si Milet dahil sa ginawa nitong pag-alis nang walang paalam. Walang magawa si Milet kundi ang umiyak. Lubos siyang nagsisisi sa pagsuway sa kaniyang ina.

_____15. Malapit na ang ika-13 kaarawan ni Jules. Kinausap siya ng kaniyang mga magulang tungkol sa kung ano ang nais niya sa kaniyang kaarawan. Sinabi ni Jules na nais niya ang isang party upang maimbita ang kaniyang mga kaibigan. Iminungkahi naman ng kaniyang mga magulang na sila'y kumain na lamang sa labas at ang gagastusin sana sa party ay ibili na lamang ng mga damit para sa mga bata sa ampunan. Sa huli'y pumayag si Jules sa mungkahi ng magulang. Nais nitong maging mas makabuluhan ang kaniyang kaarawan.



B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

A. Pagsusuri ng mga sitwasyon

Panuto: Basahin at suriin ang sumusunod na sitwasyon. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot sa mga tanong sa bawat sitwasyon.

1. Nasa ibang bansa ang ama ni Melissa. Tuwing katapusan ng buwan, tumatawag siya sa telepono at nagpapadala ng pera. Nang lumaon, tuwing katapusan, nagpapadala pa rin ng pera ang kaniyang ama, subalit hindi na ito tumatawag. Sa iyong palagay, ano ang dapat gawin nina Melissa? Ipaliwanag ang sagot.
2. Tuwing magigising si Julio ay handa na ang kaniyang pagkain. Maliligo at kakain na lamang siya bago pumasok ng paaralan. Parehong nagtatrabaho ang kaniyang mga magulang at nasa dormitoryo ng kolehiyo ang kaniyang ate. Nais sana ni Julio na hingin ang payo ng kaniyang mga magulang tungkol sa pagsali sa isang paligsahan sa paaralan, subalit lagi silang abala. Malungkot na kumakain na mag-isa si Julio. Ano ang dapat niyang gawin? Ipaliwanag ang sagot.

3. Tuwing hapon, nakasanayan ng anim na taon at bunsong kapatid ni Mila na hintayin ang kanilang mga magulang sa tabi ng bintana. Nais ni Milang ipaliwanag sa bunsong kapatid na dalawang taon pa bago umuwi ang kanilang mga magulang dahil nasa ibang bansa na ang mga ito. Kung ikaw si Mila, paano mo ito ipaliliwanag sa iyong bunsong kapatid?

B. Think-Pair-Share



Makipagpares sa isang kamag-aral. Kunin ang kaniyang mga opinyon sa sumusunod na tanong. Ibahagi mo rin ang iyong opinyon tungkol sa mga tanong na ito.

1. Anong uri ng suliranin ang ipinahihiwatig sa mga sitwasyon? Ipaliwanag.
2. Ano-ano ang maaaring dahilan ng mga suliraning ito? Ipaliwanag.
3. Ano-ano ang maaaring gawin ng isang kabataang tulad mo upang malampasan o matugunan ang mga suliraning ito? Ipaliwanag.

Gawain 2: Pagsusuri ng Larawan

Panuto: Suriin ang sumusunod na mga larawan.








Sagutin ang sumusunod na gabay na tanong. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1. Ano ang ipinahihiwatig sa mga larawan? Ipaliwanag.
2. Tukuyin ang mga suliranin sa komunikasyon na ipinahihiwatig sa bawat larawan.
3. Ano-ano ang maaaring dahilan ng suliranin sa komunikasyon na ipinahihiwatig sa mga larawan? Ipaliwanag.
4. Paano nakaaapekto sa pakikipag-ugnayan sa kapwa ang mga suliraning ito sa komunikasyon? Ipaliwanag.
5. Ano-ano ang maaaring solusyon upang malampasan ang mga suliraning ito sa komunikasyon? Tukuyin ang mga ito at ipaliwanag.

Pagtataya

Panuto: Maraming suliranin ang nagiging hadlang sa komunikasyon maging sa ating pamilya. Tukuyin ang mga ito at ang katumbas na maaaring solusyon sa mga ito.





C. PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 1: Panayam

Panuto: Kapanayamin ang lima sa iyong mga kamag-aral. Pasagutan sa kanila ang sumusunod na tanong. Gawan ng paglalagom o pag-uulat ang resulta ng iyong panayam. Iulat ito sa klase.

Mga Tanong:

1. Sino-sino sa inyong pamilya ang madalas mong kausap?
2. Maayos ba ang komunikasyon ninyo sa iyong pamilya? Bakit?

Gawain 2: Pagsusuri sa mga suliranin sa komunikasyon na kinakaharap ng mga pamilyang Pilipino sa modernong panahon

Panuto: Punan ang hinihingi sa bawat hanay.

Sitwasyon	**Ano ang karaniwang uri ng komunikasyon sa ganitong sitwasyon sa pamilya?**	**Ano ang karaniwang kalagayan ng ugnayan ng mga kasapi ng pamilya sa loob ng ganitong sitwasyon?**	**Ano ang dapat gawin ng bawat kapamilya upang mapabuti ang ugnayan sa isa't isa?**
1. Mga magulang na parehong nagtatrabaho at ang mga anak ay naiiwan sa mga katulong			
2. Ang isa sa mga magulang ay nagtatrabaho sa ibang bansa at ang mga anak ay nakatirang kasama ang isa sa mga magulang at iba pang kamag-anak			
3. Ang parehong magulang ay nagtatrabaho sa ibang bansa at ang mga anak ay nakatira sa mga kamag-anak			

Sitwasyon	Ano ang karaniwang uri ng komunikasyon sa ganitong sitwasyon sa pamilya?	Ano ang karaniwang kalagayan ng ugnayan ng mga kasapi ng pamilya sa loob ng ganitong sitwasyon?	Ano ang dapat gawin ng bawat kapamilya upang mapabuti ang ugnayan sa isa't isa?
4. Ang mga magulang ay parehong walang trabaho, binibigyan ng sustento ng mga kamag-anak			

Mga Gabay na Tanong:

1. Batay sa mga ibinigay na sitwasyon, ano-ano ang suliranin na kinakaharap ng pamilya sa modernong panahon?
2. Ano-ano ang maaaring dahilan ng mga suliraning ito? Ipaliwanag.
3. Paano nakaapekto sa komunikasyon ang mga pagbabago sa pamilya bunsod ng modernong panahon, sa pagitan ng mga kasapi nito? Ipaliwanag.
4. Bakit mahalaga ang bukas na komunikasyon sa pamilya? Ipaliwanag.
5. Paano nakatutulong ang bukas na komunikasyon sa pagpapabuti ng ugnayan sa loob ng pamilya? Ipaliwanag.

Gawain 3: Pagsusulat ng anekdota

Panuto: Binanggit ni Leandro C. Villanueva (2003) ang mga sanhi, dahilan, o hadlang sa komunikasyon sa pagitan ng mag-asawa. Ang mga ito ay maaaring totoo rin sa ating komunikasyon sa kapwa. Binanggit rin niya ang mga paraan upang mapabuti ang komunikasyon.

A. *Panuto***:** Basahin ang sumusunod na mga hadlang sa mabuting komunikasyon. Pumili ng *isang* hadlang na maaaring tumutukoy sa iyo o sa isang kakilala. Sumulat ng maikling anekdota sa iyong kuwaderno na nagpapakita kung paano ito naging hadlang sa mabuting komunikasyon.

1. *Pagiging umid o walang kibo*. Ang pagkaumid o pagtatago ng saloobin ay parang pagbabakod ng sarili – hindi ito mapapasok ng iba. Ayon kay Villanueva, mahirap umunlad ang pagkatao at pakikisama ng taong ayaw magpahayag ng sariling kaisipan at damdamin o tumanggap ng saloobin ng kapwa. Mayroong mga taong pinipili ang manahimik kaysa magsalita ng masakit sa kapwa. Subalit dahil sa kaniyang pananahimik nagkakaroon naman ng pagtatampo o hindi mabuting saloobin ang taong hindi niya kinakausap. Sinasabi na karamihan sa kalalakihan ay ganito. Matipid sila sa pananalita samantalang karamihan sa kababaihan ay ipinahahayag ang kanilang damdamin.

2. *Ang mali o magkaibang pananaw*. Kung ang pagpapahalaga at pananaw ng bawat isa ay magkakaiba, nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan. Kung tinitingnan ng isa na higit siyang tama o higit siyang magaling, maaaring hindi sila magkaunawaan lalo na kung nararamdaman ng taong kausap na siya ay minamaliit o hinahamak.

3. *Pagkainis o ilag sa kausap*. Mayroong mga taong tila namimili ng kausap. Kapag pakiramdam nila, wala sila sa kondisyong makipag-usap, hindi sila kumikibo. May mga taong umiiwas na makipag-usap lalo na kung pakiramdam nila ay wala sa katwiran ang kausap.

4. *Takot na ang sasabihin o ipahahayag ay daramdamin o didibdibin.* Iniisip minsan ng tao na magdaramdam o diribdibin ng kausap ang maaari niyang sabihin kaya nananahimik na lamang siya o kaya'y nagsisinungaling sa kapwa.

Hadlang sa Mabuting Komunikasyon:

_____

Anekdota:_____

_____

_____

_____

Sagutin:

1. Paano nakaapekto sa ugnayan sa pagitan ng mga tauhan sa anekdota ang naging suliranin sa komunikasyon? Ipaliwanag.
2. Paano malalampasan o nalampasan ng mga tauhan sa anekdota ang suliraning ito? Ipaliwanag.

B. *Panuto***:** Basahin ang sumusunod na mga paraan upang mapabuti ang komunikasyon. Sumulat ng karagdagang *dalawang paraan* upang mapabuti ang komunikasyon batay sa iyong mga napag-aralan sa mga naunang gawain.

1. *Pagiging mapanlikha o malikhain (creativity).* Kailangang gamitin ng tao ang kaniyang talino at malikhaing isipan sa pagtuklas ng mabuting paraan ng pagpapahayag ng kaniyang sasabihin. Maghintay ng tamang panahon at ng wastong lugar, at itaon din na nasa magandang pakiramdam ang sarili at ang kakausapin. Kung may dinaramdam naman ay maghunos-dili at ilagay muna sa kondisyon ang sarili, gayundin ang kakaharapin. Maaaring magbigay ng bulaklak kung nagtatampo ang kakausapin. Maaaring ipagluto ng masarap na ulam ang kakausapin upang mabawasan ang kaniyang galit o tampo.

2. *Pag-aalala at malasakit (care and concern).* Magkaroon ng malasakit at galang sa kausap sinuman o anuman ang kaniyang katayuan o nalalaman. Kahit na bata, katulong sa bahay, o pulubi ang kausap, isiping mayroon kayong pantay na dignidad at karapatan. Kahit itinuturing na mababa ang kanilang kalagayan sa lipunan, humingi ng paumanhin sa kanila kung nasaktan mo ang kanilang damdamin.

3. *Pagiging hayag o bukas (cooperativeness/openness).* Sa pakikipag-usap, maging bukas lagi at manatiling tapat lalo na sa mag-asawa. Huwag hanapin ang sariling katangian sa kausap. Huwag sukatin ang kausap sa kaniyang kapintasan at kamangmangan. Tanggapin ang kausap bilang isang taong mayroong dignidad at karapatan. Halimbawa, nasira ng inyong katulong ang inyong *computer* dahil pinakialaman niya ito. Huwag magbitaw ng masasakit na salita. Bigyan siya ng pagkakataong magpaliwanag at kung mayroon siyang pinsalang nagawa, pag-usapan kung ano ang dapat gawin.

4. *Atin-atin (personal).* Mabuti sa magkakasambahay ang pagkakaroon ng sama-samang usapan at pagpapalitan ng kuro o magkaroon ng masayang balitaan at pagbabahaginan ng karanasan na maaaring pag-usapan ng pamilya at kaibigan. Subalit mayroong mga suliraning sa pamilya lamang dapat pag-usapan. Kung ang suliranin ay para sa mag-asawa lamang at ang pagsasabi nito sa mga anak ay magdudulot lamang ng kalituhan, kailangan na lutasin ito nang palihim sa mga kasambahay. Ang "atin-ating" usapan ay hindi pagsasangkot o paninisi sa ibang tao.

5. *Lugod o ligaya.* Ang kaligayahan o lugod ng isang tao sa pakikipag-usap ay nakaaakit sa pagtitiwala ng kaharap. Ang masayang tao ay nakagaganyak sa kapwa na makipagpalagayang-loob, magtiwala, at maging bukas sa pakikitungo. Kailangang maging masigla sa pakikipag-usap lalo na sa kabiyak.

Sa **Bilang 6 at 7**, sumulat ng *karagdagang dalawang paraan* upang mapabuti ang komunikasyon batay sa iyong mga napag-aralan sa mga naunang gawain. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

6. _____
   _____
   _____

7. _____
   _____
   _____

Pagtataya

Panuto: Punan ang hinihingi sa bawat hanay. Sikaping makapagtala ng lima sa bawat hanay.

Mga Suliranin sa Komunikasyon sa Pamilya Bunsod ng mga Pagbabago sa Modernong Panahon	**Ang Magagawa Ko upang Matugunan ang mga Ito Bilang Kabataan**

Mga Kraytirya sa Pagtataya:

1. May paliwanag na isinulat
2. May mga ibinigay na halimbawa
3. Tumpak ang mga isinulat ayon sa mga pinag-aralan sa nagdaang mga gawain



D. PAGPAPALALIM

Basahin at unawaing mabuti.

Ang Halaga ng Komunikasyon sa Pagpapatatag ng Pamilya



Habang patungo sa ilog Ganges upang maligo ang isang gurong Hindu, nadaanan niya ang isang pamilyang nagtatalo-talo at galit na sinisigawan ang isa't isa. Tinanong nito ang mga kasamang mag-aaral, "Bakit sumisigaw ang tao sa pakikipag-usap kung siya ay nagagalit?" Sumagot ang isa, "Nawawalan tayo ng pasensya kaya't tayo'y sumisigaw."

"Ngunit bakit kailangan nating sumigaw gayong ang ating kausap ay nasa tabi lang natin? Maaari namang sabihin ang ating ikinagagalit sa mahinahong paraan?" tanong muli ng guro.

Nagbigay pa ng sagot ang ilan sa mga mag-aaral ngunit hindi nasiyahan ang guro sa kanilang mga ibinigay na pangangatwiran. Sa huli'y nagpaliwanag ang guro, "Pinaglalayo ng galit ang mga puso ng tao sa isa't isa. Dahil dito kailangan nilang sumigaw upang marinig ang isa't isa. Samakatuwid, mas lumalakas ang pagsigaw habang lalong tumitindi ang galit at lalong naglalayo ang kanilang mga damdamin.


Ano naman ang nangyayari kung nagmamahalan ang dalawang tao? Hindi sila sumisigaw, sa halip ay mahina at mahinahon ang kanilang pag-uusap sapagkat magkalapit ang kanilang mga puso.

Habang lalo nilang minamahal ang isa't isa, lalo namang naglalapit ang kanilang mga kalooban, kaya't sapat na ang mga bulong upang ipahayag ang damdamin. Sa huli'y ni hindi na kailangan pa ang mga pangungusap o salita. Ang kanilang mga tingin at kilos ay sapat na. Ganyan sila nagiging kalapit sa isa't isa.

Matapos ang paliwanag ay sinabi ng guro, “Kung kayo’y nakikipagtalo o nakikipagpaliwanagan, lalo’t sa minamahal, **huwag ninyong hayaang maglayo ang inyong mga kalooban**. Maaaring dumating ang panahong malimot na ang daan patungo sa isa’t isa. Maaaring maging dahilan ito ng inyong tuluyang paghihiwalay ng landas.”

Ipinahihiwatig sa anekdotang ito ang halaga ng mabuting komunikasyon sa pakikipag-ugnayan sa kapwa. Nararapat na gamitin natin ang salita upang magpahayag ng nasasaisip at niloloob sa paraang makalilikha ng pag-unawa at nakapaglalapit sa kapwa. Ipinahihiwatig din dito na ang pagmamahal ang pinakamabisang paraan ng komunikasyon, sapagkat ang tunay na pagmamahal ay ang pagkakaisa ng isip at puso ng dalawang tao. Samakatuwid, hindi ito nangangailangan pa ng salita.

Gayunpaman, ayon kay Dr. Manuel Dy (2010), “Sa pagwiwika sumasalipunan ang tao.” Hindi posible ang mabuhay sa lipunan kung walang salita o wika. Upang maging ganap na tao kailangan nating magsalita at makipagtalastasan sa kapwa tao. Mahalaga ang komunikasyon sa patuloy na paghahanap ng tao sa katotohanan. Mahalagang kondisyon para sa isang pangkalahatan at panlipunang komunikasyon na ito ay ang pagiging tapat at mapagkakatiwalaan. Ngunit ang pagiging tapat at ang pag-iwas sa pagsisinungaling at pandaraya ang pinakamaliit nating maibibigay bilang katarungan sa ating kapwa. Ang komunikasyon ay may mas higit na malalim na kahulugan kaysa sa pagsasabi ng totoo at hindi pagsisinungaling.



Ang komunikasyon ay anumang senyas o simbulo na ginagamit ng tao upang ipahayag ang kaniyang iniisip at pinahahalagahan, kabilang dito ang wika, kilos, tono ng boses, katayuan, uri ng pamumuhay, at mga gawa. Maging ang katahimikan ay may ipinahihiwatig. Sa pagmamahal, inihahayag ng tao ang kaniyang sarili sa minamahal. Nagpapahayag tayo hindi lamang sa pamamagitan ng ating sinasabi o ginagawa kundi maging sa kung sino tayo at paano tayo namumuhay. Mahalaga sa atin ang katapatan at integridad hindi lamang sa salita kundi sa gawa. Humahanga tayo sa taong may isang salita. Ayaw natin ng pagkukunwari o pagpapanggap, mga palabas lamang, mga taong doble kara o balimbing, mga taong mababaw o puro porma;

iwinawaksi natin ang pandaraya, pagpapaimbabaw, at pagtatraydor. Nauunawaan natin ang halaga ng mabuting halimbawa at ng katotohanan. Alam din natin na ang buhay ng isang tao ay maaaring maging isang pamumuhay sa kasinungalingan.

Ang komunikasyon sa pamilya ay ang paraan kung paano nagpapalitan ng pasalita at di-pasalitang impormasyon sa pagitan ng mga kasapi nito. Isang mahalagang kasanayan sa komunikasyon ang kakayahan na magbigay ng tuon sa iniisip at sa nadarama ng kapwa. Tulad nga ng nasabi na, hindi lamang pagsasalita ang mahalagang bahagi ng komunikasyon, mahalaga rin ang pakikinig sa sinasabi ng kausap at ang pag-unawa sa kaniyang mga hindi sinasabi.


Sa pamamagitan ng komunikasyon, naipahahayag ng mga kasapi ng pamilya ang kanilang mga pangangailangan, ninanais, at ang kanilang pagmamalasakit sa isa't isa. Ang bukas at tapat na komunikasyon ay daan upang maipahayag ng bawat kasapi ang pagkakaiba ng pananaw o di-pagsang-ayon gayon din ang kanilang pagmamahal at pagmamalasakit sa isa't isa. Sa pamamagitan ng komunikasyon, nagagawa ng mga kasapi ng pamilya na malutas ang mga suliraning dumarating.

Hindi nakapagtataka na ang hindi maayos na komunikasyon sa pamilya ay nagiging sanhi ng hindi mabuting ugnayan ng mga kasapi nito. Ang hindi maayos na komunikasyon ay maaaring maging sanhi ng madalas na pagtatalo sa pamilya, kakulangan sa kakayahang malutas ang mga suliranin, paglalayo ng loob sa isa't isa, at mahinang pagbibigkis ng mga kasapi nito. Kaya nga't mahalagang mapabuti ang daloy ng komunikasyon sa pamilya upang maging matatag ito.

Ano ang hamon sa komunikasyon sa pamilya sa modernong panahon?


Mas malaking hamon ang pagkakaroon ng mabisang komunikasyon sa pamilya sa modernong panahon. Ang pamilya ay nahaharap sa maraming pagbabago. Ang mga pagbabagong ito ay nakaaapekto sa daloy ng komunikasyon at sa uri ng ugnayan ng mga kasapi ng pamilya. Ang ilan ay mga positibong pagbabago at ang ilan naman ay mga hamong kailangang malampasan nito. Ilan sa mga positibong pagbabago ay ang pagkakaroon ng mga kasapi nito ng kamalayan tungkol sa kanilang kalayaan bilang tao, kamalayan tungkol sa kanilang pakikipagkapwa, mapanagutang pagmamagulang, at edukasyon. Ang ilan naman sa mga negatibo ay ang *entitlement mentality*, kawalang galang sa awtoridad at nakatatanda, ang mga

kahirapan sa pagsasalin ng pagpapahalaga, ang legal na paghihiwalay ng mga mag-asawa o pagsasawalang bisa ng matrimonya ng kasal, pagpapalaglag, at kahirapan o kasalatan sa buhay. Nag-uugat ang mga negatibong pagbabagong ito sa pamilya sa labis na materyalismo at pangingibabaw ng paghahangad sa pansariling kapakanan bago ang pamilya. Natural lamang na kung sira ang ugnayan sa pamilya, sira rin ang komunikasyon at gayon din naman kung sira ang komunikasyon ay sira rin ang ugnayan ng pamilya.



Ang pinakamabisang tugon dito ay ang pag-unawa sa tunay na kahulugan ng komunikasyon sa pagitan ng tao. Ang tunay na komunikasyon sa pagitan ng mga tao ay tinawag ni Martin Buber na “diyalogo.” Ang tunay na diyalogo ay hindi lamang pag-uusap o pakikipagtalastasan. Hindi ito tulad ng teknikal na pakahulugan dito. Hindi ito pakikipagkasundo o pakikipagpalitan ng impormasyon upang makumbinsi ang kapwa na magkaroon ng katulad na pananaw.

Ang **diyalogo** ay nagsisimula sa sining ng pakikinig. Ang dalawang tao ay dumudulog sa diyalogo nang may lubos na pagbubukas ng sarili at tiwala sa isa’t isa. Umaalis sila sa diyalogo na kapwa may pagbabago kung hindi man napabuti kaysa dati dahil sa karanasang ito. Hindi ito pagkumbinsi, kundi ang pakikinig sa kapwa upang maunawaan ang kaniyang pananaw at pinanggagalingan at pagpapahayag naman ng sariling pananaw sa kapwa. Sa huli’y hindi nila kailangang magkaroon ng parehong pananaw o kompromiso tungkol sa isang bagay. Katarungan ang pinakamababang hatid ng tao sa diyalogo at pagmamahal naman ang pinakamataas.



Ang pakikipagdiyalogo ay pagkumpirma sa pagkatao ng taong kadiyalogo. Sa pakikipagdiyalogo tinitingnan mo ang kapwa nang may paggalang sa kaniyang dignidad kaya’t inilalagay mo ang iyong sarili at ibinibigay ang buong atensyon sa pakikipagdiyalogo sa kaniya. Kaya nga sa diyalogo nakahanda kang tumayo sa tinatawag na “narrow ridge” o makipot na tuntungan. Ito ang tinatawag ni Buber na ugnayang **I – thou**.

Ang komunikasyong ito ay posible lamang sa pagitan ng mga tao. Natutuwa tayo sa ating alaga kung kaya nitong ipaalam sa atin ang kanilang pangangailangan. Halimbawa ang asong nais pumasok ng bahay na marunong kumatok, o binibitbit

ang kaniyang kainan papunta sa atin kung ito'y nagugutom na, o kaya'y kusang pumapasok sa palikuran upang magbawas at umihi, at marunong pang mag-*flush* ng *toilet!* Bagama't nagagawa ito ng aso wala itong kamalayan na tulad ng sa tao. Hindi niya alam ang mga bagay na ito. Ginagawa niya ito dahil epektibo ang mga kilos na ito upang makuha niya ang kaniyang mga kailangan. Tinatawag itong *conditioning* ng psychologist na si Ivan Pavlov. Sa isang banda, ang tao sa komunikasyon ay may *kaalaman* at *kamalayan*. Bukod sa siya'y may kakayahang magwika, kaya niya ring maging mapanlikha o malikhain sa pagpapahayag ng kaniyang iniisip at nadarama. Halimbawa, kung nais niyang suyuin ang isang kaibigan, maaaring bigyan niya ito ng bulaklak o ipagluto kaya ng masarap na pagkain. May kamalayan ang tao; dahil sa kaniyang isip at mga pandama, nararanasan niya ang kaniyang kapwa at ang komunikasyong namamagitan sa kanila. May kalayaan din siya bilang tao. Maaari niyang piliing magsalita o hindi kumibo, makinig o magbingi-bingihan. Tao lang ang may kakayahang magkunwaring natutulog upang iwasan ang pakikipag-usap. Nakakita ka na ba ng asong nagpapanggap na tulog o nagpapanggap na busog kahit ang totoo'y nagugutom?

Kung ang komunikasyon ay ginagawa upang makamit ang isang layuning pansarili, o kung ang pakay ay marinig lamang at hindi ang makinig, hindi ito nasa isang diyalogo kundi monologo. Hindi tinitingnan ang kapwa bilang tao kundi isang daan upang makamit ang nais. Ito ang tinatawag na ugnayang **I – it.**

Ang diyalogo ay nararapat na sa pamilya nagsisimula at natututuhan. Ang isa sa pinakamalaking suliranin sa pamilya ngayon ang kawalan ng tunay na komunikasyon sa pagitan ng mag-asawa, mga magulang at mga anak. Madalas na sa pakikipag-usap sa mga anak, mas mahalaga sa magulang ang maipaunawa ang nais nila para sa kanilang anak, hindi ang pakikinig sa nais ng mga anak. Ang mga anak naman ay tinitingnan ang mga magulang bilang mga taong walang kakayahang makinig at umunawa kaya't mas minamabuti pa ang manahimik at itago ang tunay na nararamdaman. Minsan mas madali ang magpanggap kaysa magpakatotoo sa loob ng pamilya. Labis na nakalulungkot ang katotohanan na maging sa loob ng pamilya ay kadalasang hindi nakukumpirma ang ating pagkatao.

Ang diyalogo ay nararapat na higit na madali para sa isang pamilya kaysa sa hindi magkakapamilya. Kailangan lamang na pairalin ang pagmamahal na natural na

nagbibigkis sa mga kasapi nito. Kung mas pinahahalagahan natin ang pamilya at ang kapamilya kaysa ating sarili, mas magiging madaling dumulog sa isang diyalogo nang may kababaang loob at kahandaang umunawa. Mas magiging madali ang maging bukas at magtiwala. Mas magiging madali ang makinig at umunawa hindi lamang sa *sinasabi* kundi sa mga *hindi masabi* ng kapamilya. Sa diyalogo ang mga anak ay pinakikinggan at inuunawa. Madalas din sila'y binibigyan ng kalayaang lumahok sa paggawa ng pasiya at tumulong sa paglutas ng mga problema. Sa diyalogo walang maliit o malaki, mataas o mababa. Lahat ay magkakatulad na tao, may dignidad at sariling isip at kalooban. Ang mga magulang naman ay tinitingnan ng mga anak bilang mga taong bukas at may pag-unawa at buong pagtitiwalang ipinahahayag ng mga anak ang kanilang isip at damdamin sa kanila. Ang diyalogo ay kailangan ng mag-asawa upang hindi nila malimot na bagama't ipinagkaloob na nila ang sarili sa isa't isa sa pag-ibig at matrimonya ng kasal, sila rin ay indibidwal na may sariling isip at kalooban.

Sa huli'y balikan natin ang aral ng gurong Hindu tungkol sa komunikasyon. Ang pagmamahal ang pinakamabisang paraan ng komunikasyon, sapagkat ang tunay na pagmamahal ay ang pagkakaisa ng isip at puso ng dalawang tao. Samakatuwid, hindi ito nangangailangan pa ng salita. Napakatahimik at payapa marahil ng mundo kung ang lahat ay nagmamahalan.

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Pagkatapos mong magkaroon ng mas malalim na kaalaman at pag-unawa sa mga konsepto ng halaga ng komunikasyon sa pagpapatatag ng pamilya, pag-isipan at sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang kahulugan ng komunikasyon sa loob ng pamilya? Ipaliwanag.
2. Bakit pinakamabisang paraan ng komunikasyon ang pagmamahal? Ipaliwanag.
3. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng "Mahalagang kondisyon para sa isang pangkalahatan at panlipunang komunikasyon na ito ay ang pagiging tapat at mapagkakatiwalaan."

4. Paano nagiging sanhi ng mga suliranin sa komunikasyon at ugnayan sa pamilya ang labis na materyalismo at pangingibabaw ng paghahangad sa pansariling kapakanan bago ang pamilya? Ipaliwanag.

5. Paano malulutas ng diyalogo ang mga suliranin sa komunikasyon at ugnayan ng pamilya? Ipaliwanag.

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Batay sa iyong mga sagot at gamit na gabay ang paglalarawan sa susunod na pahina, ipahayag ang nahinuha mong Batayang Konsepto sa komunikasyon sa pamilya. Isulat sa iyong kuwaderno ang sagot sa mahalagang tanong na: *Bakit mahalaga ang komunikasyon sa pagpapatatag ng pamilya?*



Batayang Konsepto:

_____

_____

_____

Pagtataya


Ibibigay muli ang Paunang Pagtataya sa mga mag-aaral upang sukatin ang kanilang natutuhan.

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap



Panuto: Punan ang tsart sa ibaba. Gamiting gabay ang halimbawa.

TSART NG PAGPAPAUNLAD NG KASANAYAN SA KOMUNIKASYON

Mga Paraan Upang Mapabuti ang Komunikasyon	Mga sitwasyon kung saan nagamit ito	Petsa	Mga naging epekto o resulta nito	Mga natuklasan sa sarili
Halimbawa: Mapanlikha o *Creativity*	Kaarawan ni Nanay. Pagkakataon ko na upang maipadama ang aking pasasalamat sa ginagawa niyang pag-aaruga sa amin ng aking mga kapatid at ipabatid na siya'y mahal ko. Sinikap kong makaipon upang makabili ako ng magandang tsinelas para sa aking nanay. Naglalakad ako tuwing umaga papasok sa paaralan. Inipon ko ang dapat sana'y pamasahe ko.	November 14, 2012	Nasiyahan ang aking nanay at lalo kaming naging malapit sa isa't isa	Kaya ko palang magsakripisyo upang makaipon. Mainam pala na ehersisyo ang paglalakad. Pakiramdam ko'y lumakas ang aking katawan. Kaya ko palang maging mas malapit pa sa aking nanay.
Pagiging Mapanlikha o *Creativity*				
Pag-aalala at Malasakit				
Pagiging Hayag o Bukas				
Atin-atin (*Personal*)				
Lugod o Ligaya				

Pagninilay

Panuto: Sumulat ng pagninilay tungkol sa naging gawain sa Pagganap. Isulat ito sa iyong *journal*. Maaari ding isulat ang iyong pagninilay o repleksyon bilang *blog* sa iyong *social networking account* tulad ng *facebook* o *twitter* upang maibahagi sa iyong mga kaibigan ang iyong naging karanasan.

Pagsasabuhay

Pagsali sa *Family Day.*

Sa pangunguna at pagsubaybay ng iyong guro sa Edukasyon sa Pagpapakatao, magmungkahi ng isang *Family Day* para sa iyong paaralan. Sundan ang sumusunod na balangkas ng paggawa ng plano para sa naturang gawain.

L - ayunin

A - ktuwal na Gampanin

P - aglilingkuran

P - amantayan at Kraytirya

I - naasahang Pagganap

S - itwasyon

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan

Mga larawang susuriin (sa Gawain 2, Pagtuklas ng Dating Kaalaman)

Tsart ng Pagpapaunlad ng Aking Kasanayan sa Komunikasyon

Balangkas ng *Family Day*

Mga Sanggunian

Dy, M. (2011). *Ang tao bilang panlipunang nilalang at pakikipagkapwa.* Panayam noong Pambansang Pagsasanay ng mga Tagapagsanay ng mga Guro sa 2010 Secondary Education Curriculum. Pasig City: Kagawaran ng Edukasyon.

Tolentino, R., et al (2005). *Gabay sa pamilya*. Pasay City: Paulines Publishing House.

Villanueva, L. (2003). *At silang dalawa'y magiging isa*. Pasay City: Paulines Publishing House.

Unknown (2011). Why shout in anger, spiritual-short-stories.com. Retrieved from http://www.spiritual-short-stories.com/spiritual-short-story-505-Why+We+Shout+When+In+Anger.html on February 10, 2013

De Vito, J. (2002). Human Communication: The Basic Course, Allyn and Bacon, Boston MA. Retrieved from http://catalogue.pearsoned.co.uk/samplechapter/0205353908.pdf on February 11, 2013

Friedman, M. (1960). Martin Buber: The Life of diologue harpers New York, prepared for Religion on-line by Ted and Winnie Brock. Retrieved from http://www.religion-online.org/showbook.asp?title=459 on February 13, 2013

Peterson, R. (2009). Families First-Keys to Successful Family Functioning: Communication. Retrieved from http://pubs.ext.vt.edu/350/350-092/350-092.html on February 11, 2013

Shan, R. (1998). I and Thou, University of Colorado. Retrieved from http://www.colorado.edu/communication/meta-discourses/Papers/App_Papers/Ralph.htm on February 10, 2013

Sholz, E. (1998). Martin Buber: Dialogue, University of Colorado, at Boulder. Retrieved from http://www.colorado.edu/communication/meta-discourses/Papers/App_Papers/Scholz.htm on February 14, 2013

Modyul 4: ANG PAPEL NA PANLIPUNAN AT PAMPOLITIKAL NG PAMILYA



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Sa natapos na aralin, natutuhan mo na ang pinakamahalagang indikasyon na ang tao ay hindi itinakdang mamuhay mag-isa ay ang kakayahan niyang “magwika.” May kahulugan ang lahat dahil sa wika. Dahil dito nagkakaunawaan ang mga tao sa lipunan. Naipahahayag natin ang ating iniisip at ang ating damdamin sa pamamagitan nito.

Mahalaga ang pagpapahayag ng ating mga iniisip at damdamin. Sa ganitong paraan napangangalagaan natin ang ating kapakanan at nababantayan ang ating karapatan. Ang ating kalayaan at karapatan sa pagpapahayag ng ating damdamin at iniisip ay nabibigyan ng higit na makabuluhang ekspresyon sa ating paglahok sa mga organisasyon at samahang panlipunan. Ngunit ang ating kalayaan at karapatang ito ay higit na naipakikita sa pinakamahalaga nating gawaing politikal – ang pagboto.

Tungkulin ng pamilya ang paghubog ng mga mamamayang nakikilahok sa mga gawaing panlipunan, nakikisangkot sa paglutas ng mga suliranin sa pamayanan at nakikialam sa pagtatatag ng isang sistemang politikal na may integridad at nagpapatingkad sa dignidad ng bawat tao sa lipunan.

Nakikilahok ba ang pamilya mo? Nakikisangkot ba kayo sa mga gawain sa inyong pamayanan? Nakikialam ba kayo sa politika? Kung hindi pa, ang araling ito ay para sa iyo at sa iyong pamilya. Mahalaga ang pakikisangkot at pakikialam ng pamilya sa lipunan at sa politika.

Sa modyul na ito ay pag-aaralan mo ang papel ng pamilya sa lipunan at sa politika. Sa huli’y inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Bakit mahalagang magampanan ng pamilya ang kaniyang mga papel na panlipunan at pampolitikal?**

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Natutukoy ang mga gawain o karanasan sa isang pamilya na nagpapakita ng pagtulong sa kapitbahay o pamayanan, pagmamalasakit sa kalikasan (papel na panlipunan), at pagbabantay sa mga karapatan at tungkulin ng pamilya at mga institusyong nagsusulong ng mga karapatan nito (papel na politikal)
b. Nasusuri ang isang halimbawa ng pamilyang ginagampanan ang papel na panlipunan at politikal nito
c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
d. Naisasagawa ang isang gawaing angkop sa papel na panlipunan (hal: pagmamalasakit sa kalikasan) at pampolitikal ng pamilya (hal., pagtatakda ng mga pamantayan sa pagpili ng mga lider)

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

1. Nakagawa ng plano ng gawain ayon sa:
   L - ayunin
   A - ktuwal na Gampanin
   P - aglilingkuran
   P - amantayan at Kraytirya
   I - naasahang Pagganap
   S - itwasyon
2. Naglahad ng komprehensibong pangangatwiran (*rationale*) para sa isinagawang gawain
3. Ayon sa moral na batayan ang inilahad na paliwanag
4. Malinaw at madaling maunawaan ang paliwanag

Paunang Pagtataya

A. *Panuto:* Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Isulat ang titik ng pinakatamang sagot sa iyong kuwaderno.

_____1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagbabantay sa karapatan ng pamilya?



_____ 2. Anong karapatan ng pamilya ang itinataguyod ng naging sagot mo sa unang bilang?

a. Ang karapatan sa kapaki-pakinabang na paglilibang, iyong nakatutulong sa pagpapatatag ng mga pagpapahalagang pampamilya.
b. Ang karapatan sa tahanan o tirahang angkop sa maayos na buhay pamilya.
c. Ang karapatan sa paniniwala at pagpapahayag ng pananampalataya at pagpapalaganap nito.
d. Ang karapatan, lalo na ng mga may sakit, na magtamo ng pisikal, panlipunan, pampolitikal, at pang-ekonomiyang seguridad;

_____ 3. Bakit mahalaga ang kaalaman ng pamilya sa mga karapatan at tungkulin nito?

a. Maraming banta sa integridad ng pamilya sa makabagong panahon.
b. Hindi maisusulong at maproprotektahan ang mga karapatan at tungkulin ng pamilya kung hindi nito alam kung ano-ano ang karapatan at tungkulin nito.
c. Bahagi ang mga ito ng papel na pampolitikal ng pamilya.
d. Maraming pamilya na karapatan lamang ang ipinaglalaban ngunit hindi ginagampanan ang tungkulin.

_____ 4. Ano ang implikasyon ng pangungusap?


"Dapat pag-ibayuhin ng bawat pamilya ang pangangalaga at pagbabantay sa mga karapatan at tungkulin nito dahil maraming banta sa integridad ng pamilya sa makabagong panahon."


a. Ang pamilyang Pilipino sa ngayon ay hindi mapagbantay sa mga karapatan at tungkulin nito.
b. Kung ang kabutihan ng pamilya ay napangangalagaan, naitataguyod at nabibigyang proteksyon sa lipunan, ang bawat isa ay magkakaroon ng pagkakataong lumaki at maging ganap na tao sa pinakamabuting kapaligiran.
c. Ang mga pagbabago sa daigdig ngayon ang unti-unting sumisira sa pamilya; hindi kailangang sumabay sa mga pagbabagong ito ang pamilya.
d. Ang pamilya mismo ang nararapat na gumawa nito dahil napapabayaan na ng pamahalaan ang pangangalaga sa mga karapatan nito.

_____ 5. Suriin ang mga larawan. Iayos ang mga ito ayon sa maaaring maging pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.









a. CBAD

c. DACB


b. BCAD

d. DABC

6. Sa iyong palagay, anong tanong kaugnay ng likas-kayang pag-unlad o *sustainable development* ang angkop na itanong tungkol sa mga larawan sa bilang 5?

   a. Ano ang epekto sa ating hinaharap ng mga basurang likha ng mabilis na pagbabago sa teknolohiya?
   b. Paano maiiwasan ang pagkakaroon ng labis na basurang likha ng mabilis na pagbabago sa teknolohiya?
   c. Paano makatutulong ang pagkakaroon ng simpleng pamumuhay sa pagpapanatili ng mga likas na yaman ng daigdig?
   d. Ano ang epekto ng kawalan ng kaalaman sa makabagong teknolohiya?

B. *Panuto:* Tulungan ang pamilya Salve na makatawid sa kabila ng palaisipang ito. Ang bawat sitwasyon o pahayag ay may katapat na *daan* na nagtatapos sa *Tagpuan ng mga Dahilan*. Tulungan ang bawat miyembro ng pamilya na makauwi sa kanilang tahanan sa pamamagitan ng pagpili ng tamang dahilan o konsepto kaugnay ng naunang sitwasyon o pahayag. Isulat sa patlang ang tamang titik ng angkop na dahilan o konsepto sa bawat sitwasyon o pahayag. Ginawa na ang unang bilang para sa iyo.



Mga Sitwasyon at Pahayag

1. Ang ama ang nagsisilbing haligi ng tahanan; siya ang naghahanapbuhay para sa pamilya. Nakahanda siyang magtiis ng pagod at hirap para lamang maitaguyod ang kaniyang asawa at mga anak.
2. Hindi positibo ang pagiging labis na makapamilya. Sa halip na makiisa sa lipunan ay pagkakawatak-watak at pagkakani-kaniya ang nililikha nito.
3. Dapat na tumulong ang pamilya sa mga nangangailangang hindi naaabot ng tulong ng pamahalaan.

4. Ang mga nagmamay-ari o tagapamahala ng lupain ay nararapat na isaisip ang kabutihan ng lahat ng tao.
5. Si Ka Desto ang pinakamatanda sa magkakapatid na Reyes. Lahat sila ay may kani-kaniya ng pamilya. Tuwing sasapit ang eleksyon ay nagkakaroon ng pagpupulong ang magkakapatid at kani-kanilang mga pamilya tungkol sa mga kandidatong kanilang susoportahan sa eleksyon.

Mga Dahilan at Konsepto

a. Ang tao ay tagapamahala lamang at hindi lubos na nagmamay-ari ng lupa, hangin, tubig, at iba pang nilikha.
b. Nararapat na manguna ang pamilya sa pagtiyak na ang mga batas at mga institusyong panlipunan ay hindi taliwas, sa halip ay nagsusulong at nangangalaga sa mga karapatan at tungkulin ng pamilya.
c. Dapat na mauna ang pagmamahal sa kapwa kaysa sa debosyon sa pamilya.
d. Ang ugnayan sa pagitan ng mga kasapi ng pamilya ay dapat na pangibabawan ng batas ng malayang pagbibigay.
e. Nagagampanan ng pamilya ang kaniyang tungkulin na panatilihin at paunlarin ang kaniyang lipunang ginagalawan sa pamamagitan ng pagtupad sa kaniyang papel pampolitikal.

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN


Gawain 1

Panuto: Suriin ang mga larawan.









Sagutin sa inyong kuwaderno:

1. Ano-ano ang gawaing nakikita mo sa larawan?
2. Saan karaniwang nagaganap ang mga gawaing nasa larawan?
3. Nagkaroon ka na ba ng pagkakataong sumama sa mga ganitong gawain? Ibahagi ang iyong mga naging karanasan.
4. Nakikibahagi ba ang iyong pamilya sa mga gawaing tulad nito? Bakit mahalaga na makibahagi ang pamilya sa ganitong mga gawain?
5. Kasapi ba ng isang samahan ang iyong pamilya sa inyong lugar? Paano nakatutulong ang pagiging kasapi ng samahang ito sa iyong pamilya? Paano nakatutulong ang iyong pamilya sa samahang inyong kinabibilangan? Ipaliwanag.

Gawain 2

A. **Pagkilala sa mga karapatan ng pamilya na dapat bantayan**

Panuto: Basahin ang sitwasyon na nasa kahon. Pagkatapos sagutin sa kuwaderno ang tanong sa ibaba ng kahon.

> Isang nakakaeskandalong *billboard ad* ng alak ang labis na tinutulan ng isang pampamilyang organisasyon. Nagpapakita kasi ito ng pang-aabuso sa mga kabataan, maling pananaw sa sekswalidad, at pagpapahalagang nakasisira sa integridad ng pamilya. Ang organisasyong ito ay sumulat sa pamahalaan, nagbayad ng anunsyo sa dyaryo tungkol sa kanilang pagtutol sa *billboard ad* na ito at hiniling nilang ipatanggal ito sa pambansang lansangan ng EDSA. Ang ingay na nilikha ng organisasyong ito ay nakatawag ng pansin ng mga nasa pamahalaan at ng iba pang mga organisasyon at pribadong grupo. Dahil sa mahigpit na pagbabantay ng organisasyong ito ay nabigyan ng aksyon ang kanilang hinaing at dahil na rin sa nakitang di magandang pagtanggap sa kanilang *billboard ad* ay kusang ipinatanggal ito maging sa mga lathalain ng mismong nagpagawa rin ng anunsyong ito.

Ang pamilya mo ba ay mapagbantay rin? May katulad ka bang karanasan kasama ang iyong pamilya kung saan iginiit ninyo ang tama at ang makabubuti sa pamilya at sa pamayanang inyong kinabibilangan?

Tanong:

1. Sa iyong palagay, ano-ano ang karapatan ng pamilya na kailangan nitong bantayan?

B. **Pagkilala sa kaugnay na isyu o insidente ng paglabag ng karapatan at tungkulin ng pamilya at paraan ng pagbabantay sa mga ito**

Panuto: Punan ang sumusunod na tsart. Punan ang unang hanay ng karapatan o tungkulin ng pamilya. Sa ikalawang hanay, ilahad ang kaugnay na isyu o insidente ng paglabag ng katapat na karapatan o tungkulin sa unang hanay. Sa ikatlong hanay, ilahad ang paraan kung paano binantayan, iginiit, o ipinaglaban ang karapatan o tungkulin ng pamilya sa unang hanay.

Mga Karapatan at Tungkulin ng Pamilya	Mga Kaugnay na isyu o insidente ng paglabag sa karapatan at tungkulin ng pamilya	Paano ito binantayan, iginiit, o ipinaglaban
Halimbawa: Ang karapatan sa paniniwala at pagpapahayag ng pananampalataya at pagpapalaganap nito Ang karapatang palakihin ang mga anak ayon sa mga tradisyon, pananampalataya, at pagpapahalaga at kultura sa pamamagitan ng mga kailangang kagamitan, pamamaraan, at institusyon	Ang aking pamilya ay Katoliko, ngunit walang simbahan o kapilya na malapit sa aming tirahan o barangay.	Nakipag-usap ang aking mga magulang sa ilan pang pamilyang Katoliko sa pamayanan at lumiham sa Obispo ng Diosesis upang mapatayuan ng kapilya at magkaroon ng pari na magmimisa rito. Nakipagtulungan kami sa ibang mga pamilya rito upang makapagtayo ng maliit na kapilya sa isang bakanteng lote malapit sa Barangay Hall.
Ikaw naman:		

Pagtataya

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Isulat sa kuwaderno ang iyong mga sagot.

1. Anong papel o gampanin ng pamilya ang iyong sinuri sa unang gawain? Pangatwiranan.
2. Anong papel o gampanin ng pamilya ang iyong sinuri sa ikalawang gawain? Pangatwiranan.

3. Suriin ang mga larawan sa ibaba. Ano-anong mga gawaing nagpapakita ng pagganap sa mga papel na panlipunan at pampolitikal ang maaaring gawin ng iyong pamilya kaugnay ng mga nasa larawan? Magtala ng isang gawaing nagpapakita ng papel na panlipunan at isang nagpapakita ng politikal na papel ng pamilya. Sundan ang halimbawa sa ibaba.




a. *Papel Panlipunan*. Pansamantala naming patutuluyin sa aming bahay ang mga kapitbahay naming naapektuhan ng pagbaha.

b. *Papel Pampolitikal.* Susulat kami sa aming Kongresista o Kinatawan na magsagawa ng proyekto na maglilinis at magpapahukay ng sapa sa aming barangay upang hindi na ito maging sanhi ng pagbaha.



a.

b.



a.

b.



C. PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 1: Pagsusuri ng mga Pamilya sa Pamayanan

A. Magsagawa ng survey sa inyong pamayanan o barangay. Itanong ang sumusunod sa labinlimang pamilya.

1. Tumutulong po ba ang inyong pamilya sa pamayanan o simbahan?

   _____ Oo. Kung *Oo*, itanong ang Tanong Bilang 2 hanggang 4.

   _____ Hindi. Kung *Hindi*, itanong: Bakit po? Dahilan: _____

   _____

2. Paano po tumutulong ang inyong pamilya sa pamayanan o simbahan?
3. Bakit mahalagang tumulong ang inyong pamilya sa pamayanan o simbahan?
4. Sa inyong palagay, ano-ano po ba ang mga pangangailangan ng pamilya?
5. Sa inyo pong palagay, natutugunan po ba ng ating pamahalaan ang mga pangangailangan ng pamilyang Pilipino? Sa paanong paraan po?

B. Igawa ng ulat ang nakalap na impormasyon sa pamamagitan ng survey.

Kraytirya sa Paggawa ng Ulat:

a. Pagsasaayos at Pagbubuo ng Ulat
b. Paggamit ng Instrumento (*Tools*), banghay o balangkas sa pagbubuod o paglalagom (Hal. tsart, graph o talangguhit, *concept map*, at iba pa)
c. Paliwanag sa implikasyon ng nabuong ulat sa pagtupad ng mga pamilya sa pamayanan sa mga papel na panlipunan at pampolitikal nito

Rubric sa Pagtataya ng Ginawang Ulat

Mga Kraytirya	**Mga Antas ng Pagganap**			**Kabuuang Marka**
	Angat sa Pamantayan (3 Puntos)	**Nasa Pamantayan** (2 Puntos)	**Patungo sa Pamantayan** (1 Puntos)	
Pagsasa-ayos at pagbubuo ng ulat	Naipakita ang nilalaman nang malinaw at maigsi ngunit malaman; tama ang mga panga-ngatwiran at lohikal ang daloy ng mga ideya	Naipakita ang karamihan sa nilalaman na may lohikal na daloy ng mga ideya at tama ang pangangatwiran	Naipakita ang nilalaman ngunit nagkulang sa tuon o *focus*; hindi maayos at lohikal ang daloy ng mga ideya at kulang ng mga ebidensya at pagpapaliwanag	
	Mabisa at angkop ang ginamit na pagsasaayos upang mailahad ang mga nakalap na datos	Angkop ang ginamit na pagsasaayos upang mailahad ang mga nakalap na datos	Kinakailangang mamili ng higit na mabisang pagsasaayos ng mga nakalap na datos upang mailahad ang mga natuklasan sa pamamagitan nito	
Paggamit ng Instrumento (*Tools*, banghay o balangkas sa pagbubuod o paglalagom)	Nakalikha ang mag-aaral ng sariling pag-papakahulugan o perspektibo sa mga impormasyon o datos na nakalap at nailarawan ito sa pamamagitan ng mga paglalarawan, instrumento o *diagram* tulad ng *concept maps*, *graphs*, tsart at iba pa	Bahagyang nakalikha ang mag-aaral ng sariling pagpapakahulugan o perspektibo sa mga impormasyon o mga datos na nakalap at may ilang paglalarawan, instrumento o *diagram* na ginamit	Hindi nakapagbigay ng sariling pagpapakahulu-gan ang mag-aaral batay sa mga impormasyon o datos na kaniyang nakalap	

Mga Kraytirya	Mga Antas ng Pagganap			Kabuuang Marka
	Angat sa Pamantayan (3 Puntos)	**Nasa Pamantayan** (2 Puntos)	**Patungo sa Pamantayan** (1 Puntos)	
Paliwanag sa implikasyon ng nabuong ulat sa pagtupad ng mga pamilya sa pamayanan sa mga papel na panlipunan at pampolitikal nito	Naipakita ng mag-aaral ang kahulugan ng mga datos na nakalap at naipaliwanag nang malinaw ang implikasyon sa pagtupad ng mga pamilya sa pamayanan ng mga papel na panlipunan at pampolitikal ng mga ito	Naipakita ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga datos na nakalap at bahagyang naiugnay ito sa pagtupad ng mga pamilya sa pamayanan ng mga papel na panlipunan at pampolitikal ng mga ito, bagamat may pagkakataong hindi malinaw ang paliwanag dito	Nagtala lamang ng mga datos at impormasyon ang mag-aaral ngunit hindi ito naiugnay sa isyung pinag-aaralan	

Sagutin ang mga tanong sa iyong kuwaderno.


1. Karamihan ba sa mga pamilyang napabilang sa iyong survey ay nagagampanan ang kanilang papel na panlipunan at pampolitikal? Ano ang implikasyon nito sa pamayanang inyong tinitirhan? Ipaliwanag.
2. Paano ipinakikita ng mga pamilyang ito ang pagganap nila sa kanilang papel na panlipunan at pampolitikal? Maglahad ng mga halimbawa.
3. Ayon sa mga pamilyang ito, bakit mahalaga ang pagganap sa mga papel na panlipunan at pampolitikal ng pamilya? Ipaliwanag.
4. Ayon sa iyong survey, ano-ano ang pangangailangan ng pamilya? Ilahad ang mga ito.
5. Ayon sa iyong survey, natutugunan ba ng pamahalaan ang mga pangangailangan ng pamilya? Pangatwiranan.

Gawain 2: Pagsusuri sa mga Karapatan at Tungkulin ng Pamilya

Ilahad ang mga pangangailangan ng pamilya na lumabas sa *survey* na iyong ginawa. Mula sa mga pangangailangang ito, magbuo ng tatlo hanggang limang karapatan ng pamilya bilang institusyon.

Hallimbawa:

Mga Pangangailangan ng Pamilya — Karapatan ng Pamilya



Gawain 3: Pagkilala ng mga Paraan Upang Maisulong ng Pamilya ang mga Karapatan Nito

Suriin ang mga nabuong mga karapatan at tungkulin ng pamilya.

Sagutin:

Paano mababantayan at maisusulong ng pamilya ang mga karapatang ito? Maglahad ng ilang mga paraan.

_____

_____

_____

_____

_____

_____



D. PAGPAPALALIM

Basahin at unawain ang sanaysay.

Ang Papel na Panlipunan at Pampolitikal ng Pamilya

"*Ang tao ay hindi lamang binubuo ng katawan at ispiritu… siya ay isang panlipunang nilalang, likas na kaugnay ng iba pang tao, hindi siya ipanganganak o mananatiling buhay kundi sa pamamagitan ng ibang tao. Ang pakikipagniig sa ibang tao ay bahagi ng kaniyang pagiging tao*." (Sheen, isinalin mula sa *Education in Values: What, Why and For Whom* ni Esteban, 1990).

"Ang pangunahing kontribusyon ng pamilya sa lipunan ay ang karanasan sa pakikibahagi at pagbibigayan na dapat na bahagi ng buhay pamilya sa pang-araw-araw."

Lahat ng tao ay ipinanganganak na sanggol na walang kakayahan at walang muwang. Kaya nga't ang tao ay ipinanganganak sa isang pamilya. Ang tao kailanman ay hindi makapagpaparami nang mag-isa sa natural man o artipisyal na paraan. Hindi rin siya mabubuhay nang walang nag-aaruga sa kaniya hanggang sa siya ay lumaki, magkaisip, at maghanapbuhay. Upang maging ganap ang pagkatao, kailangan niyang maranasan ang magmahal at mahalin; at sa huling sandali ng kaniyang buhay ay kailangan niya ng kalinga ng iba, lalo't siya'y matanda at mahina na. Kaya nga kailangan ng tao ang kaniyang kapwa; dahil dito kailangan niyang matutong makipagkapwa. Ang pakikipagkapwa, tulad ng maraming bagay kaugnay sa kaniyang pagkatao ay kailangang matutuhan ng tao. Hindi mo maibibigay ang isang bagay kung wala ka nito. Hindi mo maipakikita ang isang ugaling hindi mo naranasan at natutuhan sa loob ng iyong pamilya.

Ngunit hindi natatapos sa pagpaparami at pagtuturo ng mga pagpapahalaga at birtud sa pakikipagkapwa ang halaga at tungkulin ng pamilya. Isa sa anim na tungkulin at halaga ng pamilya ang paghubog ng pagiging mapanagutang mamamayan. Ayon kay Esteban (1989), ang isang pamilya sa isang munting lipunan.

Upang umunlad ang kanilang buhay, kailangan ng pamilya ang makipag-ugnayan sa ibang pamilya at ibang sektor ng lipunan. Sa pamamagitan nito nagkakaroon siya ng gampanin sa lipunan. Bukod sa pagiging ama, ina, o anak, sila


ay mga mamamayang maaaring maging punong-guro, doktor, abogado, at iba pang propesyon sa lipunan. Bilang bahagi ng lipunan, tungkulin ng pamilya na panatilihin at paunlarin ang lipunang kaniyang ginagalawan. Magagawa ito ng pamilya sa pamamagitan ng pagtupad sa kaniyang papel sa lipunan (pagiging bukas-palad, pagsusulong ng bayanihan, at pangangalaga sa kaniyang kapaligiran) at papel pampolitikal – (ang pagbabantay sa mga batas at mga institusyong panlipunan).

Ang Papel ng Pamilya sa Lipunan

Ang pangunahing kontribusyon ng pamilya sa lipunan ay ang karanasan sa pakikibahagi at pagbibigayan na dapat na bahagi ng buhay pamilya sa araw-araw.

Natutuhan mo sa Modyul 1 na ang ugnayan sa pagitan ng mga kasapi ng pamilya ay dapat na pinangingibabawan ng batas ng malayang pagbibigay. Ang malayang pagbibigay na ito na ginagabayan ng paggalang at pangangalaga sa dignidad ng bawat isa ay naipakikita sa pamamagitan ng buong pusong pagtanggap, pag-uusap, pagiging palaging naroon para sa isa't isa, bukas-palad at paglilingkod ng bukal sa puso, at matibay na bigkis at pagkakaisa.

Kaya nga ang pagkakaroon ng tunay at ganap na pakikipagniig sa isa't isa ng mga kasapi ng pamilya ay ang pangunahin at hindi mapapalitang tagapagturo ng pamumuhay sa lipunan; at halimbawa at tagapagpalaganap ng mas malawak na pakikipag-ugnayan sa komunidad.



Sa loob ng pamilya nagsisimula ang pagiging bukas palad at ang diwa ng bayanihan. Ngunit hindi sapat na panatilihin lamang ang mga ito sa loob ng pamilya. Kaya nga may pagkakataon na hindi nagiging positibo ang pagiging labis na makapamilya ng mga Pilipino. Imbes na makiisa sa lipunan ay pagkakawatak-watak at pagkakani-kaniya ang nililikha nito. Ang labis na pagkiling sa pamilya ay maaaring mangahulugan ng paggamit ng posisyon at kapangyarihan para sa kapakanan ng pamilya. Nagiging sanhi rin ito ng *political dynasties* o ang pagpapanatili ng mga posisyon sa gobyerno at ng kapangyarihan sa pamumuno ng iisang pamilya lamang. Ang nangyayari ay taliwas sa papel na panlipunan ng pamilya.

Dapat na mauna ang pagmamahal sa kapwa bago ang debosyon sa pamilya. Ang pagiging labis na makapamilya ay katumbas din ng pagiging makasarili. “Dahil sa ugnayang dugo (*blood relations*) na namamagitan sa mga kasapi ng pamilya, maituturiing na parang sarili (*another self*) ang kapamilya. Kaya nga kung may pinintasan sa iyong kapamilya ay parang ikaw na rin ang napintasan.” (Dy, 2012)

Sa loob ng pamilya dapat natututuhan ng tao na iwaksi ang pagiging makasarili at magsakripisyo alang-alang sa kapwa – alang-alang sa ikabubuti ng lahat. Dito niya natututuhan na ang pagkakawang-gawa ay katumbas ng pagmamahal; na ang paglilingkod sa kapwa ay kinakailangan upang maging kabilang sa kapatiran ng tao. Ang kapatirang ito ay mangyayari lamang kung mayroong pinag-ugatang pagkakapatiran sa pagitan ng mga tunay na magkakapatid sa loob ng pamilya.

> “Ang pagtulong ng pamilya sa pamayanan ay paraan upang maisabuhay ang mga pagpapahalaga at birtud na itinuturo at natututuhan sa loob ng tahanan.”

Nakatutuwang isipin na sa murang edad ay iniligtas nina Virginia Rojo, anim na taong gulang, at James Baroro, pitong taong gulang, ang kanilang mga kapatid mula sa nasusunog nilang bahay sa mga lalawigan ng Negros at Cebu. Hindi nila inuna ang kanilang sarili. Si James ay paulit-ulit na bumalik sa nasusunog nilang bahay sa Lapu-Lapu City para sagipin ang tatlo niyang kapatid. Si Virginia naman bagamat nasunog ang bahagi ng mukha at katawan ay walang hinanakit o pag-aalinlangan sa kaniyang ginawa. Sa murang edad ay napakalawak ng kanilang pag-unawa sa halaga ng pagsasakripisyo para sa ikabubuti ng iba. Ganito sana ang kapatirang mayroon sa bawat pamilya. Isipin mo na lang ang kapatirang mangingibabaw sa mundo!

Ang pagiging bukas palad ay maipakikita ng pamilya sa pamamagitan ng mga gawaing panlipunan. Maaari itong makilahok sa mga samahan na boluntaryong naglilingkod sa pamayanan o kaya’y tumutulong sa mga kapus-palad. Higit sa lahat, dapat na tumulong ang pamilya sa mga nangangailangang hindi naaabot ng tulong ng pamahalaan. Isang halimbawa ang mga pamilyang nagbukas ng kanilang mga tahanan para sa mga naaapektuhan ng pagbaha at mga sakuna. Marami ang mga pamilyang ito na hindi nagdalawang-isip at buong pagtitiwalang pinatutuloy ang mga kapitbahay na kumakatok sa kanilang pinto at mga puso. Nakalulungkot lamang na mayroon ding mga nagbibingibingihan sa mga daing ng mga kapitbahay dahil sa


kawalang-tiwala sa kapwa. Minsan kung sino pa ang higit na makapagbibigay sila pa ang nagsasara ng kanilang pinto. Nakatali sila sa materyalismo at higit na nagpapahalaga sa mga ari-arian kaysa sa kanilang kapwa-tao.

Ang pagtulong ng pamilya sa pamayanan ay paraan upang maisabuhay ang mga pagpapahalaga at birtud na itinuturo at natututuhan sa loob ng tahanan. May mga pamilyang naging tradisyon na kumukuha sila ng isang bata sa bahay-ampunan tuwing sasapit ang panahon ng kapaskuhan, upang pansamantalang tumira sa kanila. Namimigay din sila ng mga regalo sa mga batang nasa bahay-ampunan o sa mga batang-lansangan. May anak na sa halip na maghanda para sa kaniyang kaarawan ay hinihiling sa kaniyang mga magulang na ibahagi na lamang sa bahay-ampunan ang perang dapat gugulin sa kaniyang handa. Mayroon ding gustong idaos ang kaniyang kaarawan sa bahay-ampunan o sa piling ng mga batang lansangan.

Ang pagbabayanihan ay hindi na bago sa mga Pilipino. Isa ito sa ipinagmamalaki nating pagpapahalagang Pilipino. Naipakikita ang pagbabayanihang ito sa lahat ng aspekto ng pamumuhay ng mga Pilipino. Sa isang kapitbahayan ay hindi na bago ang pagbibigayan ng ulam lalo't may okasyon, ang pagbibilin sa mga anak sa kapitbahay kung walang magbabantay ditong kapamilya, at ang pagpapahiram ng mga kagamitan sa bahay sa mga kapitbahay.

Isa sa ipinagmamalaki nating katangiang Pilipino ang magiliw na pagtanggap lalo sa mga panauhin. Inihahain natin ang pinakamasarap na pagkain para sa kanila, ang pinakamainam na higaan ang ating pinatutulugan, at ang pinakamaganda nating gamit ay inilalabas lamang kapag may panauhin. Ngunit may mas malalim na antas ng pagtanggap ng mga panauhin. Ang mabuting pagtanggap na higit na kinakailangan nating ugaliin ay ang pagbubukas ng ating mga pintuan sa mga nangangailangan. Magagawa kaya nating maghain ng masasarap na pagkain, patulugan ang pinakamainam nating higaan, at ipagamit ang pinakamaganda nating gamit sa mga palaboy sa lansangan?

Pangangalaga sa Kalikasan




Dapat isaalang-alang ang paggalang sa dignidad ng kapwa sa uri ng pamumuhay ng pamilya. Ang labis na kayamanan ay nakaeeskandalo kung ito ay walang pakundangang ipinangangalandakan sa harap ng mga taong minsan sa isang araw na lamang kumakain. Ang walang habas na pag-aaksaya, pamumuhay sa labis na karangyaan at luho ay paglabag sa tuntunin ng moralidad. Kaya nga mahalaga ang pagtuturo at pagsasabuhay ng simpleng uri ng pamumuhay sa loob ng pamilya. Ayon nga kay Esteban (1989), ang pinakamalaking hadlang sa paglago ng tao at ng sangkatauhan ay ang labis na kahirapan ng isang bahagi ng lipunan at ang nakakaeskandalong karangyaan sa kabilang bahagi nito. Ang hindi pagkakapantay na ito ay isang paglabag sa katarungang panlipunan. Tungkulin ng pamilya na sikaping maging pantay ang turing sa lahat ng tao anuman ang kalagayan sa buhay.

Pantay-pantay ang tao sa mata ng Diyos. Nilikha ang mundo para sa lahat ng Kaniyang nilalang. Hindi maaaring angkinin ng iilan ang hangin, tubig, at lupa. Ang tao ay tagapamahala lamang at hindi lubos na nagmamay-ari ng lupa, hangin, tubig, at iba pang nilikha ng Diyos sa mundo. Kaya nga ang pagkakaroon ng legal na karapatan sa pagmamay-ari ng alinman sa mga elementong ito ay dapat na may kalakip na paalala na ang mga ito ay kaloob ng Diyos at hindi likha ng tao. Samakatuwid, ang mga nagmamay-ari o tagapamahala ng lupain ay nararapat na isaisip ang kabutihan ng lahat ng tao sa paggamit nito. Ang hangin at tubig sa ating himpapawid at mga karagatan ay hindi dapat na abusuhin ng ilang tao, o maging ng mga industriya o korporasyon na karaniwang pag-aari ng ilang mayayamang pamilya; bagkus dapat na gamitin para sa kabutihan ng lahat ng tao sa mundo. Kaya nga walang karapatan ang mga industriya na dumihan ang hangin ng maruming usok na galing sa kanilang mga pagawaan at dumihan ang mga ilog at dagat ng polusyong nakalalason sa tubig at pumapatay ng mga nabubuhay dito.

Tungkulin ng pamilya ang pangangalaga sa kalikasan bilang likas na tagapamahala ng lahat ng nilikha ng Diyos. Dahil sa tungkuling ito, nararapat na isulong ng pamilya ang mga proyektong nangangalaga sa kalikasan tulad ng *Clean and Green Program* na nagtataguyod ng mga proyektong tulad ng pagtatanim ng mga puno, paghihiwalay ng mga nabubulok at di nabubulok na basura, ang *3Rs* (*reduce*, *re-use*, *recycle*), paglilinis ng mga kanal at daluyan ng tubig at marami pang iba.

Ang Papel na Pampolitikal ng Pamilya



Ang papel na panlipunan ng pamilya ay dapat ding maipahayag sa pamamagitan ng pakikialam sa politika. Nararapat na manguna ang pamilya sa pagtiyak na ang mga batas at ang mga institusyong panlipunan ay hindi taliwas, sa halip ay nagsusulong at nangangalaga sa mga karapatan at tungkulin ng pamilya. Kalakip nito ay dapat na alam din ng pamilya ang mga natural at legal na karapatan nito. Dapat din na pangunahan nito ang pagpapanibago sa lipunan at hindi magpabaya sa kaniyang mga tungkulin.

Ang sumusunod ang mga karapatan ng pamilya:

1. Ang karapatang umiral at magpatuloy bilang pamilya o ang karapatan ng lahat ng tao, mayaman man o mahirap, na magtatag ng pamilya at magkaroon ng sapat na panustos sa mga pangangailangan nito
2. Ang karapatang isakatuparan ang kaniyang pananagutan sa pagpapalaganap ng buhay at pagtuturo sa mga anak
3. Ang karapatan sa pagiging pribado ng buhay mag-asawa at buhay pamilya
4. Ang karapatan sa pagkakaroon ng katatagan ng bigkis at ng institusyon ng kasal
5. Ang karapatan sa paniniwala at pagpapahayag ng pananampalataya at pagpapalaganap nito

> "Dapat pag-ibayuhin ng bawat pamilya ang pangangalaga at pagbabantay sa mga karapatan at tungkulin nito dahil maraming banta sa integridad ng pamilya sa makabagong panahon."

6. Ang karapatang palakihin ang mga anak ayon sa mga tradisyon, pananampalataya, at pagpapahalaga at kultura sa pamamagitan ng mga kailangang kagamitan, pamamaraan, at institusyon
7. Ang karapatan, lalo na ng mga may sakit, na magtamo ng pisikal, panlipunan, pampolitikal, at pang-ekonomiyang seguridad
8. Ang karapatan sa tahanan o tirahang angkop sa maayos na buhay pamilya
9. Ang karapatan upang makapagpahayag at katawanin (ng mambabatas o asosasyon), sa harap ng mga namamahala o namumuno kaugnay ng mga usaping pang-ekonomiya, panlipunan, o kultural
10. Ang karapatang magbuo ng asosasyon kasama ang ibang mga pamilya at samahan, upang magampanan ng pamilya ang mga tungkulin nito ng mas karapat-dapat at madali
11. Ang karapatang mapangalagaan ang mga kabataan, sa pamamagitan ng mga institusyon at batas, laban sa mapanirang droga, pornograpiya, alkoholismo, at iba pa
12. Ang karapatan sa kapaki-pakinabang na paglilibang, iyong nakatutulong sa pagpapatatag ng mga pagpapahalagang pampamilya
13. Ang karapatan ng mga matatanda sa karapat-dapat na pamumuhay at kamatayan
14. Ang karapatang mandayuhan sa ibang probinsya o bansa para sa mas mabuting pamumuhay

Kung ang kabutihan ng pamilya ay napangangalagaan, naitataguyod, at nabibigyang-proteksyon sa lipunan, ang bawat isa ay magkakaroon ng pagkakataong lumaki at maging ganap na tao sa pinakamabuting kapaligiran - isang kapaligirang nakatutulong sa paghubog ng mga birtud na dapat taglayin ng isang mapanagutang mamamayan sa lipunan. Ang kapaligirang ito ay may lugar para sa kaniyang sarili na nagpapatatag ng kaniyang kakayahang tumayo sa sariling paa at ng kaniyang pagiging mapanagutan. May pagmamahalan dito na nagpapatingkad ng kaniyang pakikibahagi sa lipunan at pakikipagkapwa. Ang pagiging epektibo ng iba pang mga institusyon sa lipunan ay nakasalalay sa kabutihan ng pamilya.


Dapat pag-ibayuhin ng bawat pamilya ang pangangalaga at pagbabantay sa mga karapatan at tungkulin nito dahil maraming banta sa integridad ng pamilya sa makabagong panahon. Ang pagsasabatas ng diborsyo, pagpapalaglag o aborsyon, at materyalismo ay ilan lamang sa mga sumisira sa pangunahing institusyon ng lipunan. Kung tuluyan nang masisira ang pamilya, mawawala na rin ang tunay na kanlungan ng moralidad!

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Ano ang batas ng malayang pagbibigay? Ipaliwanag.
2. Paano naipakikita ang papel na panlipunan ng pamilya? Ipaliwanag.
3. Paano nakatutulong sa pangangalaga ng kalikasan ang simpleng pamumuhay ng pamilya? Ipaliwanag.
4. Bakit paglabag sa moralidad ang pagpapamalas ng nakakaeskandalong karangyaan ng ilang pamilya? Ipaliwanag.
5. Paano naipakikita ang pampolitikal na papel ng pamilya? Ipaliwanag.
6. Bakit kailangang bantayan ang mga karapatan at tungkulin ng pamilya? Ipaliwanag.

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Gamit ang *graphic organizer* sa ibaba, sagutin ang mahalagang tanong: *Bakit mahalagang magampanan ng pamilya ang kaniyang mga papel na panlipunan at pampolitikal?*



Batayang Konsepto:


_____

_____

_____.

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Ngayong alam mo nang mahalaga na mabantayan ang mga karapatan at tungkulin ng pamilya, hindi ba't natural lamang na pumili tayo ng mga mamumuno sa pamahalaan na magsusulong at mangangalaga sa mga karapatang ito ng pamilya?

Sa tulong ng iyong pamilya, suriin ang *profile* ng ilang nakaupong opisyal ng lokal na pamahalaan sa inyong lugar. Markahan ang mga ito ayon sa kanilang mga naging plataporma, proyekto at mga ipinahayag na prinsipyo tungkol sa ilang mahahalagang isyung nakaapekto sa integridad ng pamilya tulad ng pabahay, kasal, diborsyo, aborsyon, at iba pa. Gamiting gabay ang tseklis na ito:

Panuto: Lagyan ng tsek (✓)sa hanay ng "plataporma" kung nabanggit sa kaniyang plataporma na nagtataguyod ng katapat na karapatan at tungkulin ng pamilya. Lagyan ng tsek (✓)sa hanay ng programa kung mayroon siyang programa na nagtataguyod ng katapat na karapatan at tungkulin ng pamilya; lagyan ng tsek (✓)sa hanay ng prinsipyo kung nagpapahayag ito ng prinsipyo na nagtataguyod ng katapat na karapatan at tungkulin ng pamilya tungkol sa isyu o mga isyung pinagtatalunan sa kongreso o senado sa kasalukuyan.

Dapat na makakuha ng 21 na tsek (✓) upang makapasa sa tseklis.

Halimbawa:

Pangalan at Posisyon ng Opisyal: Hon. Dustin Angkop – City Mayor

Iskor: 11

Mga Karapatan at Tungkulin ng Pamilya / Isyu	**Plataporma**	**Proyekto**	**Prinsipyo**
Halimbawa:			
a. Ang karapatang mapangalagaan ang mga kabataan, sa pamamagitan ng mga institusyon at batas, laban sa mapanirang droga, pornograpiya, alkoholismo, at iba pa	✓	✓	✓
b. Ang karapatang umiral at magpatuloy bilang pamilya; o ang karapatan ng lahat ng tao, mayaman man o mahirap, na magtatag ng pamilya at magkaroon ng sapat na panustos sa mga pangangailangan nito	✓	✓	✓
c. Ang karapatang isakatuparan ang kaniyang pananagutan sa pagpapalaganap ng buhay at pagtuturo sa mga anak	✓		✓
d. Ang karapatan sa pagiging pribado ng buhay mag-asawa at buhay pamilya			
e. Ang karapatan sa pagkakaroon ng katatagan ng bigkis at ng institusyon ng kasal		✓	
f. At iba pa	✓		✓

Sagutin sa iyong *journal.*

1. Batay sa iyong mga naging pagsusuri, sino-sino ang nakapasa sa iyong tseklis? Sino-sino naman ang mga hindi nakapasa?
2. Sa iyong palagay, dapat pa bang ihalal muli ang mga lokal na opisyal na hindi nakapasa? Bakit?

Pagninilay

Sagutin sa iyong *journal.*

1. Ano ang maaari mong gawin upang magampanan ng iyong sariling pamilya ang papel na panlipunan at pampolitikal ng pamilya?
2. Paano mo ito isasagawa nang regular?

Pagsasabuhay

1. Makipagpangkat sa kaklaseng kabilang sa iyong pamayanan o barangay na kinabibilangan.
2. Pag-usapan at suriin kung ano-anong suliranin mayroon sa inyong pamayanan o barangay. Gamitin ang resulta ng *survey* ng mga pamilya sa pamayanan na ginawa ninyo sa Gawain 1 sa *Paglinang ng Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa.*
3. Iranggo ang mga suliraning ito ayon sa:
   a. pangangailangan ng madaliang kilos (*urgency*)
   b. halaga sa pamayanan
   c. kakayahang malutas o matugunan ito ng inyong mga pamilya
4. Gumawa ng balangkas o plano kung paano makatutulong ang inyong pamilya sa isa sa mga suliraning nabanggit ng pangkat. Maaaring ito ang nanguna sa inyong pagraranggo.

Gamitin ang sumusunod bilang gabay sa inyong pagpaplano.

L - ayunin

A - ktuwal na Gampanin

P - aglilingkuran

P - amantayan at Kraytirya

I - naasahang Pagganap

S - itwasyon

5. Isangguni sa guro ang inyong nabuong plano.
6. Isagawa ito.

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan (*computer*, mga aklat, *worksheet*)

Mga larawang susuriin sa Gawain 1 ng *Pagtuklas ng Dating Kaalaman*

Talaan ng mga Karapatan ng Pamilya

Balangkas ng Plano ng Pakikipagsangkot sa Pamayanan o Barangay (*sa Pagsasabuhay*)

Mga Sanggunian

Esteban, E. (1990). *Education in values: what, why and for whom*. Manila: Sinagtala Publishers Inc.

Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Kagawaran ng Edukasyon. 2010. *Gabay sa Pagtuturo sa Edukasyon sa Pagpapahalaga para sa 2010 Kurikulum ng Edukasyon Sekundarya (SEC).* Pasig City: Awtor

Quito, E. (2008). *Fundamentals of Ethics.* Manila: C and E Publishing Inc.

Dy, M. (2011). *Ang Tao Bilang Panlipunang Nilalang at Pakikipagkapwa*. Pambansang Pagsasanay ng mga Tagapagsanay ng mga Guro sa 2010 Secondary Education Curriculum. Pasig City: Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya

Yunit II
Ang Pakikipagkapwa

Modyul 5: ANG PAKIKIPAGKAPWA

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Masasabi mo bang maaari kang mag-isa sa mundo? Ito ba ay posible?

Ang tao ay may pangangailangang makipag-ugnayan sa iba, hinahanap-hanap niya ang pagkakaroon ng makakasama at ang mapabilang sa isang pangkat.




Hindi lahat ng iyong karanasan sa paghahanap ng taong makakasundo mo ay naging madali o maganda, hindi ba? Nakasalalay sa iyo ang lawak at lalim ng iyong pakikipag-ugnayan sa iba. Kaya mahalaga ang pag-unawa mo sa mga konsepto tungkol sa pakikipagkapwa. Magtatagumpay ka sa layuning mapaunlad at maging makabuluhan ang iyong pakikipagkapwa kung maipamamalas mo ang mga inaasahang kasanayang pampagkatuto sa modyul na ito.

Paano magiging makabuluhan ang iyong pakikipag-ugnayan sa kapwa? Paano ka makatutugon sa pangangailangan ng mga kapwa mo mag-aaral o kabataan sa paaralan o pamayanan?

Inaasahang gagamitin mo ang lahat ng mga pag-unawang ito upang maipamalas mo ang mga layuning pampagkatuto na inaasahan sa mga modyul na ito. Pagkatapos ng mga gawain sa modyul, inaasahang masasagot mo ang mahahalagang tanong tulad ng:

Bakit mahalaga ang pakikipagkapwa?

Paano nagiging ganap ang tao sa pamamagitan ng pakikipagkapwa?



Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Natutukoy ang mga taong itinuturing na kapwa at ang kahalagahan ng pakikipagkapwa
b. Nasusuri ang mga impluwensya ng kapwa sa aspektong intelektwal, panlipunan, pangkabuhayan, at politikal
c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
d. Naisasagawa ang isang gawaing tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral o kabataan sa paaralan o pamayanan sa aspektong intelektwal, panlipunan, pangkabuhayan, at politikal

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

1. Malinaw at makatotohanan ang pagkakagawa ng plano (*action plan*)
2. Naisagawa ang gawain ayon sa plano
3. May mga patunay ng pagsasagawa
4. May kalakip na pagninilay tungkol sa iyong karanasan at epekto ng gawain sa iyong pagkatao at pakikipagkapwa



Paunang Pagtataya

Bago mo simulang pag-aralan ang mga konsepto sa modyul na ito, subukin mo muna ang iyong sarili. Ang paunang pagtataya sa modyul na ito ay mayroong dalawang bahagi: ang unang bahagi ay susukat ng dati mong kaalaman sa konseptong pag-aaralan at ang ikalawang bahagi ay susukat ng iyong kasalukuyang kakayahan sa pakikipagkapwa.

Mahalaga ring maunawaan mo na kung anuman ang maging resulta ng paunang pagtatayang ito, hindi ito magiging bahagi ng pagbibigay sa iyo ng marka, kundi isang mahalagang pagbabatayan ng iyong pag-unlad.

Unang Bahagi: Paunang Pagtataya ng Kaalaman sa mga Konsepto ng Pakikipagkapwa

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Isulat sa kuwaderno ang titik ng pinakatamang sagot.

1. Alin sa mga pahayag ang isa sa mga indikasyon na ang tao ay likas na panlipunang nilalang?

   a. Ang tao ay may kakayahang tugunan ang kaniyang sariling pangangailangan.
   b. Ang tao ay may inklinasyon na maging mapag-isa.
   c. Ang tao ay may kakayahang lumikha ng masasaya at makabuluhang alaala.
   d. Ang tao ay may kakayahang maipahayag ang kaniyang pangangailangan.

2. Ang marapat na pakikitungo sa kapwa ay _____

   a. nakabatay sa estado ng tao sa lipunan.
   b. nakasalalay sa kalagayang pang-ekonomiya.
   c. pagtrato sa kaniya nang may paggalang at dignidad.
   d. pagkakaroon ng inklinasyon na maging mapag-isa.

3. Maipakikita ang makabuluhang pakikipagkapwa sa pamamagitan ng sumusunod *maliban* sa _____.

   a. kakayahan ng taong umunawa
   b. pagmamalasakit sa kapakanan ng may kapansanan

c. espesyal na pagkagiliw sa nakaaangat sa lipunan

d. pagtulong at pakikiramay sa kapwa

4. Ang pagkakaroon ng iba't ibang samahan sa lipunan ay inaasahang magtataguyod ng _____ bilang paglilingkod sa kapwa at sa kabutihang panlahat.

a. hanapbuhay

b. libangan

c. pagtutulungan

d. kultura

5. Aling aspeto ng pagkatao ang higit na napauunlad sa pamamagitan ng paghahanapbuhay?

a. Panlipunan

b. Pangkabuhayan

c. Politikal

d. Intelektwal

6. Nalilinang ng tao ang kaniyang _____ sa pamamagitan ng kaniyang pakikiisa at pakikibahagi sa mga samahan.

a. kusa at pananagutan

b. sipag at tiyaga

c. talino at kakayahan

d. tungkulin at karapatan

7. Nagiging kahinaan ng mga Pilipino ang pakikipagkapwa dahil sa _____.

a. kakayahan nilang umunawa sa damdamin ng iba

b. kakayahan nilang makiramdam

c. kanilang pagtanaw ng utang na loob

d. kanilang pagiging emosyonal sa pakikisangkot

8. Ano ang nakahahadlang sa makabuluhang pakikipag-ugnayan sa kapwa?

a. Kakayahan ng taong makibahagi sa mga gawaing panlipunan

b. Kakayahang tugunan ang pangangailangan ng kapwa

c. Pagkilala sa sarili na mas matalino siya kaysa ibang tao
d. Pagkikitungo sa iba sa paraang gusto mo ring pakitunguhan ka

9. Ang sumusunod na pahayag ay totoo tungkol sa diyalogo, *maliban* sa:

a. Naipakikita ang kakayahang makipag-diyalogo sa pamamagitan ng wika.
b. Umiiral ang diyalogo sa sariling pagsasaliksik ng kasanayan.
c. Nagkakaroon ng pagkakataon ang taong makipag-ugnayan sa kapwa.
d. Naipahahayag ng tao sa kaniyang kapwa ang tunay na pagkalinga.

10. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng mabuting pakikipag-ugnayan sa kapwa?

a. “Bakit ba nahuli ka na naman?”
b. “Pilit kong inuunawa kung bakit ka nahuli, pero sana umalis ka ng bahay nang mas maaga.”
c. “Sana sa susunod hindi ka na huli sa usapan natin.”
d. “Tatlumpung minuto na akong naghihintay sa iyo.”

Ikalawang Bahagi: Paunang Pagtataya sa Kasalukuyang Kakayahan sa Pakikipagkapwa

Mahalaga ang pagkakaroon ng kaalaman sa kasalukuyang antas ng iyong kakayahan sa pakikipagkapwa. Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, tayahing muli ang sarili gamit ang parehong instrumento upang malaman kung nagkaroon ng pagbabago ang iyong kakayahan sa pakikipagkapwa.

Panuto: Sagutin nang buong katapatan ang bawat pahayag upang masukat ang kakayahang maisakatuparan ang isang makabuluhan at mabuting pakikipagkapwa. Suriin at tayahin ang sariling kakayahan kung ang mga pahayag ay ginagawa mo *Palagi, Madalas, Paminsan-minsan, o Hindi Kailanman*.

Kopyahin sa kuwaderno ang talaan at lagyan ng tsek (✓) ang iyong sagot batay sa kasalukuyang kalagayan ng iyong kakayahan sa pakikipagkapwa.

Mga Pahayag	Palagi	Madalas	Paminsan-minsan	Hindi Kailanman
1. Malaya kong naipahahayag ang aking nadarama, naiisip at pangangailangan sa aking kapwa nang walang panghuhusga, pagpuna, o pagpapawalang-halaga.				
2. Sa aking pakikipagkapwa, napananatili ko ang aking kakanyahan (*individuality*) at pagiging bukod-tangi.				
3. Gumagamit ako ng epektibong kasanayan sa komunikasyon, upang mapa-natili ang kapayapaan at maiwasan ang di pagkaka-sundo.				
4. Nagbabahagi ako ng aking mga pagpapahalaga at paniniwala upang mapalalim ang aking pakikipag-ugnayan.				
5. Pantay ang aking pagtingin sa kapwa at tanggap ko ang pagkabukod-tangi ng bawat tao.				
6. Naniniwala akong may kakayahan ang bawat isa na lutasin ang di pagkakasundo at mga suliraning kinakaharap.				
7. May oras ako para maglibang at magsaya kasama ang aking kapwa.				
8. Sa pakikipag-ugnayan ko sa iba, kaya kong balansehin ang kakayahan kong magbigay at tumanggap.				
9. Mayroon akong panahon at kakayahang magkaroon ng iba pang makabuluhang pakikipag-ugnayan sa iba.				
10. Natutugunan ko ang pangangailangan ng aking kapwa.				

Bilang ng Tsek				
Bigat ng Tugon	3	2	1	0
Iskor = Bilang ng tsek x bigat ng tugon	A	B	C	D
Kabuuang Iskor = A+B+C+D				
Interpretasyon				

Iskor	***Interpretasyon ng kabuuang iskor***
26 – 30	A. Wala nang hahanapin pa. Maaari kang makatulong upang maging gabay at mapagsanggunian ng iba sa kanilang paglinang ng kasanayan sa pakikipagkapwa. Ang iyong kakayahan sa pakikipagkapwa ay kahanga-hanga at dapat tularan!
16 – 25	B. Kinakikitaan ka ng pagsusumikap na mapanatili ang isang makabuluhan at mabuting pakikipagkapwa. Maaaring ibahagi ang kasanayan. Ipagpatuloy ang pagbabahagi ng sarili sa kapwa! Ipagpatuloy.
6 – 15	C. Mas malilinang ang kakayahang makipag-ugnayan kung magiging bukas ang puso sa paglilingkod. Sumangguni sa taong maaaring makatulong sa iyo.
5 pababa	D. Kailangang magsikap na paunlarin ang iyong pakikipagkapwa. Sumangguni sa taong maaaring makatulong sa iyo upang mapaunlad ang iyong kakayahan sa pakikipagkapwa.

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto: Hanapin at tukuyin ang sampung tao na maituturing mong kapwa gamit ang *puzzle*. Maaaring ang mga titik ng salita ay pahalang, patayo, pabalik, o padayagonal. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

G	X	R	E	R	S	H	J	K	L	Q	O
F	G	N	A	G	I	B	I	A	K	D	E
J	M	R	K	U	C	Y	U	O	A	P	R
L	S	G	R	R	H	A	I	R	A	P	U
U	D	H	D	O	K	T	O	R	W	W	Y
O	I	J	D	P	M	A	M	I	A	C	F
D	T	P	Y	N	T	T	U	J	Y	P	U
X	A	K	A	E	S	A	L	K	A	K	I
R	P	N	H	J	H	V	D	F	S	R	E
M	A	L	I	K	R	X	F	H	R	R	A
Y	K	R	O	L	E	B	D	S	B	L	Y



Doktor



Kaibigan



Kaklase



Kapatid



Nanay



Kaaway



Tatay



Guro



Pari


Nakuha mo ba ang lahat ng sagot? Maliban sa kanila, sino-sino pa ang iyong itinuturing na kapwa?

Gawain 2. Sakay na!

Panuto:

1. Marami kang taong nakakasalamuha sa iyong buhay. Gabay ang Worksheet 1 isulat ang pangalan ng mga taong itinuturing mong kapwa. Isulat ang mga ito sa iyong kuwaderno.
2. Lagyan ng larawan at kulayan. Maaari ding gumuhit ng karagdagang kasama sa dyip.

Worksheet 1: Sakay na!



Worksheet 2: Ipinakikilala ko sina …

1. Matapos gawin ito, punan ang tsart ayon sa sumusunod:

Pangalan	Isulat ang pangalan ng kapwa ayon sa kaniyang bilang sa *Worksheet 1.*
Siya ay aking	Isulat ang kaniyang kaugnayan sa iyo.
Natulungan ko siya sa	Itala ang mga bagay na nagawa o naitulong mo sa kaniya.
Tinulungan niya ako sa	Itala ang mga bagay na nagawa o naitulong niya sa iyo.

Narito ang halimbawa

Ipinakikilala ko sina:



Pangalan	Siya ay aking:	Natulungan ko siya sa:	Tinulungan niya ako sa:
1. Nanay Lolit	Nanay	Gawaing-bahay	Pagiging masinop at matipid
2. Tatay Darwin	Tatay	Paghahalaman	Paggawa ng proyekto sa TLE
3. Kuya Kim	Kuya	Pag-aayos ng bisikleta	Pagkokompyuter ng proyekto
4. Benjie	Kaibigan/ Kaklase	Pagsasanay sa pag-awit	Pagkakaroon ng tiwala sa sarili
5. Grace	Pinsan/ Kaklase	Science	Pangangampanya sa SSG
6. Mr. Peter	Kakilala sa bangko	Kaniyang hanapbuhay	Pagbubukas ng *savings account*
7. Ms. Liberty	Guro	Pagbuhat ng gamit niya	Pagkatututo ng Math
8. Edward	Kaibigan/ Pinsan	Pagpunta sa Mall	Paglalaro ng chess
9. Dr. Santos	Doktor	Kaniyang hanapbuhay	Pagpapagaling mula sa sakit
10. Mang Andy	Kakilala (Janitor)	Paglilinis ng paaralan	Paghahanap ng gamit ko

2. Ikaw naman!

Ipinakikilala ko sina:

Pangalan	Siya ay aking:	Natulungan ko siya sa:	Tinulungan niya ako sa:
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			

6.			
7.			
8.			
9.			
10.			

3. Matapos ito ay humanap ng isa pang kapwa mo mag-aaral o kaibigan na pagbabahaginan mo ng iyong ginawa.

4. Itala sa iyong kuwaderno ang mga mahahalagang pangyayari na naganap sa iyong ginawang pagbabahagi.

5. Sagutin ang sumusunod na tanong, pagkatapos ng pagbabahagi tungkol sa bahaging ginagampanan ng iyong kapwa sa iyong buhay. Gamiting gabay sa pagsulat ang sumusunod na tanong:

   a. Sino-sino ang itinuturing mong kapwa? Gaano sila kahalaga at ano ang bahaging ginagampanan nila sa iyong buhay?

   b. Kaya mo bang mabuhay nang walang kapwa? Sang-ayon ka ba sa pahayag na *"No man is an island*?" Ipaliwanag.

   c. Ano ang iyong nararamdaman kapag tinutulungan ka ng iba sa iyong mga pangangailangan? Ano ang iyong nararamdaman kapag nakatutulong ka sa iba?

   d. Maliban sa mga taong isinulat mo sa *Worksheet* 2, sino-sino pa ang itinuturing mong kapwa at paano mo sila paglilingkuran?

Ang kapwa ay taong labas sa iyong sarili, maaaring iyong magulang, kamag-anak, kaibigan, kaklase, at pati na rin kaaway (Agapay, 1991). Ang pagtukoy at pagkilala sa mga tao na itinuturing mong kapwa ang simula ng paglinang sa intelektwal, panlipunan, pangkabuhayan, at politikal na aspekto ng iyong pagkatao.

C. PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA



Ang Nagagawa ng Pakikipag-ugnayan sa Aking Pagkatao

Ano ang nagagawa ng pakikipag-ugnayan mo sa kapwa sa aspektong intelektwal, panlipunan, pangkabuhayan, at politikal ng iyong pagkatao? Suriin ang sarili at isa-isahin ang mga pagbabagong naranasan sa bawat aspekto. Tukuyin ang mga taong nakatulong sa iyo sa paghubog at pagpapalago ng mga aspektong ito. Gawin ito sa iyong kuwaderno. Ipabasa at palagdaan sa isa sa mga taong tumulong sa iyo sa bawat aspekto.



Aspektong Intelektwal

(Karagdagang kaalaman, kakayahan, pagpapaunlad ng kakayahang mag-isip nang mapanuri at malikhain, at mangatwiran)

Nakaranas ako ng pagbabago sa:	**Tinulungan ako ni:**
Halimbawa: Sa EsP, nadagdagan ang aking kaalaman at kakayahan sa pagpapasiyang moral.	Ms. Liberty (guro) Kuya Grace (kaklase ko)

Lagda:_____ Petsa:_____



Aspektong Pangkabuhayan

(Kaalaman at kakayahang matugunan ang mga pangangailangan ng sarili at ng kapwa)

Nakaranas ako ng pagbabago sa:	**Tinulungan ako ni:**
Halimbawa: Kakayahan kong magtipid	Nanay Mr. Peter (*Teller* sa bangko) Benjie (kaibigan ko)

Lagda: _____ Petsa: _____



Aspektong Politikal

(Kaalaman at kakayahang makibahagi sa pagbuo at pagtamo ng makatao at makatarungang lipunan)

Nakaranas ako ng pagbabago sa:	**Tinulungan ako ni:**
Halimbawa: Kakayahan kong pumili ng lider na tutugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan at sumunod sa batas at ordinansa ng lungsod, hal., bawal mag-*jaywalk*	Nanay at Tatay Mrs. Santos (gurong tagapayo) *Traffic enforcer* Opisyal ng barangay

Lagda: _____ Petsa: _____

Sagutin sa kuwaderno.

1. Makakaya mo bang mapaunlad ang mga nabanggit na aspekto kung walang tutulong sa iyo? Pangatwiranan.

2. Gaano kahalaga ang pagtulong ng kapwa mo sa paghubog at pag-unlad ng iyong pagkatao? Ipaliwanag.

3. Ano ang maaari mong gawin upang makatulong o makapaglingkod ka sa mga taong tumulong sa iyo? Ilawaran.

4. Ano ang maaaring mangyari sa iyo kung hindi mo matututuhang makipag-ugnayan nang maayos sa iyong kapwa? Ilarawan.

Basahin nang mabuti ang sumusunod na tula na nagpapakita ng kahalagahan ng makabuluhang pakikipagkapwa.

ANG PAKIKIPAGKAPWA

Ang tao'y likas na panlipunang nilalang
Pakikipagkapwa-tao'y dapat na malinang;
Aspektong intelektwal, politikal,
panlipuna't pangkabuhayan
Lubhang mapagyayaman sa pakikipag-ugnayan.

Pangangailanga'y madaling matugunan
Sa pagkakaroo't pagiging bahagi ng mga samahan
Nalilinang ating kusa't pagiging mapanagutan
Pati na ang pagtataguyod sa ating karapatan.

Paano pakisamahan ang taong mapagmalaki?
Ayaw makiisa, lubha pang makasarili?
Huwag magpaapekto at magpakagalit
Kabutihang panlahat ang atin laging isaisip.

Pakikipagkapwa'y linangin nang may pagmamalasakit
Laging isipin na kapwa'y kapantay, katulad din natin
Sa bawat salita't kilos, iwasang makasakit
Nakababuti sa atin, sa kapwa'y gawin din.

Kung ang kapwa ay minamahal nang lubusan
Sa bawat pagkakataon, tunay siyang paglingkuran
Ibahagi ang sarili, makipag-ugnayan nang makabuluhan
Kapanatagan, kaligayahan, at kaganapan, ating ngang makakamtan.

-ecm





Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno matapos na basahin ang tula.


1. Ano-anong aspekto ng pagkatao ang malilinang sa pakikipag-ugnayan sa kapwa? Ipaliwanag ang bawat isa.
2. Ano ang kabutihang naidudulot ng pagiging bahagi ng mga samahan? Magbigay ng halimbawa.
3. Paano mo pakikitunguhan ang taong ayaw makiisa at makibahagi sa mga gawain ng pangkat?
4. Ano ang maaaring gawin upang maipakita ang pagmamalasakit sa kapwa?
5. Makakamtan ba natin ang kaganapan ng ating pagkatao sa pamamagitan ng pakikipagkapwa? Ipaliwanag.



D. PAGPAPALALIM

Basahin mo at unawain.

Kailangan kita… Kailangan mo ako… Kapwa-tao tayo…



"Kaya kong mabuhay nang nag-iisa!" pahayag ng isang mag-aaral na sanay mapag-isa. May mga pagkakataon naman daw na naiiwan siyang mag-isa sa bahay at nakakaya niyang mabuhay dahil marunong siya sa mga gawaing-bahay. Ipinaunawa ng kaniyang mga kaklase na kahit nag-iisa siya, kailangan pa rin niya ang ibang tao at naiimpluwensyahan pa rin siya ng iba. Katwiran nila, bumibili daw siya sa tindahan at palengke, nanonood siya ng palabas sa telebisyon, mayroon siyang damit na isinusuot na gawa ng ibang tao, nagbabasa siya ng aklat, at mayroon siyang *cellphone* at *computer* na maaari siyang makipag-chat. Kaya, hindi siya tunay na nag-iisa.


Ano kaya ang mararamdaman mo kung sa loob ng 48 oras, mag-isa kang nakakulong sa silid na madilim at sobrang tahimik?

Isang dokumentaryo ang ipinalabas sa *British Broadcasting Corporation* (BBC) noong Enero, 2008 (http://documentarystorm.com/total-isolation/) na may

pamagat na “Total Isolation” ang nagpakita ng naging kalagayan at kinahantungan ng mga tao na nakakulong sa loob ng 48 oras nang nag-iisa at walang kahit munting sinag ng liwanag. Ang tatlo sa anim na nagboluntaryo ay iniwan sa madilim na silid na hindi pinapasok ng anumang ingay, samantalang ang tatlo pang iba ay binigyan ng madilim na ‘*goggles*’ at pantakip sa tainga na ang kanilang tanging naririnig ay ‘*white noise’*.

Bago simulan ang eksperimento, binigyan muna sila ng paunang pagsusulit sa sumusunod na aspekto: *visual memory, information processing, verbal fluency* at *suggestibility*. Pagkatapos ng 2 gabi at 2 araw, nakaranas ng guni-guni (*hallucinations*) ang tatlo sa kanila; ang paniwala naman ng isa sa kanila, basa ang kanilang higaan at dalawa sa kanila ang maayos na napagtagumpayan ang sitwasyon. Upang malaman kung may epekto, binigyan muli sila ng pagsusulit sa mga naunang nabanggit na aspekto. Batay sa resulta, bumaba at humina ang kakayahan nila sa pagkumpleto ng simple at payak na mga gawain. Ang memorya ng isa sa kanila ay bumaba ng 36% at lahat sa kanila ay nagkaroon ng suliranin sa pagtatantya ng oras at pag-iisip ng mga salita, lalo na ng mga salitang nagsisimula sa titik “F.” Tumaas naman ang *suggestibility* ng apat na lalaking nagboluntaryo.

Ayon sa isang nagboluntaryo, mahirap talagang gumana ang isip kung walang liwanag. Naramdaman niyang blangko at ayaw ng gumana ang kaniyang isip (*Total Isolation*, 2008).



Ano kaya ang ipinakita ng eksperimento? Tama ka! Kailangan ng ating utak ang regular na istimulasyon. Makakamit lamang ito ng isang tao kung magkakaroon siya ng ugnayan sa ibang tao at sa kaniyang kapaligiran. Ang pangmatagalang pagkakait ng pagkakataon sa isang tao na makipag-ugnayan ay may negatibo at masamang epekto sa kaniyang pagkatao. Mahirap para sa tao ang mabuhay nang normal kung ang kakayahan niyang makipag-ugnayan ay ipagkakait sa kaniya. Ang resulta ng eksperimento ay isa lamang sa maraming pagpapatunay na ang tao ay isang panlipunang nilalang.


Sa loob ng isang minuto, tumigil at tumahimik sandali. Bigyang pansin ang mga bagay o gamit na mayroon ka na gawa ng ibang tao.

Hindi ba't likas sa tao na tugunan ang mga pangangailangang makapagbibigay sa kaniya ng kasiyahan? Halimbawa, kumakain ka ng karne ng hayop at iba pang produkto nito; sumasakay ka sa iba't ibang uri ng transportasyon upang marating mo ang iyong destinasyon; ginagamit mo ang halaman, puno, at bunga nito; at nakikinabang ka sa marami pang mga bagay upang mapunan ang iyong kakulangan sa ibang aspekto. May mga pangangailangan ka na maaari lamang na matugunan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan mo sa iyong kapwa.

May mga pangangailangan ka na maaari lamang na matugunan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan mo sa iyong kapwa.

Nararapat na may lakip na paggalang at pagmamahal ang pakikipag-ugnayan natin sa ating kapwa (Agapay, 1991). Inaasahan na matutugunan mo ang iyong sariling pangangailangan sa abot ng iyong makakaya. Maunawaan mo at kilalanin na ikaw rin ay may pananagutang magbahagi ng iyong kaalaman at kakayahan sa iyong kapwa na gagawin mo nang may kalayaan, pananagutan, at pagmamahal.

Ang Tao Bilang Panlipunang Nilalang



Ang kakayahan ng tao na mamuhay sa lipunan at maging bahagi nito ay isang likas na katangian na ikinaiba ng tao sa ibang nilalang. Nilikha ang tao ayon sa larawan at wangis ng Diyos; binigyan siya ng kapamahalaan sa ibang nilalang; at binigyan siya ng taong makakasama at makakatulong. Niloob ng Diyos na ang tao ay mamuhay nang may kasama at maging panlipunang nilalang o *social being* at hindi ang mamuhay nang nag-iisa o *solitary being*. Kaya't ang panlipunang aspekto ng pagkatao at ang kakayahan ng tao na makipag-ugnayan sa kaniyang kapwa ay likas sa kaniyang pagkatao o *social nature of human beings* (Pontifical Council for Justice and Peace, 2004).

Ang Pakikipagkapwa at ang *Golden Rule*

Ang makabuluhang pakikipagkapwa ay pagtugon sa pangangailangan ng iba nang may paggalang at pagmamahal.

Makakamit ng tao ang kaniyang kaganapan sa pamamagitan ng makabuluhan at mabuting pakikipagkapwa. Sa buong mundo, kinikilala ang kahalagahan ng mabuting pakikitungo sa kapwa (*Golden Rule*). Marami sa mga relihiyon sa buong mundo ang naniniwala sa kahalagahan ng mabuting pagtrato at pakikitungo sa kapwa – “Huwag mong gawin sa kapwa mo ang ayaw mong gawin sa iyo”; “Mahalin mo ang kapwa mo gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili”; Makitungo sa kapwa sa paraang gusto mong ring pakitunguhan ka.” Naipakita rin sa Parabula ng Mabuting Samaritano (http://en.wikipedia.org/wiki/ParableoftheGoodSamaritan) kung sino ang ating kapwa at kung paano tayo dapat makitungo sa ating kapwa: ang makabuluhang pakikipagkapwa ay pagtugon sa pangangailangan ng iba *nang may paggalang at pagmamahal*.

Ang pakikipagkapwa ay napatatatag ng mga birtud ng katarungan at pagmamahal.

Ang mga birtud ng katarungan (*justice*) at pagmamahal (*charity*) ay kailangan sa pagpapatatag ng pakikipagkapwa. Kaya nga, una munang kailangang matugunan ang pagbibigay ng nararapat sa kapwa. Kailangan ang katarungan upang maibigay ang nararapat, na walang iba kundi ang paggalang sa kaniyang dignidad. Subalit mayroong mga bagay na maaari nating ibigay nang higit pa sa itinatakda ng karapatan at katarungan, ito ay ang mga bagay na ayon sa ating pagmamalasakit at pagmamahal sa kapwa (Dy, 2012).

Narito ang ilang mga halimbawa.

Bawat bagay na materyal ay may katumbas na halaga, kaya’t makatarungan lang na kung aariin natin ang isang bagay ito ay ating babayaran ng katumbas na halaga. Subalit kung ang isang bagay ay ibinigay mo nang walang hinihinging kapalit, tulad ng regalo, ito ay pagpapakita ng pagmamalasakit o pagmamahal.



Dahil nais mong mapanatili ang kalinisan sa inyong lugar at makaiwas sa dengue, ikaw at ang iyong mga kaibigan ay nagkusang maglinis. Kahit may mga taga-linis ang barangay, hindi ninyo iniaasa lamang sa mga taga-linis ang responsibilidad na ito - ang iyong paglilingkod ay nagpapakita ng pagmamahal.



May isa kang kaklase na nahihirapan sa Math. Ikinuha siya ng kaniyang magulang ng *tutor*. Pagkatapos ng pagtuturo, binabayaran ang *tutor* nang ayon sa haba ng oras ng kaniyang pagtuturo. Makatarungan iyon dahil hanapbuhay niya iyon bilang *tutor*. Subalit kung tinutulungan mo ang iyong kaklase sa pag-unawa sa asignaturang kaya mong ituro nang walang anumang kapalit na materyal na bagay, halaga man o pabor, ang ginagawa mo ay isang paglilingkod sa kapwa, isang pagpapakita ng pagmamalasakit at pagmamahal.

Maraming naapektuhan ng mga nagdaang bagyo at kalamidad. Nagpakita ka ba ng pagmamalasakit at pagmamahal? Nagbigay ka ba ng donasyon o nagboluntaryong naglingkod sa mga nangailangan ng tulong?

Sa paglalahat, kung ang pagkikipag-ugnayan mo sa iba ay nag-uudyok sa iyo upang ikaw ay maglingkod sa kapwa nang walang hinihintay na kapalit at nakahanda kang ibahagi ang sarili sa iba, ito ay pagpapakita ng pagmamalasakit at pagmamahal. Ang mabuting bagay na ginawa mo sa iyong kapwa ay may katumbas na mabuti. Laging tandaan na naapektuhan ng mga ginagawa natin ang mga tao sa ating paligid; gayundin naman, tayo ay naaapektuhan nila, dahil tayo ay magkakaugnay. Kaya bilang paggalang at pagmamahal sa kapwa, bago magpasiya, magsalita o kumilos, mahalagang itanong mo sa iyong sarili: *Ano ang mararamdaman ko kung ako ang nasa lugar niya?*

> Kung ang pakikipag-ugnayan mo sa iba ay nag-uudyok sa iyo upang ikaw ay maglingkod sa kapwa nang walang hinihintay na kapalit at nahahanda kang ibahagi ang sarili sa iba, ito ay pagpapakita ng pagmamalasakit at pagmamahal.

"Mag-usap tayo": **Ang Kahalagahan ng Diyalogo**


Ano ang iyong mararamdaman kung hindi mo maipahayag ang iyong mga ninanais at nararamdaman? Ano ang mararamdaman mo kung hindi mo matugunan ang iyong mga pangangailangan dahil sa kawalan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa?



Isang mahalagang patunay na ang tao ay panlipunang nilalang ay ang kaniyang kakayahan sa komunikasyon o diyalogo (*dialogue*) upang maipahayag ang kaniyang pangangailangan, ninanais at nararamdaman. Tulad ng binanggit sa Modyul 3, ang diyalogo ay umiiral sa isang ugnayang interpersonal sa pagitan ng dalawa o higit pang tao: may magsasalita at may makikinig. Ang kondisyong ito ay naipakikita ng tao sa pamamagitan ng wika, na maaaring pasalita (pasalita at pasulat) at di-pasalita (kilos, gawi, senyas, atbp.). Kung kaya't ang pag-iral ng wika na ginagamit sa diyalogo ang nagpapakita at nagpapatunay na ang tao ay isang panlipunang nilalang. Sa pamamagitan ng diyalogo, nagkakaroon ang tao ng pagkakataon na makapagbahagi sa kaniyang kapwa ng mga bagay na kaniyang kailangan (hal. materyal na bagay, kaalaman, kasanayan at pati na ng kaniyang sarili). Kung malilinang ang kakayahan ng taong makipag-diyalogo nang may kalakip na pagmamahal, makakamit ng tao ang kaniyang kaganapan (Bondal, 2002).

Ang Kahalagahan ng Pagkakaisa, Komunikasyon, at Pagtutulungan

Naranasan mo na bang magkaroon ng kasama na hindi mo makasundo? Maaaring dahil mayabang siya o makasarili, na iniisip niya na siya'y mas magaling, mas matalino o mas mataas siya kaysa sa iyo? Paano mo siya pakikisamahan?



May mga pagkakataon na kahit likas sa tao ang makipag-ugnayan sa iba, humahantong ang ugnayan o samahan sa di pagkakasundo. Dahil dito, sinisikap ng lipunan na sa pamamagitan ng iba't ibang samahan o organisasyon nito, na makamit ang kabutihang panlahat sa pamamagitan

ng pagtataguyod ng ugnayang may pagkakaisa (*solidarity*), komunikasyon o diyalogo, at kooperasyon o pagtutulungan.

Ang pagmamalasakit sa ikabubuti ng sarili at ng kapwa ang nagiging dahilan ng pagkakaisa upang makamit ang kabutihang panlahat. Kung mayroong hidwaan at di pagkakasundo, nilalayon ng pangkat na matulungan ang mga kasangkot upang mapanumbalik ang maayos na samahan. *Halimbawa* sa klase, mayroon kang nakasamaan ng loob na kasama mo sa pangkat. Dahil sa sitwasyon, hindi nagkakaroon ng maayos na *output* ang inyong pangkat. Makatutulong ang ibang kasapi ng pangkat upang kayo ay magkaayos, dahil nalalaman nila na naaapektuhan ang inyong gawain dahil sa hindi ninyo pagkakaunawaan. Kung isasaalang-alang ang pagpapahalaga sa kabutihang panlahat, maaaring isakripisyo ang pansariling damdamin o pangangailangan, magkakaroon ng pagkakaisa at kapayapaan.

Ang iba't ibang samahan o organisasyon sa lipunan ay inaasahang makapagtataguyod ng ugnayang may pagkakaisa (*solidarity*), komunikasyon o diyalogo, at kooperasyon o pagtutulungan, bilang paglilingkod sa kapwa at sa pagsasaalang-alang ng kabutihang panlahat.

Ang Kahalagahan ng Pagbubuo at Pagsali sa mga Samahan

Naipahahayag ng tao sa iba't ibang paraan ang panlipunang aspekto ng kaniyang pagkatao. Ang kabutihang panlahat ay nakasalalay sa pagkakaisa at pagkakasundo ng iba't ibang yunit ng lipunan, na kung saan kayang pamahalaan at pag-ingatan ng bawat yunit ang sariling pagkakakilanlan at kasarinlan nito. Ang mga yunit, katulad ng pamilya, samahan ng mga laiko at relihiyoso, ay dagling tumutugon sa pangangailangan ng tao, samantalang tumutugon naman ang ibang yunit sa pamamagitan ng bolunterismo katulad ng Red Cross at mga pribadong organisasyon (NGOs).

Ang pagtataguyod ng mga boluntaryong samahan at institusyon sa loob at labas ng bansa ay kailangan upang mas maraming tao ang makibahagi at makiisa sa mga gawaing panlipunan na tutugon sa pagkamit ng mga layuning pangkabuhayan at panlipunan, pangkultural at panglibangan, pampalakasan o

isports, panghanapbuhay, at pangpolitikal (halimbawa, samahan ng mga *Overseas Filipino Workers, Partylists.)*

Sa pamamagitan ng mga ganitong samahan, natutugunan ang ibang mahahalagang pangangailangan ng tao, na hindi niya makakamit kung siya ay nag-iisa. Dahil sa pakikiisa at pakikibahagi ng tao sa mga ganitong samahan, nalilinang ang kaniyang pagkatao, lalo na ang pagkakaroon niya ng kusa at pananagutan. Nakatutulong din ito sa pagtataguyod ng kaniyang mga karapatan.

Kaya, bilang panlipunang nilalang, ang tao ay –

1. kasapi ng isang pamilya at lipunan na kung saan inaasahan siyang makikibahagi sa pagtatakda ng mga layunin nito at sa pagkamit ng kabutihang panlahat;
2. kabilang sa mga gawaing pangkabuhayan, produksyon, at pagkunsumo, na tumutugon sa aspektong pangkabuhayan; at
3. isang mamamayan na inaasahang makikibahagi sa pagkamit ng panlipunang pag-unlad (*social progress*), na tumutugon sa aspektong politikal.

Pakikipagkapwa-tao: Kalakasan at Kahinaan ng Pilipino



Ayon kay Licuanan (1992), ang pakikipagkapwa-tao ay isa sa mga kalakasan ng mga Pilipino. Naipakikita ito ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagmamalasakit sa kapwa, kakayahang umunawa sa damdamin ng iba (*empathy*), pagtulong at pakikiramay, bayanihan, at sa pagiging mapagpatuloy (*hospitable*). May kakayahan ang mga Pilipino na makiramdam, magtiwala at tumanaw ng utang na loob. Sensitibo sila sa uri ng pakikipag-ugnayang kanilang nabuo at dito nakabatay ang kanilang kaligayahan at kapanatagan. Dahil nagdudulot ng pagkakalapit-lapit ang pakikipagkapwa-tao, ito ay nagiging saligan ng pagkakaisa at katarungang panlipunan.

Ngunit ang labis na pagpapahalaga sa personal na ugnayan ay nagdudulot ng kawalan ng malinaw na paghihiwalay sa obhektibong gawain at emosyonal na pakikisangkot. Dahil dito, hindi nagiging madali ang pagsunod at pagpapasunod sa mga patakaran, dahil ang lahat ay nagiging impersonal. Hindi rin maiiwasan ang pagtanggap ng pabor at ang pagtatanggi sa mga kamag-anak at kaibigan sa

pagbibigay ng trabaho, paghahatid ng serbisyo, pati na sa pagboto. Ang labis na personalismo (*extreme personalism*) o labis at di makatwirang pakikisama ay maaaring magdulot ng katiwalian at kabulukan (*graft and corruption*) sa lipunan.

Mga Katangian ng Makabuluhan at Mabuting Pakikipag-ugnayan sa Kapwa

Ang isang makabuluhan at mabuting pakikipag-ugnayan sa kapwa ay nagbibigay ng kaligayahan at kapanatagan sa tao. Napatunayan sa mga pag-aaral na ang isang taong may matatag na samahan ng magkakaibigan ay madalang magkasakit, madaling gumaling, mahaba ang buhay, at may kaaya-ayang disposisyon sa buhay. Kaya lahat ng pakikipag-ugnayan ay nangangailangan ng pagsisikap upang ito ay mabuo, mapatatag, at mapanatiling makabuluhan at mabuti. Nakasalalay ang tagumpay nito sa kakayahan ng taong ibahagi ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapwa.

Mga Prinsipyo sa Pagpapaunlad ng Pakikipag-ugnayan sa Kapwa

Paano mo malalaman kung ang pakikipag-ugnayan mo ay makabuluhan at mabuti? Paano mo ito mapauunlad?

Isaalang-alang ang sumusunod na prinsipyo sa pagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan sa kapwa (batay sa Gabay sa Kurikulum ng Edukasyong Sekondari ng 2010 para sa Edukasyon sa Pagpapahalaga sa Ikalawang Taon ph. 54-55):

1. *Paggalang sa pagiging indibidwal ng kapwa*. Bawat tao ay bukod-tangi at may kakanyahan. Nararapat lamang na igalang ang kaniyang pagkatao at maging sensitibo sa kaniyang mga pangangailangan. Mahalagang tandaan na hindi lahat ng nais mo at kaya mong gawin ay nais at kaya ring gawin ng iba. Maaari mong mapaunlad ang prinsipyong ito sa pamamagitan ng:



   - pakikinig at pagsagot nang ayon sa sinasabi ng iyong kausap
   - pagpapakita ng *empathy* o ng kakayahang ilagay ang sarili sa sitwasyon ng taong kausap, upang maramdaman ang kaniyang nararamdaman at maunawaan ang ibig niyang sabihin
   - pagmamalasakit at pagiging maalalahanin


- pagsusumikap na mapanatili ang kapayapaan at kasiyahan; at pag-iwas sa mga sitwasyong magbubunga ng di pagkakasundo o pagtatalo.

2. *Pagpapahayag ng mga damdamin*. Susi sa isang maayos na pakikipag-ugnayan ang pagkakaroon ng malaya at mapanagutang pagpapahayag ng damdamin, ideya at pangangailangan sa isa't isa nang hindi nangangamba na huhusgahan. Maraming ugnayan ang nasira dahil sa pagtatago at pagkimkim ng tunay na nararamdaman na nagiging sanhi ng pagkakaroon ng agwat sa ugnayan, na kapag tumagal ay kadalasang nauuwi sa paghihiwalay.

   Maiiwasan ang mga di magagandang karanasan kung (a) mapaghahandaan ang pagkakaroon ng diyalogo, na ang layunin ay ang pagkakasundo ng bawat panig, (b) gagamit ng epektibong kasanayan sa pakikipagtalastasan, at (c) matamang makinig sa kausap (*Attentive Listening*) at maging laging handa sa pag-unawa.


   Narito ang mga dapat tandaan:

   a. Simulan ang pagkikipag-usap sa isang positibong paraan.
   b. Ilahad ang problema sa paraang makahihikayat ng kooperasyon at solusyon. Halimbawa, sa halip na sabihing, "Ang aksaya mo naman!" sabihin na, "Paano kaya tayo makakatipid?"
   c. Gumamit ng "*I - statements*" at iwasan ang mapagparatang na "*YOU-statements.*" Halimbawa, sa halip na sabihing, "Lagi ka na lang late!" sabihin na, "30 minuto na akong naghihintay."



   d. Ang pag-uusap ay gawing may pokus, maikli, at malinaw. Iwasan ang magpaligoy-ligoy.
   e. Magtanong kung kailangan ng paglilinaw. Iwasang isipin na nababasa ng kausap mo ang iyong iniisip.
   f. Laging isaalang-alang ang pagkakasundo sa mga bagay-bagay. Maghanap ng kalutasan sa mga suliraning kinakaharap.
   g. Pakitunguhan ang bawat isa nang may paggalang at kabutihan sa lahat ng pagkakataon.

3. *Pagtanggap sa kapwa*. Bahagi ng paggalang sa dignidad ng tao ang pagtanggap sa kaniyang pagkatao – sa kaniyang kalakasan, pati na kahinaan. Di dapat husgahan ang kapwa batay lamang sa pansariling pamantayan. Lalawak ang iyong pag-unawa kung iiwasan ang panghuhusga at ang pagpupumilit na ipasunod sa iba ang pansarili mong pamantayan at pananaw. Nagsisimula ang mapanagutang pagtanggap sa kapwa kung ikaw ay nagkaroon na ng pagtanggap sa iyong sarili. Sa pamamagitan ng pagninilay, mapauunlad mo ang kamalayang pansarili na makatutulong sa iyo upang matanggap mo ang iyong kapwa.



4. *Pag-iingat sa mga bagay na ibinahagi ng kapwa (*confidences*).* Isang napakalaking karangalan ang mapagkatiwalaan ka ng mga sensitibo at personal na impormasyon ng iyong kapwa. Bilang paggalang, tungkulin mo na ingatan ang mga ito sa pamamagitan ng di pagbabahagi o di pagkukuwento sa iba. Maraming tao na ang napahamak at mga ugnayang nasira dahil sa paglabag sa prinsipyong ito. Maging maingat sa pagbabahagi sa iba at iwasan ang tsismis. Pagsumikapan mong maingatan ang anumang bagay na ipinagkatiwala sa iyo ng iyong kapwa lalo na ang mga bagay na personal at sensitibo na maaaring maglagay sa kaniya sa kapahamakan.



Ikaw ay may gampaning maglingkod sa iyong kapwa. Upang mapanatili ang isang makabuluhan at matatag na pakikipagkapwa, kailangan ang pagsasabuhay ng paggalang, katarungan, at pagmamahal sa kapwa. Kaya mo itong maipakita sa pamamagitan ng paglilingkod. Oo, kaya mo. Huwag kang mawalan ng pag-asa kung nararamdaman mo na parang kulang pa ang kasanayan mo sa pakikipagkapwa. Sa halip, tukuyin at pagsumikapang paunlarin pa ang mga kailangang kasanayan dahil mas magiging makabuluhan ang iyong buhay at pakikipagkapwa habang lumalalim at nalilinang ang mga kasanayang ito.


Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Pagkatapos mong magkaroon ng mas malalim na kaalaman at pag-unawa sa mga konsepto ng pakikipagkapwa, pag-isipan at sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang mga indikasyon na ang tao ay likas na panlipunang nilalang? Ipaliwanag.
2. Ano-ano ang pangangailangan ng tao ang natutugunan at nalilinang dahil sa kaniyang pakikipagkapwa? Ipaliwanag ang bawat isa.
3. Bakit kailangan ng taong mapabilang sa mga samahan o organisasyon? Patunayan batay sa iyong karanasan.
4. Ipaliwanag kung bakit ang pakikipagkapwa ay kalakasan at kahinaan din ng mga Pilipino.
5. Ano-ano ang katangiang matatagpuan sa isang makabuluhan at mabuting pakikipag-ugnayan sa kapwa? Ano ang mga maaaring gawin upang ito ay mapaunlad?
6. Gaano kahalaga ang pakikipagkapwa? Paano ito mapatatatag? Paano nalilinang ang mga pagpapahalaga sa pamamagitan ng pakikipagkapwa?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Batay sa iyong mga sagot, gamit ang *graphic organizer* sa ibaba, ipahayag ang nahinuha mong Batayang Konsepto sa pakikipagkapwa. Isulat sa iyong kuwaderno.



Batayang Konsepto:

_____


_____

_____

Pagkatapos mong maunawaan ang Batayang Konsepto ng aralin, mahalaga na maiugnay mo ito sa pag-unlad mo bilang tao. Sagutin mo ang sumusunod na tanong:

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

1. Balikan ang mga sagot mo sa unang hanay ng Worksheet 2. Mayroong kang itinala sa iyong kuwaderno na mga taong itinuturing mong kapwa na nais mong mapaglingkuran.
2. Gamit ang talaan sa susunod na pahina (Plano ng aking Paglilingkod), isulat sa journal ang 5 taong nais mong paglingkuran at ang mga bagay na nais mong gawin upang mapaunlad mo ang pakikipag-ugnayan sa kanila.
3. Ibatay ang mga gagawing paraan ng paglilingkod sa mga prinsipyo ng pagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan (Balikan ang teksto sa Pagpapalalim).
4. Hangga’t maaari, isagawa ang plano nang palihim.

Plano ng Aking Paglilingkod

Pangalan	Siya ay aking:	Gagawin ko upang mapaunlad ang pakikipag-ugnayan ko	Petsa ng pagsasakatuparan	Naramdaman ko pagkatapos kong gawin
Hal. Karen	Kaibigan pero nakatampuhan	Padadalhan ko siya ng sulat at hihingi ako ng paumanhin; bibigyan ko siya ng *friendship bracelet* na ginawa ko.	Ika- 25 ng Setyembre	Nakahinga na ako nang maluwag dahil nagkaayos na kami; pagsusumikapan kong mapanatili ang aming pagkakaibigan.
Hal. Richard	Kaklase na nakasagutan ko dahil madalas niya akong asarin	Tatahimik na muna ako kapag inasar niya akong muli; kapag may pagkakataon, kakausapin ko siya upang maunawaan ang dahilan kung bakit siya mahilig mang-asar; sa huli'y nais ko na magkasundo kami.	Ika- 29 ng Setyembre	Ang sarap ng pakiramdam na nakausap ko siya; may posibilidad pa na kami ay maging magkaibigan; may kapayapaan ang kalooban ko.
1.				
2.				
3.				
4.				
5.				

Pagninilay

Kung naisakatuparan mo nang may pagmamahal ang gawain sa bahagi ng Pagganap, siguradong may naramdaman kang pagbabago sa iyong sarili. Gamit ang sumusunod na pamantayan, gumawa ng isang pagninilay tungkol sa natapos na gawain. Isulat ito sa *journal*. Maaari ding gumamit ng *template* sa *MS Word* o

Publisher upang makagawa ng isang malikhaing pagninilay. Narito ang mga dapat Makita sa iyong pagninilay:

- Pagtukoy sa mga mahahalagang konsepto at kakayahan na naunawaan sa modyul na ito na nagkaroon ng malaking epekto sa buhay mo
- Paglalarawan ng mga pagbabago sa sarili, matapos isagawa ang gawain. Halimbawa, kung nabanggit mo na naayos na muli ang inyong pagkakaibigan, sa paanong paraan ito makatutulong sa iyo sa pagkakaroon mo ng makabuluhang pakikipag-ugnayan sa kapwa? Mas naging maunawain ka ba at mapagpatawad?
- Pagtukoy sa mga taong maaaring hingan ng tulong, gabay o suporta na mapagsasanggunian (at iba pang paraan, tulad ng pagbabasa ng mga aklat) upang mapaunlad ang iyong kakayahan sa pakikipag-ugnayan sa kapwa
- Pagkakaroon ng reyalisasyon sa kahalagahan ng makabuluhan at mabuting pakikipag-ugnayan sa kapwa
- Pagkakaroon ng pansariling komitment upang magpatuloy sa paglilingkod sa kapwa upang makamit ang kaganapan ng pagkatao

Pagsasabuhay

Pagkatapos mong maunawaan ang mga inaasahang kaalaman at kasanayan sa modyul na ito, inaasahan na magsisilbi itong gabay sa paggawa mo ng mapanagutang gawain na tutugon sa pangangailangan ng kapwa mo mag-aaral o kabataan sa paaralan o pamayanan.

Gamitin ang Worksheet 3 – Plano ng Paglilingkod bilang gabay sa paggawa ng isang malinaw at makatotohanang plano sa aspektong intelektwal, panlipunan, pangkabuhayan, o politikal. Kopyahin ang worksheet 3 sa iyong kuwaderno.

Pumili lamang ng *isang* aspekto na makakaya mong maisakatuparan. Maaaring magsama ng 1 hanggang 2 kaklase sa paggawa. Ipabasa at palagdaan ang plano sa magulang, gurong tagapayo at humingi ng permiso at pagpapatibay mula sa iyong guro sa EsP.

Gamiting gabay ang sumusunod na halimbawa:

PLANO NG PAGLILINGKOD

Aspekto	**Tao / Lugar na gustong paglingkuran**	**Pangangailangan / Suliranin**	**Layunin / Paraan ng paglilingkod**	**Mga kakailanganin**	**Inaasahang Bunga**	**Mga taong kailangang kausapin**	**Inaasahang Panahon ng pagsasakatuparan**
Intelektuwal	1 o 2 mag-aaral sa Baitang 7	nahihirapan sa Math	2 sesyon ng pagtuturo, pagkatapos ng klase	aklat sa Math papel at bolpen	Makatutulong ako sa pagpapaunawa ng mga konsepto sa Math na nahihirapan sila; umaasa na mapapataas ang antas ng kanilang kahusayan sa ikalawang markahan	Mag-aaral na tutulungan Gurong tagapayo ng mag-aaral sa Baitang 7	Huling lingo ng Setyembre
Panlipunan	Kakilala ko sa paaralan	Sobrang mahiyain	Kakaibiganin ko siya	Kakayahan sa epektibong komunikasyon	Magiging kaibigan ko siya	Mag-aaral na gustong tulungan	Huling lingo ng Setyembre
Pangkabuhayan	Kaibigan kong si James	Masyado siyang magastos	Mag-uusap kami tungkol sa mga paraan ng pagtitipid	Kakayahan sa epektibong komunikasyon at pamamahala ng salapi	Makatutulong ako sa pagpapaunawa sa kanya na mabuti ang pagtitipid	Si James	Huling lingo ng Setyembre
Politikal	Mga may alagang hayop	Di alam ng ilang may alagang hayop ang marapat na pangangalaga dito	Makakuha ng *brochure* o *pamphlets* mula sa lokal na pamahalaan tungkol sa mga ordinansang may kinalaman sa pag-aalaga ng hayop; at ipamigay ito sa ilang may alagang hayop	*Pamphlets* / *Brochures* na ipamimigay	Makapagbigay ng di bababa sa 10 *pamphlets* / *brochure* sa mga taong may alagang hayop	Opisyal sa lokal na pamahalaan na responsable sa pangangalaga ng mga hayop	Huling lingo ng Setyembre

Inihanda ni:

_____
Pangalan at Lagda ng Mag-aaral

Binigyang-pansin:

_____
Magulang

_____
Gurong Tagapayo

Pinagtibay:

_____
Guro sa EsP

Bigyang katuparan ang plano. Ilapat ang hakbang na inyong itinala.

1. Idokumento ang iyong gawain at magkaroon ng mga larawan na magpapatunay na naisakatuparan ang plano.
2. Sumangguni sa guro kung nais mong gumawa ng isang pangkatang proyekto.

Mga mungkahing proyektong maaaring gawin kung may pagkakataon at sa patnubay ng guro:

a. Paglahok sa *Project Citizen Philippines Program (*http://pcced.org.ph/project-citizen-3)

b. *Peer tutoring* sa mga mag-aaral sa mas mababa na baitang (Baitang 7) sa mga asignaturang kailangang paunlarin

c. *Outreach / Livelihood / Feeding program* sa mga barangay

d. Pagbibigay ng boluntaryong serbisyo sa paaralan o pamayanan (*clean-up drive, tree-planting, anti-dengue campaign*, atbp.)

e. Maaari ding alamin ang pangangailangan ng mga tao sa lugar na gustong paglingkuran upang mas maging makabuluhan ang gagawing paglilingkod.

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa Plano ng Paglilingkod:

1. Malinaw at makatotohanan ang pagkakagawa ng plano ng paglilingkod *(action plan*)
2. Naisagawa ang gawain ayon sa plano
3. May mga patunay ng pagsasagawa
4. May kalakip na pagninilay tungkol sa iyong karanasan at epekto ng gawain sa iyong pagkatao at pakikipagkapwa.

Mga kakailanganing kagamitan (*website*, *software*, mga aklat, *worksheets*)

- Worksheet 1 – Sakay na!
- Worksheet 2 – Ipinakikilala ko sina…
- Worksheet 3 – Plano ng Paglilingkod (*Action Plan*)

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Sanggunian

Agapay, R. (1991). *Ethics and the Filipino: A Manual on morals for students and educators*. Mandaluyong City: National Book Store, Inc.

Bauzon, P. (1994). *Essentials of values education*. Mandaluyong City: National Bookstore,

Bondal, Ma. R. (2002). *The Subject of education*. Thesis Manuscript. Spain: University of Navarra.

Documentary Film. *Total Isolation*. British Broadcasting Corporation, January, 2008. Retrived from http://documentarystorm.com/total-isolation/ on July 15, 2012. Retrieved from http://www.youtube.com/watch?v=Ux-tUQYUANA on July 15, 2012

Dy, M. (2011). *Ang Pagkatao ng tao.* Panayam sa Pambansang Pagsasanay ng mga Tagapagsanay ng Guro sa 2010 Secondary Education Curriculum noong Abril 2011 sa Manila Hotel.

_____. *Healthy Relationships.* Retrieved from http://www-health.concordia.ca/pdf/healthinfo/healthyrelationships.pdf on June 26, 2012.

Kagarawan ng Edukasyon. *Gabay sa Kurikulum ng Edukasyong Sekondari ng 2010 para sa Edukasyon sa Pagpapahalaga ikalawang taon.* Pasig City: Kawanihan ng Edukasyong Secondari.

Licuanan, P. (1992). *Strengths and weaknesses of the Filipino character*. Economic Development Foundations: Filipino Values and Moral Development,


_____. *Man as a social being.* Retrieved from http://www.maaref-foundation.com/english/library/quran/the-quran-in-islam/072-074.htm on May 26, 2012.

_____. *Parable of the Good Samaritan.* Retrieved from http://en.wikipedia.org/wiki/Parable_of_the_Good_Samaritan on June 12, 2012.

Pontifical Council for Justice and Peace. *Compendium of the social doctrine of the Church*. Makati: Word and Life Publications, 2004.

_____. *Project Citizen*. Retrieved from http://pcced.org.ph/project-citizen-3 on June 12, 2012.

Worksheet 1: Sakay na!



Worksheet 2: Ipinakikilala ko sina…

Panuto: Punan ang tsart ayon sa sumusunod:



Pangalan	Isulat ang pangalan ng kapwa ayon sa kaniyang bilang sa *Worksheet 1*
Siya ay aking	Isulat ang kaniyang kaugnayan sa iyo
Natulungan ko siya sa	Itala ang mga bagay na nagawa o naitulong mo sa kaniya
Tinulungan niya ako sa	Itala ang mga bagay na nagawa o naitulong niya sa iyo

Ikaw naman…

Ipinakikilala ko sina:

Pangalan	Siya ay aking:	Natulungan ko siya sa:	Tinulungan niya ako sa:
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			
6.			
7.			
8.			
9.			
10.			

Worksheet 3

PLANO NG PAGLILINGKOD

Pangalan: _____ Taon at Pangkat: _____ Petsa: _____

Aspekto	Tao / Lugar na Gustong Paglingkuran	Pangangaila-ngan / Suliranin	Layunin / Paraan ng Paglilingkod	Mga Kakailanganin	Inaasahang Bunga	Mga Taong Kailangan Kausapin	Inaasahang Panahon ng Pagsasakatu-paran
a. Intelektwal							
b. Panlipunan							
c. Pangkabu hayan							
d. Politikal							

Inihanda ni: Binigyang-pansin: Pinagtibay:

_____ _____ _____ _____

Pangalan at Lagda ng Mag-aaral Magulang Gurong Tagapayo Guro sa EsP

Modyul 6: PAKIKIPAGKAIBIGAN



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Wow! 1,000 na ang *friends* ko! Nakamamanghang pananalita ng mga kabataan sa kasalukuyan. Minsan tuloy ang reaksyon ng ilang tao, “Ako nga hirap na hirap makahanap ng isa, tapos sila 1,000 na. Hayyy… napakasuwerte naman niya.” Pero kung titingnan nang mas malalim, ano ba ang kahulugan ng *friend* para sa kanila? Yung friend sa *facebook*? Yung *follower* sa *twitter*? Ganito ba ang tunay na *kahulugan* ng pagkakaibigan? Ganito lang ba kadali makahanap ng isang kaibigan?

Sa nakaraang aralin ay tinalakay ang halaga ng pakikipagkapwa. Tiyak na naunawaan mo na, na likas sa isang tao ang maghanap ng kapwa na kaniyang makakaugnayan dahil siya ay likas na panlipunang nilalang. Ngunit ang ating ugnayan sa ating kapwa ay nagkakaiba ng lalim at lawak. Ang simpleng magkakilala ay maaaring maging malalim na magkaibigan sa hinaharap dahil sa pagsisimula ng mas malalim na ugnayan. Ano nga ba ang halaga ng isang kaibigan sa iyo? Bakit mahalagang bumuo ng malalim na ugnayan sa isang kaibigan? Paano magkakaroon ng malalim na ugnayan sa isang kaibigan? Ito at marami pang ibang tanong ang sasagutin sa aralin na ito. Magkakaroon ng malalim na talakayan tungkol sa pakikipagkaibigan.

Matapos ang iyong paglalakbay sa modyul na ito, inaasahang masasagot ang mga mahalagang tanong na: **Ano ang kabutihang naidudulot ng pakikipagkaibigan? Bakit mahalaga ang pagpapatawad?**

O ano, kaibigan, handa ka na ba? Halika na … Lakbayin natin ang malawak na mundo ng pakikipagkaibigan.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

a. Natutukoy ang mga taong itinuring na kaibigan, ang mga natutuhan mula sa mga ito at mga kabutihang naidulot ng mga ito
b. Nasusuri ang mga pakikipagkaibigan batay sa tatlong uri ng pakikipagkaibigan ayon kay Aristotle
c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
d. Naisasagawa ang mga angkop na kilos upang mapaunlad ang pakikipagkaibigan (hal., pagpapatawad) at makipagkaibigan sa mga nangangailangan nito

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput sa titik d:

1. Nakalikha ng mga hakbang upang ganap na maisabuhay ang mga mahahalagang sangkap sa pagkakaibigan
2. Nakapagtala ng 5 o mahigit pang mga karanasan sa ginawang *friendship log*
3. Naisagawa ng gawain sa loob ng dalawang linggo
4. May kalakip na pagninilay tungkol sa isinagawang gawain

Bilang panimula ay subukin mo ang iyong sarili sa mga konseptong iyong matututuhan sa aralin na ito. Mahalaga ang bahaging ito upang mataya ang iyong dating kaalaman sa konseptong pag-aaralan.



Paunang Pagtataya

1. Ang sumusunod ay naglalarawan sa pananaw ni Aristotle sa pagkakaibigan *maliban* sa:

    a. Hindi pumapanig sa kabutihan ng iisa kundi para sa isa't isa
    b. Nag-aangat ng antas ng buhay tungo sa positibong ugnayan ng lipunan
    c. Sumisimbolo mula sa pagmamahal ng mga taong malalim na nakikilala ang pagkatao sa kaniyang sariling pananaw
    d. Natatanging damdamin para sa espesyal na tao na mas higit ang halaga kaysa sa isang ordinaryong kakilala lamang

2. Ano ang pangunahing dapat na mapagyaman upang maging posible ang pagbuo ng malalim na pagkakaibigan?

   a. pagpapayaman ng pagkatao
   b. simpleng ugnayang interpersonal
   c. pagpapaunlad ng mga kakayahan
   d. pagpapabuti ng personalidad

3. Ang sumusunod ay kahalagahan ng mabuting pakikipagkaibigan maliban sa

   a. Ang pakikipagkaibigan ay hindi lamang isang pakikitungo sa kapwa kundi isang pagbabahagi ng sarili
   b. Ang pakikipagkaibigan ay nakatutugon sa personal na intensyon ng tulong o pabor na makukuha sa iba
   c. Ang pakikipagkaibigan ay bunga ng pagsisikap na dalisayin at patatagin ang ugnayan sa pangmatagalang panahon
   d. Ang pakikipagkaibigan ay nararamdaman mula sa inspirasyong nagmumula sa taong naniniwala at nagtitiwala sa atin

4. Sa panahon ng kabataan likas na umuusbong ang pakikipagkaibigan sa katapat na kasarian kagaya sa kaparehong kasarian. Upang maingatang hindi mabuwag ang magandang layunin sa pagkakaibigan sa katapat na kasarian nararapat na isaalang alang ang:

   a. Paglilinaw sa kanilang mga limitasyon ng ugnayang maingat na binuo
   b. Paggalang sa katangian at kahinaang taglay ng kanilang sekswalidad
   c. Pagsuporta sa mga mithiing nais makamit mula sa pakikipagkaibigan
   d. Pagkontrol sa posibleng atraksyon na makamit mula sa pakikipagkaibigan

Para sa bilang 5-7. Basahin at suriin ang sitwasyon sa ibaba:

Nagsimula ang pagkakaibigan nina Zeny at Cely sa paaralang kanilang pinapasukan. Nagustuhan ni Cely ang pagkamasayahin, makuwento, at maalalahanin ni Zeny. Masaya sila sa kanilang relasyon bilang magkaibigan at magkaklase. Habang tumatagal mas nakilala ng dalawa ang isa't isa; ang mababuting katangian pati na rin ang ilang kapintasan. Para kay Cely, lubos at walang kondisyon ang kaniyang pagmamalasakit sa kaibigan. Subalit ng tumagal, napansin niya na kapag natataasan niya ang iskor ni Zeny sa kanilang pagsusulit,

naiinis ito. Kapag ang kanilang guro ay pumupuri sa magagandang gawaing naipamalas ni Cely, sa ibang kaklase sumasama ang huli. Nasasaktan si Cely pero wala siyang lakas ng loob sabihin ito kay Zeny. Ang lahat ng kaniyang saloobin ay sinasarili na lamang niya.

5. Kung ikaw si Cely ano ang pinakamakatwirang hakbang upang maging malinaw ang katayuan ng kaniyang pakikipagkaibigan kay Zeny?

   a. Makipagkaibigan sa iba at balewalain ang kaibigang naiinggit sa kaniya
   b. Ipagpatuloy ang pananahimik hanggang kaya pang tiisin ang ugali ng kaibigan
   c. Ipakita kay Zeny na hindi siya apektado sa negatibong kilos at asal na ipinamamalas sa kaniya
   d. Maglaan ng sapat na panahon sa pakikipag-usap nang matapat kaugnay sa negatibong asal / ugali ng kaibigan

6. Ano ang pangunahing dahilan ng hindi magandang pakikitungo ni Zeny sa kaniyang kaibigan?

   a. Hindi niya mahal ang kaniyang kaibigan
   b. May nabubuong kompetisyon sa kanilang dalawa
   c. Isa lang sa kanila ang sumisikat at napapansin sa klase
   d. Nagsasawa na siya sa kabaitang ipinakikita ng kaibigan

7. Mula sa kuwento ng pagkakaibigan nina Zeny at Cely, alin sa sumusunod na konsepto ang angkop dito?

   a. Ang tunay na pagkakaibigan ay bunga ng pagsisikap na dalisayin at patatagin ang ugnayang namamagitan.
   b. Lahat ng pagkakaibigan ay may mabuti at di mabuting naidudulot sa tao subalit ang mga ito'y maaaring maging dahilan ng ating paglago.
   c. Ang pagkakaibigan ay pagbabahagi ng sarili na hindi naghihintay ng kapalit sa mga bagay na hatid ng pakikipag-ugnayan sa kapwa.
   d. Sa pagpili ng kaibigan, kailangan nating bumuo ng pamantayan at inaaasahan sa kanila na makakatulong sa pagpapabuti ng pagkatao.

8. Matagal nang inuunawa ni Lyka ang pagiging palaasa ni Jovelle. Madalas sa klase, si Lyka ang kinokopyahan ng mga takdang aralin ng kaibigan. Minsan, sinabi nito kay Jovelle na mas makabubuting pag-aralan niya na gawing mag-isa ang mga proyekto at iba pang gawain sa klase ngunit hindi pa rin niya ito ginawa. Kaya, nagpasiya si Lyka na hindi na siya magpapakopya sa kaibigan. Mula noon, hindi na siya pinansin ni Jovelle. Anong uri ng pagkakaibigan ang ipinakitang halimbawa ni Jovelle?

   a. Pakikipagkaibigang nakabatay sa pangangailangan
   b. Pagkakaibigang nakabatay sa pansariling kasiyahan
   c. Pagkakaibigan na nakabatay sa kabutihan
   d. Pagkakaibigang nakabatay sa kakayahang interpersonal

9. Ang sumusunod ay naidudulot ng pakikipagkaibigan sa pagpapaunlad ng ating pagkatao maliban sa:

   a. Nakalilikha ito ng mabuting pagtingin sa sarili
   b. Nagkakaroon ng mga bagong ideya at pananaw sa pakikipagkaibigan
   c. Natututuhang pahalagahan ang mabuting ugnayan sa pakikipag-kaibigan sa kabila ng ilang di pagkakaintindihan
   d. Natutukoy kung sino ang mabuti at di mabuting kaibigan sa pamamagitan ng obserbasyon sa sariling ugnayan at ugnayan ng iba

10. Bakit itinuturing na birtud ang pagkakaibigan?

   a. dahil lahat ng pagkakaibigan ay mabuti
   b. dahil makakamit lamang ang tunay na pagkakaibigan dahil sa paulit-ulit na pagdanas dito
   c. dahil ito ay nagpapahalaga sa katarungan at halaga ng pagbabahagi ng sarili sa kapwa
   d. dahil ito ay nagpapahalaga sa pagbabahagi ng sarili sa kapwa



B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Pangalawa nga ba o nauuna pa ang iyong kaibigan sa nakaaalam ng mga mahahalagang pangyayari sa buhay mo? Katulad ka rin ba ng ilang mga kabataan na mas sa kaibigan nauunang lumapit kaysa sa kaniyang mga magulang? Ganito rin ba ang pagpapahalagang inilalaan mo sa isang kaibigan? Marahil ay sasang-ayon ka kung sasabihin na isa ang kaibigan sa mga taong mahihirapan kang basta kalimutan dahil umookupa siya ng malaking bahagi ng iyong sariling pagkatao. Sisimulan natin ang malalim na pagsusuri at pag-unawa sa iyong pakikipagkaibigan.

Gawain 1

Sa gawaing ito, simulan nating isa-isahin ang iyong mga kaibigan at suriin ang kabuluhan ng iyong ugnayan sa kanila.

PROFILE NG AKING MGA KAIBIGAN

Panuto:

1. Isa-isahin ang mga taong itinuturing mong kaibigan. Ang bawat isa sa kanila ay gawan mo ng isang *scrapbook page*. Ang *scrapbook page* ay isang malikhaing presentasyon ng mahahalagang mga alaala ng isang pangyayari sa iyong buhay. Ginagamit ito ng ilan na libangan lalo na yaong mga malikhain dahil dito nila nailalapat ang kanilang mga ideya sa pagdidisenyo at iba't ibang mga konsepto.

2. Gamitin ang iyong pagkamalikhain upang mabuo ang *scrapbook page* na ito. Maaaring gumamit ng mga lumang magasin, mga retaso ng tela, mga makulay na papel, *stickers,* tuyong dahon, at marami pang iba.

3. Maaari mo rin naman itong gawin sa *internet* sa tulong ng sumusunod na *website*. Sundin lamang ang mga panuto na nasa *website* upang makagawa ng sariling *scrapbook page*.
    - http://www.cropmom.com/Digital_Scrapbooking.aspx
    - http://www.smilebox.com/scrapbooks.html
    - http://www.scrapbookgenerator.com/

4. Ang *scrapbook page* ay nararapat na naglalaman ng sumusunod na impormasyon:
    a. Pangalan ng iyong kaibigan at kaniyang larawan (maaaring solo o kaya naman ay larawan kasama ka)
    b. Pag-iisa-isa ng kaniyang mga katangian

c. Maikling pagkukuwento ng pinakamahalagang pangyayari tungkol sa inyong pagkakakilala at pagiging malapit sa isa't isa
d. Mga bagay na iyong natutuhan mula sa kaniya (mga naging impluwensiya niya sa iyo – halimbawa, sa paggawa ng mabuting pagpapasiya)
e. Mga konsepto tungkol sa pagkakaibigan na natutuhan mo mula sa kaniya
f. Pangkalahatang kabutihang naidulot niya sa iyo

5. Tiyakin na bawat isang kaibigan mo ay mayroong nakalaan na isang *scrapbook page*.

6. Matapos magawa ang mga ito, sagutin ang sumusunod na tanong:

a. Batay sa iyong isinagawang pagsusuri tungkol sa iyong mga itinuturing na kaibigan, ano ang konsepto tungkol sa pagkakaibigan ang natutuhan mo mula sa kaniya/kanila?
b. Ano ang iyong pananaw tungkol sa pagkakaibigan bago mo sila nakilala? Ipaliwanag.
c. Mayroon bang naidulot na pagbabago sa iyong pananaw tungkol sa pagkakaibigan mula nang siya / sila ay iyong nakasama? Ano-ano ito?
d. Ano-ano ang nabago sa iyong sarili mula ng dumating siya/sila sa iyong buhay? Isa-isahin.
e. Ano ang halaga ng iyong kaibigan sa iyo bilang tao? Ipaliwanag.


Gawain 2

Sa gawaing ito ay iyo namang suriin ang pagkakaiba at pagkakatulad mo at ng iyong mga kaibigan. Gawin mo ito gamit ang *Venn Diagram*.

Panuto:

1. Gumuhit ng mga bilog batay sa dami ng iyong mga kaibigan (kasama ka sa bilang ng bilog). Gawin ito sa isang malinis na *bond paper* o makulay na papel.

2. Ang Venn Diagram ay isang representasyon ng pagkakaiba at pagkakatulad ng mga bagay. Sa pagkakataon na ito ay gagamitin ito sa pagpapakita ng pagkakaiba at pagkakatulad ninyong magkakaibigan. May inihandang halimbawa para sa iyo:



3. Tiyakin na ang mga isusulat na katangian ay higit pa sa pisikal na mga katangian, maaaring isama rito ang gawi, pag-uugali, hilig, talento, o kakayahan, at iba pa.

4. Matapos isagawa ang gawain ay sagutin ang sumusunod na tanong:
   a. Ano ang iyong natuklasan mula sa gawain?
   b. Ano ang epekto ng pagkakaiba ng mga katangian ninyong magkakaibigan?
   c. Ano ang epekto ng pagkakatulad ng mga katangian ninyong magkakaibigan?
   d. Bakit mahalagang masuri ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga katangian ng magkakaibigan? Ipaliwanag.

C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA


Gawain 1

101 Dahilan Kung Bakit Kita Naging Kaibigan


Panuto :

1. Ngayon naman ay balikan ang lahat ng iyong mga naging kaibigan noon at ngayon. Maaaring ito ay simulan mula pa noong ikaw ay bata. Balikan mo ang sinumang kaibigan na iyong naaalala. Malalim man o mababaw ang pagkakaibigan na inyong nabuo, mahalagang maisama ang lahat dito.

2. Lumikha ng timeline at ilapat ang pangalan ng iyong mga kaibigan dito. Ang pagtaas o pagbaba ng linya ay ibabatay sa antas o lalim ng iyong nabuong pagkakaibigan sa kanila. Magsasagawa ka ngayon ng paghahambing sa naging antas ng iyong turing sa kanila bilang kaibigan. May inihandang halimbawa para sa iyo :



3. Matapos itong maisa-isa ay isulat mo naman sa babang bahagi nito ang dahilan o mga dahilan kung bakit mo sila naging kaibigan.



Naging kaibigan ko siya dahil palagi niya akong sinasamahan sa oras ng *recess* at sa aking mga pupuntahan.

4. Matapos itong magawa ay sagutin ang sumusunod na tanong:
   a. Ano ang iyong natuklasan sa pagsasagawa ng gawain?
   b. Ano ang magkakaibang dahilan na iyong naitala sa pagbuo ng iyong pagkakaibigan? Ipaliwanag ang bawat isa.
   c. Ano ang pinakamababaw na dahilan na iyong naitala? Ipaliwanag.
   d. Ano ang pinakamalalim at pinakamakabuluhang dahilan na iyong naitala? Ipaliwanag.
   e. Alin sa mga naitalang dahilan ang nagbunga ng mas malalim na pagkakaibigan para sa iyo?
   f. Alin sa mga itinalang mga dahilan ang nagpabago ng iyong pananaw tungkol sa pagkakaibigan? Ipaliwanag.

Gawain 2

Naisasabuhay Ko Ba ang Pakikipagkaibigan?

Sa pagkakataon na ito ay susuriin naman kung naisasabuhay mo ba ang pagkakaibigan, batay sa tunay na layon nito. Ang mga aytem na nasa gawaing ito ay hango sa aklat na *Character Building (*Isaacs, 2001)

Panuto:

1. Makikita sa ibaba ang tseklis ng mga palatandaan na nagpapatunay ng pagsasabuhay ng pakikipagkaibigan ayon kay Isaacs (2001).

2. Suriin kung iyong tinataglay ang sumusunod na palatandaan. Lagyan ng tsek (✓) sa tapat ng bawat aytem kung ito ay iyong taglay at lagyan naman ng ekis (×) kung hindi.

Mga Palatandaan	Ako ito	Hindi Ako ito
1. Lahat ng bagong kakilala ay pinaniniwalaan kong maaari kong maging kaibigan sa hinaharap.		
2. Upang mabuo ang pagkakaibigan kailangang may pagkakatulad at iisang interes o hilig.		
3. Interesado ako sa aking kaibigan sa kabuuan ng kaniyang pagkatao at hindi lamang sa mga bagay na kami ay may pagkakatulad.		
4. Naniniwala akong mahalaga na mayroong regular na pakikipag-ugnayan sa mga pinipiling maging kaibigan.		
5. Nauunawaan ko na ang kalidad ng pagkakaibigan ay tataas batay sa dami ng pagpapalitan ng mga tanong na maglalapit sa isa't isa at magbubukas sa kanilang sarili at maging sa kanilang magkaparehong interes na makilala ang isa't isa.		
6. Mulat ako na ang pakikipagkaibigan lalo na sa katapat na kasarian ay mayroong limitasyon.		
7. Nauunawaan ko na upang maging mabuting kaibigan ako sa aking kaibigan at upang maging mabuting kaibigan din sila sa akin, kailangan naming magsikap na mapagyaman ang ilang mga birtud.		
8. Nagpapakita ako ng pagmamalasakit sa aking kaibigan sa maraming mga paraan (Hal. pagbisita sa kaniya kapag maysakit, hindi nagsasalita ng masama laban sa kaniya, atbp.)		

Paraan ng Pagmamarka

Bilangin ang kabuuang iskor ng kolum sa AKO ITO at HINDI AKO ITO. Tingnan sa ibaba ang paglalarawan / interpretasyon sa bilang ng iskor upang matukoy ang antas ng iyong pagsasabuhay ng tunay na pakikipagkaibigan.

Paglalarawan/ Interpretasyon ng Iskor

0 – 2 - Hindi pa naisasabuhay ang tunay na pakikipagkaibigan

3 – 4 - Nangangailangan ng paglinang sa kakayahan sa pagsasabuhay ng tunay na pakikipagkaibigan

5 – 6 - May kasanayan sa pagsasabuhay ng tunay na pakikipagkaibigan

7 – 8 - Napakabuti sa pagsasabuhay ng tunay na pakikipagkaibigan

Ang nakuha mong iskor sa gawain na ito ay hindi nararapat na bigyan ng negatibong interpretasyon. Ang layunin ng gawaing ito ay upang tulungan kang tayahin ang iyong kakayahan at maging bukas ka sa pagbabago. May magagawa ka pa upang ito ay mapaunlad. Kasabay ng unti-unting pag-unlad ng kakayahan dito ay makikita mo ang unti-unti ring paglago ng iyong ugnayan sa iyong mga kaibigan. Kilos na kaibigan!



D. PAGPAPALALIM

Ang Pakikipagkaibigan

BFF, Friendship, P're o Repapips… Paano mo man tawagin ang isang tao na itinuturing mong kaibigan, alam ko ginagawa o sinasabi mo ito kasi may halaga siya sa iyo na nakaaangat sa iba mo pang kakilala o kasama.

Everyone wants friends…
Everyone needs good friends…

Kaibigan… ito ang turing mo sa kanila. Maaasahan, masasandalan o takbuhan, maraming puwedeng paglalarawan, maraming mapag-uusapan at maraming mga hindi malilimutang karanasan mula sa inyong pagsasama. Ito yata ang hanap ng lahat ng tao, isang tunay na kaibigan. Kasama ka ba rito? Naghahanap ka rin ba ng tunay na kaibigan o maaaring nakatagpo ka na? Alinman dito, mahalaga para sa iyo ang aralin na ito. Sa pamamagitan nito ay madaragdagan ang iyong kaalaman tungkol sa tunay na kahulugan, uri, halaga ng pakikipagkaibigan. Halika! Sabay nating hukayin ang yaman ng pakikipagkaibigan.

Ayon sa Webster's Dictionary, ang pagkakaibigan ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng ugnayan sa isang tao dahil sa pagmamahal *(affection*) o pagpapahalaga (*esteem*).

Mahalagang maunawaan na ang pagkakaibigan ay *hindi* isang damdamin, bagkus isang pasiya dahil ito ay nangangailangan ng malinaw na hangarin. Hindi ito

ibinabatay lamang sa simpleng pagkagusto at sa kagalakan dahil sa presensya ng isang tao. Ang kaibigan ay hindi basta-basta mahahanap, hindi maaaring pagkakita mo sa isang tao ay mararamdaman mo na magiging malapit kayo sa isa't isa. Dumadaan ito sa isang mahaba at masalimuot na proseso.

Si Aristotle, isang Griyegong pilosopo, ay nagbigay ng makabuluhang pananaw sa pakikipagkaibigan. Ang sabi niya, "*Ang tunay na pakikipagkaibigan ay sumisibol mula sa pagmamahal ng mga taong malalim na nakilala ang pagkatao sa pananaw ng sarili at iba. Ito'y isang natatanging damdamin para sa espesyal na tao na mas higit ang halaga sa isang ordinaryong kakilala lamang. Hindi ito pumapanig sa kabutihan ng iisa kundi para sa isa't isa. Naiaangat nito ang antas ng buhay tungo sa positibong ugnayan ng isang lipunan."*

Kung susuriin ang sumusunod na pakahulugan, makikita na ang pagkakaibigan ay nabubuo sa pamamagitan ng isang malalim na ugnayan ng dalawa o mahigit pang tao na hindi nakabatay sa kanilang mga katangian kundi sa *mas malalim* na aspekto ng kanilang pagkatao. Likas sa isang tao ang maghanap ng taong makakaugnayan dahil siya ay panlipunang nilalang. Ayon kay Aristotle (de Torre, 1980), natural na hangarin ng isang tao na makipagkaibigan sa kaniyang kapwa. Likas itong dumadaloy sa isang tao dahil likas sa kaniya ang magmahal. Walang sinuman ang pipiliin ang mabuhay na walang kaibigan kahit pa nasa kaniya na ang lahat ng mabubuting bagay. Kaya niyang makabuo ng ugnayan sa lahat ng taong kaniyang nakakasalamuha ngunit hindi lahat ng ito ay maaari niyang maging kaibigan. Ngunit mahalagang maunawaan na ang lahat ng malalim na pagkakaibigan ay nag-uugat sa isang simpleng ugnayang interpersonal. Kung kaya't hangga't hindi napagyayaman ang simpleng ugnayan na ito, hindi magiging posible ang makabuo ng malalim na pagkakaibigan.

Sinusuportahan ito ng paniniwala ni Emerson. Ayon sa kaniya, "Ang biyaya ng mabuting pagkakaibigan ay hindi lamang makakamit sa ngiti at saya ng isang pangkat ng magkakaibigan o ng tulong at pabor na maibibigay nila. Kundi, ito'y mararamdaman sa inspirasyong nagmumula sa taong naniniwala at nagtitiwala sa atin." Mas higit pa sa halakhak ang sayang maibibigay na makatagpo ng isang taong naniniwala at nagtitiwala sa iyo. Hindi madaling makahanap ng ganitong tao kung kaya't talagang natatangi ang iyong magiging turing sa taong matatagpuan mong

nagtataglay nito, tiyak na iingatan mo siya at aalagaan dahil nais mong maging pangmatagalan o panghabangbuhay ang inyong pagkakaibigan. Posible nga kaya na maging panghabangbuhay ang pagkakaibigan? Sabi ni William James, “Ang wagas na pagkakaibigan ay bunga ng pagsisikap na dalisayin at patatagin ang ugnayan sa pangmatagalang panahon”. Kung kaya dapat na unawain na kailangan ng *pagsisikap* upang tumagal ang pagkakaibigan. Ang pagsisikap ng sinuman na alagaan ang ugnayan sa isang kaibigan ang nagpapatingkad ng halaga ng isang samahan.

Mahalaga ring bigyang-pansin ang tatlong uri ng pagkakaibigan ayon kay Aristotle. Makatutulong ito upang masuri ang uri ng pagkakaibigan na iyong iniaalay para sa iyong mga piniling maging kaibigan. Ang mga ito ay:


1. ***Pakikipagkaibigang nakabatay sa pangangailangan*****.** Ito ay pagkakaibigang inilalaan sa isang tao dahil sa pangangailangan ng isang tao rito. Sa paaralan halimbawa, may mga mag-aaral na kinakaibigan ang kaniyang kapwa mag-aaral dahil sa angkin nitong kasipagan at kabutihan na siya ay tulungan sa paggawa ng mga takdang-aralin at proyekto (kung minsan nga ay pati na pagpapakopya sa mga pagsusulit). Ngunit mapapansin na ang ganitong uri ng pagkakaibigan ay maglalaho sa panahong hindi na maging handa ang isa na muli pang magbigay ng kaniyang tulong. Maaaring may sinserong pagnanais ang isa na tulungan ang isa pa na matutong tumayo sa kaniyang sariling paa at maging responsable sa kaniyang pag-aaral ngunit mababale-wala lamang ang malasakit na ito dahil tiyak na magwawakas ang pagkakaibigan dahil dito. *Kaibigan kita dahil kailangan kita*, linyang madaling makapaglalarawan dito. Ito ay napakababaw na uri ng pagkakaibigan, kulang ng kabutihan, katarungan, pagmamahal at pagpapahalaga.

> Kaibigan kita dahil kailangan kita…



2. ***Pagkakaibigang nakabatay sa pansariling kasiyahan*****.** Ang ganitong uri ng pagkakaibigan ay nabubuo sa pagitan mo at ng isa o mahigit pang tao na masaya kang kasama o kausap. Madalas ito ay ang mga taong kasama mo sa maraming mga gawain, katulad ng kalaro sa basketbol, mga kasama sa

pamamasyal o ang madalas na nagpapatawa sa iyo sa oras ng kuwentuhan. Maituturing itong mas mataas kaysa sa naunang uri. Nabubuo ang pagkakaibigan sa bahaging ito dahil mayroong taglay ang isang tao na gusto mo at nakapagpapasaya sa iyo ngunit hindi pa rin maituturing na pangmatagalan ang ganitong uri ng pagkakaibigan dahil ilang bahagi lamang ng tao ang ginugusto at hindi ang kabuuan ng kaniyang pagkatao. Maaari itong maglaho kapag nakita ang mga katangiang maaaring hindi mo nagugustuhan o kaya naman ay kapag nawala na ang kasiyahan na ibinibigay nito sa iyo.



3. ***Pagkakaibigan na nakabatay sa kabutihan.*** Ang ganitong uri ng pagkakaibigan ay nabubuo batay sa pagkagusto (admiration) at paggalang sa isa't isa. Hindi ito madaling mabuo, nangangailangan ito ng mas mahabang panahon kung ikukumpara sa dalawang naunang natalakay na uri. Ngunit kung ihahalintulad din sa mga nauna, ito ay mas tumatagal at mas may kabuluhan. Ito ay nagsisimula kapag naging kapansin-pansin ang pagkakatulad ng mga pagpapahalaga at layunin; ng pagkakaroon ng magkaparehong pananaw sa mundo at sa buhay ng dalawa o mahigit pang tao. Hindi ito nangangahulugan na nagsisimula mula sa pagkabata o sa anumang tiyak na yugto bagaman marami sa mga malalim na pagkakaibigan ay nagsisimula sa maagang yugto.

Ang mas malalim at makabuluhang pagkakaibigan ay nabubuo sa pagitan ng mabubuting tao na kapwa nagtataglay ng mga birtud at pagpapahalaga. Ang paghahangad ng mabuti para sa isang kaibigan at para sa kaniyang kapakanan ang pinakamataas na antas ng pagkakaibigan. Ang ganitong uri ng pagkakaibigan ay tumatagal, katulad ng pagiging pangmatagalan ng birtud at pagpapahalaga. Sa ganitong pagkakataon, dahil ang magkaibigan ay kapwa mabuti, ang kanilang pagkakaibigan ay kapwa nakatutulong sa paglago ng bawat isa. Bihira ang ganitong uri ng pagkakaibigan lalo na sa maagang yugto ng buhay ng tao dahil hindi pa sapat ang kakayahan ng mga kabataan para makamit ito. Paano nga ba makatutulong ang pagkakaibigan sa paglago ng pagkatao?

Pakikipagkaibigan Tungo sa Matatag na Pagkakakilanlan at Kaganapan ng Pagkatao

Ang tao ang humuhubog ng kaniyang pagkakaibigan…

Ang kanilang pagkakaibigan ang humuhubog sa kanila…

Ano ang pinakamagandang bagay na naibigay sa iyo ng iyong kaibigan? Maraming katangi-tanging bagay ang maaaring naihandog o nagawa niya sa iyo. Para sa iba, maaaring ito'y isang pabor na hiningi mula sa kanila o kaya ay mga materyal na bagay na natanggap sa mga espesyal na okasyon. Ngunit hindi matutumbasan ng mga ito ang mga bagay na iyong natuklasan tungkol sa iyong sarili dahil sa iyong kaibigan. Ang tinutukoy dito ay ang mga hindi lantad mong katangian o kakayahan na siya ang unang naniwala na mayroon ka bago mo pa man ito lubos na pinaniwalaan.

Ang pakikipagkaibigan ay isang kapangyarihang ugnayan. Nakapagdudulot ito ng positibo, makatotohanan, at matibay na pundasyon ng ating pagkakakilanlan at pagkatao. Sa aklat ni Joy Carol (2008) na *The Fabric of Friendship,* tinukoy ang maraming bagay na naidudulot ng pakikipagkaibigan **sa pagpapaunlad ng ating pagkatao.**



1. ***Nakalilikha ito ng mabuting pagtingin sa sarili*.** Kapag may mabuting ugnayang namamagitan sa inyo ng iyong kaibigan, ang kakayahang magbahagi ng taglay na mga katangian sa isa't isa ay nakapagpapasaya sa atin. Nagbibigay din ito ng kapanatagan ng damdamin at kalakasan sa personal na pagkakakilanlan. Sa pakikipagkaibigan, natatamo ng tao ang matatag na pagkakakilanlan. Ito ang nagpapaunlad sa kaniyang pagkatao at pakikipagkapwa sapagkat dito lumalalim ang kaniyang kasanayan sa interpersonal na pakikipag-ugnayan.
2. ***Natutuhan kung paano maging mabuting tagapakinig*.** Madalas, lalo na sa mga kabataan, mahirap ang maglaan ng panahon at pasensya na makinig sa mga hinaing o suliranin ng kapwa. Ang isang kabataan ay mas nanaisin na magsagawa ng mga bagay na makapagbibigay sa kanila ng saya. Ngunit dahil may kalakip na pagmamahal ang tunay na pakikipagkaibigan at may pagsasaalang-alang sa kung ano ang makabubuti para sa kaibigan, iba ang

kahandaan na nakikita mula sa isang tao na makinig kapag ito ay mula sa iyong kaibigan. Hindi lamang ito simpleng pagiging bukas sa pakikinig kundi pagiging bukas ng isipan sa pag-unawa sa mga napakikinggan. Kapag tayo ay nakikinig sa sinasabi ng ating kaibigan na may bukas na kaisipan, nalilinang ang ating kakayahang umunawa at maging mabuting tagapakinig.

3. ***Natutukoy kung sino ang mabuti at di mabuting kaibigan sa pamamagitan ng mga tunay na kaibigan*****.** Sabi nga, malalaman mo lamang ang tunay na kaibigan at hindi kung mayroon kang parehong pagdanas dito. Hindi madali ang landas patungo sa paghahanap ng tunay na kaibigan. Maraming tao na ang iyong pinaglaanan ng pagsisikap upang makabuo ng malalim na uri ng pagkakaibigan ngunit maaaring katulad ng ilan ay dumaan ka din sa kabiguan. Hindi sa lahat ng pagkakataon ay nasusuklian ang iyong iniaalay na pagkakaibigan, nakaranas ka rin ng sakit ng kalooban. Maraming tiwala ang nasira, maraming sakripisyo ang nasayang, maraming luha ang marahil pumatak at maraming panghihinayang. Ngunit ang lahat ng ito ay mapapawi sa sandaling ang pagmamahal, tiwala at katapatang iyong inialay ay matugunan, hindi man masuklian. Sa pamamagitan nito madali mong makikilala kung sino ang tunay na kaibigan.

4. **N*atututuhang pahalagahan ang mabuting ugnayan sa pakikipagkaibigan sa kabila ng ilang di pagkakaintindihan*****.** Ang mga suliranin ang nakapagpapatatag sa isang tao at sa pagitan ng magkaibigan ang mga suliranin din ang maaaring maging instrumento upang mas mapatatag ang kanilang samahan. Dahil ang tunay na pagkakaibigan ay nangangailangan ng pagtanggap sa kabuuan ng isa't isa, walang suliranin, o hindi pagkakaunawaan ang makasisira rito. Maraming taong maaaring subukin ang katatagan ng inyong pagkakaibigan at nakasalalay sa inyong tiwala at respeto sa isa't isa ang ikapananatili nito. Kapwa nararapat na makita ang pagsisikap na mapangalagaan ang ugnayan at mas mapatibay ang pagkakaibigan.

5. ***Nagkakaroon ng mga bagong ideya at pananaw sa pakikipagkaibigan*****.** Kung minsan, akala natin ay napakadami na nating alam sa paksang ito. Kahit pa may malaking bilang ka ng mga kaibigan sa paaralang iyong pinapasukan, sa inyong lugar, sa mga organisasyong iyong kinabibilangan, mayroon pa ring

bagong ideya na ngayon mo lang natuklasan mula sa iyong kaibigan. Ito'y isang sorpresa sa ating buhay; ang pagkakaroon ng pagkakataon na makaunawa ng bagong pananaw, bagong pamamaraan ng pakikitungo, at bagong pakikipagkaibigan.

Sa pagdaan ng maraming mga karanasan sa pagitan ng magkaibigan ay may mga birtud at pagpapahalagang nahuhubog o napagyayaman. Walang pagkakaibigan kung walang birtud at pagpapahalaga sa kanilang pagitan. Ang paghubog ng mga ito ang pinakamahalaga sa pagkakaibigan. Ang mga ito ay makatutulong upang kapwa sila maging mabuting tao. Sa pagkakaibigan, natutuklasan hindi lamang ang katangiang mayroon ang isang kaibigan kundi mas higit ang pagtuklas sa iyong sarili. Ang pagkakaibigan ang tanging paraan upang makita ang yaman ng iyong pagkatao.

Sa nagdaang aralin, sinabing ang ating kapwa ay nakatutulong upang maging ganap ang ating pagkatao at mas higit sa mga ito ay ang ating tunay na kaibigan. Iyong tandaan na ang isa sa pangunahing katangian ng isang tunay na kaibigan ay ang kaniyang pagkakaroon ng kakayahang palaguin ang iyong pagkatao.

Pakikipagkaibigan Tungo sa Paglinang ng Pakikipagkapwa

Sa mas malawak na katuturan ng pakikipagkaibigan, hindi lamang ang pagkatao ng bawat indibidwal ang umuunlad kundi pati na rin ang kasanayan sa pakikipagkapwa. Dahil walang sinuman ang nagnanais na mamuhay nang walang kaibigan, ang lahat ng tao ay nagsisikap upang magkaroon nito. Kung kaya ang lahat ay nagsisikap upang makabuo nang malalim na ugnayan sa isang kaibigan.

Ang pagkakaibigan ay bunga ng pagbibigay at pagtanggap. Hindi makabubuo nang malalim na ugnayan kung hindi matututo ang tao na maglaan ng panahon, pagmamahal, sakripisyo, at isabuhay ang mga birtud at pagpapahalaga. Dahil dito, natututo ang isang tao na ilayo ang kaniyang atensiyon sa kaniyang sarili lamang dahil natututo siyang magbigay para sa kaniyang kapwa. Ito ang simula ng pakikipagkapwa, ang tanggapin na may ibang tao maliban sa iyong sarili at ang maging bukas ang mata na mayroong ibang tao na maaari mong unahin kaysa sa iyong sarili para sa kabutihan.

Ang pagkakaibigan ay maituturing na isang birtud ayon kay Sto. Tomas de Aquino. Ito ay dahil isa rin itong nakagawiang kilos na nagpapahalaga sa katarungan at halaga ng pagbabahagi ng sarili sa kapwa. Ang pagbibigay ng nararapat sa lahat ng tao tulad ng kaniyang karapatan, respeto, pagmamahal at pag-unawa ay tumatahak sa landas ng katuwiran at makatarungang pamumuhay. Sa mabuting pagkakaibigan, walang kondisyon ang ugnayang inilalarawan. Hindi naghihintay ng anumang kapalit o papuri ang ginagawang pagbabahagi ng sarili. Kung kaya katulad ng winika ni Aristotle, ang tunay na pakikipagkaibigan ay maaari lamang mangyari sa *pagitan ng mabubuting tao*, ang bawat isa ay naghahangad nang ikabubuti ng kaibigan sapagkat mabuti ang pagkatao nila. Hinahangad nila ang ikabubuti ng kaibigan dahil sa malasakit dito at hindi dahil sa kasiyahang idudulot o silbi nila sa kanila. Pinahahalagahan ang kaibigan tulad ng pagpapahalaga sa sarili.

Pakikipagkaibigan Tungo sa Pagtatamo ng Mapayapang Lipunan

Ang pagkakaibigan ang pinakamataas na ekspresyon ng panlipunang kalikasan ng tao at ito rin ang pinakamatibay na pundasyon ng anumang lipunan. Naniniwala si St. Augustine na unti-unting magiging perpekto ang isang lipunan kung ito ay magiging lipunan ng malalim at makabuluhang pagkakaibigan.

Napakahirap, napakalungkot at miserable ang buhay kung wala tayong kaibigan. Ang tao kapag nag-iisa ay hindi lubos na natutugunan ang kaniyang sariling pangangailangan para mabuhay. Hindi rin niya makakayanang gumawa ng mga paraan upang mapaunlad niyang mag-isa ang kaniyang pangkaisipan at moral na kakayahan. Kaya nga, iniukol ng Diyos ang tao upang mamuhay kasama ng kaniyang kapwa na makatutulong sa pagtugon ng kaniyang pangangailangan sa lipunang kinabibilangan (De Torre 2000).

Ayon kay Andrew Greeley (1970), isang sosyolohista, ang mabuting pagkakaibigan ay matibay na pundasyon at mabisang sangkap sa maraming uri ng ugnayan sa pagitan ng mga tao sa lipunan. Binibigkis nito ang kaisahan ng kilos at damdamin ng tao sa anumang ugnayan tulad ng ugnayan ng magulang sa anak, ng magkakapatid, magkakatrabaho, mag-asawa, magkakapitbahay, at iba pa. Ang suportang ipinapakita sa pagitan ng magkakaibigan ay nakapagbibigay-lakas at inspirasyon sa panlipunang aspekto ng tao. Napatataas ang antas ng

pagpapahalaga sa sariling pagkakakilanlan kapag may kaibigang tumatanggap at nagtitiwala sa ating mga potensyal at kakayahan. Sa pamamagitan nila, ang ating mga pangarap at layunin sa buhay ay madaling maisakatuparan kapag nararamdaman ang suportang handog ng pagkakaibigan.

Ang epekto ng mabuting pagkakaibigan ng mga taong naninirahan sa lipunan ay malaking impluwensiya sa pagtatamo ng kapayapaan at kaayusan. Halimbawa na lamang ay sa inyong pamayanan. Masaya at tahimik ang barangay na binubuo ng mga pamilyang magkakaibigan. Masasaksihan ang pagtutulungan at damayan sa oras ng pangangailangan. Sa inyong paaralan, kapag namamayani ang diwa ng pagkakaibigan, hindi ba't nakaiiwas sa mga alitan o pag-aaway ng mag-aaral sa kapwa mag-aaral? Ganon din sa ating pamilya, mainam kapag itinuturing ng magulang na kaibigan ang mga anak. Mas nalilinang ang malapit na ugnayang pampamilya kung magkakaibigan ang pagtuturingan. Kailangan lamang na alam ng mga anak ang limitasyon ng pakikitungo sa magulang bilang kaibigan upang mapanatili ang mataas na paggalang sa kanila.

Isang malaking bahagi ng ating tagumpay sa pakikipag-ugnayan sa kapwa ay ang kakayahang umunawa ng kalikasan ng tao na magkakasamang naninirahan sa iisang lipunan. Sa India halimbawa, may isang pangkat ng tribu na kung tawagin ay Sioux Indian ang naniniwala sa batas ng pakikipagkapwa at pakikipagkaibigan na nagsasaad na: "Hindi nararapat na ating husgahan ang kapwa hangga't hindi natin naisusuot ang kanilang *moccasin* (katutubong sapatos ng India)." Nangangahulugan ito na hangga't wala tayo sa sitwasyon ng ating kapwa at kaibigan ay wala tayong karapatan na sila'y paratangan. Ang paggalang, pagtanggap at pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng bawat tao sa isang lipunan ay sumasakop sa malawak na konsepto ng pakikipagkapwa. Pinatitingkad nito ang pagpapanatili ng kababaang-loob ng isang indibidwal tungo sa mapayapang ugnayan ng mga tao.

Isa sa kritikal na suliranin ng lipunan ay ang kakulangan ng tao ng tiwala sa isa't isa. Hindi natututo ang isang tao na magtiwala dahil hindi sapat ang pakikipagkaibigan sa kanilang buhay. Pinaniniwalaan niya na kung mas magiging malawak at malalim ang pagkakaibigan sa lipunan ay mas magiging malawak at malalim din ang pagtitiwala ng mga tao rito. Ang suliranin tungkol sa hindi pagkakapantay-pantay, hidwaan at maging ang polusyon na kinakaharap ng lipunan

sa kasalukuyan ay malulunasan kung magkakaroon ng pagbabago sa pananaw at pag-uugali ng mga taong namumuhay rito; taong ang lakas at tiwala ay nag-uugat sa malakas na suporta ng pagkakaibigan, may kakayahang magtiwala sa kaniyang kapwa at may kakayahan ding makakuha ng tiwala mula sa lahat ng taong kaniyang nakasasalamuha. Hindi sinasabi na pagkakaibigan lamang ang makapagpapabago sa lipunan ngunit masasabing imposible ang pagbabago at pagiging perpekto ng lipunan kung wala ang pagkakaibigan. Hindi mananaig ang lipunan kung walang pagkakaibigan at hindi mananaig ang pagkakaibigan kung walang lipunan.

Mga Sangkap sa Pagkakaibigan

Malalim na natalakay sa itaas ang halaga ng pagkakaibigan at ang benepsiyong makukuha rito. Sa bahaging ito naman ay ating pag-usapan kung ano ba talaga ang pangunahing sangkap sa pagkakaibigan. Ano ba talaga ang kinakailangan upang mapagtagumpayan ng isang tao ang pagbuo ng pagkakaibigan? Iyong basahin ang sumusunod hango sa aklat ni James at Savary na *The Heart of Friendship* (1976).

1. *Presensiya.* Ang pagkakaibigan ay lumalago dahil sa presensiya ng isa't isa. Ang magkaibigan ay nangangailangan ng panahon na magkasama, ng pisikal na presensiya. Iba ang kasiyahan na nararamdaman kapag alam mo na ang iyong kaibigan ay palaging nariyan lalo na sa mga panahon na kailangan mo siya. Katanggap-tanggap na maaari ding iparamdam ang presensiya sa pamamagitan ng sulat, tawag sa telepono o sa pagbibigay ng regalo. Ngunit hindi pa rin ganap na mapapalitan nito ang presensiya ng isang kaibigan lalong-lalo na sa panahon ng suliranin.
2. *Paggawa ng bagay nang magkasama.* Maraming pagkakaibigan ang nagsisimula sa pagitan ng mga taong naglalaro o gumagawa nang magkasama. Ang paggawa ng maraming bagay nang magkasama ay daan din upang magkaroon ang magkaibigan ng oras para sa isa't isa. Halimbawa, ang dalawang tao na laging magkasama sa paglalaro ng basketbol ay maaaring makabuo ng pagkakaibigan dahil makikita na mayroong isang bagay na kanilang parehong gusto o kinagigiliwang gawin na magiging daan upang sila ay lalong

maging malapit sa isa't isa. Sa mga ganitong pagkakataon ay magkasabay na pinahahalagahan ang bagay na kinahihiligang gawin at ang kaibigan.

3. *Pag-aalaga.* Sa pagitan ng magkakaibigan, ang pag-aalaga ay nangangahulugang pagtulong sa kaniyang kaibigan sa kaniyang pag-unlad o paglago. Ito ay lumilitaw sa mga gawaing nagpapakita ng mainit na pagtanggap at pag-aaruga na ginagawa sa isa't isa. Mahalagang maunawaan na ang pag-aalaga ay hindi nangangahulugan ng paggamit sa isang tao upang matugunan ang sariling pangangailangan. Hindi ito nararapat na ihalintulad sa pag-aalaga ng isang magulang sa kaniyang maliit na anak. Maging ang ganitong pag-aalaga ng magulang ay nasusuklian sa panahong ang magulang naman ang mangailangan ng pag-aalaga ng kaniyang anak.

   Ang pag-aalaga ay proseso ng pagtulong sa kaibigan na siya ay lumago at makamit ang kaniyang kaganapan at hindi upang siya ay sanaying maging palaasa. Halimbawa, kapag hindi mainam ang sitwasyon para sa isang kaibigan, kapag mababa ang pagpapahalaga sa sarili, nariyan ang kaibigan upang tulungan siyang maitaas ito; kapag labis ang lungkot at dalamhati ng isa, dapat nariyan ang kaibigan upang siya ay pasayahin.
4. *Katapatan.* Ang katapatan sa pagkakaibigan ay hindi nangangahulugan ng ganap na pagbubukas ng sarili sa kaibigan. Ang katapatan ay hindi nararapat na sumasalungat sa pagiging pribado ng buhay ng isang tao. Maaaring mapanatiling pribado ang buhay ng isang tao kung ito ay kaniyang nanaisin. May mga pagkakataon kasi na nagagamit ang negatibong katangian o karanasang pinagdaanan na naikuwento sa isang kaibigan upang sirain ang isang tao sa pagkakataong ang magkaibigan ay maghiwalay dahil sa hindi pagkakaunawaan. *Kung kaya mahalagang maingatan sa sarili ang ilang bahagi ng kaniyang buhay.* Ang katapatan sa magkakaibigan ay may kalakip na kapwa pagbabahagi ng mga hangarin o pananaw tungkol sa pagkakaibigan. Ang matapat na pagkakaibigan ay may pahintulot na masabi sa isa't isa ang kanilang tunay na niloloob nang hindi mabibigyan nang hindi magandang kahulugan. Nagiging suliranin minsan ang pagtatakip sa katotohanan dahil lamang sa takot na masaktan ang kaibigan. Mas doble ang sakit na maidudulot nang pagtalikod na ito sa katapatan.

5. *Kakayahang mag-alaga ng lihim (confidentiality) at pagiging tapat (loyalty).* Ang isang tunay na kaibigan ay nakahandang ingatan ang lihim ng isa pa. Mahalaga ito upang tunay na makuha ang tiwala ng isang kaibigan. Hindi mahuhubog ang pagkakaibigan kung wala nito. Tunay na iingatan ng isang tao ang isang kaibigang may pagtitimpi na ibahagi sa kapwa ang mga bagay na alam niyang nararapat na manatili lamang sa kaniya dahil siya ay pinagkatiwalaan. Ang pagiging tapat naman sa kabilang dako ay nangangahulugang pagiging handa na ipaglaban ang kaibigan at ang pagkakaibigan at pananatili sa tabi ng kaibigan kahit pa ang lahat ay tumatalikod sa kaniya. May mga pagkakataong darating sa buhay ng isang tao na hindi siya magiging katanggap-tanggap sa marami. Halimbawa, ang isang bata na anak ng isang taong nasa bilangguan dahil sa isang krimen ay kinukundena ng ibang tao. Nilalayuan dahil sa sitwasyong hindi naman siya ang may kagagawan. Ang tunay na kaibigan ay lumalapit lalo na sa panahong ang lahat ay lumalayo.

6. *Pag-unawa sa nilalaman ng isip at damdamin ng iba (empathy).* Ang pag-unawa ay nangangahulugang paglagay ng sarili sa sitwasyong kinalalagyan ng kaibigan. Ito ay nangangailangan ng malinaw na komunikasyon o ugnayan. Madalas na tayo ang naglalagay ng salita sa bibig ng iba kung kaya nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan. Kung hindi malalim ang pag-unawa ng tao sa kaniyang kapwa, hindi rin lalalim ang kanilang pagkakaibigan. Mas madaling maunawaan ang isang tao kung ilalagay mo ang iyong sarili sa kaniyang katayuan. Halimbawa, ang isang taong galit ay maaaring may masabing masasamang salitang maaaring makasakit sa iyong damdamin. Ngunit kung uunawain na madalas ang taong galit ay may nasasabing hindi naman niya tunay na nararamdaman at lumilitaw lamang na bunsod ng galit, maaari itong balewalain o palipasin upang hindi lumalim at maging sanhi ng pagkasira ng pagkakaibigan. Hindi nararapat na magsalubong ang matitinding damdamin. Kailangang matuto ang isa na manahimik at magtimpi sa panahong ito ay kailangan.

Mahalagang pagsikapan ng lahat na maisabuhay ang mga sangkap ng pagkakaibigan na natalakay sa itaas kung tunay na ninanais na magkaroon ng malalim at pangmatagalang pagkakaibigan. Ang pagbuo ng pagkakaibigan ay hindi

madaling proseso, maraming mga pagsubok ang daraan, maraming mga suliranin ang kailangang harapin at maraming mga sakit na mararamdaman.

Isa pang mahalagang sangkap ang kinakailangan upang ganap na makamit ang tunay at wagas na pagkakaibigan, ito ay ang PAGPAPATAWAD.

PAGPAPATAWAD: Batayan ng Kabutihan at Pagmamahal

Minsan, kahit iniingatan ang magandang ugnayan ng pagkakaibigan dumadating sa punto ng hindi pagkakaunawaan. Sumasang-ayon ka ba dito? Sabi nga ni *George Washington*, “Ang tunay na pagkakaibigan ay dumadaan muna sa ilang matitinding pagsubok bago ito ganap na malinang sa malalim na antas ng pakikipag-ugnayan.” Hindi nga natin makikilala nang lubos ang mga kaibigan kung hindi natin mararanasan ang ilang krisis kaugnay sa pakikipagkaibigan. Lahat ay nagkakamali. Ang paghingi ng kapatawaran ay hindi kahinaan kundi kalakasan ng isang tao. Kailangan ang lakas ng loob sa pag-amin ng kamalian. Ang mabuting pagkakaibigan ay marunong tumanggap sa katotohanan, handang ipakita ang kababaang-loob at magpatawad. Sapagkat nararapat lamang na sabihin at tanggapin na ang isa sa atin ay nagkamali, makababuti sa pakiramdam na malaman natin na ang isang kaibigan ay may pagnanais na maiayos at mapanatili ang binuong pagkakaibigan sa matagal na panahon.

Tandaan na mahalagang magkaroon ng kaisahan ang puso ng magkaibigan na makikita sa pagkakaroon ng kaisahan (*harmony*) ng kanilang pag-iisip at sa maingat na pag-aalaga sa isa’t isa. Ngunit ang pagkakaroon ng kaisahan ng puso ay nangangailangan ng kakayahang maibalik ang ibinibigay ng kapwa (*reciprocity*). Maaaring magmahal ang tao nang hindi naghihintay ng kapalit. Ito ang tunay na kailangan upang masabing walang kondisyon ang pagmamahal na ibinibigay. Ngunit upang matawag mong kaibigan ang isang tao, kailangang kinikilala ka ring kaibigan ng taong ito. Kung iisa lamang ang nagmamahal, hihinto ang pagkakaibigan. Minamahal natin ang ating kaibigan katulad ng pagmamahal natin sa ating sarili ngunit hindi nararapat na mas mataas pa o mas mababa pa rito. Ang pagtingin sa tunay na pagkakaibigan ay hindi tumitingala o yumuyuko sa kaibigan, tinitingnan mo siya at kayo ay nakatingin sa iisang direksiyon, patungo sa kabutihan; gamit ang kabutihan at pagmamahal ng Diyos bilang gabay.


Kaibigan, handa ka na bang maglakbay patungo sa malalim at makabuluhang pagkakaibigan?

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Ano ang tunay at malalim na kahulugan ng pakikipagkaibigan?
2. Bakit mahalaga ang pakikipagkaibigan?
3. Ano-ano ang uri ng pagkakaibigan at katangian ng mga ito? Ipaliwanag.
4. Paano mapauunlad ng pagkakaibigan ang pagkatao? ang pakikipagkapwa? ang lipunan?
5. Paano makabubuo ng tunay at malalim na pagkakaibigan?
6. Ano ang nararapat na pinakamahalagang layunin sa pakikipagkaibigan?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Ano ang Batayang Konsepto na nahinuha mo sa Modyul? Gabay mo ang sagot sa mahalagang tanong na: Ano ang kabutihang maidudulot ng pakikipagkaibigan? Bakit mahalaga ang pagpapatawad? Isulat sa kuwaderno ang sagot gamit ang *graphic organizer* sa ibaba.



Ang pagpapatawad ay _____
_____
_____

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gawain 1

Wanted: Best Friend

1. Gumawa ng isang Wanted: *Best friend Poster*. Gawin ito sa ikaapat na bahagi ng isang cartolina.
2. Maaari itong lagyan ng mga larawan na nagpapakita ng mga pangyayari na nais mong maranasan sa isang kaibigan (hal. nagbabasa sa library, naglalaro ng chess na magkasama, nagpapasaya ng mga bilanggo o mga matatanda sa "home for the aged," o nagsisimba nang magkasabay.)
3. Itala dito ang mga mabubuting katangian na iyong hinahanap sa isang matalik na kaibigan.
4. Gamitin ang pagiging malikhain sa paggawa nito.
5. Maaaring ibahagi ang ginawang panawagan sa social networking site tulad ng facebook, twitter at iba pa. Maaari din namang ilagay ito sa silid-aralan.
6. May inihandang halimbawa para sa iyo.

Halimbawa ng Wanted: Friendship Poster batay sa paglalarawan

Halimbawa: May larawan ng dalawang magkaibigan na sabay sa pagsimba o pagpasok sa paaralan

Nakasulat sa ibaba ang magagandang katangian:

Hal.: maunawain, matulungin, mahusay maglaro ng chess at iba pa

Gawain 2

Recipes ng Pagkakaibigan

1. Gumawa ng sariling recipe ng pagkakaibigan. Itala rito ang mga mahahalagang sangkap na kailangan upang maging malalim at makabuluhan ang pagkakaibigan.
2. Gamitin ang mga terminolohiya na ginagamit sa mga recipe, katulad ng: isang tasa, isang kilo, isang kutsara, at iba pa.
3. May inihandang halimbawa para sa iyo.

4 na tasa ng pagmamahal
2 tasa ng katapatan
3 tasa ng pagpapatawad
1 tasa ng pagkakaibigan
6 kutsara ng pag-asa
2 kutsara ng lambing
Isang bariles ng tawanan
Walang limitasyong sigla at pag-unawa



Paghalu-haluin nang mabuti ang lahat ng mga sangkap.

Gamitin nang panghabambuhay sa lahat ng mga makakasama.

4. Ibahagi ang nagawang recipe sa networking site o kaya naman ay sa diyaryo ng paaralan. Maaari din naman gumawa ng maraming kopya nito at ibigay sa lahat ng mga kakilala.

Pagninilay

Friendship Chain

1. Gumupit ng papel na may sukat na 1 x 6 na pulgada. Maaari ding gumamit ng papel na may kulay.
2. Magtala sa isang papel ng lahat ng mga pagkatuto sa aralin tungkol sa pagkakaibigan. Gamitin ang mga gabay na tanong:
   a. Ano ang mga natutuhan tungkol sa tunay at malalim na kahulugan ng pagkakaibigan?
   b. Ano ang mga natutuhan na pamamaraan sa pagpapaunlad ng pagkakaibigan?
   c. Ano ang mga natutuhan na tulong ng pagkakaibigan sa sariling pag-unlad, sa pag-unlad ng kapwa at ng lipunan?



3. Matapos ay isulat ang mga ito nang isa-isa sa mga piraso ng papel na ginupit. Tiyakin na isang konsepto lamang ang nilalaman ng isang papel.
4. Pagkatapos ay gumamit ng glue o stapler upang mapagdugtong-dugtong ang mga piraso ng papel upang maging isang chain.
5. Tiyakin na ang nakalabas na bahagi ay yaong may nakasulat na konsepto.

Pagsasabuhay

Panuto: Balikan ang ginawang Recipe ng Pagkakaibigan. Lumikha ng isang *Friendship Log.*

1. Gamitin ito upang maitala ang mga karanasan kung saan nasubok ang pagsasabuhay ng mga “sangkap ng pagkakaibigan” na naitala sa unang gawain.

2. Tiyakin na mga *tunay* na karanasan lamang ang itatala rito.
3. Itala rin dito ang mga tiyak na hakbang na ginamit upang ganap na maisabuhay ang sumusunod na sangkap na naitala.
4. Gamiting gabay ang halimbawa sa kanan.
5. Gawin ang gawaing ito sa loob ng dalawang linggo.
6. Pagkatapos ng dalawang linggo ay sumulat ng pagninilay mula sa naging karanasan sa isinagawang gawain.

Katapatan

Nakarating sa aking kaalaman at akin ding napatunayan na ang isang lalaki na nanliligaw sa aking kaibigan ay mayroon ng ibang kasintahan. Alam kong magiging masakit para sa kaniya na ito ay malaman dahil ramdam ko na may pagtingin na rin siya rito. Sa kabila ng sakit, alam kong nararapat lamang na malaman niya ang katotohanan upang hindi siya mas lalong masaktan.

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Kagamitan:

- lumang magazine, mga retaso ng tela, mga makulay na papel, stickers, tuyong dahon para sa scrapbook page
- larawan ng mga kaibigan noon at ngayon
- piraso ng papel na may sukat na 1 x 6 na pulgada
- glue o stapler
- papel na may disenyo para sa recipe ng pagkakaibigan
- panulat
- cartolina
- marker at pangkulay
- notebook o diary para sa friendship log

Mga Sanggunian

Agapay, R.B. (2008). *Ethics and the Filipino*. Mandaluyong City: National Book Store.

Babor, E. R. (2006). *Ethics: the philosophical discipline of action*. Manila: Rex Book Store Inc.

Corpuz, R. M. et al. (2007). *Ethics: Standard of human conduct*. Intramuros, Manila Philippines : Mindshaper's Co. Inc.

Gomez, F.O.P. (1991). *Social Ethics: doctrine and life*. Manila: Social Research Center and UST Press.

Isaacs, D. (2001). *Character Building*. Portland Oregon: Four Courts Press.

Mc Ginnis, A.L. (2000). *The friendship factor*. Diliman Quezon City Philippines : Kadena Books Claretian Publications Inc.

Montemayor F. M. (2008). *Ethics: the philosophy of life*. Mandaluyong City Philippines: National Book Store.

Pogrebin, L.C. (1987). *Among friends*. California USA: Mc Graw–Hill Book Company.

Reyes, R. C. (2009). *Ground and norm of morality*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Ilang Konseptong Ibinatay sa Web:

http://www.gradesaver.com/aristotles-ethics/study-guide/section8/
http://www41.homepage.villanova.edu/donald.burt/friendship/04.htm
http://www.canlearn.com/guides/5-5139.pdf

Modyul 7: EMOSYON

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?



Sa mga nakaraang modyul, natuklasan mo ang iba't ibang pamamaraan ng pakikipagkapwa tungo sa pagpapaunlad ng iyong pagkatao at pagtamo ng isang mapayapang lipunan. Sa pagkakataong ito, pag-uusapan naman natin ang mga paraan upang mapanatili nating mapayapa ang ating ugnayan sa sarili at sa kapwa tungo sa makabuluhang pakikipagkapwa.

Naranasan mo na bang tumalon dahil sa isang magandang balita? O maiyak dahil sa larawan ng isang batang may kanser? O makapagpasalamat dahil sa galak? Ikaw, na sa sobrang kaba ay hindi mo nasagot ang mga tanong ng iyong guro? Ito ay iilan lamang sa mga pagkakataon na nagpapakita ng paraan ng pagpapahayag ng emosyon. Ikaw, napamamahalaan mo ba nang maayos ang iyong emosyon? Kung hindi, ano ang idinulot nito sa iyo at sa iyong pakikipagkapwa? Paano mo mapamamahalaan nang wasto ang iyong emosyon upang mapagbuti mo ang iyong ugnayan sa iyong kapwa?

Sa pamamagitan ng modyul na ito, inaasahan na makakamit ng mga kabataang tulad mo ang malalim na pag-unawa sa emosyon at ang kahalagahan ng pagtataglay ng mga birtud upang mapamahalaan ito nang wasto tungo sa mapanagutang pakikipagkapwa. Inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Ano ang kabutihang naidudulot ng pamamahala ng emosyon? Bakit mahalaga ang katatagan (*fortitude*) at kahinahunan (*prudence*)?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Natutukoy ang magiging epekto sa kilos at pagpapasiya nang wasto at hindi wastong pamamahala ng mga pangunahing emosyon

b. Nasusuri kung paano naiimpluwensyahan ng isang emosyon ang pagpapasiya sa isang sitwasyon na may krisis, suliranin o pagkalito

c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin

d. Naisasagawa ang mga angkop na kilos upang mapamahalaan nang wasto ang emosyon

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

1. Nasuri ang pamamahala sa mga pangunahing emosyon sa pagpapaunlad ng ating pakikipagkapwa sa pamamagitan ng SWOT *Analysis*
2. Nakamungkahi ng pamamaraan upang mapamahalaan ang mga emosyong nagdudulot ng suliranin sa sarili at pakikipagkapwa
3. May nabuong mga tiyak na hakbang upang mapamahalaan nang wasto ang emosyon.



Paunang Pagtataya

Gawain 1

Panuto: Basahin at unawain ang bawat aytem. Isulat lamang ang titik ng napiling sagot sa iyong kuwaderno.

1. Nalilito si Roel kung anong kurso ang kukunin niya sa kolehiyo bagama't nakapasa siya sa pagsusulit para sa iba't ibang kurso. Sa ganitong pagkakataon, ano ang pinakamainam niyang gawin upang mapili niya ang angkop na kurso para sa kaniya?

   a. Magtanong at humingi ng payo sa mga nakatatanda
   b. Pumili alinman sa mga kurso dahil naipasa naman niya ang pagsusulit
   c. Huwag munang mag-aral sa kolehiyo upang makapaglaan ng mahabang panahon sa pag-iisip

d. pag-isipan at pag-aralang mabuti ang desisyon na gagawin upang hindi magsisi sa huli

2. Nagalit ka sa iyong kaibigan dahil nalaman mo na nililigawan niya ang iyong kasintahan. Pakiramdam mo ikaw ay nainsulto sa kaniyang ginawa. Isang araw nakasalubong mo sila na masayang magkasama. Pinigilan mo ang iyong sarili upang kausapin sila. Umiwas ka na muna dahil sa iyong palagay ay hindi angkop ang oras na iyon para sa pag-uusap dahil matindi pa rin ang iyong galit sa kaibigan mo.

   Ano ang kabutihang idudulot ng ginawang pagtitimpi (*temperance*)?

   a. nakaiiwas sa pananakit sa sarili at sa kapwa
   b. napatutunayan ang kabutihan ng sarili sa iba
   c. nahaharap ang matinding pagsubok sa buhay
   d. nakaiiwas sa pag-iisip ng solusyon sa suliranin

3. Sa tuwing tayo ay nakararanas ng krisis sa buhay dala ng negatibong emosyon mahalaga na tayo ay magrelax. Alin sa sumusunod ang hindi magandang paraan ng pagre-relax?

   a. paglakad-lakad sa parke
   b. paninigarilyo
   c. pagbabakasyon
   d. panonood ng sine

4. Ito ay kagyat na tugon o reaksyon ng tao sa mga bagay na kaniyang nakita, naramdaman, naamoy, nalasahan, at narinig na binibigyan ng interpretasyon ng kaniyang pag-iisip.

   a. kilos
   b. mood
   c. emosyon
   d. desisyon

5. Gabi na nang makauwi si Ana mula sa praktis nila para sa gagawing pagtatanghal sa paaralan. Habang siya ay naglalakad sa madilim na kalsada nakarinig siya ng kaluskos sa kung saan. Siya ay nagulat at nakaramdam ng takot. Tinalasan ni Ana ang kaniyang pandinig at binilisan ang kaniyang paglalakad upang mas madali siyang makarating sa kanilang bahay. Ano ang idudulot nito sakaling maranasan niya muli ang ganitong sitwasyon?

   a. makapag-iingat si Ana

b. mapoprotektahan na ni Ana ang sarili

c. hindi na muling dadaan si Ana sa madidilim na kalsada

d. makaiiwas sa mga nakatatakot na sitwasyong maaaring maranasan muli

6. Pangarap ni Joey na maging katulad ang kaniyang hinahangaang guro. Ngunit sinasabi ng kaniyang magulang kung siya ay magiging Accountant ay madali siyang aasenso gaya ng kaniyang pinsan na ngayon ay nasa ibang bansa. Malungkot si Joey sa di pagsang-ayon ng kaniyang magulang sa nais niya. Ngayon na siya ay nasa unang taon sa kolehiyo sa kursong Accountancy nakita niya na angkop ang kaniyang kakayahan sa kursong ito. Komportable siya sa kaniyang mga ginagawa. Ano ang nakapagpabago sa kalagayan ng kaniyang emosyon?

a. ang kaniyang mood

b. ang naparaming nararamdaman

c. ang mga pagsubok na naranasan

d. ang dikta ng kaniyang isip

7. Ito ay nagbibigay palatandaan sa ibang tao ng tunay mong nararamdaman

a. ang ating mga opinyon

b. ang ating mga kilos o galaw

c. ang ating ugnayan sa kapwa

d. ang mabilis na pagtibok ng ating puso

8. Nasaktan mo ang iyong kapatid dahil ginamit niya ang iyong bag na walang paalam. Ano ang idinulot ng iyong kilos?

a. nailabas mo ang iyong sama ng loob

b. hindi na niya inulit ang kaniyang ginawa

c. gumaan ang iyong loob dahil ikaw ay nakaganti

d. nagkaroon ng suliranin sa ugnayan sa iyong kapatid

9. Paano ka makaiiwas sa pananakit ng taong dahilan ng iyong galit?

a. suntukin na lamang ang pader

b. kumain ng mga paboritong pagkain

c. huwag na lamang siyang kausapin muli

d. isipin na lamang na sadyang may taong nakasasakit ng damdamin ng iba

10. Kinausap ng kaniyang guro si Hilda na kailangan niyang dagdagan pa ang kaniyang pagsisikap upang makakuha ng mataas na marka sa susunod na markahan. Ito ay dahil hindi naging kasiya-siya ang kaniyang grado sa nakaraan. Nag-aalala ng lubos si Hilda dahil baka hindi siya makapasa. Sa ganitong pagkakataon, anong pagpapahalaga ang dapat patibayin upang mapagtagumpayan ang pagsubok na ito?

    a. sumuko at umulit na lamang sa susunod na taon
    b. tanggapin na lamang na sadyang may pangyayaring gaya nito
    c. magkaroon ng katatagan ng loob at maniwala na kakayanin niya ito
    d. humingi ng paumanhin sa guro sa naging pagkukulang sa klase

Gawain 2

Panuto: Ang bawat tao ay may iba't ibang sitwasyong hinaharap. May sarili rin siyang paraan kung paano niya ito haharapin at kung ano ang emosyong ipakikita. Tukuyin mo ang emosyon na angkop sa bawat sitwasyon. Piliin ang sagot mula sa kahon sa ibaba. Isulat sa iyong kuwaderno ang iyong mga sagot.

Mga Pahayag	Emosyon
1. Naku! Hindi pa ako tapos sa aking proyekto. Ipapasa na ito bukas.	
2. Ano ang gumugulo sa isip mo? May maitutulong ba ako?	
3. Tiyak na matutuwa si Nanay! Matataas ang marka ko!	
4. Naniniwala ako na kayang-kaya mong mapanalunan ang premyo sa sinalihan mong paligsahan.	
5. Huwag ka ngang maingay! Nakikita mong may ginagawa ako.	
6. Malapit nang umuwi si Tatay. Ano kaya ang kaniyang pasalubong?	
7. Sobrang trapik naman dito! Hindi na ako makakahabol sa aking klase.	

8. Mother's Day na sa Linggo. Sorpresahin natin si Nanay.	
9. Naku! Nandyan na naman ang laging nanunukso sa akin. Huwag ninyo akong ituturo sa kaniya.	
10. Akala mo naman kung sino ka! Huwag ka ngang mayabang!	

Mga Pangunahing Emosyon

Pagmamahal	Katatagan	Pagkatakot
Pag-asam	Pagkamuhi	Pagkagalit
Pagkagalak	Pag-iwas	Kawalan ng pag-asa
Pag-asa	Pighati	




B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN


Gawain 1: Pagsusuri ng epekto ng emosyon sa kilos at pagpapasiya

Panuto:

1. Gunitain ang mga sitwasyon sa sariling buhay na naging dahilan ng iba't ibang emosyon na iyong naramdaman. Isulat ang bawat sitwasyon sa loob ng kahong katapat ng bawat emosyon.
2. Sa kanan ng sitwasyon isulat ang epekto nito sa iyong kilos.
3. Maaaring gawing gabay ang sumusunod na tanong sa pagsagot sa gawain.
   a. Anong mahalagang pangyayari o sitwasyon sa iyong buhay ang naging dahilan upang maramdaman ang mga pangunahing emosyon?
   b. Ano ang magiging epekto ng iyong emosyon sa iyong kilos at pagpapasiya?

4. Gawing gabay ang *format* sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.





5. Pagkatapos maitala ang iyong mga sariling karanasan at epekto sa kilos ng iyong emosyon ay magkakaroon ng *Pangkatang Gawain*. Ang bawat pangkat ay binubuo ng limang miyembro lamang upang mabigyan ng pagkakataon ang lahat na makapagbahagi.

   Sagutin ang sumusunod na tanong sa inyong pangkat.

   a. Ano ang maaaring maging epekto ng iyong naging damdamin sa iyong mga kilos at pasiya?

   b. Batay sa iyong mga sagot, napamahalaan mo ba nang wasto ang iyong emosyon? Magbigay ng halimbawa.

   c. Sakaling hindi mo napamahalaan nang wasto ang iyong emosyon, ano ang posibleng idulot nito sa iyo at sa iyong pakikipagkapwa?

   d. Ano ang iyong natuklasan pagkatapos nakapagbahagi ang lahat ng miyembro ng iyong pangkat? Ipaliwanag.

6. Pagkatapos ng pagbabahagi sa bawat pangkat maghanda para sa maikling pag-uulat sa klase.

Gawain 2: Pagsusuri sa Emosyonal na Kagalingan *(ni Jeanne Segal)*

Kadalasan, nagkakaroon ka ng suliranin sa pakikitungo at pakikipag-ugnayan sa mga taong iyong nakakasama sa iba't ibang gawain (hal., kamag-aral, kaibigan at pamilya). Maaaring ito ay dahil sa paraan ng iyong pagpapahayag ng iyong emosyon. Natanong mo na ba sa iyong sarili kung bakit? Ang gawain na ito ay maaaring makatulong sa iyo upang masuri ang iyong kakayahang emosyonal upang higit mong maunawaan ang kahalagahan ng pagkakaunawa sa sariling emosyon at sa iba at sa gayon ay mapanatili ang magandang ugnayan mo sa iyong kapwa. Handa ka na ba?

Panuto:

1. Suriin ang bawat aytem at tukuyin kung kalimitan, paminsan-minsan o bihira mong nararamdaman o nagagawa ang mga ito.

2. Lagyan ng tsek ang angkop na kolum. Gawing gabay ang halimbawa sa unang bilang. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

Talaan ng damdamin at kilos	Kalimitan	Paminsan-minsan	Bihira lamang
1. Nakatuon ang aking buong atensyon sa taong kausap.		✓	
2. Ako ay hindi nababahala sa negatibong emosyong nararamdaman ng iba.			
3. Madali kong maramdaman na may bumabagabag sa aking kapwa o mahal sa buhay.			
4. Hindi ako nababahala sa tuwing nakararamdam ako ng kalungkutan, kagalakan, galit at takot.			
5. Binibigyan ko ng atensyon ang aking nararamdaman tuwing ako ay gumagawa ng pasiya.			
6. Madali kong maipahayag ang aking damdamin sa iba.			
7. Madaling bumaba ang lebel ng aking stress.			
8. Nalilibang ako tuwing ako ay laging tumatawa, naglalaro at nakikipagbiruan.			
9. Hindi ako mapakali kung mayroong hindi pagkakaunawaan sa iba.			
Iskor			

3. Bilangin ang iyong mga sagot sa bawat kolum at tukuyin kung aling kolum ang may pinakamaraming tsek, ang pangalawang pinakarami, at alin ang pinakamababa.

4. Ibahagi ang resulta sa klase.

5. Matapos malaman ang resulta sa gawaing ito ay sagutin ang sumusunod na tanong:
   a. Ano ang iyong natuklasan pagkatapos mong nalaman ang resulta ng iyong pagsusuring ginawa?
   b. Paano makatutulong ang resulta ng iyong ginawang pagsusuri sa pamamahala mo sa iyong emosyon?
   c. Ano ang epekto sa iyong ugnayan sa iyong kapwa kung bihira mo lamang ginagawa ang karamihan ang mga nasa talaan?
   d. Kung mapamamahalaan mo nang wasto ang iyong emosyon, ano ang kabutihang dulot nito sa iyo at sa iyong pakikipagkapwa?

Ang pagkakaroon ng hidwaan sa iyong kapwa ay bahagi lamang ng buhay ngunit may malikhain at hindi marahas na pamamaraan upang malutas ang hidwaang ito.

Peace Education Core



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA


Marahil ay madalas mong marinig sa iba ang mga katagang “Kailangan mong ilabas ang iyong nararamdaman upang malaman nila kung ano ang nasa saloobin mo.” Sang-ayon ka ba dito? Ginagawa mo ba ito? Paano naiimpluwensiyahan ng iyong emosyon ang iyong kilos at pagpapasiya?


Gawain 1 (Pangkatang Gawain)


Panuto:


1. Bumuo ng tatlong miyembro sa bawat pangkat.
2. Basahin ang bawat sitwasyon sa loob ng speech balloon.
3. Isaisip na sa inyo nangyayari ang sitwasyon. Bigyan ang bawat isa ng gampanin sa magiging pag-uusap.


4. Buuin ang usapan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga pahayag upang maipakita ang iyong magiging damdamin kung maharap ka sa ganitong sitwasyon. Gawing gabay ang unang bilang.
5. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.
6. Matapos na masagutan, ibabahagi ang mga sinulat sa *speech balloon* sa klase.






3
Binabati kita! Ikaw ang napili sa inyong pangkat upang magsanay at maging isa sa mga peer counselors. Ipinagmamalaki kita.


4
Huling-huli kita sa akto. Nakita talaga kita na kinukuha mo ang pitaka ng kaklase natin sa kaniyang bag. Huwag kang magkakaila!


5
Salamat sa iyong tulong. Hindi ko talaga alam ang gagawin ko kung wala ka kanina. Tunay ka talagang kaibigan!

7. Sagutin ang sumusunod na tanong pagkatapos ng pagbabahagi.
    a. Angkop ba ang iyong mga naging damdamin sa bawat sitwasyon? Patunayan.
    b. Batay sa iyong mga sagot, masasabi mo bang napamahalaan mo nang maayos ang iyong emosyon?
    c. Ano ang naitutulong ng iyong damdamin sa iyong pagpapasiya lalo na sa panahon na ikaw ay nakararanas ng krisis, suliranin, o pagkalito?
    d. Paano nakatutulong ang pamamahala ng emosyon sa iyong pagkatao? Sa iyong pakikipagkapwa? Patunayan sa pamamagitan ng isang karanasan.

Gawain 2

Panuto:

1. Sa gawaing ito, gunitain ang hindi malilimutang karanasan at damdamin. Magbigay ng tatlong magkakaibang karanasan na nagdulot ng iba't ibang emosyon.
2. Sa unang hanay, isulat ang karanasan (maikling paglalarawan lamang).
3. Isulat sa ikalawang hanay ang hindi malimutang emosyon.
4. Isulat sa ikatlong hanay ang iyong ginawa dahil sa hindi malilimutang emosyon.
5. Sa ikaapat na hanay, isulat kung bakit mo ginawa ang nasa ikatlong hanay.
6. Isulat sa ikalimang hanay ang iyong natutuhan mula sa pangyayari.
7. Maging matapat at makatotohanan sa iyong mga sagot.
8. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

Karanasan	**Hindi malimutang Emosyon**	**Anong ginawa?**	**Bakit ginawa?**	**Mga pagkatuto sa pangyayari**
Halimbawa: Nasira ang damit na hiniram sa kapatid	Pag-aalala at Pagkatakot	Inilihim sa kapatid	Upang hindi magalit ang kapatid	Magiging maingat sa mga hinihiram na gamit
1.				
2.				
3.				

9. Sagutin ang sumusunod na tanong.

   a. Bakit hindi mo makalimutan ang mga damdaming iyong tinukoy?
   b. Paano mo nabigyan ng solusyon ang mga negatibong damdamin?
   c. Papaano naiimpluwensiyahan ng iyong emosyon ang iyong mga kilos at pagpapasiya?
   d. Nakababuti ba ito sa iyong ugnayan sa sarili at sa iyong kapwa? Ipaliwanag.
   e. Ano-anong mga birtud at pagpapahalaga ang dapat na isaalang-alang sa tuwing nararamdaman ang mga ganitong emosyon upang hindi na magdulot nang pagkasira ng iyong relasyon sa iyong kapwa?

Nauunawaan mo na ba ang magiging epekto sa iyong kilos at pagpapasiya nang wasto at hindi wastong pamamahala ng iyong emosyon? Napagtanto mo na ba kung paano naiimpluwensiyahan ng iyong emosyon ang iyong kilos at pagpapasiya?



D. PAGPAPALALIM

Ang Emosyon

Ang buhay ay punong-puno ng makukulay na karanasan at pakikipag-ugnayan na nagbibigay-sigla at kahulugan dito. Mula sa mga karanasang ito ay napukaw ang iba't ibang emosyon at damdamin. Sa pilosopiya ni Scheler (Dy, 2007) ang damdamin ang pinakamahalagang larangan ng pag-iral ng tao. Ang aspektong emosyonal ng tao, katulad ng pagdamdam, paggusto, pagmamahal at pagkapoot ay hindi nababatay sa katwiran o anopaman. Ang damdamin, ibig sabihin, kagyat na may kaugnayan ito sa mga obhetong tinatawag na mga *pagpapahalaga*. Kagyat na ibinibigay ang mga pagpapahalaga sa atin sa mismong pagkilos ng paggusto, ng pinakapangunahing kilos ng pagmamahal at pagkapoot, at samakatuwid hindi na nangangailangan ang mga ito ng isang kaisipang namamagitan sa kanila. Nadarama muna ang mga pagpapahalaga bago nahuhusgahan ang mga ito.

Hindi basta-bastang nakokontrol o napamamahalaan ang mga damdamin; di tuluyan ang pagkontrol o pamamahala sa mga ito, sa pamamagitan ng pagkontrol ng kanilang mga sanhi o epekto (pagsasakatawan, kilos). Sang-ayon sa lohiko ng damdamin ni Pascal, isinasalarawan ni Scheler ang kaayusan at magkakaibang antas ng buhay-damdamin ng tao.

May apat na uri ng damdamin:

1. *Pandama (sensory feelings).* Ito ay tumutukoy sa limang karamdamang pisikal o mga panlabas na pandama na nakapagdudulot ng panandaliang kasiyahan o paghihirap sa tao. Halimbawa ng mga ito ay pagkagutom, pagkauhaw, kalasingan, halimuyak, panlasa, kiliti, kasiyahan, at sakit. Sa katotohanan, ang kasiya-siya ay higit na naiibigan. Ang ilan ay hinaharap ang hindi kasiya-siya bilang pagsasakripisyo tungo sa pagtatamo ng mas mataas na halaga.

2. *Kalagayan ng damdamin* (*feelings state*). Ito ay may kinalaman sa kasalukuyang kalagayan na nararamdaman ng tao. Halimbawa nito ay kasiglahan, katamlayan, may gana, walang gana.

3. *Sikikong damdamin* ***(****psychical feelings****).*** Ang pagtugon ng tao sa mga bagay sa kaniyang paligid ay naiimpluwensyahan ng kasalukuyang kalagayan ng kaniyang

damdamin. Dahil ang tao ay may likas na kagalingan o kahusayan, at may pagpapahalaga sa mabuti, ang kaniyang dagliang tugon ay maaaring mapagbago ng kaniyang kalooban at pag-iisip tungo sa positibong panlipunang pakikipag-ugnayan. Ilan lamang sa mga halimbawa nito ay sobrang tuwa, kaligayahan, kalungkutan, kasiyahan, pagdamay, mapagmahal, poot.

4. *Ispiritwal na damdamin* **(***spiritual feelings***).** Ayon kay Dr. Manuel B. Dy Jr., ang mga ispiritwal na damdamin ay nakatuon sa paghubog ng pagpapahalaga sa kabanalan tulad ng pag-asa at pananampalataya.

Narito ang talaan ng pangunahing emosyon na hango sa aklat ni Esther Esteban na *Education in Values: What, Why and For Whom*: (1990, ph. 51).

Mga Pangunahing Emosyon	
Pagmamahal (*love*)	Pagkamuhi (*hatred*)
Paghahangad (*desire*)	Pag-iwas (*aversion)*
Pagkatuwa (*joy*)	Pagdadalamhati (*sorrow)*
Pag-asa (*hope*)	Kawalan ng pag-asa (*despair*)
Pagiging matatag (*courage*)	Pagkatakot (*fear*)
	Pagkagalit (*anger)*

Ang mga emosyon sa unang hanay ay nakasisiya ngunit nangangailangan ng wastong pamamahala. Bagaman natuwa ka sa nakita mong tsokolate sa inyong refrigerator ngunit alam mo na hindi sa iyo ito kaya hindi mo ito dapat na kainin. Mahalaga na ikaw ay makapagtimpi at makapagpigil sa pagkuha nito.

Ang mga emosyon sa ikalawang hanay ay nagpapahirap sa damdamin dahil ito ay nakatatakot, nakalulungkot at nagdudulot ng sakit sa kalooban ng tao. Maraming mga mag-aaral na ayaw nang subukang mag-aral sa kolehiyo dahil nahihirapan silang tustusan ang kanilang pinansiyal na pangangailangan. Mas pipiliin nilang makapagtrabaho pagkatapos ng Baitang 10. Natatakot silang hindi rin makapagtatapos. Sa ganitong pagkakataon ay kailangan ang katatagan ng loob (*fortitude*) upang malampasan ang hirap at takot na nararamdaman. Ang birtud na ito ay nagbibigay ng kakayahan sa tao na malampasan ang kahirapan, labanan ang mga tukso at pagtagumpayan ang mga balakid tungo sa higit na maayos na

pamumuhay. Napakahalaga na pinag-iisipang maigi ang gagawin lalo na sa panahon na nawawalan ka na ng pag-asa at pilit na iniiwasan ang pangyayari dala nang bigat ng suliranin at hindi alam kung ano ang gagawin. Ikaw ay nakararanas ng krisis at pagkalito. Hindi mo na alam ang iyong gagawin. Ikaw ay nagalit sa iyong matalik na kaibigan dahil narinig mong sinisiraan ka niya. Iniisip mo na gantihan siya. Mahalaga na maging mahinahon, pagnilayan ang sitwasyon at pag-isipang mabuti ang pinakamainam na gawin upang maiwasan ang pagsisisi sa huli. Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, ang matalinong paghusga ay hindi lamang tumutukoy sa kung ano ang dapat gawin ng tao sa pagharap sa mga krisis sa buhay, kung hindi kakayahang makagawa ng pasiya sa napapanahong paraan.

Sa pamamagitan ng emosyon, naipamamalas ng tao ang kaniyang pagpapahalaga sa mga bagay sa kaniyang paligid – tulad ng mga bagay na kaniyang nakikita, naririnig, nalalasahan, naaamoy, nadarama at nararanasan. Kung kaya't ito ay nararapat na mapamahalaan nang wasto upang magdulot ito ng maganda sa sarili at ugnayan sa kapwa.

Ang katatagan ng loob ang nagbibigay ng kakayahan sa tao na malampasan ang kahirapan at labanan ang mga tukso upang mapagtagumpayan ang mga balakid sa buhay.

Ayon kay Feldman (2005, ph.346), sa pamamagitan ng emosyon ay:

a. *Nababatid ng tao ang nangyayari sa kaniyang paligid at nabibigyan ito ng katuturan ng kaniyang isip.* Kung ikaw ay binantaan ng iyong kamag-aral na sasaktan paglabas ng paaralan ang karaniwang mararamdaman ay takot. Dahil sa naramdaman mong takot ikaw marahil ay agad na aalis upang hindi na kayo magpang-abot.
b. *Nakatutukoy ng higit na angkop na kilos kung sakaling maramdaman muli ang damdamin.* Nakapag-iingat at nakaiiwas ang tao sa posibleng panganib na dala ng sitwasyong nararanasan sa sarili at sa kapwa.
c. *Nagagamit sa pakikipagkomunikasyon at pakikipag-ugnayan sa kapwa.* Ang pagpapahayag ng emosyon ay maaaring marahan o lantad tulad ng ekspresyon ng iyong mukha, pagsuntok sa pader, pag-iyak, o pagtawa nang malakas. Sa pamamagitan ng emosyon, naipababatid natin ang tunay nating nararamdaman at naipahihiwatig ang mga pangangailangan natin at inaasahan mula sa iba.

Ang mga emosyon na hindi napamamahalaan ay maaaring hindi maganda ang impluwensiya sa ating mga kilos at pagpapasiya sa sitwasyong may krisis, suliranin o pagkalito. Ngunit hindi lahat ay sapat ang kakayahan upang mapamahalaan ang kanilang emosyon. Nabalitaan mo ba ang isang mag-aaral na nakasakit ng kamag-aral dahil sa selos? O kaya'y ang isang tatay na nagmukmok na lamang sa bahay nang matanggal ito sa trabaho? Ilan lamang ito sa mga pagkakataon na hindi napamamahalaan nang maayos ang emosyon kung kaya't nagbubunga ang mga reaksyong hindi maganda sa sarili at sa pakikipagkapwa. Ito ang dahilan kung bakit kailangan ng tao ng *literasiya* sa kaniyang emosyon. Ayon kay Seeburger, F. (1997, ph.30), ang literasiyang pandamdamin ay tumutukoy sa dalawang bagay. Una, kakayahang alamin at unawain ang mga sariling emosyon; at pangalawa, matukoy at maramdaman ang damdamin na angkop o akma lamang sa sitwasyon na kinakaharap.

Ang matalinong paghusga ay hindi lamang tumutukoy sa kung ano ang dapat gawin ng tao sa paglutas sa mga krisis o suliranin sa buhay kung hindi kakayahan ring makagawa ng pasiya sa napapanahong paraan.

Nakita ng mga ilang siyentipiko tulad nina Salovey, Gardner, at Goleman ang kahalagahan ng pamamahala sa emosyon sa pagpapaunlad ng sarili at pakikipagkapwa. Kapag napagtagumpayan ng tao ang pamamahala ng kaniyang emosyon, nangangahulugan na mataas ang kaniyang EQ o Emotional Quotient na kilala rin sa tawag na Emotional Intelligence.

Paano napauunlad ng EQ ang tao? Narito ang limang pangunahing elemento ng EQ (Goleman, D., 1998):

1. *Pagkilala sa sariling emosyon*. Mahalaga na may kamalayan sa sariling damdamin. Ito ay makatutulong sa pagkakaroon ng pang-unawa sa sarili. Ikaw ay nakagagawa ng pagpapasiya sa iyong sarili at hindi ka lang sunod nang sunod sa nais ng iba.
2. *Pamamahala sa sariling emosyon*. Ang kakayahang mapamahalaan ang ating emosyon ay mahalaga dahil ang mga ito ay may epekto sa kalagayan ng ating kalooban at pakikipag-ugnayan sa kapwa. Ang taong may ganitong kakayahan ay madaling makabangon sa mga pagsubok sa buhay at makamit ang kaniyang mga mithiin sa buhay.


3. *Motibasyon*. Ito ay kakayahang magtimpi o magpigil na gawin ang isang bagay na hindi dapat upang matupad ang isang layuning higit na mahalaga para sa ikabubuti ng iba. Ang taong may ganitong kakayahan ay may disiplina sa sarili at hindi pabigla-bigla ang pagpapasiya. Naglalaan siya ng oras upang makapag-relax at magnilay.

4. *Pagkilala at pag-unawa sa damdamin ng iba*. Ito ay kakayahang makadama sa damdamin at pangangailangan ng iba. Ang taong may ganitong kakayahan ay marunong ding bumasa at bigyan ng kahulugan ang kilos ng iba. Maaari din siyang sumangguni upang humingi ng tulong sa mga kapamilya at mga pinagkakatiwalaang kaibigan.

5. *Pamamahala ng ugnayan.* Ito ay nangangahulugan na napamamahalaan nang wasto ang emosyon sa pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman sa pagpapanatili ng magandang ugnayan. Mahalaga sa pagpapanatili ng magandang ugnayan ang pagtitiwala sa sarili, malawak at bukas ang isipan at kalooban, paggalang, pagtanggap sa mga pangyayari at pagiging tapat sa sinasabi.

> Ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili, malawak at bukas na kaisipan at kalooban, paggalang, pagtanggap sa mga pangyayari at ang pagiging tapat sa sinasabi ay mahalaga sa pagpapanatili ng magandang ugnayan sa kapwa.

Tunghayan ang maikling pag-uusap nina Jessy, Kim at Rico. (Jesus: Gospel Komiks Edition For Young Readers, October- November 2012 Volume 21 No.3, ph. 34).



Ang pagiging mahabagin ay ang kakayahang umunawa sa nararamdaman ng ibang tao. Ito ang paglalagay ng sarili sa sitwasyon ng iba na may pagnanais na makatulong sa kanila. Hindi ba't napakagaan sa pakiramdam ang ganito? Tulad ng kuwento nina Jessy, Kim, at Rico, ikaw ba ay may karanasang katulad nila? Ano ang iyong ginawa?

Anumang emosyon ay mahalaga. Ang pamamahala natin dito ay maaaring makabubuti o makasasama sa ating pakikipagkapwa. Ngunit, sa pamamagitan ng

wastong pamamahala ng mga ito, napauunlad natin ang ating pakikipagkapwa. Hindi ba't napakagaan sa pakiramdam ang ganito?

Hindi lamang ang sarili ang nagiging biktima ng ating maling pamamahala ng ating emosyon. Mahalagang maipahayag natin ito nang maayos upang mapanatili natin ang ating magandang ugnayan sa ating kapwa.

Mahalaga na makapagbalangkas ka ng pamamaraan upang makayanan at mapagtagumpayan mo ang mga emosyon bunga ng iyong pinagdaraanan at mga karanasan. Ilan sa mga mungkahing paraan upang mapamahalaan ang mga ito ay (Morató, Jr., 2007):

a. Tanungin ang sarili, "hahayaan ko bang magawa ko ang di karapat-dapat o mas pipiliin kong gumawa ng makabubuti?" Hindi lamang ang sarili ang nagiging biktima sa ating maling pamamahala ng ating emosyon. Mahalagang naipahahayag natin ito nang maayos upang mapanatili natin ang ating mabuting ugnayan sa ating kapwa.

b. Tanggapin na ikaw ay takot harapin ang takot, ngunit isipin na mayroon pang higit na magandang mangyayari. Maging positibo sa pagharap sa hamon ng buhay.

c. Isaisip na ang tagumpay ay hindi nasusukat sa yaman, kapangyarihan, at pagiging tanyag kung hindi sa kakayahan na mamuhay nang may pagpapahalaga at dangal.

d. Matutong tanggapin na may hangganan ang lahat ng bagay na mayroon tayo, tao man o bagay. Hindi naman ito nangangahulugan na magiging wala kang pakialam o wala silang halaga sa iyo.

e. Sa tuwing ikaw ay nawawalan ng pag-asa, isipin na may mga taong maaari mong pagkatiwalaan at mahingan ng tulong. Buksan ang isipan at kalooban na kaya mong makamit ang hangarin sa buhay.

Ang mga iminungkahing paraan kalakip ang mga birtud ay nakatutulong upang mapamahalaan ang emosyon at maging magandang gabay sa pagpapasiya tungo sa matiwasay na pamumuhay at maging produktibong miyembro ng lipunan.

Hangad ng bawat isa ay magkaroon ng matiwasay, masaya, at makabuluhang buhay sa pamamagitan nang mabuting ugnayan sa sarili at sa kapwa. Kaya nararapat lamang na sa araw-araw nating pamumuhay ay piliing maigi ang mga bagay na pagtutuunan nang higit na pansin. Mahalaga na magtiwala sa sarili, sa kapwa at sa Diyos sa paggawa ng pagpapasiya tungo sa ikauunlad ng iyong pakikipagkapwa.


Nakikita natin ang epekto ng padalos-dalos nating pasiya at kilos dala ng mga negatibong emosyon na hindi napamamahalaan. Madalas ay hindi nagiging maganda ang idinudulot nito sa ating sarili at higit sa iba. Hahayaan mo na lang ba na patuloy itong maging dahilan ng iyong hindi mabuting ugnayan sa iyong kapwa? Handa ka na bang harapin at pagtagumpayan ang hamon na dala ng iyong emosyon?

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Ano ang kahulugan ng emosyon at ang mga uri nito?
2. Ano ang tungkulin ng emosyon sa pagpapasiyang gagawin ng tao?
3. Ano ang mga hakbangin na maaaring maisaalang-alang upang mapamahalaan natin nang wasto ang ating emosyon?
4. Ano ang kabuluhan ng birtud sa wastong pamamahala ng iyong emosyon?
5. Paano mapauunlad nang wastong pamamahala ng emosyon ang iyong sarili at ang iyong pakikipagkapwa?


Paghinuha ng Batayang Konsepto

Ano ang Batayang Konsepto na naunawaan mo mula sa babasahin? Gabay mo ang sagot sa mahalagang tanong na: Ano ang kabutihang naidudulot ng pamamahala ng emosyon? Bakit mahalaga ang katatagan (fortitude) at kahinahunan (prudence)? Sagutin ito gamit ang graphic organizer. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

1. Paano nakatutulong sa pagpapaunlad ng sarili at pakikipagkapwa ang wastong pamamahala ng mga pangunahing emosyon?

2. Ano ang kahalagahan ng pagtataglay ng mga birtud sa wastong pamamahala ng emosyon?

3. Magsagawa ng Pagsusuri ng Kalakasan, Kahinaan, Oportunidad at Banta (SWOT Analysis) tungkol sa epekto ng wastong pamamahala ng emosyon sa pagpapaunlad ng sarili at ng pakikipagkapwa.

4. Narito ang gabay na maaari mong gamitin sa pagsagot sa bawat kolum:

    a. *Kalakasan.* Ano ang kabutihang dulot ng bawat pangunahing emosyon kapag ito ay napamahalaan nang wasto?

    b. *Kahinaan.* Anong suliranin ang idudulot ng bawat pangunahing emosyon kung hindi napamahalaan nang wasto?

    c. *Oportunidad*. Anong oportunidad ang naghihintay kung mapamahalaan nang wasto ang emosyon at mapagtagumpayan ang mga suliraning dala nang hindi wastong pamamahala ng emosyon? (Paalala: Maaari ding banggitin ang mga birtud sa kolum na ito.)

    d. *Banta.* Anong banta ng iyong mga emosyon ang kailangang bigyan ng tuon upang hindi tuluyang makapagdulot nang hindi mabuti sa iyong pakikipagkapwa?

5. Sundin ang pormat sa pahina 190. Gabay mo ang halimbawa. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

6. Maaari itong ibahagi saiyong klase.

Mga Pangunahing Emosyon	Kalakasan (Strength)	Kahinaan (Weakness)	Oportunidad (Opportunity)	Banta (Threat)
Hal.: Pagkatakot	Nakakapag-ingat at Nakapagha-handa sa nakaambang panganib	Hindi napagtata-gumpayan ang mga pangarap sa buhay	Nakikintal sa ating kalooban ang pagiging matatag at nakagagawa ng paraan upang malagpasan ang takot na nararamdaman.	Hindi uunlad ang ating pakikipag-ugnayan sa sarili at sa kapwa.
			Nakakapagpasiya tayo nang maayos at nang walang pag-agam-agam.	Mananatili tayong bilanggo sa sarili nating takot

Pagninilay


1. Magbalik-tanaw ka ngayon. Isipin ang mga emosyon na madalas mong maramdaman na nagdudulot ng hindi magandang epekto sa iyo at sa iba.

2. Isulat ang mga ito sa loob ng bawat bahagi ng bilog.

3. At sa bawat kahon, magtukoy ng mga maimumungkahi mong paraan upang mapamahalaan mo ito kapag muling maramdaman. Maaaring higit pa sa dalawang pamamaraan ang maibabahagi mo.

4. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Magrelax muna tulad ng pag-eehersisyo. 2. Magpalamig muna ng ulo upang hindi na lumala ang alitan.	1. 2.



.

1. 2.	1. 2.

Pagsasabuhay

1. Balikan muli ang bahaging Pagninilay.

2. Isulat ang mga emosyon sa unang hanay sakaling ang mga ito ay maramdaman mo muli.

3. Lagyan ng tsek kung anong araw naramdaman.

4. Sa susunod na hanay, tukuyin kung alin sa mga naitala mong mungkahi ang nais mong gamitin upang mapamahalaan ang emosyon.

5. Suriin ang naging epekto pagkatapos maisabuhay sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa bawat hanay. Isagawa ang mga itinalang pamamaraan sa mga susunod na araw kung kinakailangan hanggang ang mga ito ay maging bahagi ng araw-araw na pamumuhay.

6. Magbigay ng patunay na iyong naisagawa ang isinulat sa “Talahanayan ng Pamamahala ng Emosyon.”

7. Gumawa ng tula tungkol sa sarili mong karanasan ng epekto nang wasto at hindi wastong pamamahala ng emosyon sa iyong sarili at pakikipagkapwa. I-post ito sa iyong Facebook upang maging inspirasyon at paalala sa iba.

8. Gamiting gabay ang tsart sa ibaba.

9. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

Emosyon	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	Aling mungkahi ang napiling gamitin?	Epektibo ba ito? Bakit?	Ano ang iyong susunod na hakbangin sakaling hindi epektibo?
Galit								Mag-relax muna (hal., pag-ehersisyo at manalangin)	Oo, dahil nabawasan ang bigat na nararamda-man.	

Ngayong nadagdagan pa ang kaalaman mo tungkol sa emosyon at ang kahalagahan nito sa iyong sarili at sa iyong pakikipagkapwa, hangad ko na lalong mahubog ang iyong kasanayan sa pamamahala rito upang magdulot ito ng katiwasayan sa iyong buhay at lalo pang umunlad ang iyong pakikipag-ugnayan sa iyong kapwa.

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Sanggunian

Esteban, E. (1990). *Education in values what, why and for whom*. Sinagtala Publishers, Manila.

Feldman, R. (2005). *Understanding Psychology.* New York: McGraw-Hill

Goleman, D. (1998). *Working with emotional intelligence*. A Bantam Book, U.S.A.

Morató, Jr., E. (2007). *Self mastery*. Quezon City: Rex Printing Company, Inc.

Segal, J, & Jaffe, J. (2008). *The language of emotional intelligence: The five essential tools for building powerful and effective relationships*. New York: Mc Graw Hill.

Seeburger, F. (1997). *Emotional literacy: Keeping your heart*. New York: The Crossroad Publishing Company

Dy, Jr. M. (2007). *Mga babasahin sa pilosopiyang moral*. Ateneo de Manila University.

Jesus. *Gospel Komiks Edition For Young Readers*. Volume 21 N0.3. Jesus Magazine Publication Department, Communication Foundation for Asia. Manila, Philippines. October-November 2012.

On Defining Emotions and On Types of Emotions: Retrieved from http://en.wikipedia.org/wiki/ Stratification_of_ emotional_ life (Scheler). November 9, 2012.

On Types of Emotions. Manuel B. Dy Jr. The Philosophy of Value, The Value of Philosophy (Chapter XV).

Retrieved November 9, 2012 from http://www.crvp.org/book/Series03/III-11/ chapter_xv.htm. On Defining Fortitude: Retrieved November 11, 2012 from http://www.vatican.va/archive/ccc_css/archive/catechism/p3s1c1a7.htm.

On Defining Prudence: Retrieved from November 12, 2012 http://www.franciscanmissionaries.com/article/a-mission-of-courage/.

Modyul 8: ANG MAPANAGUTANG PAMUMUNO AT PAGIGING TAGASUNOD



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?



May *twitter account* ka? Ilan na ang nasundan mo? Ilan na ang *followers* mo? Kadalasan, ang mga sikat at hinahangaang artista at mang-aawit ang maraming *followers* o tagasunod. Ano kaya ang katangiang mayroon sila at sila ay sinusundan?

Ikaw, masasabi mo bang lider ka o tagasunod? Kapag may mga pangkatang gawain sa tahanan, sa paaralan, at maging sa lipunan, minsan ikaw ang namumuno, di ba? Pero may mga sitwasyon na mas gusto mong ikaw ang tutulong at susunod sa lider. Kahit ano pa man ang iyong gampanin, ang tagumpay ng pangkat ay nakasalalay sa pagtupad ng iyong tungkulin bilang kasapi nito. Inaasahan na sa pamamagitan ng modyul na ito, malilinang at maipamamalas mo ang mga inaasahang kasanayang pampagkatuto. Magsisilbi rin itong gabay sa pagsasagawa ng isang gawaing magpapaunlad ng iyong kakayahang maging mapanagutang lider at tagasunod upang mapatatag ang iyong pakikipag-ugnayan sa kapwa at ang iyong pagkakaroon ng makabuluhang buhay sa lipunan.

Napag-aralan at naipamalas mo sa mga naunang aralin ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikipagkapwa, pakikipagkaibigan, at pamamahala ng emosyon. Inaasahang gagamitin mo ang lahat ng mga pag-unawang ito upang maipamalas mo ang mga layuning pampagkatuto na inaasahan sa modyul na ito. Inaasahang masasagot mo rin ang dalawang mahalagang tanong na:

Bakit mahalaga na maunawaan at gampanan ang aking tungkulin bilang lider at tagasunod?	**Ano ang maaari kong maibahagi sa lipunan bilang mapanagutang lider at tagasunod?**

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Natutukoy ang kahalagahan ng pagiging mapanagutang lider at tagasunod
b. Nasusuri ang katangian ng mapanagutang lider at tagasunod na nakasama, namasid, o napanood
c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
d. Naisasagawa ang mga angkop na kilos upang mapaunlad ang kakayahang maging mapanagutang lider at tagasunod

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

1. Malinaw at makatotohanan ang pagkakagawa ng plano (*action plan*)
2. Naisagawa ang gawain ayon sa plano
3. May mga patunay ng pagsasagawa
4. May kalakip na pagninilay tungkol sa iyong karanasan at epekto ng gawain sa pagpapaunlad ng sarili, sa mapanagutang pakikipag-ugnayan sa kapwa, at pagkakaroon ng makabuluhang buhay sa lipunan



Paunang Pagtataya

Bago mo simulang pag-aralan ang mga konsepto sa modyul na ito, subukin mo muna ang iyong sarili. Ang paunang pagtataya sa modyul na ito ay mayroong dalawang bahagi: ang unang bahagi ay susukat ng dati mong kaalaman sa konseptong pag-aaralan; at ang ikalawang bahagi ay susukat ng iyong kasalukuyang kasanayan sa pamumuno at pagiging tagasunod.

Mahalaga ring maunawaan mo na kung anuman ang maging resulta ng paunang pagtatayang ito, hindi ito magiging bahagi ng pagbibigay sa iyo ng marka, kundi isang mahalagang pagbabatayan ng iyong pag-unlad.

Unang Bahagi: Paunang pagtataya ng kaalaman sa mga konsepto ng pamumuno at pagiging tagasunod

Panuto: Isulat sa kuwaderno ang titik ng iyong napiling sagot.

1. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapakita ng kahalagahan ng pamumuno?

    a. Natutugunan ang pangangailangan ng bawat kasapi ng pangkat
    b. Nagkakaroon ng direksyon ang pangkat tungo sa pagkamit ng layunin
    c. Nakatatanggap ng parangal dahil sa pagkakaroon ng magagandang proyekto
    d. Nagkakaroon ng kinatawan upang makilala ang pangkat na kinabibilangan

1. Ang mapanagutang pamumuno ay pagkakaroon ng _____.

    a. awtoridad na maipatupad ang mga gawain upang makamit ang layunin ng pangkat
    b. impluwensya na magpapakilos sa mga pinamumunuan tungo sa pagkamit ng layunin
    c. karangalan pagkatapos na makamit ng pinamumunuan ang layunin ng pangkat
    d. posisyon na magbibigay ng kapangyarihan upang mapakilos ang pinamumunuan

2. Mataas ang kamalayang pansarili ng isang tao kung nalalaman niya ang tunay na layon ng kaniyang pagkatao, mga pinahahalagahan, mga talento, layunin sa buhay at kung ano ang nagbibigay ng kahulugan, kapanatagan, at kaligayahan sa kaniyang buhay. Siya ay may _____.

    a. kakayahang pamahalaan ang sarili
    b. kakayahang makibagay sa sitwasyon
    c. kakayahang makibagay sa personalidad
    d. kakayahang makibagay sa mga tao

3. Ayon sa resulta ng mga pagsasaliksik, alin sa sumusunod ang pangunahing katangian ng lider na pinipili ng mga tao?

    a. Magaling ang lider sa pagpaplano at pagpapasiya
    b. Nagpapamalas ang lider ng integridad
    c. Pagkakaroon ng tiwala ng lider sa kaniyang tagasunod
    d. Nagbibigay ang lider ng inspirasyon sa pangkat

4. Mas marami ang kuntento sa pagiging tagasunod dahil sa _____.

   a. paggalang sa awtoridad
   b. pakinabang na tinatanggap
   c. parehong paniniwala at prinsipyo
   d. mas madali ang maging tagasunod kaysa maging lider

6. Bilang tagasunod, ang isang tao ay masasabing umaayon, kung siya ay kinakitaan ng _____.

   a. mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at mataas na antas ng pakikibahagi
   b. mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at mababang antas ng pakikibahagi
   c. mababang antas ng kritikal na pag-iisip at mataas na antas ng pakikibahagi
   d. mababang antas ng kritikal na pag-iisip at mababang antas ng pakikibahagi

7. Ano ang nililinang ng isang tagasunod kung paiiralin niya ang isang tamang konsensya na gagabay sa kaniya sa pagtupad ng kaniyang mga gawain at pagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan sa kapwa?

   a. Kakayahan sa trabaho
   b. Kakayahang mag-organisa
   c. Mga pagpapahalaga
   d. Pakikipagkapwa

8. Nagiging makabuluhan ang pagiging lider at tagasunod sa pamamagitan ng sumusunod, *maliban* sa:

   a. pagtataguyod na makamit ang layunin ng pangkat
   b. pagiging tapat, maunawain, at pagpapakita ng kakayahang impluwensyahan ang kapwa
   c. pagkakaroon ng kritikal na pag-iisip
   d. pagiging magalang at makatarungan sa pakikipag-ugnayan sa iba

Para sa Bilang 9 at 10, basahin at unawain ang isinasaad ng talatang nasa kahon.

> Si Cris "Kesz" Valdez ay tumanggap ng *International Children's Peace Prize*, isang pagkilala sa mga kabataang nagpapakita ng bukod-tanging paggawa at ideya upang makatulong sa paglutas ng mga suliraning kinakaharap ng iba pang mga kabataan sa buong mundo. Sa gulang niyang pito, pinamumunuan ni "Kesz" ang *"Championing Community Children"* na binubuo ng mga batang lansangan. Tinawag nilang "Gifts of Hope" ang ipinamimigay nila na naglalaman ng tsinelas, laruan, toothbrush, kendi, at iba pa. Tinuruan din nila ang mga kabataang ito na maging malinis sa katawan, kumain ng masustansyang pagkain, alamin at ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Ipinaunawa rin nila ang kahalagahan ng pagtutulungan at pagtuturo sa isa't isa upang lumawak ang kanilang kaalaman at kasanayan.
>
> Sa kaniyang *tweet* isang araw bago ang parangal, lubos ang kaniyang pasasalamat sa Diyos sa kaniyang pagiging kinatawan ng mga kabataang Pilipino at ng bansang Pilipinas. Hinangad niya na sana ay maging inspirasyon siya ng mga taong makakapakinig sa kaniya, upang makagawa rin sila ng mabuti sa mga batang higit na nangangailangan sa iba't ibang panig ng mundo.

Alin sa sumusunod na katangian ng mapanagutang lider ang ipinakita ni Kesz? Pumili ng dalawang katangian.

a. Pagbibigay ng inspirasyon sa mga kasama sa pangkat
b. Patuloy na paglilinang ng kaalaman at kasanayan ng mga kasama sa pangkat upang patuloy na umunlad
c. Pagkakaroon ng tiwala sa kakayahan ng iba upang sila ay maging lider din
d. Pagkakaroon ng positibong pananaw
e. Kakayahang maglingkod at tugunan ang pangangailangan ng kapwa
f. Kakayahang tukuyin ang suliranin at magsagawa ng isang gawaing lulutas dito
g. Kahusayan sa pagpaplano at pagpapasiya
h. Kahandaang makipagsapalaran

Ikalawang Bahagi: Paunang Pagtataya sa Kasalukuyang Kakayahan sa Pamumuno o Pagiging Lider at sa Pagiging Mapanagutang Tagasunod

Mahalaga ang pagkakaroon ng kaalaman sa kasalukuyang antas ng iyong kakayahan sa pamumuno o pagiging lider at pagiging mapanagutang tagasunod. Pagkatapos ng Modyul 8, tayahing muli ang sarili gamit ang parehong instrumento upang malaman kung nagkaroon ng pagbabago ang iyong kakayahan sa pamumuno o pagiging lider at pagiging tagasunod.

Panuto: Sagutin nang may katapatan ang bawat pahayag upang masukat ang kakayahang maging mapanagutang lider at tagasunod. Suriin at tayahin ang sariling kakayahan kung ang mga pahayag ay ginagawa mo *Palagi, Madalas, Paminsan-minsan, o Hindi kailanman*. Lagyan ng tsek (✓) ang iyong sagot batay sa kasalukuyang kalagayan ng iyong kakayahan sa pamumuno at pagsunod.

Mga Pahayag	Palagi (3)	Madalas (2)	Paminsan-minsan (1)	Hindi kailan-man (0)
1. Sapat ang aking kaalaman at kasanayan upang mamuno.				
2. Patuloy ang pagpapaunlad ko sa aking sariling kakayahan sa pamumuno.				
3. Ako ay isang mabuting halimbawa sa aking kapwa kabataan.				
4. Tinatanggap ko at ginagampanan ko ang aking tungkulin bilang lider.				
5. Kinikilala ko ang mga kasapi ng pangkat, pinangangalagaan at ipinaglalaban ko ang kanilang kapakanan.				
6. Inilalahad ko ang layunin ng pangkat at ang direksyong tatahakin sa pagkakamit nito.				
7. Kinikilala ko at tinutulungang paunlarin ang potensyal ng bawat kasapi na maging lider din.				
8. Gumagawa ako ng mga pagpapasiyang makatwiran at napapanahon.				

Mga Pahayag	Palagi (3)	Madalas (2)	Paminsan-minsan (1)	Hindi kailan-man (0)
9. Tinuturuan ko ang mga tagasunod ng paggawa nang sama-sama at nagbibigay ako ng pagkakataon upang subukin ang kanilang kakayahan.				
10. Nagbibigay ako ng nararapat na impormasyon sa mga kasapi ng pangkat.				
11. Gumagawa ako ng aksyong tugma sa ipinatutupad ng lider.				
12. Aktibo akong nagpapasiya upang makatulong sa pagsasakatuparan ng gawain ng pangkat.				
13. Nagpapakita ako ng interes at katalinuhan sa paggawa.				
14. Ako ay maaasahan at may kakayahang gumawa kasama ang iba upang makamit ang layunin.				
15. Kinikilala ko at iginagalang ang awtoridad ng lider.				
16. Alam ko ang aking pananagutan sa maaaring ibunga ng aking mga kilos at gawa.				
17. Aktibo akong nakikilahok sa mga gawain ng pangkat.				
18. Kritikal kong sinusuri ang ipinagagawa ng lider kung ito ay makatutulong upang makamit ang mabuting layunin ng pangkat				
19. Malaya kong ipinahahayag nang may paggalang ang aking opinyon kapag gumagawa ng pasiya ang pangkat.				
20. Pumipili ako ng isang mapanagutang lider nang may katalinuhan.				

Interpretasyon ng Iskor


51 – 60	Wala nang hahanapin pa. Maaari kang makatulong upang maging gabay at mapagsanggunian ng iba sa kanilang paglinang ng kasanayan sa pamumuno at pagiging tagasunod. Ang iyong kakayahan sa pamumuno at pagiging tagasunod ay kahanga-hanga at dapat tularan!
41 – 50	Kinakikitaan ka ng pagsusumikap na maging isang mapanagutang lider at tagasunod. Maaaring ibahagi ang kasanayan. Ipagpatuloy ang pagbabahagi ng sarili sa kapwa!
16 – 40	Mayroong pagsusumikap na malinang ang kakayahan sa pamumuno at pagiging tagasunod. Ipagpatuloy!
15 pababa	Nagbibigay ng kaligayahan at kapanatagan ang maging isang mapanagutang lider at tagasunod. Magkaroon ng pagsusumikap at sumangguni sa taong maaaring makatulong sa iyo upang mapaunlad ang iyong kakayahan sa pamumuno at pagiging tagasunod.

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto:

1. Magtala ng limang salita o grupo ng salita na naiuugnay mo sa salitang LIDER at TAGASUNOD. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.



2. Sumangguni sa dalawang kamag-aral. Pag-usapan ang mga isinulat na salita o grupo ng salita tungkol sa lider at tagasunod. Itala ang mga salita o grupo ng mga salita sa angkop na kahon: kung Lider o Tagasunod.

Lider	Tagasunod
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____

3. Itala sa iyong kuwaderno ang mahahalagang pangyayari na naganap sa iyong ginawang pagsangguni.

Gawain 2

Panuto:

1. Itala ang mga pagkakataon na naging kasapi ka ng mga samahan o pangkat, maaaring sa loob ng paaralan (hal. pangkatang gawain sa klase, *Peace Club*) o sa labas ng paaralan (hal. Sangguniang Kabataan, *basketball team*).

2. Ilagay kung ano ang iyong naging katungkulan o kasalukuyang katungkulan. Maaari mong dagdagan ang talaan.

Mga Samahan o Pangkat na Aking Sinalihan	**Aking Katungkulan**
Halimbawa: 1. Group 2 – pangkatang gawain sa EsP	Lider
2. Supreme Student Government	Kalihim
3. Dance Troupe (elementarya)	Kasapi
Ikaw naman: 1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

3. Sa iyong journal, sumulat ng pagninilay tungkol sa mga tungkuling iyong ginagampanan bilang lider at bilang tagasunod.



4. Gamiting gabay sa pagsulat ang sumusunod na tanong:
   a. Suriin ang mga tungkuling ginagampanan mo sa mga samahang iyong kinabibilangan. Ano ang mas marami, ang iyong pagiging lider o ang pagiging tagasunod?
   b. Alin sa mga kinabibilangan mong samahan ang labis mong pinahahalagahan? Bakit?
   c. Ano ang iyong tungkulin sa nabanggit na samahan? Paano mo tatayahin ang antas ng iyong pagganap sa iyong tungkulin? (Mula 1 hanggang 10; iskor na 1 kung pinakamababa at 10 kung pinakamataas). Ipaliwanag ang iskor na ibinigay.
   d. Ano sa palagay mo, ang dapat mo pang gawin upang mapaunlad ang pagganap mo sa mga tungkuling kasalukuyang nakaatang sa iyo?



C. PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA
Gawain 1: Pagsusuri ng mga Kilalang Lider

Panuto:

Pumili ng dalawang lider mula sa Hanay A at dalawa mula sa Hanay B. Gumawa ng pagsasaliksik sa kanilang buhay, gamit ang Lotus Diagram para sa Worksheet

HANAY A	Martin Luther King 	Blessed Mother Theresa 	Ban Ki-Moon 	Barack Obama 	Jesse Robredo 

HANAY B	Adolf Hitler 	Attila, the Hun 	Jim Jones 	Nero 	Stalin 

Gamitin mong gabay ang halimbawa tungkol kay Mahatma Gandhi


Kailan at saan ipinanganak; petsa ng kamatayan, at kung paano namatay, kung namatay na ; at lugar kung saan lumaki: Oktubre 2, 1869 (British Indian Empire) - +Enero 30, 1948 (New Delhi); binaril 1	Saan nakapag-aral at saang larangan nakilala: Nag-aral ng Batas (Law) sa London 2	Mga prinsipyong kinilala at ipinaglaban: Pakikipaglabang hindi ginamitan ng dahas (non-violence); pagiging tapat; pagkakapantay-pantay Pagkakasundo (kahit magkaiba ang relihiyon at katayuan sa lipunan 3
Mga bunga ng nagawang pagpapasya bilang lider o kasapi ng isang samahan: Pagiging malaya ng India; nakilala sa buong mundo sa kanyang pagtataguyod ng kalayaan, pagkakapantay-pantay at kapayapaan 8	MGA BAGAY TUNGKOL KAY MAHATMA GANDHI  *"My life is my message"*	Mga tao o sitwasyon na malaki ang naging impluwensya sa kanyang pananaw: Pagnanakop ng mga Briton sa India; National salt tax; nadamang kahirapan at di pagkakapantay-pantay 4
Mga katangian bilang lider o kasapi ng isang samahan: Payak na pamumuhay; nakilala sa pagtataguyod ng isang pakikipaglabang hindi ginagamitan ng dahas 7	Mga samahan o organisasyong sinalihan / itinatag / pinamunuan: Naging lider ng Indian National Congress 6	Mga natatanging karangalan na nakamit: "Father of the Nation" sa India 5

Ikaw naman:

Para sa Hanay A

Kailan at saan ipinanganak; kung namatay na: petsa ng kamatayan at kung paano namatay; at lugar kung saan lumaki: 1	Saan nakapag-aral at saang larangan nakilala: 2	Mga prinsipyong kinilala at ipinaglaban: 3
Mga bunga ng nagawang pagpapasya bilang lider o kasapi ng isang samahan: 8	MGA BAGAY TUNGKOL KAY _____ Lagyan ng larawan	Mga tao o sitwasyon na malaki ang naging impluwensya sa kanyang pananaw: 4
Mga katangian bilang lider o kasapi ng isang samahan: 7	Mga samahan o organisasyong sinalihan / itinatag / pinamunuan: 6	Mga natatanging karangalan na nakamit: 5

Para sa Hanay B



Mga Tanong:

1. Suriin ang natapos na lotus diagram. Magbigay ng tatlong mahahalagang bagay na iyong natuklasan sa buhay ng pinili mong lider sa Hanay A at sa Hanay B na nakaimpluwensya sa kanila bilang lider.

2. Paghambingin ang kanilang katangian (ika-7 kahon sa lotus diagram). Ano ang pagkakatulad? Ano ang pagkakaiba?

3. Kung isasaalang-alang mo ang bunga ng kanilang pagpapasiya (ika-8 kahon sa lotus diagram), sino ang nais mong tularan bilang lider? Pangatwiranan.


Gawain 2: Pagsusuri ng Mga Sitwasyon

Sa isang pangkat, nasusubok ang kakayahan mong makipagkapwa, maaaring bilang isang lider o bilang isa sa mga kasapi nito. May mga sitwasyon na kaya mong mapagtagumpayan at may mga sitwasyong nangangailangan ng makatwirang pagpapasiya.

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon na nagpapakita ng mga karaniwang pangyayari sa isang pangkat habang ginagampanan ang nakaatang na gawain sa kanila. Sa bawat sitwasyon, sagutin sa iyong kuwaderno ang sumusunod na tanong:

1. Paano mo haharapin ang sitwasyon?
2. Ano ang pangmadaliang solusyon?
3. Ano ang pangmatagalang solusyon?
4. Ano-anong mga katangian ng lider at tagasunod ang gusto mong mapaunlad sa iyong sarili?

"Ang Masayahing si Jose." Isang proyekto ang pinagpaplanuhan ng klase bilang pagtulong sa mga nasalanta ng bagyo. Aktibo si Jose sa paglalahad ng kaniyang mga mungkahi para sa gagawing proyekto at nagpapahayag siya na nais niyang siya ang maging lider ng pangkat. Nakagagaan ang presensya ni Jose sa pangkat dahil siya ay lubhang masayahin. Subalit, maraming pagkakataon na nakasama mo na si Jose sa mga pangkatang gawain at alam mo na hindi niya nagagampanan ang tungkulin niya bilang lider. Nalalaman mo rin na ang nais lamang niya ay magkaroon ng posisyon at ang makilala. Kung magawa man ng pangkat ang gawain, inaako ni Jose ang pagkilala at hindi binibigyan ng kaukulang pagkilala ang mga kasapi ng pangkat.



"Ang Masipag na si Rita." Masipag ang iyong kaklaseng si Rita. Madalas na siya ang nahahalal na lider ng pangkat dahil siya ang gumagawa ng lahat ng kailangang gawin ng pangkat. Hindi na siya nagbibigay ng gawain sa kaniyang mga kasama dahil mas madali niyang natatapos ang gawaing iniatang sa pangkat nila kung siyang mag-isa ang gagawa. Hindi ka sang-ayon sa ganitong paraan pero karamihan ng iyong mga kasama sa pangkat ay lubos na natutuwa.


"Ang Mabait na si Freddie." Itinalaga ng guro na maging lider ng pangkat si Freddie. Kapag nagpupulong, halos lahat ng kasapi ay hindi nakikinig, nagkukuwentuhan, at may ginagawang ibang bagay. Hindi ito pinapansin ni Freddie at hinahayaan na lang niya ang mga kaklase. Nag-aalaala ka dahil nasasayang ang panahon na walang natatapos ang inyong pangkat.

"Ang Masunuring si Lito." Masarap kasama sa pangkat si Lito. Tahimik, maaasahan, at masunurin siya. Subalit napapansin mo na laging inuutusan ng lider ninyo si Lito na sa palagay mo ay hindi na makatarungan, tulad ng pagpapabili ng meryenda, pagpapabuhat ng bag, pag-aayos at paglilinis nang ginamit na silid sa pagpupulong. Maraming magagandang ideya si Lito na maaaring makatulong sa gawain ng pangkat. Subalit, dahil lagi siyang inuutusan at sumusunod, di siya nabibigyan ng pagkakataong maibahagi ang kaniyang naiisip at saloobin sa mga paksang tinatalakay ng pangkat. Nanghihinayang ka para kay Lito.

D. PAGPAPALALIM

Ang Mapanagutang Pamumuno at Pagiging Tagasunod

Lider ka ba o tagasunod? Sa mga pangkatang gawain, minsan ikaw ang namumuno, di ba? Pero may pagkakataon din na ikaw ang sumusunod sa lider. Mahirap paghiwalayin ang pagtalakay sa mga konsepto ng pagiging lider at tagasunod. Kung walang tagasunod, walang halaga ang pagiging lider. Kailangan din naman ng isang pangkat ang lider na magbibigay ng direksyon. Hindi rin naman puwede na lahat ng miyembro ng pangkat ay lider. Minsan, mayroon na ngang lider at may tagasunod, hindi pa rin magkasundo at nagkakaroon ng suliranin sa pakikipag-ugnayan ang pangkat.




Alalahanin mo na ang pagkakaroon ng isang ugnayang may kapayapaan at pagkakaisa ay isa sa mga paraan upang malinang ang iba't ibang aspeto ng iyong pagkatao tungo sa iyong pagiging ganap. Makapaglilingkod ka at makapagpapakita ng pagmamahal sa kapwa kung malilinang mo ang iyong kakayahan na gampanan ang iyong tungkulin batay sa hinihingi ng sitwasyon, maaaring bilang lider o maaaring tagasunod. Kung ikaw ay magiging mapanagutang lider at tagasunod, ano ang maaari mong maibahagi sa pangkat o lipunang iyong kinabibilangan?

Kahalagahan ng Pamumuno at ng Lider


Ang mga pangyayari noong nakaraang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang nagpatunay na malaki ang nagagawa ng isang pinuno o lider tulad ni Winston Churchill na Punong Ministro ng Gran Britanya at ni Adolf Hitler na pinuno ng Nazi sa Alemanya. Maaaring maisulong ng isang lider ang katuparan ng isang layuning makatarungan o ang pagsira sa dignidad ng kaniyang kapwa, matupad lang ang mga layuning makasarili.

Maraming patunay na ang tagumpay ng isang kumpanya ay nakasalalay sa pamumuno ng lider nito. Maaaring tunghayan ang palabas na "Titans" sa *CNBC's*

Titans series (http://video.cnbc.com/gallery/?video=3000028912) na nagtatanghal ng mga taong nakagawa ng mga kahanga-hangang bagay na hindi aakalain na magagawa o magtatagumpay. Isa ang karanasan ni Steve Jobs ng kumpanyang *Apple.* Siya ay nagpakita ng lakas ng loob na mag-isip at gumawa ng kakaiba sa ginagawa ng karamihan. Nakilala at sumikat ang *iPhone* dahil sa kaniyang pamumuno at tinagurian siyang *Person of the Year 2010* ng *The Financial Times*.



http://www.idownloadblog.com/2011/06/23/steve-jobs-



Isa ring kahangahangang gawa ng matagumpay na lider ang mapag-isa ang matagal nang di nagkakasundong mamamayan sa India dahil sa pagkakaiba ng relihiyon at katayuan sa lipunan. Itinaguyod ni Mohandas Karamchand Gandhi, na kilala sa tawag na Mahatma Gandhi, ang pamumuhay na payak at pakikipaglabang di ginagamitan ng dahas.

Sa iyong buhay, maraming pagkakataon na nakararanas ka ng pamumuno ng isang lider – mga karanasang hindi mo malilimutan dahil marami kang natutuhan dahil naiinis ka o nasaktan ka sa mga pagpapasiyang kaniyang ginawa. May mga bagay na kahit gusto mong gawin, hindi mo magawa dahil walang lider o taong mamumuno o aalalay sa iyo. Ang madalas, kailangan mo ng isang tao na magbibigay sa iyo ng lakas ng loob at inspirasyon upang maisakatuparan mo ang mga bagay na gusto mong gawin. Minsan ay naghahanap ka ng isang tao na susundin mo dahil magkatulad kayo ng pananaw o dahil ang taong iyon ay may taglay na katapangan at katatagan na kumatawan sa pananaw ng nakararami at handang ipaglaban ang katotohanan para sa kabutihang panlahat.

Mga Katangian ng Mapanagutang Lider

May kakayahan ang lider na makakita at makakilala ng suliranin at lutasin ito. Nangunguna siya, lalo na kapag may mga sitwasyong kailangan ng dagliang aksyon o *emergency* at gagawin ang mga bagay na dapat gawin, madalas ay sa tulong ng iba. Nangangailangan ng tibay at lakas ng loob ang pagiging lider lalo na sa paggawa ng mga pagpapasiya para sa ikabubuti ng pangkat na kaniyang kinabibilangan. Dahil dito nagiging instrumento siya tungo sa pagbabago. Isang

bagay na may magagawa ka bilang kabataan. Dahil ikaw ay may kalakasan ng pangangatawan at pag-iisip, ang maging isang mapanagutang lider ay hindi imposible.


Napatunayan ng karanasan ni Cris “Kesz” Valdez ang kakayahan ng isang kabataan na maging isang mapanagutang lider (tunghayan ang kaniyang kuwento sa Paunang Pagtataya). Tulad ni Kesz, marami na rin ang nakaunawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng isang mabuti at mapanagutang pamumuno. Ayon kay *John C. Maxwell*, dalubhasa sa mga paksang tungkol sa pamumuno, ***ang pamumuno o ang pagiging lider ay pagkakaroon ng impluwensya*****.** Kung mapalalawak ng isang tao ang kaniyang impluwensya, mas magiging epektibo siyang lider. Ang pagtatagumpay at pagkabigo sa lahat ng mga bagay ay dahil sa pamumuno. Kung nais mo na magkaroon ng positibo at pangmatagalang epekto at impluwensya sa mundo, kailangang linangin at pagsumikapan ang maging mas mabuting lider at ang mabuting pamumuno.

Kung nais mo na magkaroon ng positibo at pangmatagalang epekto at impluwensya sa mundo, kailangang linangin at pagsumikapan ang maging mabuting lider.

Pamumunong Inspirasyunal, Transpormasyonal, at Adaptibo ayon kay Dr. Eduardo Morato (2007)

Pamumunong Inspirasyunal

Nagbibigay ng inspirasyon at direksyon ang ganitong uri ng lider. Nakikita niya ang kahahantungan ng kanilang mga pangarap para sa samahan. Nakikinig at pinamumunuan niya ang mga kasapi ng kaniyang pangkat tungo sa nagkakaisang layunin para sa kabutihang panlahat. Modelo at halimbawa siya ng mga mababuting pagpapahalaga at ipinalalagay ang kaniyang sarili na punong-tagapaglingkod (*servant leader*) sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga gawaing magbibigay ng pagkakataong makapaglingkod sa kapwa. Ang pamumuno ni Martin Luther King, Mother Teresa, at Mahatma Gandhi ay ilan sa mga halimbawa ng ganitong uri ng pamumuno.




The Leadership Trilogy by Dr. Eduardo Morato

Pamumunong Transpormasyonal



Ang pagkakaroon ng pagbabago ang pinakatuon ng ganitong lider. May kakayahan siyang gawing kalakasan ang mga kahinaan at magamit ang mga karanasan ng nakalipas, kasalukuyan, at hinaharap upang makamit ang mithiin ng pangkat na pinamumunuan. Madali siyang makatuklas ng magaganda at mabuting pagkakataon upang mas maging matagumpay ang pangkat na kaniyang kinabibilangan. Nililinang niya ang kaniyang kaalaman at kasanayan upang magkaroon ng kaisipang kritikal na kakailanganin niya upang matukoy ang pinakamahalaga at pinakaunang dapat gawin sa paglutas ng suliranin. Bilang lider, subok ang kaniyang kakayahang makipag-ugnayan sa kapwa dahil kaakibat ng ganitong pamumuno ang pagtulong, pagtuturo, at paggabay sa kaniyang mga kasama sa pangkat. Umaalalay siya bilang mentor upang magkaroon ng sapat na kaalaman at kasanayan ang kaniyang mga kasama upang mapaunlad ng mga ito ang kanilang sarili at maabot ang kanilang pinakamataas na potensyal. Ang pamumuno ni Sec. Jesse Robredo, Steve Jobs, Bill Gates, at maraming lider ng mga matatagumpay na kumpanya, ay ilan sa mga halimbawa ng ganitong uri ng pamumuno.

Pamumunong Adaptibo



Ibinabatay sa sitwasyon ang istilo ng pamumunong adaptibo. May mataas na antas ng pagkilala sa sarili (*self-awareness*) at kakayahang pamahalaan ang sarili (*self-mastery*) ang lider na gumaganap ng pamumunong adaptibo. Mayroon siyang mataas na *emotional quotient* (EQ) at personalidad na madaling makakuha ng paggalang at tagasunod. Ang pamumuno ni Ban Ki-Moon, Barack Obama, at Lee Kuan Yew ay halimbawa ng ganitong uri ng pamumuno.

May apat na katangian ang adaptibong lider:

1. *Kakayahang pamahalaan ang sarili (self-mastery o self-adaptation).* Mataas ang kamalayang pansarili ng isang tao kung nalalaman niya ang tunay na layon ng kaniyang pagkatao, mga pinahahalagahan, layunin sa buhay at kung ano ang nagbibigay ng kahulugan, kapanatagan at kaligayahan sa kaniyang buhay. Maaari mong makamit ang katangiang ito sa pamamagitan ng:

    a. pagpapaunlad ng iyong panloob na pagkatao (*inner self*) sa pamamagitan ng pag-unawa sa iyong buong pagkatao tungo sa kaliwanagan (*enlightened self*).
    b. pagpapaunlad ng iyong ispiritwal na pagkatao at pagkakaroon ng maliwanag na pananaw sa pagiging mapanagutang bahagi ng lipunan.
    c. pagpapaunlad ng pagkataong hindi makasarili sa pamamagitan ng kahandaang maglingkod at magsakripisyo para sa ikabubuti ng iba.

2. *Kakayahang makibagay sa sitwasyon.* Maraming paraan ng pamamahala ang kayang gawin ng isang adaptibong lider. Nalalaman niya kung anong uri ng pamamahala o istilo ang nararapat sa bawat sitwasyon na kaniyang kinahaharap dahil siya ay sensitibo, marunong makibagay at dagliang tumutugon sa mga pangangailangan ng kaniyang pinamamahalaan.

> "Ang pinakamagaling na lider ay mapagmalasakit, may integridad, at may kakayahang maglingkod."
>
> Lewis, 1998

3. *Kakayahang makibagay sa personalidad.* Kinakikitaan ang isang adaptibong lider ng masidhing pagnanasang magtagumpay at umiwas sa kabiguan; ang makipagsapalaran at ipaglaban ang kaniyang mga karapatan tungo sa pagtatagumpay. Nalalaman niya kung paano makitungo sa iba't ibang tao na mayroong iba't ibang personalidad.

4. *Kakayahang makibagay sa mga tao*. Madaling makipag-ugnayan at makitungo sa ibang tao ang isang adaptibong lider dahil sa kaniyang mataas na antas ng kamalayan at kasanayang panlipunan. Madali rin para sa kaniya ang makaisip ng mga paraan upang mapagkasundo ang mga di-nagkakaunawaang panig.


Mga Prinsipyo ng Pamumuno

Ang sumusunod na prinsipyo ng pamumuno ang ipinatutupad ng *The Royal Australian Navy: Leadership Ethic (2010)* upang ang lider ay maging mapanagutan.

1. Maging sapat ang kaalaman at kasanayan.
2. Kilalanin at ipagpatuloy ang pagpapaunlad ng sarili.
3. Maging mabuting halimbawa.
4. Tanggapin at gampanan ang tungkulin.
5. Kilalanin ang mga tagasunod at kasapi ng pangkat, pangalagaan at ipaglaban ang kanilang kapakanan.



6. Ilahad ang layunin at ang direksyong tatahakin sa pagkakamit ng layunin.
7. Kilalanin at paunlarin ang potensyal ng bawat kasapi na maging lider.
8. Gumawa ng mga pagpapasiyang makatwiran at napapanahon.
9. Turuan ang mga tagasunod ng paggawa nang sama-sama at magbigay ng mga pagkakataon upang subukin ang kanilang kakayahan.
10. Magbigay ng nararapat na impormasyon sa mga kasapi ng pangkat.



Ang mabuting lider, ayon kay Lewis (1998), ay naglilingkod, natitiwala sa kakayahan ng iba (upang maging lider din), nakikinig at nakikipag-ugnayan nang maayos sa iba, magaling magplano at magpasiya, nagbibigay ng inspirasyon sa iba, patuloy na nililinang ang kaalaman at kasanayan upang patuloy na umunlad, may positibong pananaw, may integridad, mapanagutan, handang makipagsapalaran, inaalagan at iniingatan ang sarili, at mabuting tagasunod.

Ayon kay Dr. Jack Weber ng University of Virginia (nabanggit ni Oakley & Krug, 1991), makikilala ang kahusayan ng pagiging lider sa kilos ng mga taong kaniyang pinamumunuan. Mahusay ang lider kung ang mga taong nakapaligid sa kaniya ay punong-puno ng inspirasyon dahil sa mga ipinakita niya bilang lider, at ang

inspirasyong ito ang nagtutulak sa mga tagasunod na gumawa upang makamit ang layunin ng pangkat.

Ang Kahalagahan ng Pagiging Tagasunod

Kapag napag-uusapan ang pamumuno, hindi maitatanggi na kailangan ding pag-usapan ang tungkuling ginagampanan ng mga tagasunod o iba pang kasapi ng pangkat. Hindi lahat ng naging lider ay lider sa lahat ng pagkakataon. Tagasunod din ang marami nating mga lider, lider sila pero mayroon pa ring nakatataas sa kanila na dapat nilang sundin. Marami ang natututong maging lider dahil sa kanilang kakayahang sumunod. Kahit ikaw, may mga pagkakataong naging lider ka at naging tagasunod, di ba? Ang iyong kaalaman at kakayahang mamuno ay kasing-halaga rin ng iyong kaalaman at kakayahang maging tagasunod. Hindi magiging matagumpay ang isang samahan kung walang suporta mula sa mga kasapi at tagasunod nito.

Maaaring hindi mapantayan ang kahalagahan ng lider sa isang samahan pero dapat mong maunawaan na ang kalakasan o kahinaan ng isang samahan ay nakasalalay rin sa kaniyang mga kasapi o tagasunod. Hindi ka magiging lider kung wala kang tagasunod (Kelly, 1992). Maraming mga pagsasaliksik na ang ginawa sa pagiging lider at pamumuno. Sa ngayon, unti-unting nabibigyan ng pansin ang kahalagahan ng tungkulin ng mga tagasunod sa pagkakamit ng layunin at pagtatagumpay ng isang samahan. Ayon kay Barbara Kellerman ng Harvard University (nabanggit sa www.leadershipkeynote.net), nakagagawa at naisasakuparan ng epektibong grupo ng tagasunod ang layunin ng samahan. Hindi ba't maraming digmaan ang napagtagumpayan dahil sa malalakas at magagaling na sundalo? Tulad ng ipinakitang pamumuno ni *Alexander the Great* na hari ng Macedonia, laban sa emperyo ng Persia. Marami ring koponan ng manlalaro ang nanalo sa mga kompetisyon dahil sa mahuhusay na atleta. At ang kumpanyang may magagaling at mahuhusay na empleyado ang karaniwang nangunguna laban sa kanilang mga kakumpitensya. Kaya't, para sa isang lider, maraming mabubuting

Ayon kay Barbara Kellerman ng Harvard University (nabanggit sa www.leadershipkeynote.net), nakagagawa at naisasakuparan ng epektibong pangkat ng tagasunod ang layunin ng samahan.

bagay ang naidudulot ng pagkakaroon ng mga kasama at tagasunod na lubhang mahuhusay.

Suriin ang mga gawaing iyong pinagkakaabalahan sa loob ng isang araw. Hindi ba't mas madalas na ikaw ang sumusunod kaysa ikaw ang namumuno? Nakasalalay ang pag-unlad ng iyong pagkatao sa maayos na pagtupad mo ng tungkulin. Kaya't marapat lang na iyong linangin ang kaalaman at kakayahan mong maging isang mapanagutang tagasunod.

Mga Tungkulin ng Tagasunod o *Follower*

Maraming naghahangad na maging lider ng isang samahan. Pero, mas marami ang kuntento at kusang pinipili na tumulong sa lider at maging tagasunod. Bakit kaya? Ikaw, bakit kaya may pagkakataon na mas gusto mong maging tagasunod at pamunuan ka ng isang lider?

> Ang nagiging pinakamahusay na lider ay ang mga taong naging pinakamahusay na tagasunod.
> —Alexander Haslam

Pinipili ng tao ang maging tagasunod dahil sa kaniyang tinatanggap na mga pakinabang, maaaring para sa sarili o para sa pangkat. Ang ilan ay napipilitang sumunod dahil sa takot sa awtoridad (Mungkahi: maaaring basahin ang tanyag na eksperimento ni Milgram noong 1950s sa http://nature.berkeley.edu/ucce50/ag-labor/7article/article35.htm). Mayroon namang sumusunod dahil sa lubos na tiwala at pagsang-ayon sa mga pananaw at ipinaglalaban ng lider, na handang ipagkatiwala nang lubos ang buhay sa lider (Mungkahi: maaaring basahin ang kuwento ni Jim Jones sa http://www.religioustolerance.org/dc_jones.htm). Mayroon namang tuluyang nagiging bulag na tagasunod, hindi na nag-iisip, sunod lang nang sunod sa kung ano ang sabihin ng lider. Kadalasang sinasabi nating uto-uto o mga taong walang sariling disposisyon. (Mungkahi: maaaring basahin ang kuwento ng "The Pied Piper of Hamelin" sa http://www.readroom.com/rroom/booksread/PiedPiper/PiedPiper.pdf).

Kung susuriin ang mga resulta ng pagsasaliksik tungkol sa mga dahilan kung bakit mas pinipili ng tao ang sumunod, nangingibabaw ang **pagkakaroon ng tiwala sa lider**. Kapag nawala ang tiwala ng tagasunod sa lider, dumarating ang panahon

na nawawala ang kaniyang interes sa paggawa, lumalaban siya o nagrerebelde, o tuluyang umaalis sa pangkat.

Nais ng mga epektibong tagasunod na bigyan sila ng napapanahon at kakailanganing impormasyon ng kanilang mga lider, isali sila sa mga pagpapasiya at paggawa ng isang kapaligiran na kung saan ang mga kontribusyon at pagsusumikap ng mga tagasunod ay kinikilala, iginagalang, at pinararangalan.

Tungkulin ng tagasunod o *follower* ang magsulong at gumawa ng aksyong tugma sa ipinatutupad ng lider upang makamit ang layunin ng samahan. Gumagawa siya ng aktibong pagpapasiya upang makatulong sa pagsasakatuparan ng mga gawain ng pangkat. Nagpapakita siya ng interes at katalinuhan sa paggawa. Siya ay maasahan at may kakayahang gumawa kasama ang iba upang makamit ang layunin. Kinikilala niya ang awtoridad ng lider at nagpapataw siya ng limitasyon sa kaniyang mga kilos, pagpapahalaga, mga opinion, at pananagutan sa maaaring ibunga ng kaniyang gawa (Kelly, 1992).

Ibinahagi rin ni Kelly (1992) ang mga antas ng pagiging tagasunod *(Levels of Followership)*. Ayon sa kaniya, marapat na tayo ay maging **ulirang tagasunod** upang masabing ginagampanan natin nang mapanagutan ang ating tungkulin. Ang limang antas ay batay sa iskor sa dalawang component: paraan ng pag-iisip (kung kritikal o hindi) at pakikilahok (aktibo o hindi).

Basahin at suriin kung ano ang uri at antas ng iyong pagiging tagasunod:

Antas ng Pagiging Tagasunod	**Paraan ng Pag-iisip (kritikal – hindi kritikal)**	**Pakikilahok (aktibo – hindi aktibo)**
Uliran	Mataas	Mataas
Hiwalay	Mataas	Mababa
Umaayon	Mababa	Mataas
Pragmatiko (Praktikal)	Nasa gitna	Nasa gitna
Pasib (Hindi Aktibo)	Mababa	Mababa

Mga Kasanayang Dapat Linangin ng isang Ulirang Tagasunod (Kelly, 1992)

Ang isang ulirang tagasunod ay nag-iisip ng kritikal at aktibong nakikilahok sa pagkamit ng layunin ng pangkat na kaniyang kinabibilangan. Taglay ng isang mapanagutan at ulirang tagasunod ang sumusunod na kakayahan at pagpapahalaga na maaaring matutuhan at malinang. Nababahagi ito sa tatlong malalawak na kategorya:

1. *Kakayahan sa trabaho (job skills).* Malilinang ito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng focus, komitment, pagsusumikap na maragdagan ang kagalingan sa paggawa, at pagkakaroon ng kusang pagtulong sa kinabibilangang pangkat.

2. *Kakayahang mag-organisa (organizational skills).* Malilinang ito sa pamamagitan ng pagkilala at pagpapalago ng pakikipag-ugnayan sa mga kasama sa pangkat, iba pang samahan at sa mga namumuno.

3. *Mga pagpapahalaga (values component).* Malilinang ito ng isang ulirang tagasunod kung paiiralin niya ang isang mabuti, matatag at matapang na konsensya na gagabay sa kaniya sa pagtupad ng kaniyang mga gawain at pagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan sa kapwa.

Mga Paraang Dapat Linangin ng Mapanagutang Lider at Tagasunod Upang Magtagumpay ang Pangkat

Ang pagkakaroon ng di maayos na ugnayan sa pagitan ng lider at tagasunod ay nakahahadlang sa pagkakaroon ng isang makatwiran na pagpapasiya tungo sa pagkamit ng layunin ng pangkat. Kadalasan, ang pagkakaroon ng magkaibang istilo ng pagpapasiya at pagkawala ng tiwala ang nagiging suliranin ng pangkat. Nangangailangan ang pangkat ng matatag at nagtutulungang lider at tagasunod. Magtatagumpay ang pangkat kung mapanagutang gagampanan ng bawat isa (lider at tagasunod) ang kani-kaniyang tungkulin, sa pamamagitan ng:

1. pakikipag-ugnayan at pagpapahayag ng opinyon nang malinaw at may paggalang.

2. pakikinig at pag-unawa sa mga ideya ng ibang kasapi.


3. pagiging handa sa mga pagtitipon at pakikilahok nang aktibo sa mga gawain.

4. pagsuporta sa mga kasapi at gawain ng pangkat.

5. pagbabahagi ng mga impormasyon, karanasan, at kaalaman sa ibang kasapi.
6. kusang pagtulong sa ibang kasapi ng pangkat upang matapos ang gawain.
7. pag-unawa at pagtugon sa mga pagbabagong kinahaharap ng pangkat.
8. paglutas ng suliranin na kasama ang ibang kasapi.
9. pagkakaroon ng komitment.
10. pagtupad sa iniatang na tungkulin at pagiging maaasahan.

Lagi kang may pangangailangan na makipag-ugnayan sa iyong kapwa. Maaaring ang tungkuling iyong ginagampanan ay lider o tagasunod. Anuman ito, alalahanin mo na ang pagkakaroon ng isang ugnayang may kapayapaan at pagkakaisa ay kailangan upang malinang ang iyong pagkatao tungo sa iyong pagiging ganap.

Kung isinasabuhay mo ang pagiging mapanagutang lider, inaasahan na ikaw ay magalang sa lahat, mapaglingkod sa kapwa, makatarungan ang iyong pakikipag-ugnayan, tapat at maunawain at mayroong kang kakayahang impluwensyahan ang kapwa upang makamit ang layunin ng pangkat at tumugon sa pangangailangan ng lipunan. Habang pinamumunuan mo ang iba tungo sa pagbabago, nalilinang mo rin ang iyong sarili na maging mabuting tao. Madali kang tumutugon sa mga suliranin at nagbibigay ka ng direksyon upang makamit ang layunin ng pangkat. Anuman ang iyong maging pagpapasiya, lagi mong isinasaalang-alang ang kabutihang panlahat.



Kung ang pagiging tagasunod naman ang nakaatang na tungkulin sa iyo, inaasahan na magiging uliran kang tagasunod at magiging matalino sa pagpili ng lider na susundin (hangga't maaari). Naglilingkod ka nang tapat at isinasaalang-alang lagi ang kabutihang panlahat. Naiimpluwensyahan mo rin ang ibang kasapi ng pangkat sa pakikiisa at pagsunod sa pamumuno ng lider upang makamit ang layunin ng pangkat.

Sumusunod ka man o ikaw ang sinusundan, sa pagiging mapanagutang lider o pagiging tagasunod, makapaglilingkod ka, at makapagpapakita ng pagmamahal sa kapwa. Magkakaroon ng kabuluhan ang iyong buhay kung ang mga tungkuling iniatang sa iyo ay iyong kinikilala, nililinang, at isinasabuhay nang mapanagutan tungo sa pagkakamit ng kabutihang panlahat. Sa huli'y, magiging produktibo at makabuluhan din ang iyong pamumuhay sa lipunang iyong kinabibilangan.


Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Pagkatapos mong magkaroon ng mas malalim na kaalaman at pag-unawa sa mga konsepto ng mapanagutang pamumuno at pagiging tagasunod, pag-isipan at sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng lider sa isang pangkat?
2. Ano ang mga katangian ng mapanagutang lider na dapat sundin?
3. Ano ang mga katangian ng mapanagutang tagasunod?
4. Anong uri ng pagsunod ang iyong isinasabuhay? Ipaliwanag.
5. Gaano kahalaga ang pagkakaroon ng mapanagutang pamumuno at pagsunod sa isang pangkat? Ipaliwanag.
6. Paano malilinang at mapatatatag ang pagiging mapanagutang lider at tagasunod?
7. Ano ang maaari mong maibahagi sa pangkat o lipunang iyong kinabibilangan bilang isang lider at tagasunod? Ipaliwanag.


Paghinuha ng Batayang Konsepto

Batay sa iyong mga sagot sa “Tayahin ang Iyong Pag-unawa”, ipahayag ang nahinuha mong Batayang Konsepto sa pagiging mapanagutang pamumuno at pagiging tagasunod sa pamamagitan ng isang graphic organizer. Gawin ito sa iyong kuwaderno. Gabay mo ang sagot sa mahalagang tanong na: **Bakit mahalaga na maunawaan at gampanan ang aking tungkulin bilang lider at tagasunod? Ano ang maaari kong maibahagi sa lipunan bilang mapanagutang lider at tagasunod?**



Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

1. Balikan ang Gawain 2, tanong bilang 4c at 4d; pagtaya sa antas ng pagganap mo sa iyong tungkulin at mga bagay na dapat mo pang gawin upang mapaunlad ang pagganap mo sa mga tungkuling kasalukuyang nakaatang sa iyo.

2. Magplano ng panayam / interview sa dalawang kasapi ng pangkat na iyong kinabibilangan. (Kung ikaw ay tagasunod, kapanayamin ang lider at isa pang kasapi; kung ikaw ang lider, kapanayamin ang isa sa mga opisyal at isang kasapi).

3. Gumawa ng isang dokumentaryo na magpapakita ng mga paraan upang maging matagumpay ang pangkat sa pamamagitan ng pagtupad ng tungkulin ng lider at mga tagasunod. Gamiting gabay ang sumusunod na tanong:

    a. Ano ang layunin ng pangkat?
    b. Paano ka naging bahagi ng pangkat?
    c. Ano ang pangunahin mong tungkulin bilang isang lider? o tagasunod?
    d. Ano ang mga bagay na dapat gawin ng isang lider o tagasunod upang makamit ang layunin ng pangkat na kinabibilangan?
    e. Anong mga katangian ng isang lider o tagasunod ang sa palagay mo ay kailangan upang magtagumpay ang pangkat?
    f. Ano ang maipapayo mo sa ibang kasapi ng pangkat at sa ibang tao na nagnanais na maging mapanagutang lider o kasapi ng isang pangkat?

Pagninilay

Gamit ang sumusunod na pamantayan, gumawa ng isang pagninilay sa ginawang dokumentaryo tungkol sa pagiging lider at tagasunod.

- Pagtukoy sa mga mahahalagang konsepto at kakayahan na naunawaan sa modyul na ito na nagkaroon ng malaking epekto sa buhay mo (bilang lider at tagasunod)
- Paglalarawan ng mga pagbabago sa sarili, matapos isagawa ang gawain. Halimbawa, kung nabanggit na kailangang makinig at maging maunawain upang maging mapanagutang lider at tagasunod, sa paanong paraan ito

makatutulong sa iyo upang maging mapanagutan mong magampanan ang iyong tungkulin? Mas naging maunawain ka ba sa ibang kasapi ng iyong pangkat?

- Pagtukoy sa mga taong maaaring hingan ng tulong, gabay, o suporta na mapagsasanggunian (at iba pang paraan, tulad ng pagbabasa ng mga aklat) upang mapaunlad ang iyong kakayahang maging mapanagutang lider at tagasunod.
- Pagkakaroon ng reyalisasyon sa kahalagahan ng pagiging mapanagutang lider at tagasunod sa pangkat at lipunang kinabibilangan.
- Pagkakaroon ng pansariling komitment sa paglinang ng mga kaalaman at kasanayan upang maging mapanagutang lider at tagasunod, upang sa huli'y makamit ang kaganapan ng pagkatao.

Pagsasabuhay

Pagkapos mong maunawaan ang mga inaasahang kaalaman at kasanayan sa modyul na ito, inaasahan na magsisilbi itong gabay sa paggawa mo ng mapanagutang gawain upang mapaunlad ang iyong kakayahang maging mapanagutang lider at tagasunod.

Gamitin ang Worksheet 2, Plano ng Paglilingkod (Action Plan) bilang gabay sa paggawa ng isang malinaw at makatotohanang plano sa pagiging lider at pagiging tagasunod. Narito ang mga bahagi:

1. Pangalan ng lider at mga kasapi sa pangkat
2. Pamagat ng proyekto
3. Tao o lugar na nais paglilingkuran
4. Layunin / Paraan ng paglilingkod
5. Mga kakailanganin
6. Inaasahang bunga
7. Mga taong makatutulong sa pagkamit ng layunin
8. Inaasahang panahon ng pagsasakatuparan

Bumuo ng isang pangkat na may 3 hanggang 5 kasapi. Isulat ang pangunahing tungkulin ng bawat isa. Magplano ng isang gawain na tutugon sa

pangangailangan ng mga kamag-aral o maaaring gawain sa barangay o sa ibang institusyon sa pamayanan. Ipabasa ang plano at palagdaan sa magulang, gurong tagapayo at humingi ng permiso at pagpapatibay mula sa iyong guro sa EsP.

Bigyang katuparan ang plano, ilapat ang hakbang na inyong itinala.

3. Idokumento ang iyong gawain at magkaroon ng mga larawan na magpapatunay na naisakatuparan ang plano.

4. Sumangguni sa guro kung may nararanasang balakid sa pagtupad ng proyekto.

   Mga mungkahing proyektong maaaring gawin sa patnubay ng guro:

   a. "Peer tutoring" sa mga mag-aaral sa mas mababa na baitang (Baitang 7) sa mga asignaturang kailangang paunlarin
   b. "Outreach / Livelihood / Feeding program" sa mga barangay
   c. Pagbibigay ng boluntaryong serbisyo sa paaralan o pamayanan (*clean-up drive, tree-planting, anti-dengue campaign*, atbp)
   d. Maaari ding alamin ang pangangailangan ng mga tao sa lugar na gustong paglingkuran upang mas maging makabuluhan ang gagawing proyekto.

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa Plano ng Paglilingkod:

1. Malinaw at makatotohanan ang pagkakagawa ng plano (action plan)
2. Naisagawa ang gawain ayon sa plano
3. May mga patunay ng pagsasagawa
4. May kalakip na pagninilay tungkol sa iyong karanasan at epekto ng gawain sa pagpapaunlad ng sarili, sa mapanagutang pakikipag-ugnayan sa kapwa, at pagkakaroon ng makabuluhang buhay sa lipunan.

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan (*website*, *software*, mga aklat, *worksheets*)

- Worksheet Blg. 1 – *Lotus Diagram*
- Worksheet Blg. 2 - Plano ng Paglilingkod (*Action Plan*)

Mga Sanggunian

Bennis, W. (2009). *On becoming a leader: The leadership classic (revised and updated).* New York: Perseus Books Group.

Covey, S. R. (1992). *Principle-centered leadership*. New York: Fireside.

Covey, S. R. (2008). *The leader in me: How schools and parents around the world are inspiring greatness, one child at a time.* New York: Free Press.

Goldman, G. & Newman, J. (1998). *Empowering students to transform schools.* California, USA: Corwin Press, Inc.

Kelley, R. (1992). *The power of followership: How to create leaders people want to follow, and followers who lead themselves*. New York: Currency Double Day.

Latour, S. & Rast, V. (2004). *Dynamic followership: The prerequisite for effective leadership*. Retrieved from http://govleaders.org/dynamic_followership.htm on September 28, 2012

Lewis, B. (1998). *What do you stand for? A kid's guide to building character.*

Minneapolis, MN: Free Spirit Publishing, Inc.

Lipman-Blumen, J. (2004). *The allure of toxic leaders: Why we follow destructive bosses and corrupt politicians and how we can survive them*. Oxford University Press.

Maxwell, J. (2011). *The 5 levels of leadership: Proven steps to maximize your potential*. New York: Center Street

Morato, E. (2007). *Self-mastery*. Philippines: Rex Printing Company, Inc.

Oakley E.& Krug, D. (1991). *Enlightened leadership: Getting to the heart of change*.

New York: Fireside

Retrieved from http://www.navy.gov.au/w/images/Navy_Leadership_Ethic.pdf on September 28, 2012

http://globalnation.inquirer.net/50668/filipino-street-kid-13-wins-130000-peace-prize

http://www.leadershipkeynote.net/articles/article-followership.pdf

http://h41112.www4.hp.com/promo/obc/ie/en/business-it-advice/improve-teamwork/leaders-and-followers-how-to-succeed-at-teamwork.html

http://www.google.com.ph/imgres?q=mahatma+gandhi&hl=en&sa=X&biw=1280&bih=656&tbm=isch&prmd=imvnsob&tbnid=ckIv4cUdGPOBTM:&imgrefurl=http://www.goodreads.com/author/show/4467789.Mahatma_Gandhi&docid=Pu5D4UnBR9lyFM&imgurl=http://photo.goodreads.com/authors/1303458099p5/4467789.jpg&w=187&h=266&ei=yMuRUMbTAYTumAXZqoHoBA&zoom=1&iact=hc&vpx=992&vpy=161&dur=7013&hovh=212&hovw=149&tx=58&ty=176&sig=106843793170985460117&page=1&tbnh=138&tbnw=101&start=0&ndsp=21&ved=1t:429,i:147

http://mydlc.com/pmi-mn/PRES/2008D05_FollowershipQ_MAyers.pdf

http://tw.liftinghands.net/upload/topic/1268133256_9313.pdf

http://www.fbla.org/data/files/2012nlc/lucdwinluck_leadership%20styles%20questionnaire.pdf

http://www.nyc.gov/html/weareny/downloads/pdf/student_leadership_course-teaching_leadership_and_activiti.pdf

http://www.sagepub.com/upm-data/45143_Gill_2e.pdf

http://wps.prenhall.com/hss_aronson_socpsych_6/64/16429/4205880.cw/-/4205927/index.html

http://www.economist.com/media/globalexecutive/allure_of_toxic_leaders.pdf


http://www.nwlink.com/~donclark/leader/leadstl.html

Yunit III

Mga Pagpapahalaga at Birtud ng Pakikipagkapwa

Modyul 9: PASASALAMAT SA GINAWANG KABUTIHAN NG KAPWA

A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?



Bahagi ng ating pagkatao ang marunong magpahalaga sa mga taong nakagagawa sa atin ng kabutihan. Mahalaga na isipin ang magandang nagagawa nito sa sarili lalo na sa mga taong dapat paglaanan ng pasasalamat. Mahalaga rin na malaman ng tao kung kanino tunay na nagmumula ang mga biyayang natatangap.

Bilang Pilipino, ang birtud na ito ay isa sa mga katangiang binibigyan ng lubos na pagpapahalaga dahil kinikilala ang kabutihan ng kapwa lalo na sa oras ng pangangailangan. Binibigyang- pansin na ang mga biyayang natatanggap ay dahil sa pagmamalasakit ng kapwa.

Ngunit paano mo naipakikita ang pagpapahalaga sa mga taong nagpakita sa iyo ng kabutihang loob? Ang pasasalamat ba ay naipahahayag lang sa mga taong gumawa sa iyo ng kabutihan? Ano ang isang halimbawa ng kawalan ng pasasalamat?

Inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong na: Ano ang kahalagahan ng pagiging mapagpasalamat? Ano ang kaibahan nito sa *Entitlement Mentality*?

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Natutukoy ang mga biyayang natatanggap mula sa kabutihang-loob ng kapwa at ang mga paraan ng pagpapakita ng pasasalamat

b. Nasusuri ang mga halimbawa o sitwasyon na nagpapakita ng pasasalamat o kawalan nito
c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
d. Naisasagawa ang mga angkop na kilos ng pasasalamat

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

1. May pag-alala sa mga taong nais pasalamatan
2. May pagbubuo ng talumpati tungkol sa mga taong nais pasalamatan na naging bahagi ng kanilang buhay
3. May pagpapahayag sa kanilang talumpati sa harapan ng mga kaklase
4. May pagsusulat ng liham pasasalamat sa mga taong nais pasalamatan



Paunang Pagtataya

Gawain 1

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong at piliin ang pinakaangkop na sagot sa bawat bilang. Isulat ang mga sagot sa kuwaderno.

1. Alin ang tanda ng isang taong may pasasalamat?
    a. Si Maria ay kuntento sa kaniyang buhay kahit simple lamang dahil alam niyang pahalagahan ang mga mabubuting natatanggap niya mula sa iba at sa Diyos.
    b. Sa kabila ng mga pagpapalang natatanggap ni Rey, marunong pa rin siyang tumingin sa kaniyang pinanggalingan.
    c. Nag-aaral nang mabuti si Jojo upang marating niya ang kaniyang mga pangarap.
    d. Laging nagpapasalamat si Janet sa mga taong tumutulong sa kaniya kahit hindi bukal sa kaniyang kalooban.

2. Ano ang tamang pagpapakita ng pasasalamat?
    a. Paggawa ng kabutihang-loob sa kapwa kahit naghihintay ng kapalit
    b. Pagkilala sa kabutihang ginawa ng kapwa at pagsasabi ng pasasalamat

c. Pagpapahalaga sa kabutihan ng kapwa kahit alam mong ginagawa lang niya ang trabaho nito
d. Pagsasabi ng pasasalamat ngunit salat sa gawa

3. Alin sa sumusunod ang **hindi** magandang dulot ng pasasalamat sa kalusugan?

a. Nagiging mas pokus ang kaisipan at may mababang pagkakataon na magkaroon ng depresyon.
b. Naghihikayat upang maging maayos ang sistema ng katawan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mas malusog na presyun ng dugo at *pulse rate*.
c. Nakapanghihina ng katawan dahil laging nag-iisip kung paano magpapasalamat.
d. Nakapagdadagdag ng likas na antibodies na responsable sa pagsugpo sa mga bacteria sa katawan.

4. Ano ang *entitlement mentality*?

a. Ito ay ang paggawad ng titulo o parangal sa isang tao.
b. Ito ay isang paniniwala o pag-iisip na anumang inaasam mo ay karapatan mo na dapat bigyan ng dagliang pansin.
c. Ito ay ang pagbibigay serbisyo sa mga pangunahing pangangailangan ng mga tao.
d. Ito ay ang pag-aabuso ng mga mamamayan sa kakayahan ng pamahalaan na tustusan ang kanilang pangangailangan.

5. Ang sumusunod ay mga pakinabang na dulot ng pasasalamat, *maliban* sa:

a. Pagkakaroon ng kagalakan dahil sa kinikilala mo ang mga kabutihang kaloob ng kapwa
b. Gumagaan ang pakiramdam sa kabila ng pagsubok dahil nagiging positibo ka sa pananaw sa buhay
c. Pagkakaroon ng maraming kaibigan dahil ipinapakita mo ang pasasalamat sa kanila
d. Pagiging maingat sa mga materyal na pagpapala buhat sa ibang tao

6. Ang sumusunod ay mga gawain ng pasasalamat sa loob ng tahanan, *maliban* sa:
    a. pagsasabi ng salamat sa pagkaing inihanda ng magulang.
    b. pagtulong sa mga simpleng gawain sa bahay.
    c. paghinto sa pag-aaral upang magtrabaho at makatulong sa pamilya sa kabila nang may pantustos ang mga magulang.
    d. pag-alala sa kaarawan ng taong tumulong sa iyo upang maipakita ang pagpapahalaga at pagmamahal sa kaniya.

7. Ang birtud na pasasalamat ay gawain ng
    a. kalooban
    b. isip
    c. damdamin
    d. konsensya

8. Alin ang *hindi* kasama sa tatlong antas ang pasasalamat ayon kay Santo Tomas Aquinas?
    a. Pagkilala sa kabutihang ginawa ng kapwa
    b. Pagpapasalamat
    c. Paggawa ng kabutihan sa ibang tao bilang pagbabalik ng kabutihang ginawa sa iyo
    d. Pagpapakita ng pagpapahalaga sa kapwa sa abot ng makakaya

9. Ano ang isang halimbawa ng *entitlement mentality*?
    a. Ang hindi pagbabayad ng buwis ng mamamayan kung hindi nakukuha ang sapat na serbisyo
    b. Ang hindi pagbibigay ng pasasalamat ng mga anak sa kanilang magulang
    c. Ang pagiging abusado sa kapwa sa paghingi ng tulong
    d. Ang kawalan ng utang ng loob sa taong tumutulong

10. Ang sumusunod ay pagpapakita ng kawalan ng pasasalamat, *maliban* sa:
    a. Kawalan ng panahon o kakayahan upang matumbasan ang tulong na natanggap sa abot ng makakaya
    b. Pagpapasalamat nang hindi bukal sa puso
    c. Hindi pagkilala o pagbigay-halaga sa taong gumawa ng kabutihan
    d. Paghingi ng suporta sa mga magulang sa mga pangunahing pangangailangan dahil menor de edad

Gawain 2

Panuto: Sa bilang isa hanggang sampu kung saan ang isa (1) ang pinakamahalaga, isulat ang mga pinasasalamatan mo sa buhay ayon sa iyong pagpapahalaga.

1.	6.
2.	7.
3.	8.
4.	9.
5.	10.

Pagsusuri

1. Ano ang nalaman mo sa iyong sarili?
2. Sino-sino ang binibigyan mo ng pagpapahalaga sa buhay?
3. Naipakikita mo ba ang iyong pasasalamat sa kanila? Paano?
4. Mahalaga ba para sa iyo ang maging mapagpasalamat?

Ang susunod na bahagi ay magsisilbing gabay upang lalo mo pang matuklasan ang iyong sarili kung taglay mo ang pasasalamat.

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto: Basahin ang iba't ibang sitwasyon sa ibaba. Tukuyin ang biyayang natanggap mula sa kabutihang-kaloob at isulat ang paraan ng pagpapakita ng pasasalamat. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno. Gawing gabay ang halimbawa sa unang bilang.

Biyayang natanggap: Tinulungan magbuhat ng aklat

Paraan ng Pasasalamat:

1. Bibigyan ko siya ng isang liham ng pasasalamat at gagawan ko rin siya ng kabutihan sa ibang pagkakataon.

1. Binigyan ka ng inspirational book ng kaklase mong tumalo sa iyo sa isang kompetisyon.

Biyayang natanggap:

Paraan ng Pasasalamat:

2.

2. Guminhawa ang iyong kalooban nang paggising mo isang umaga ay nalanghap mo ang sariwang hangin at binati ka ng masayang huni ng ibon.

Biyayang natanggap:

Paraan ng Pasasalamat:

3.

3. Tinuruan ka ng iyong nakatatandang kapatid sa iyong *research project* sa Edukasyon sa Pagpapakatao.

Biyayang natanggap:

Paraan ng Pasasalamat:

4.

4. Natuklasan mong ipinagpaliban ng iyong nanay ang kaniyang checkup sa doktor upang mabigyan ka ng isang party sa iyong kaarawan.

Biyayang natanggap:

Paraan ng Pasasalamat:

5.

5. Nakita mo ang isang pulis na tinulungang tumawid ang isang matandang pulubi.

Pagsusuri ng mga sagot sa Gawain 1

Batay sa iyong pagsusuri sa gawain, sagutin ang mga tanong at isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Ano-ano ang iyong natuklasan tungkol sa pasasalamat?
2. Ano-ano ang paraan ng pagpapakita ng pasasasalamat?
3. Bakit mahalaga ang magpasalamat? Ano ang nagagawa nito sa atin at sa ating kapwa?

Maraming pangyayari sa iyong buhay na naranasan mong ikaw ay gawan ng kabutihan. Mainam na malaman ang mga pamamaraan ng pagpapakita ng pasasalamat para na rin sa mga taong gumawa sa iyo ng kabutihan lalo na sa panahon ng pangangailangan.


Gawain 2

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang kolum na nagpapakita ng dalas ng pagpapakita mo ng pasasalamat. Gawin ito sa kuwaderno.

Sitwasyon	Palaging ipinapakita	Madalas ipinapakita	Hindi kailanman ipinapakita
1. Pagtulong sa iyong magulang sa mga gawaing bahay dahil alam mong pagod na sila sa kanilang trabaho 2. Pagsasabi ng “Salamat” sa mga taong nagbibigay ng serbisyo sa iyo, halimbawa drayber, guards 3. Pagpapakita ng pagpapahalaga sa ibang tao sa pamamagitan ng paggawa ng mga simple ngunit mahahalagang bagay o gawain 4. Pag-iingat sa mga bagay na bigay ng mga mahal sa buhay 5. Pagbibilang sa mga pagpapalang natatanggap at hindi ang mga pagsubok sa buhay 6. Pagsusulat ng liham-pasasalamat sa mga taong nagpakita ng kabutihan kahit sa simpleng paraan 7. Pagiging kuntento sa buhay dahil alam mong ang Diyos ang nagkakaloob ng mga pangangailangan mo 8. Pagpapasalamat sa mga nakalipas na mababuting karanasan 9. Pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay sa kabila ng nararanasang pagsubok 10. Pagpapasalamat sa Diyos sa mga kabutihan at pagsubok na kaloob sa iyo			

Masaya ka ba sa mga sagot mo sa tseklis? Sagutin ang mga tanong sa baba sa kuwaderno.

1. Ano ang natuklasan mo sa iyong sarili?
2. Gaano kadalas mo naipakikita ang iyong pasasalamat?
3. Masasabi mo bang taglay mo ang birtud ng pasasalamat? Patunayan.
4. Ano pa kaya ang iyong gagawin upang lalo mong maisabuhay ang pasasalamat?





C. PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Ano-ano ang iyong natuklasan sa iyong kaalaman sa pagsasalamat? Tunay mo nga bang naisasabuhay ang pasasalamat? Subukan mong suriin pa ang sumusunod na halimbawa o sitwasyon ng pasasalamat.

Gawain 1

Panuto: Maraming mga halimbawa o sitwasyon ng pagpapakita ng pasasalamat ang ating narinig o nabasa. Ngunit mayroon din namang hindi marunong magpakita ng pasasalamat. Suriin ang sumusunod na sitwasyon tungkol sa pasasalamat.

1. Isang traysikel drayber na si Jayson ang nakapulot ng mahigit na ₱50,000 na cash at ₱340,000 na halaga ng tseke mula sa upuan ng kaniyang traysikel. Sa panahon na iyon, mahigpit ang kaniyang pangangailangan sa pera dahil ang kaniyang bunsong anak ay nangangailangan ng dagliang operasyon. Pinag-

isipan niyang mabuti ang kaniyang gagawin. Marami sa mga kasamahan niyang nagtatraysikel ang nagsabi sa kaniya na huwag ng ibalik at gamitin na lamang sa operasyon ng kaniyang anak. Dahil nanaig pa rin ang turo ng kaniyang magulang at dikta ng konsensya, pinagpasiyahan niyang ibalik ang pera at tseke sa may-ari sa tulong ng isang istasyon ng radyo. Lubos ang kagalakan ng may-ari at pinasalamatan niya si Jayson. Pinangakuan si Jayson na tutulungan siya sa pagpapaopera sa kaniyang anak.

2. Si Mang Tony ay nakikitang palakad-lakad sa daan. Siya pala ay apat na araw ng naglalakad mula Pangasinan hanggang Maynila. Dahil sa kasalatan sa pera, ang kaniyang asawa at mga anak ay namatay dahil sa matinding sakit. Pumunta siya sa Maynila upang hanapin ang mga natitira pa niyang kamag-anak. Paminsan-minsan, bumibili siya ng limang pisong kanin bilang pagkain niya sa buong araw niyang paglalakad. Kahit kulang sa pagkain, nakikita din siyang nagbabahagi ng kaniyang kanin sa mga taong pulubi. Marami ang naantig sa kaniyang kabutihang-loob sa kapwa. Para kay Mang Tony, habang kalooban ng Diyos na siya ay nabubuhay, patuloy pa rin siyang magpapakita ng kabutihan sa mga taong nangangailangan ng tulong.

3. Mahirap ang pamilya ni Jane. Hirap sila maging sa kanilang mga pangunahing pangangailangan sa buhay. Napilitan ang mga magulang ni Jane na pumunta sa ibang bansa upang mabigyan siya ng magandang kinabukasan. Naging masuwerte naman ang kaniyang mga magulang sa kanilang trabaho. Naibigay nila kay Jane ang lahat ng kaniyang kailangan. Maging mga mamahaling gamit ay kaya na nilang ibigay sa kaniya. Inaasahan ng kaniyang magulang na lalaking maayos si Jane at mag-aaral ng mabuti. Ngunit taliwas sa kanilang inaasahan, natuto si Jane na sumama sa masamang barkada na naging dahilan ng maagang pagbubuntis. Iniwan pa siya ng kaniyang kasintahan. Nabigo niya ang kaniyang mga magulang na makapagtapos sa kaniyang pag-aaral.

4. Si Mateo ay naulila dahil sa biglaang aksidente ng kaniyang mga magulang. Dahil sa awa ng kaniyang guro at kagustuhang makatapos siya ng pag-aaral, hinanapan siya ng taong maaaring magpaaral sa kaniya. Isang pari sa kumbento ang nagpaaral sa kaniya hanggang siya ay makatapos ng kolehiyo. Hindi naging madali kay Mateo ang kaniyang pinagdaanan dahil kailangan niya itong sabayan ng sipag at tiyaga. Nakapagtrabaho si Mateo sa Amerika ngunit hindi niya makakalimutan ang mga taong tumulong sa kaniya upang maabot ang mga pangarap. Bumalik siya sa Pilipinas upang pasalamatan ang kaniyang guro at ang pari na itinuring na niyang ikalawang magulang.

5. Si Luis ay isang lumpong bata. Hindi siya nag-aaral dahil sa kahirapan. Pangarap niyang makapaglakad, makapag-aral at makapaglaro kasama ang mga kaibigan. Ngunit dahil sa kaniyang kalagayan, alam niyang hindi niya magagawa ito. Isang araw, isang social worker ang nakaalam sa kaniyang sitwasyon. Inilapit niya ito sa kakilalang orthopedic surgeon upang bigyan ng libreng operasyon para siya ay makalakad. Laking tuwa ni Luis nang siya ay makalakad. Bilang pasasalamat sa social worker, ipinangako niya na gagamitin niya ang kaniyang buhay nang may pasasalamat at tutulong din siya sa mga taong nangangailangan.

Panuto: Punan ang tsart batay sa nabasang mga sitwasyon. Gawin ito sa kuwaderno.


Bilang ng Sitwasyon	Panguna-hing Tauhan	Sitwasyong Kinakaharap	Paano Nalampasan	Paano ipinakita ang birtud ng pasasalamat
1 2 3 4 5				

Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Paano ipinakita sa bawat sitwasyon ang pagsasabuhay ng pasasalamat sa kabutihang ginawa ng kapwa?
2. Papaano kung hindi naipakita ang pasasalamat? Ano ang iyong gagawin?
3. Nais mo bang isabuhay din ang pagiging mapagpasalamat? Bakit?
4. Ikaw, paano mo ipapakita ang iyong pasasalamat sa ibang tao? Magbigay ng halimbawa.

Gawain 2

Survey Tungkol sa Pasasalamat



Panuto: Bawat pangkat ay magsasagawa ng survey tungkol sa pasasalamat sa limang mag-aaral sa loob ng paaralan. Bibigyan lamang ng 20 minuto ang bawat pangkat upang lumabas sa silid-aralan at isagawa ang gawain. Itala ang mga sagot ng mga mag-aaral na kinapanayam gamit ang tsart sa pahina 238. Pagkatapos, sagutin sa kuwaderno ang mga tanong tungkol sa resulta ng survey.

Mga Gabay na Tanong sa Survey

1. Sino-sino ang pinasasalamatan mo sa buhay? Magbigay ng limang pinasasalamatan.

2. Bakit mo sila pinasasalamatan? Isa-isahin ang dahilan sa bawat taong pinasasalamatan.

3. Paano mo naipakikita o napatutunayan ang iyong pasasalamat sa bawat taong pinasasalamatan?

4. Ano ang kabutihang naidudulot ng pagpapakita mo ng pasasalamat sa bawat taong pinasasalamatan?

5. Ano ang maaaring halimbawa mo ng hindi pagpapakita ng pasasalamat sa mga taong dapat mong pinasasalamatan?

6. Ano kaya ang magiging epekto kung hindi ipakikita ang pasasalamat?

Tsart ng mga Sagot sa Survey

Mga mag-aaral na sumagot sa survey	**Sino ang pinasa-salamatan mo sa buhay**	**Bakit mo sila pinasasalamatan**	**Paano mo ipinakikita ang iyong pasasalamat**	**Ang kabutihang naidudulot ng pagpapakita mo ng pasasalamat**	**Mga halimbawa ng hindi pagpapakita ng pasasalamat**	**Ang mga maaaring epekto ng hindi pagpapakita ng pasasalamat**
1						
2						
3						
4						
5						

Pagsusuri sa resulta ng survey

1. Batay sa inyong survey, ano ang iyong natuklasan tungkol sa pagpapakita ng pasasalamat?
2. Ano naman ang iyong nasuri o natuklasan sa kawalan ng pagpapakita ng pasasalamat?
3. Paano mo pahahalagahan ang birtud ng pasasalamat?



D. PAGPAPALALIM

Pasasalamat sa Kabutihang-loob ng Kapwa

Isang guro ko noong hayskul ang nagpakita ng kakaibang dedikasyon sa kaniyang propesyon. Hindi na niya naisipang mag-asawa at inilaan na lamang niya ang kaniyang panahon sa pagtuturo sa amin. Napakabait niya at mapang-unawa sa aming kakulangan. Kaya sa aming gradwasyon, sinabi ko sa kaniya na siya ang pinakapaboritong kong guro at binigyan ko siya ng isang liham-pasasalamat. Sinabi ko rito na dahil sa kaniyang mabuting halimbawa, nagpasiya akong maging isang guro.



Nagkaroon ka na ba ng ganitong pag-alala sa mga taong nagpakita sa iyo ng pagmamalasakit? Naipakita mo na ba ang iyong pasasalamat kahit sa simpleng paraan lamang?

Bakit nga ba napakahalaga ng pagpapakita ng pasasalamat? Paano ito nakatutulong sa paghubog ng ating pagkatao at pakikipag-ugnayan sa kapwa?

Mula sa pagkabata, naituro na ng magulang mo ang pagsasabi ng “salamat” sa mga taong nakagawa sa iyo ng kabutihan. Halimbawa, noong ikaw ay bata pa, kapag inabutan ka ng kendi o sinabihan ng “ang cute-cute mo,” kaagad kang sasabihan ng nanay mo na “Magpasalamat ka, Anak.” Napakasarap para sa isang tao na makarinig ng salitang “Salamat” lalo na kung ito ay nagmumula sa taong ginawan ng kabutihan at hindi naghihintay ng kapalit na materyal o pinansyal.

Isang kuwento ng pasasalamat ang ipinakita sa programang pantelebisyon sa “Kapuso mo, Jessica Soho” tungkol kay Mang Roldan. Si Mang Roldan ay

namatayan ng asawa at mga anak. Ngunit sa kabila ng mga nangyari sa kaniya, patuloy pa rin siyang namumuhay nang may pasasalamat sa Diyos. Marami rin siyang tinutulungang tao sa kabila ng kaniyang kahirapan. Nauunawaan niya na may layunin pa siya sa buhay kung kaya't patuloy siyang tumutulong sa kapwa niya mahihirap sa abot ng kaniyang makakaya. Dahil sa kaniyang kabutihang-loob, pinagpala siya ng mga taong mapagmalasakit na tulungan siya sa buhay.

Ano nga ba ang "pasasalamat"?



Ang pagpapasalamat ay gawi ng isang taong mapagpasalamat; ang pagiging handa sa pagpapamalas ng pagpapahalaga sa taong gumawa sa kaniya ng kabutihang-loob. Ito rin ay ang pagkakaroon ng masigla at magiliw na pakiramdam tungo sa taong gumawa ng kabutihan. Ang pasasalamat sa salitang Ingles ay *gratitude*, na nagmula sa salitang *Latin* na *gratus* (nakalulugod), *gratia* (pagtatangi o kabutihan) at *gratis* (libre o walang bayad). Ang pasasalamat ay isang gawi o kilos na kailangan ng patuloy na pagsasagawa hanggang ito ay maging birtud. Mungkahi ni Susan Jeffers ng may-akda ng Practicing Daily Gratitude, "simulan ang kasanayan sa pagsasabi ng pasasalamat kahit sampung beses sa bawat araw." Kung ito ay maging isang birtud, magiging madali para sa iyo na magkaroon ng pusong mapagpasalamat. Ayon nga kay Aesop, "Gratitude is the sign of noble souls." Ayon kay Santo Tomas de Aquino, may tatlong antas ng pasasalamat: pagkilala sa kabutihang ginawa ng kapwa, pagpapasalamat at pagbabayad sa kabutihan na ginawa ng kapwa sa abot ng makakaya.

Ang pasasalamat ay isa sa mga pagpapahalaga ng mga Pilipino. Naipakikita ito sa *utang na loob*. Nangyayari ang utang na loob sa panahong ginawan ka ng kabutihan ng iyong kapwa. Ito ay ang pagkilala at pagtugon sa kabutihang ginawa ng kapwa sa iyo lalo na sa oras ng matinding pangangailangan. Ayon kay Fr. Albert E. Alejo, S.J., ang utang na loob ay lumalalim kapag ang tumanggap ng biyaya o pabuya mula sa sinuman ay nakadarama ng matinding pananagutang mahirap tumbasan lalo sa panahon ng kagipitan. Ang pagtanaw sa mabuting kalooban ng ibang tao ay maaaring matumbasan ng pagganti rin ng mabuting kalooban sa iba

pang tao bukod sa pinagkakautangan ng loob. Ito ay dahil sa oras na umasa ng ganti ang nagbigay ng tulong sa tinulungang tao, ang utang na loob ay lumalabnaw at magwawakas sa oras na makabayad sa anumang “utang” na materyal ang tao.

Samakatuwid, ang pagpapakita ng pasasalamat ay hindi lamang sa taong pinagkakautangan ng loob, maaari ding ituon ang pasasalamat sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mabuting puso at paggawa ng mabuti sa *ibang* tao. Dahil sa naranasan mong kabutihan mula sa ibang tao, nagkakaroon ka rin ng paghahangad na ipakita ang kabutihang ito sa taong *iba* sa tumulong sa iyo.

Ngunit ang utang na loob minsan ay nagagamit din ng ilang tao sa maling paraan o pag-aabuso. Tuwing halalan, may mga kandidato na kusang tumutulong sa mga taong nangangailangan. Nais ipakita ng mga kandidato na sila ay matulungin, mabait at nararapat iboto sa eleksyon. Bilang pagtanaw ng utang na loob, ihahalal ng mga taong natulungan ang mga kandidato kahit na hindi karapat-dapat ang mga ito na maging opisyal ng pamahalaan. Napakahalaga na magamit ang pasasalamat o utang na loob nang may pananagutan at sa tamang paraan.

Sa kulturang Pilipino, mayroon kani-kaniyang pamamaraan ng pasasalamat sa mga pagpapalang natatanggap ng komunidad. Sa mga Muslim, mayroong pagdiriwang na tinatawag na Shariff Kabunsuan. Si Shariff Kabunsuan ay isang Arabong Misyonaryo na ipinakilala ang relihiyong Islam sa mga Pilipino sa Mindanao. Ipinagdiriwang ito sa pamamagitan ng Kanduli, isang handaan ng pasasalamat. Ang kanduli ay pasasalamat din sa bawat mabuting nagagawa ng kapatid na Muslim para sa kapwa. Sa Visayas, mayroong pagdiriwang tulad ng Ati-Atihan at Dinagyang, bilang pagkilala sa kabutihan ng Sto. Niño lalo na sa oras ng kagutuman at tagtuyot. Mayroon ding Sinadya sa Halaran, isang pagpaparangal sa Birhen ng Immaculate Concepcion dahil sa mga biyayang natatanggap ng Probinsiya ng Capiz at Siyudad ng Roxas. Sa Luzon naman, ilan lamang dito ay ang Pahiyas, isang pagdiriwang na pasasalamat kay San Isidro Labrador para sa magandang ani. Ang Bacao naman ay para kay San Jose dahil sa magandang ani ng mais. Patunay ang mga ito na likas sa tao ang magpasalamat kahit saan mang lugar.

Ang pagiging mapagpasalamat ay tanda ng isang taong puno ng biyaya, isang pusong marunong magpahalaga sa mga magagandang biyayang natatanggap mula sa kapwa. Isang mahalagang bahagi ng pasasalamat ay ang pagpapakumbaba dahil kinikilala mo na hindi lahat ng mga magagandang nangyayari sa buhay mo ay dahil lamang sa sarili mong kakayahan o pagsisikap. Mahalaga na marunong kang magpakumbaba, at kilalanin mo na sa tulong ng ibang tao ikaw ay naging matagumpay. Madalas ay naririnig natin sa mga talumpati tuwing Araw ng Parangal sa mga paaralan ang pagpapasalamat ng mga mag-aaral. Kinikilala ng mga nagpapasalamat ang tulong at suporta na ibinigay ng kanilang mga magulang, guro, kamag-aral at lalong-lalo na ang Diyos na nagbigay ng lahat ng pagpapala at tagumpay na nakamit. Mahalagang tandaan ang pahayag na *no man is an island.*

Mahalaga na marunong kang magpakumbaba at kilalanin mo na sa tulong ng ibang tao ikaw ay naging matagumpay.

Ang taong may pasasalamat ay marunong ding tumingin sa positibong bahagi ng buhay sa kabila ng mga pagsubok dahil alam niyang may mabuting Diyos na patuloy na gumagabay sa kaniya. Nagiging daan upang maging malakas at magkaroon ng pag-asa sa buhay at malampasan ang anumang pagsubok. Minsan ay naranasan mo na ikaw ay nahaharap sa mga taong nakasasakit ng iyong damdamin, ngunit napakahalaga na manatili kang matatag at hindi maging daan upang ikaw ay matutong mag-isip ng masama sa kapwa. Samakatuwid, ang pasasalamat ay humuhubog sa emosyonal at ispiritwal na pagkatao sa pamamagitan ng pagtuon sa mga pagpapalang natatanggap mula sa Diyos. Dahil alam mong pasalamatan ang Diyos na nagbibigay ng iyong mga pangangailangan at tumutugon sa iyong panalangin, natututuhan mong gantihan ang kabutihan ng Diyos sa pamamagitan ng paggawa rin ng mabuti sa kapwa. Napakahalaga na manatili kang positibo lalo na sa oras ng pagsubok upang makayanan mong malampasan ang anumang hamon sa buhay. Ikaw, nananatili ka bang positibo sa kabila ng mga krisis sa buhay?

Ang pagpapakita ng pasasalamat ay hindi lamang sa taong pinagkakautangan ng loob, maaaring ituon ang pasasalamat sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mabuting puso at paggawa ng mabuti sa ibang tao.

Mga Ilang Paraan ng Pagpapakita ng Pasasalamat

1. *Magkaroon ng ritwal na pasasalamat*. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng repleksyon. Bawat araw, kahit ilang saglit ay isipin ang mga tao o mga bagay na pinapasalamatan mo. Isang magandang mungkahi rin kung gagawa ka ng listahan ng mga taong gusto mong pasalamatan o mga bagay na nais mong gawin upang maipakita sa kanila ang iyong pasasalamat. Isipin din ang Diyos na patuloy na nagbibigay sa iyo ng buhay at ang kalikasan tulad ng hangin, araw, ulan at iba pa.



2. *Magpadala ng liham-pasasalamat sa mga taong nagpakita ng kabutihan o higit na nangangailangan ng iyong pasasalamat*. Maaari itong simpleng liham ngunit nagpaparamdam ng malalim na pasasalamat. Ang pagbibigay mo ng liham sa iyong kaibigan dahil sa kaniyang ginawang pagtulong sa iyong proyekto ay nagpapalalim sa inyong magandang samahan. Iba ang pakiramdam ng tumanggap ng isang liham na nakasulat sa stationery kumpara sa isang pagbati sa gamit ang isang text message, email o Facebook.

3. *Bigyan ng simpleng yakap o tapik sa balikat kung kinakailangan.* Ito ay pagpapakita ng pagpapahalaga sa magandang ginawa nila sa iyo. Mahalaga na maipadama mo sa kanila ang iyong lubos na pasasalamat sa pamamagitan ng simpleng yakap o tapik sa balikat. Isang magandang pagpapakita ng pasasalamat ay kapag niyakap mo ang iyong magulang dahil sa masarap na pagkain na iniluto para sa iyo. Mararamdaman ng iyong magulang na napapahalagahan mo ang kanilang ginagawa.

4. *Magpasalamat sa bawat araw*. Sa bawat araw ng iyong paggising, mahalagang alisin sa isipan ang mga negatibong kaisipan bagkus isaisip ang kagandahan at layunin sa buhay. Harapin ang bawat araw sa pamamagitan ng pag-iisip ng mga biyayang natatanggap tulad ng hanging nalalanghap, ang araw na nagbibigay liwanag at maging ang mga di mo kilalang tao na gumawa sa iyo ng serbisyo tulad ng drayber ng dyip, pulis o guro na naglaan sa iyo ng oras. Ito ang magpapasigla sa iyo upang harapin ang bawat araw.

5. *Ang pangongolekta ng mga quotations ay magpapabuti sa iyong pakiramdam.* Marami tayong mga naririnig o nababasang mga quotations na nagpapabago sa ating kamalayan o nagpapaganda sa ating pakiramdam. Mas mabuti kung ang mga ito ay kokolektahin mo sa isang aklat, ilagay sa mesa o sa tabi ng higaan para mas madalas mo itong mabasa at maalala. Halimbawa, tunay na nagpapaginhawa ng kalooban at nagpapalaya sa gipit na kalagayan ang mga bersong ito: Ang Panginoon ang aking pastol, di ako kukulangin sa anuman. Pinahihimlay niya ako sa luntiang pastulan, inaakay ako sa payapang batisan." (Salmo 23: 1-2)

6. *Gumawa ng kabutihang-loob sa kapwa nang hindi naghihintay ng kapalit*. Kung ikaw ay may birtud ng pasasalamat, nagagawa mo maging ang mga simpleng gawain na ikatutuwa ng ibang tao tulad ng pagbukas ng pinto para sa kanila, pagbuhat sa kanilang mabibigat na dalahin, pagpulot ng mga nakakalat na papel sa daan, pagbigay ng kontribusyon sa mga kawanggawa at iba pa. Kung ang mga ito ay nagagawa mo, nagkakaroon ka ng katuparan sa iyong sarili na ikaw ay mahalagang bahagi ng iyong pamilya, komunidad, bansa at planeta.

7. *Magbigay ng munti o simpleng regalo*. Isang simpleng regalo ngunit nagpapakita ng pag-alaala sa taong gumawa sa iyo ng kabutihan ay tunay na nagbibigay kasiyahan. Ang mahalaga lamang dito ay bukal sa iyong puso ang pagbibigay.

Alin sa mga paraang ito ang nagawa mo na sa mga taong gumawa sa iyo ng kabutihan? Ano-ano ang iyong mga reyalisasyon sa mga pagkakataong ito?

Ang pagpapakita ng pasasalamat kahit sa simpleng paraan ay nagdudulot ng kaligayahan sa taong pinagkakautangan mo ng loob. Kinikilala mo ang kaniyang pagkatao na nag-alay ng tulong sa iyo lalo na sa oras ng kagipitan.



Kung ang pasasalamat ay isang espesyal na birtud dahil nagagampanan mo ang iyong moral na obligasyon, ang kawalan ng pasasalamat (ingratitude) naman ay isang masamang ugali na nakapagpapababa sa pagkatao. Mayroon ding tatlong antas ang kawalan ng pasasalamat: una, ang hindi pagbabalik ng kabutihang loob sa kapwa

sa abot ng makakaya; pangalawa, ang pagtatago sa kabutihang ginawa ng kapwa; at ang ikatlo, na pinakamabigat sa lahat, ay ang hindi pagkilala o pagkalimot sa kabutihang natanggap mula sa kapwa. Ang pagkalimot ay patunay ng hindi pagpapahalaga sa taong nagsakripisyo upang sa simpleng paraan na inialay niya ay maging maganda ang iyong buhay. Sa kabila nito, kailangang maging malawak ang iyong kaisipan sa mga taong hindi marunong magpasalamat. Huwag mong isipin na tinuturuan mo lamang silang maging abusado; nasa proseso pa sila ng pag-unlad sa pagiging sensitibo sa kapwa at sa epekto ng kanilang ginagawa sa kapwa. Maaari ding wala pa silang kakayahan para alalahanin man lamang ang iyong kabutihan.

Ang kabaligtaran ng pagiging mapagpasalamat ay masasalamin sa *entitlement mentality*. Ito ay isang paniniwala o pag-iisip na anumang inaasam ng isang tao ay karapatan niya na dapat bigyan ng dagliang pansin. Iniisip niya na kailangang ibigay ang kaniyang mga karapatan kahit walang katumbas na tungkulin o gampanin. Isang halimbawa nito ay ang hindi pagbibigay pasasalamat ng mga anak sa kanilang magulang sa kabila ng sakripisyong ginawa nila para mabigyan ang mga ito ng magandang kinabukasan. Kinakatwiran nila na sila naman ay mga anak at nararapat bigyan ng edukasyon. Mahalagang maunawaan ng mga anak na may karapatan silang mag-aral ngunit kailangan nilang mag-aral nang mabuti bilang pasasalamat o pagtanaw ng utang na loob nila sa kanilang magulang. Makikita rin sa mga kabataan ang entitilement mentality sa pagiging agresibo nila na makuha ang kanilang gusto sa panahon o oras na gustuhin nila. Dahil sa pag-iral ng materyalismo, inaasahan nila ang kanilang mga magulang na ibigay ang kagustuhan nila dahil sila ay mga anak at nararapat na bilhan ng pinakamodernong gadget tulad ng cellphone, tablet, o laptop. Kung hindi man nila makuha ang gusto nila, sila pa ang magsasalita ng masasakit sa kanilang magulang.

Ang kawalan ng pasasalamat ay masasalamin sa entitlement mentality. Ang entitlement mentality, isang paniniwala o pag-iisip na anumang inaasam mo ay karapatan mo na dapat bigyan ng dagliang pansin.

Marami pa tayong nakikitang mga halimbawa ng entitlement mentality sa ating lipunan. Halimbawa, iniaasa nila sa pamahalaan ang pagsustento sa kanilang pang-araw-araw na panggastos. Iniisip nila kung ano ang makukuha nila mula sa pamahalaan at hindi kung ano ang maaari nilang magawa para rito. Maging ang

taong nawalan ng trabaho dahil sa katamaran ay sinisisi ang pamahalaan at pilit na humihingi ng bagong trabaho. Halimbawa pa ng “entitlement mentality” ang hindi pagbibigay pasasalamat sa mga sundalong namatay para ipaglaban ang saligang batas. May mga iba na nagsasabing “trabaho naman nila yan.”

Ano nga ba ang nagagawa ng pagiging mapagpasalamat?

Ayon sa pag-aaral ng Institute for Research on Unlimited Love (IRUL), natuklasan na may magandang dulot ng pagiging mapagpasalamat sa kalusugan:

1. Ang paglalaan ng 15 minuto bawat araw na magtuon sa mga bagay na pinasasalamatan ay nakapagdaragdag ng likas na *antibodies* na responsable sa pagsugpo sa mga bacteria sa katawan.
2. Ang mga likas na mapagpasalamat na tao ay mas pokus ang kaisipan at may mababang pagkakataon na magkaroon ng depresyon.
3. Ang pagiging mapagpasalamat ay naghihikayat upang maging maayos ang sistema ng katawan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mas malusog na presyon ng dugo at *pulse rate*.
4. Nagiging mas malusog ang pangangatawan at mas mahusay sa mga gawain ang mga mapagpasalamat na tao kaysa sa mga hindi.
5. Ang mga benepaktor ng mga *donated organ* na may saloobing pasasalamat ay mas mabilis gumaling.

Napatunayan ng mga ganitong pag-aaral na ang pagsasabuhay ng pasasalamat ay isa lamang sa mga paraan upang maiwasan ang mga sakit at mapanatiling maayos ang kalusugan.

Bukod sa mga benepisyong naidudulot ng pasasalamat sa kalusugan, nagbibigay din ito ng kaligayahan sa ating buhay. Ayon kay Sonja Lyubommirsky, isang kilalang sikologo sa Pamantasan ng California, may walong dahilan kung bakit nagdudulot ng kaligayahan sa tao ang pasasalamat:

(http://www.faculty.ucr.edu/~sonja)

Nagtataguyod ito sa tao upang namnamin ang mga positibong karanasan sa buhay. Dahil sa mga natamasang biyaya, natututo kang maging kuntento sa buhay. Napahahalagahan mo ang mga simpleng bagay na natatanggap. Halimbawa na rito

ay ang sa kabila ng kakulangan ng mga gamit sa paaralan, natututuhan mong pahalagahan ang mga bagay na maaari mo pang gamitin o pakinabangan. Natuto kang maging masinop at mapamaraan.

1. *Nagpapataas ng halaga sa sarili*. Dahilan sa mga nagagawang kabutihan sa iyo ng mga tao, napatutunayan mo na may halaga ka sa kanila. Ito ang nagbibigay sa iyo ng tiwala sa sarili at inspirasyon na gumawa rin ng mabuti sa iba.
2. *Nakatutulong upang malampasan ang paghihirap at masamang karanasan*. Kung mayroon kang birtud ng pagpapasalamat sa kabila ng mga hamon sa buhay, natututuhan mong dalhin ang mga ito nang magaan at tingnan sa positibong pananaw.
3. *Nagpapatibay ng moral na pagkatao*. Dahil alam mong ginagawan ka ng kabutihan, ibinabalik mo ang kabutihang iyon sa pamamagitan ng mabuting salita o kilos. Ngunit sa kabila ng paggawa mo ng kabutihan sa iyong kapwa at hindi ka ginagantihan ng parehas na kabutihan, nararapat pa rin na ipagpatuloy mo ito bilang isang tao na nagmamahal at umuunawa. Ayon kay Blessed Mother Teresa ng Calcutta, ”kalimutan man nila ang kabutihang ginawa mo ngayon, gawin mo pa rin ang mabuti.”
4. *Tumutulong sa pagbuo ng samahan ng kapwa, pinapalakas ang mga kasalukuyang ugnayan at hinuhubog ang mga bagong ugnayan*. Pinagtitibay nito ang mga samahan dahil sa magandang pakikipag-ugnayan sa kapwa.
5. *Pumipigil sa tao na maging mainggitin sa iba*. Kung ikaw ay tunay na nagpapasalamat sa anumang biyayang mayroon ka (hal. Pamilya, kalusugan, tahanan, trabaho), hindi ka mag-iisip na ikumpara mo sa ibang tao ang iyong buhay.
6. *Hindi sumasang-ayon sa negatibong emosyon*. Tinatanggal nito ang mga negatibong damdamin tulad ng galit o kasakiman. Sa totoo lang, mahirap ang maging magalitin kung ikaw ay lubos na nagpapasalamat sa iyong buhay.

7. *Tumutulong upang hindi masanay sa pagkahilig sa mga materyal na bagay o sa kasiyahan.* Ang kaligayahang dulot ng mga materyal na bagay ay pansamantala lamang. Ngunit ang isang taong mapagpasalamat ay marunong maging kuntento sa kabila ng pagkakaroon ng mga simpleng bagay o gamit. Natututo siyang mas pahalagahan ang mga ito at maging masaya sa buhay. Hindi siya naghahangad ng mga bagay na hindi niya kailangan.



Tunay ngang nakapagpapabago sa ugali at pananaw sa buhay ng taong marunong tumanaw ng utang na loob o magpasalamat sa biyaya o tulong na natatanggap. Napagtutuunan niya ng pansin ang mga magagandang nararanasan na nagiging dahilan upang magpatuloy siya sa buhay.

Isang propesor ng Sikolohika ang nagbigay ng gawain sa kaniyang mga mag-aaral na magsulat ng liham-pasasalamat tungkol sa pasasalamat sa mga magulang. Isa sa mga mag-aaral ang lumapit sa propesor at maluha niyang ibinahagi na lalo daw niyang napahalagahan ang kaniyang magulang at ang kanilang paghihirap sa kaniya habang gumagawa ng liham-pasasalamat.

Ayon sa survey ng mga kabataan, marami silang nais pasalamatan sa kanilang buhay ngunit ang mas binibigyan nila ng pasasalamat ay: una, ang Diyos bilang maylalang ng sanlibutan; pangalawa, ang pamilya dahil sila ang nag-aaruga at nagmamahal sa kanila; at ang ikatlo, ang buhay bilang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa tao. Ikaw, ano ang unang tatlong biyaya ang pinasasalamatan mo?

Kung sa oras ng pagsubok, at lubhang napakahirap bigkasin ang salitang salamat, maaaring idaan muna sa repleksyon at mataimtim na panalangin upang tulungan ka na mabuksan ang iyong puso at tanggapin ang lahat ng iyong nararanasan nang may pasasalamat.

Isang napakagandang kuwento na may pamagat na “Turn Gripes into Gratitude” na hango sa tunay na buhay ni Sharon Hinck na sinabi nya na madalas ay tinitingnan niya ang mga nangyayari sa buhay niya nang may daing at sa negatibong pananaw tulad ng malilikot na bata o nakapapagod na trabaho. Ngunit sa tulong ng isang kaibigan, pinaisip kay Sharon na mas mainam na maging mapagpasalamat at bigyan ng positibong pananaw ang malilikot na bata dahil wala

silang sakit. Magmula noon ay mas pinagtutuunan niya ang mga biyayang natatanggap nang may pasasalamat sa halip sa tingnan ito ng may kabigatan.

Mahalaga pa rin na ikaw ay marunong magpasalamat sa mga mumunting biyayang natatanggap, tulad ng pagmamahal mula sa pamilya, kaibigan at lalung-lalo na sa Diyos. Nararapat lamang na pasalamatan ang mga magulang na walang sawang nagpapakita na kalinga sa iyo, ang mga kaibigan na nagbibigay sa iyo ng saya sa hirap at ginhawa, mga taong nagbibigay ng serbisyo tulad ng mga guro, mga alagad ng Diyos, doktor, pulis at iba pa. At ang karapat-dapat na bigyan ng pasasalamat ay ang Diyos na tunay na nagmamahal sa bawat isa. Anuman ang mayroon ka sa buhay mo ngayon ay biyaya mula sa Kaniya. Hindi ikalulugod ng Diyos na manatiling hindi maging kapaki-pakinabang ang anumang biyaya mula sa Kaniya. At mas higit na hindi ikalulugod ng Diyos kung hindi natin pahahalagahan ang mga ito.

Ayon sa Epeso 1:6, “Magbigay ng pasasalamat sa Panginoon, Siya ay mabuti, ang pag-ibig Niya ay walang hanggan.”


Tunghayan ang isang maikling video presentation ng mga quotations ng pasasalamat (Video presentation: Attitude of Gratitude)
(www.youtube.com/watch?v=GXUJAIJD5s)

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Ano, para sa iyo, ang pasasalamat?
2. Bakit mahalaga na maisabuhay mo ang birtud na pasasalamat?
3. Magbigay ng indikasyon ng taong mapagpasalamat.
4. Paano naipakikita ng tao ang kabutihang natatanggap sa iba?
5. Dapat bang magpasalamat sa taong nakagawa sa iyo ng kabutihan? Pangatwiranan.
6. Paano naipakikita ang kawalan ng pasasalamat?
7. Ano ang *entitlement mentality*? Magbigay ng mga halimbawa.
8. Ano-ano ang magagandang dulot ng pasasalamat sa ating kalusugan? sa ating buhay?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Panuto: Gamit ang *graphic organizer* ay buuin ang mahalagang konsepto na nahinuha mula sa mga nagdaang gawain at babasahin na binasa.



Batayang Konsepto:


_____

_____

_____

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

"Ang pasasalamat ay hindi lamang ang pinakadakilang birtud, ngunit ang magulang ng lahat ng mga birtud," ayon kay Marcus Tulius Cicero. Kung maisasabuhay mo ang birtud ng pasasalamat, magiging madali para sa iyo na maisabuhay mo rin ang iba pang birtud tulad ng katapatan, paggalang, pananagutan at iba pa. Ang pasasalamat ay isang paraan tungo sa magandang pakikitungo sa kapwa.

Pagganap

Panuto: Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na magbigay ng isang talumpati ng pasasalamat, sino-sino kaya ang gusto mong pasalamatan? Sa isang papel, bumuo ng isang talumpati na naglalaman ng mga taong gusto mong pasalamatan. Isulat din kung paano sila naging parte ng iyong buhay at nakatulong upang ikaw ay mabuhay nang maayos.


Maghanda para sa pagtatalumpati sa harapan ng klase.

Pagsusuri

1. Sino-sino ang iyong pinasalamatan?
2. Bakit mo sila pinasalamatan? Paano sila nakatulong at naging parte ng iyong buhay?
3. Paano nakakatulong sa iyong pagkatao ang pagiging mapagpasalamat? Sa iyong pakikipag-ugnayan sa Kapwa? Sa Diyos?

Pagninilay

Panuto: Sumulat ng pagninilay tungkol sa pag-unawa mo sa entitlement mentality. Isulat ang iyong kasagutan sa kuwaderno.



Pagsasabuhay

Papaano mo isasabuhay ang pasasalamat? Bilang tao na kawangis at kalarawan ng Diyos kailangan makita sa iyo ang kabutihang-loob ng pasasalamat sa pamamagitan ng hindi pagiging makasarli.

Panuto

A. Sa bahaging ito ay inaanyayahan kita na gumawa ng tatlong liham para sa iba't ibang tao sa iyong paligid na nais mong pasalamatan sa mga kabutihang nagawa nila sa iyo. Isulat mo ito sa isang stationery at ibigay ito sa kanila.

Binabati kita sa pagsisikap mong maisabuhay ang birtud ng pasasalamat. Sikapin na ito ay patuloy mong maisagawa upang magkaroon ng magandang pananaw sa buhay at mabuting pakikipag-ugnayan sa kapwa.

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan (CD para sa presentasyon ng mga quotations ng pasasalamat)

Mga Sanggunian:

Ang Kuwento ni Mang Roldan sa Kapuso Mo, Jessica Soho. Retrieved from www.youtube.com/watch?v=xpDpibGByoE on October 23, 2012.

Babauta, Leo. Why living a life of gratitude can make you happy. Retrieved from http://zenhabits.net/2007/09/why living-a-life-of gratitude-can-make-you happy on October 2, 2012

International Association of Character Cities (2000). *Achieving true success: How to build character as a family*. Oklahoma: Author.

James F. Keenan, S.J. (2011). *Virtues for ordinary Christians*. Quezon City: Claretian Publication.

Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Kagawaran ng Edukasyon. 2010. *Gabay sa Pagtuturo sa Edukasyon sa Pagpapahalaga para sa 2010 Kurikulum ng Edukasyon Sekundarya (SEC)*. Pasig City. Awtor

Lyubomirsky, Sonja. Eight Ways Gratitude Boost Happiness. Retrieved September 25, 2012 from http://www.faculty.ucr.edu/~sonja.

On Defining Entitlement Mentality. Retrieved from http://www.conservapedia.com/ Entitlement Mentality on September 27, 2012

On Defining Gratitude. Retrieved from www.definitions.net/definition/gratitude on September 25, 2012

On defining Ingratitude. Retrieved from http://www.sacred-text.com/chr/aquinas/summa/sum 362. htm on September 28, 2012

On Dinagyang Festival. Retrieved from www.philippinecountry.com/philippine_festival/dinagyang_festival.html November 28, 2012. On Ati-Atihan Festival. Retrieved from en.wikipedia.org/wiki/Ati-Atihan_Festival on November 28, 2012.

On effect of Ingratitude. Retrieved from http://www.sacred-text.com/chr/aquinas/summa/sum 362. htm on September 28, 2012.

On Entitlement Mentality. Retrieved from http://www.conservapedia.com/Entitlement_mentality on October 25, 2012.

On Entitlement Mentality. Retrieved from www.empoweringparents.com/odd-kids-entitilement-and-verbal-abuse.php# on November 10, 2012.

On gratitude. Retrieved from http://www.midlifecrisismarriage advocate.com/self-focus_gratitude.html on September 25, 2012 .

On kanduli. Retrieved from maguindanaopride.com/tag/kanduli on November 27, 2012

On Mother Teresa's Quotes. Retrieved from www.goodreads.com/author/quotes/838305.Mother_Teresa on November 10, 2012.

On Pahiyas and Bacao Festival. Retrieved from www.lovelyphilippines.com/festival/six-luzon-festivals-you-should-not-miss/on November 28, 2012.

On the difference between Gratitude and Appreciation. Retrieved from http://www.ehow.com/info8632020difference-between-gratitude-appreciation.html#ixzz27Rn965gF on November 28, 2012

On Shariff Kabunsuan Festival. Retrieved from www.choosephils.com/read_post.php?cat=festival&id=638 November 28, 2012.

On Sinadya sa Halaran Festival. Retrieved from www.choosephils.com/read_post.php?cat=festival&id=632 on November 28, 2012

On Turn Gripes to Gratitude. Retrieved from newsletter@email.guideposts,org.> on November 14, 2012.

On Utang na Loob. Retrieved from http://dase-storyteller.blogspot.com/2008/01/ways-of-pakikipagkapwa-journeying.html on October 25, 2012.

On Utang na Loob. Retrieved from alimbukad.com/2009/04/26/utang na loob/ on October 30, 2012.

Post, Stephen. The Power of Gratitude. Retrieved from www.facebook.com/noes/mt.sinai-baptist-church/the-power-of-gratitude/140163806006396 on August 14, 2009.

Susan Jeffers. Practicing Daily Gratitude. Retrieved from sjnews@powersourcemail.com on November 2, 2012.

Modyul 10: PAGSUNOD AT PAGGALANG SA MGA MAGULANG, NAKATATANDA, AT MAY AWTORIDAD



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Sapat na ba ang pagtugon ng “Po” at “Opo” upang maipakita mo ang paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad? Ano ang iyong gagawin kung ang kanilang ipinag-uutos ay labag sa iyong kalooban? Ano-ano ang iyong isasaalang-alang upang maipakita ang marapat na pagsunod at paggalang sa kanila?

Sa kasalukuyan, isang malaking hamon ang pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan. Nakalulungkot ang mga pangyayaring maraming kabataan na ang napahamak dahil sa kawalan ng kakayahang sumunod at gumalang. Maraming suliranin ang maaaring malunasan kung ang pagsunod at paggalang ay maisasabuhay. Sa modyul na ito, inaasahan na ang mga birtud ng pagsunod at paggalang ay iyong mauunawaan sa lalong ikauunlad ng iyong pagkatao at ng iyong pakikipagkapwa. Sasagutin nito ang mahalagang tanong na: **Bakit nararapat isabuhay ang mga birtud ng pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

a. Nakikilala ang:
   - mga paraan ng pagpapakita ng paggalang na ginagabayan ng katarungan at pagmamahal
   - bunga ng hindi pagpapamalas ng pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad

b. Nasusuri ang mga umiiral na paglabag sa paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad

c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin

d. Naisasagawa ang mga angkop na kilos ng pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad at nakaiimpluwensiya sa kapwa kabataan na maipamalas ang mga ito

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

5. Nasusuri ang mga angkop na kilos o gawi na nagpapakita ng pagsunod at paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad
6. Nailalapat nang maayos ang mga angkop na kilos na dapat malinang
7. May kalakip na pagninilay
8. May planong gawain na makaiimpluwensiya sa kapwa sa pagpapatibay ng mga birtud ng pagsunod at paggalang



Paunang Pagtataya

Bago mo simulang pag-aralan ang mga konsepto sa modyul na ito, subukin mo muna ang iyong sarili. Ang paunang pagtataya sa modyul na ito ay mayroong dalawang bahagi: ang unang bahagi ay susukat ng dati mong kaalaman sa konseptong pag-aaralan at ang ikalawang bahagi ay susukat ng iyong kasalukuyang kakayahan sa pagpapakita ng mga birtud ng paggalang at pagsunod.

Mahalaga ring maunawaan mo na kung anuman ang maging resulta ng paunang pagtatayang ito, hindi ito magiging bahagi ng pagbibigay sa iyo ng marka, kundi isang mahalagang pagbabatayan ng iyong pag-unlad.

Unang Bahagi

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sitwasyon. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Naipakikita ang paggalang sa pamamagitan ng _____.
    a. pakikibahagi sa mga gawaing nakasanayan.
    b. pakikipag-ugnayan sa mga taong nakakahalubilo.
    c. pagbibigay ng halaga sa isang tao.
    d. pagkilala sa mga taong naging bahagi ng buhay.

2. Ano ang ipinahihiwatig ng pahayag na, “Ang pagsunod ay pagkilos sa pagitan ng katwiran at ng kakayahang magpasakop?”

   a. Ang marapat na pagsunod ay naipapakita sa pamamagitan ng pagpapasakop.
   b. Kailangang sumunod at magpasakop dahil ito ang makatwiran at nararapat.
   c. Maipakikita sa pamamagitan ng pagsusuko ng sarili ang marapat na pagsunod sa mga ipinag-uutos.
   d. May pagkakataon na kailangang sumunod at magpasakop at may pagkakataong di kailangang magpasakop at sumunod.

3. Gaano kahalaga ang pagkakaroon ng nakasanayang gawi o ritwal sa pamilya?

   a. Napagtitibay nito ang presensiya ng pamilya.
   b. Naipagpapatuloy nito ang tradisyon ng pamilya.
   c. Nabubuklod nito ang mga henerasyon.
   d. Naiingatan nito ang pamilya laban sa panganib.

4. Paano mo mas higit na maipakikita ang paggalang sa mga taong may awtoridad?

   a. Unawain na hindi lahat ng pagpapasiya at mga bagay na dapat sundin ay magiging kaaya-aya para sa iyo.
   b. Ipaglaban ang iyong karapatan lalo na kapag ikaw ay nasa katwiran.
   c. Ipahayag ang iyong pananaw upang maiwasto ang kanilang mga pagkakamali.
   d. Suportahan ang kanilang mga proyekto at programa.

5. Natututuhan ng isang bata ang pagsunod at paggalang sa pamamagitan ng sumusunod, *maliban* sa:

   a. pagmamasid sa mga taong nasa paligid kung paano maging magalang at masunurin.
   b. pagsangguni sa mga taong kapalagayan niya ng loob at nakauunawa sa kaniya.
   c. pakikinig at pagsasabuhay ng itinuturong aral ng mga magulang tungkol sa paggalang at pagsunod.
   d. pagkakaroon ng disiplina at pagwawasto ng mga magulang at nakatatanda.

6. Kung pagkatapos ng edad na tatlo hanggang apat, nagsisimula nang mahubog ang kilos-loob ng isang bata, ang bata ay _____:

   a. madaling makasusunod sa mga ipinag-uutos ng kaniyang mga magulang.
   b. nagkakaroon ng pagkilala sa kahalagahan ng pagsunod sa kaniyang buhay.
   c. nagkakaroon ng pag-unawa sa kahalagahan ng mga tuntuning itinatakda.
   d. kumikilos ayon sa mga ipinatutupad na utos ng kaniyang magulang.

7. Hinahangaan ni Jay si Danny sa taglay niyang kagalingan sa pamumuno. Nang si Danny ang naging lider ng kanilang grupo, lahat ng sabihin ni Danny ay kaniyang sinusunod at ginagawa nang walang pagtutol, kahit pa minsan ay napapabayaan na niya ang kaniyang sariling pangangailangan. Ang kilos ni Jay ay nagpapakita ng _____:

   a. katarungan
   b. kasipagan
   c. pagpapasakop
   d. pagsunod

8. Nag-iisang itinataguyod ni Aling Fely ang kaniyang tatlong anak. Maliliit pa lamang ang kanilang mga anak nang siya ay naging biyuda. Panatag siya dahil alam niyang napalaki niya ang mga ito nang maayos. Subalit may pagkakataon na nangangamba siya dahil sa mga *teenager* na sila. Mas mapatatatag nila ang kanilang samahan sa pamamagitan ng _____:

   a. sama-samang pagkain tuwing hapunan at pamamasyal isang beses isang linggo.
   b. pagkukumustahan kapag nagkakasama-sama o gamit ang cellphone / email kung nasa malayong lugar.
   c. pagkakaroon ng mga alituntuning dapat sundin sa tahanan, tulad ng pag-uwi nang maaga.
   d. pagkakaroon ng bukas na komunikasyon at malalim na pag-unawa sa kalagayan ng bawat isa.

9. Kilala ang pamilya nina Vangie sa pagbibigay ng halaga sa edukasyon. Kahit na ang kanilang mga magulang ay hindi nakatapos ng pag-aaral, sinisikap nila na maitaguyod silang apat na magkakapatid. Ngunit siya ay kinakikitaan ng ibang mga kasapi ng pamilya nang kawalan ng pagpapahalaga sa pag-aaral ayon sa isinasaad ng mga marka nito sa iba't ibang asignatura. At kapag pinapaalalahanan siya ng kaniyang magulang, hindi nagiging maganda ang reaksyon ni Vangie. Ano ang nararapat na gawin ng mga kasapi ng pamilya sa ganitong sitwasyon?

a. Ipaunawa kay Vangie ang kahalagahan ng edukasyon sa bawat pagkakataon. Huwag magsawa.
b. Kausapin si Vangie at bigyan ng inspirasyon upang mapataas ang kaniyang marka. Nasa lahi nila ang pagiging magaling, kailangan lang ng pagpapaalala.
c. Siyasatin ang mga dahilan kung bakit mababa ang mga marka ni Vangie. Kumilos nang ayon sa mga natuklasang dahilan.
d. Isaalang-alang ang kakanyahan at pagiging bukod-tangi ni Vangie. Tanggapin siya kung ano siya nang walang pagtatangi.

10. Maraming balita tungkol sa mga taong may awtoridad ang kinakitaan mo ng mga gawaing taliwas sa dapat nilang gampanan. Maraming kabataang tulad mo ang nagkaroon ng pag-aalinlangan kung sila ay magpapakita pa ng paggalang at pagsunod. Ano ang pinakamabuting maipapayo mo sa kanila?

a. Alamin ang mga batas na nararapat sundin at mga karapatang dapat ipaglaban. Gawin kung ano ang inaasahan sa iyo ng iyong kapwa.
b. Mahirap kumilos nang may pag-aalinlangan. Sumangguni sa ibang may awtoridad na nabubuhay nang mabuti at kumilos ayon sa iyong kilos-loob.
c. Unawain at patawarin ang mga taong may awtoridad na nakagawa ng pagkakamali, lalo na kung hindi naman ikaw ang naapektuhan.
d. Ipagbigay-alam agad sa kinauukulan ang nasasaksihang paglabag sa batas. Hindi makatarungan na ang nagpapatupad sa batas ay siyang lumalabag dito.

Ikalawang Bahagi

Panuto: Sagutin nang TAPAT ang bawat pahayag upang masukat ang kakayahan mong maging magalang at masunurin sa iyong mga magulang, nakatatanda at may awtoridad. Suriin at tayahin ang sariling kakayahan kung ang mga pahayag ay ginagawa mo *Palagi, Madalas, Paminsan-minsan o Hindi Kailanman*. Kopyahin sa kuwaderno ang talaan at lagyan ng TSEK (✓) ang iyong sagot batay sa kasalukuyang kalagayan ng iyong kakayahan.

Mga Pahayag	Palagi (3)	Madalas (2)	Paminsan-minsan (1)	Hindi Kailanman (0)
1. Isinasaalang-alang ko ang kanilang damdamin sa pamamagitan ng maayos at marapat na pagsasalita at pagkilos.				
2. Sa aking pakikipag-usap sa kanila, iniiwasan ko ang madaliang panghuhusga at pagbibitiw ng masasakit na salita.				
3. Naniniwala akong mahalaga ang aktibong pakikinig at pag-iwas sa anumang uri ng diskriminasyon.				
4. Kinikilala ko ang kanilang kakayahang matuto, umunlad at magwasto ng kaniyang pagkakamali.				
5. Naniniwala akong mahalaga ang pagpapanatili ng pagkakaunawaan, bukas na komunikasyon, at pagkilala sa halaga ng pamilya at ng lipunang kinabibilangan.				
6. Sinusuri kong mabuti ang kanilang kalagayan o sitwasyon upang makapagbigay ako ng angkop na tulong bilang pagtugon sa kanilang pangangailangan.				
7. Humihingi ako ng payo sa kanila bilang pagkilala sa karunungang dulot ng kanilang mayamang karanasan sa buhay.				

Mga Pahayag	Palagi (3)	Madalas (2)	Paminsan-minsan (1)	Hindi Kailanman (0)
8. Ang kanilang mga naranasang pagtitiis at pagsusumikap sa buhay ay aking hinahangaan at nagbibigay sa akin ng inspirasyong magpatuloy.				
9. Kinikilala ko ang kanilang ginagampanang tungkulin at mahalagang maibabahagi bilang kasapi ng pamilya at lipunan.				
10. Iginagalang ko pa rin ang aking mga magulang, nakatatanda, at may awtoridad, kahit na nakikitaan ko sila ng mga di sinasadyang pagkakamali.				
Bilang ng tsek				


Kabuuang Iskor: _____	**Interpretasyon**
26 – 30	Wala nang hahanapin pa. Maaari kang makatulong upang maging gabay at mapagsanggunian ng iba sa kanilang paglinang ng kasanayan. Ang iyong kakayahang maging magalang at masunurin ay kahanga-hanga at dapat tularan!
16 – 25	Kinakikitaan ka ng pagsusumikap na mapanatili ang mga birtud ng pagiging magalang at masunurin. Maaaring ibahagi ang kasanayan. Ipagpatuloy ang pagbabahagi ng sarili sa kapwa! Ipagpatuloy.
6 – 15	Mas malilinang ang kakayahang maging magalang at masunurin kung magiging bukas ang puso sa pagbibigay ng halaga at pagmamahal sa kapwa. Sumangguni sa taong maaaring makatulong sa iyo.

5 pababa	Nagbibigay ng kaligayahan at kapanatagan ang pagiging magalang at masunurin. Magkaroon ng pagsusumikap at sumangguni sa taong maaaring makatulong sa iyo upang mapaunlad ang iyong kakayahan.

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Panuto:

1. Punan ang talaan ng dalawang paraan ng pagpapakita o pagpapahayag ng paggalang sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad.



2. Matapos mong gawin ito ay humanap ng isa pang kapwa mo mag-aaral o kaibigan na pagbabahaginan mo ng iyong ginawa.

3. Itala sa iyong kuwaderno ang mga mahahalagang pangyayari na naganap sa iyong ginawang pagbabahagi at ang mga sagot sa sumusunod na tanong:

   a. Alin ang mga pahayag na magkatulad kayo? Alin ang magkaiba?

   b. Sapat na kaya ang mga paraang ito upang mapagtibay at mapanatili ang kakayahan mong maging magalang at masunurin? Pangatwiranan.


Gawain 2


Panuto:


1. Gamit ang talaan, isulat ang tatlong bagay na ipinag-uutos ng iyong magulang, nakatatanda, at may awtoridad.

2. Batay sa mga utos na iyong isinulat, ano sa palagay mo ang maaaring maging resulta o bunga ng pagsunod sa mga ito? Punan ang sumusunod na talaan.

3. At kung di susundin ang mga utos na ito, ano sa palagay mo ang maaaring maging resulta o bunga nito? Punan ang sumusunod na talaan.







4. Matapos mong gawin ito ay humanap ng isa pang kapwa mo mag-aaral o kaibigan na pagbabahaginan mo ng iyong ginawa.

5. Itala sa iyong kuwaderno ang mga mahahalagang pangyayari na naganap sa iyong ginawang pagbabahagi at ang mga sagot sa sumusunod na tanong:

   a. Ano ang iyong nararamdaman kung nasusunod mo ang ipinag-uutos sa iyo? Kung di mo nasusunod ang mga ipinag-uutos sa iyo? Ipaliwanag.
   b. Ano ang mga bagay na maaaring maging hadlang sa iyong pagsunod? Ipaliwanag.
   c. Gaano kahalaga ang pagsunod sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad?



C. PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 1: Pagsusuri ng Kuwento

Panuto:

1. Basahin at unawaing mabuti ang mensahe ng maikling kuwento tungkol sa Dalawang Anak (hango sa Bibliya Mateo 21:28-30; maaari ding tunghayan ang http://www.youtube.com/watch?v=gqFnsP2ikvE).

> *[28] Ngunit ano sa palagay ninyo? May isang tao na may dalawang anak na lalaki. Lumapit siya sa una at sinabi: Anak, pumunta ka ngayon sa ubasan at gumawa ka roon. [29] Sumagot siya: Ayaw ko.*

Ngunit nagsisi siya at pumunta rin pagkatapos. [30] *Lumapit siya sa pangalawang anak at gayundin ang sinabi. Sumagot siya: Pupunta ako. Ngunit hindi siya pumunta.*

2. Suriin ang kuwento gamit ang sumusunod na gabay na tanong:

   a. Ano, sa palagay mo, ang nakapagpabago sa isip ng unang anak na humindi nang una at pagkatapos ay sumunod at pumunta rin sa ubasan?
   b. Ano, sa palagay mo, ang maaaring naging dahilan ng di pagpunta ng ikalawang anak, kahit na sumagot siya na pupunta siya noong una?
   c. Sino sa dalawang anak ang nagpakita ng tunay na pagsunod sa kanilang ama? Ipaliwanag.
   d. Ano ang maaaring maging bunga ng di pagsunod ng anak sa kaniyang ama?
   e. Ano ang mahalagang mensahe ng kuwento?

Gawain 2: Pagsusuri ng Pelikula

Panuto: Panoorin ang pelikulang “Anak” (Star Cinema, 2000) sa gabay ng inyong guro. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

Isang mahalagang birtud na kailangang isabuhay bilang anak at bahagi ng isang pamilya at lipunan ay ang pagiging masunurin at magalang. Ang pelikulang “Anak” (Star Cinema, 2000) na pinagbibidahan nina Vilma Santos (gumanap bilang Josie, na isang OFW) at Claudine Baretto (gumanap bilang Carla) ay nagpakita ng ilang eksenang sumubok sa ugnayan ng mag-inang Josie at Carla at ang kakayahang isabuhay ang mga birtud ng paggalang at pagiging masunurin.



Mga Tanong:

1. Ano-ano ang paglabag sa paggalang at pagsunod ang ipinakita sa pelikula? Bakit kaya nangyari ang mga bagay na ito? Ipaliwanag.

2. Sa iyong palagay, tama ba ang ipinakitang pagrerebelde ni Carla? Pangatwiranan.

3. Ano ang naging resulta ng mga paglabag na ginawa ni Carla sa mga tagubilin ng kaniyang ina? Ipaliwanag.

4. Gagawin mo rin ba ang ginawa ni Carla kung ikaw ang nasa sitwasyon niya? Ipaliwanag.



D. PAGPAPALALIM

Ang Pagsunod at Paggalang sa mga Magulang, Nakatatanda at May Awtoridad



Sa mga nagdaang modyul, naunawaan mo na napagtitibay sa pamilya ang kakayahang magmahal sa kapwa. Naunawaan mo rin na ang makabuluhang pakikipagkapwa ay napagtitibay sa pamamagitan ng pagtugon sa pangangailangan ng iba nang may pagmamahal. Kung naisasabuhay lamang ang mga mahahalagang kaalamang ito, isang payapang lipunan sana ang ating ginagalawan. Subalit bakit nagkakaroon ng suliranin? Maraming pagkakataon na ang pakikipagkapwa'y nagiging salat sa paggalang na nagiging sanhi ng pag-aaway, hindi pagkakaintindihan, pananakit, paglabag sa batas, at iba pang mga gawaing hindi kumikilala sa dignidad ng kapwa. Dahil dito, tunay ngang isang malaking hamon para sa kabataang tulad mo ang pagpapanatili at pagpapatibay ng mga birtud ng paggalang at pagsunod sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad.

> Ang pagkilala sa halaga ng tao o bagay ang nakapagpapatibay sa kahalagahan ng paggalang. At nagsisimula sa pamilya ang kakayahang kumilala sa halaga

Bakit kailangang gumalang? Sino ang igagalang? At paano ito maipakikita?

Maraming aral ang nagsasabi na igalang ang lahat ng tao, igalang ang mga magulang at nakatatanda pati na ang mga taong may awtoridad sa lipunan o estado. (Sa Bibliya: I Pedro 2:17; Efeso 6:2; Mateo 15:4; Levitico 19:32; Kawikaan 20:29; Roma 13:7; Sa Koran, 17:23-24; Mga Tinipong Wikain ni K'ung Fu Tze, 1:2; 2:5-7). Ang salitang "paggalang" ay nagmula sa salitang Latin na "*respectus*" na ang ibig sabihin ay "paglingon o pagtinging muli," na ang ibig sabihin ay naipakikita ang paggalang sa pamamagitan ng pagbibigay ng halaga sa isang tao o bagay.

Ang pagkilala sa halaga ng tao o bagay ang nagkapagpapatibay sa kahalagahan ng paggalang. Nagsisimula sa pamilya ang kakayahang kumilala sa pagpapahalaga.

Hiwaga ng Pamilya (ni Gabriel Marcel, tinukoy ni Dy, 2007)

Ang Pamilya Bilang Hiwaga



Kung ugnayan ang isasaalang-alang, isang hiwagang maituturing ang pagiging sabay na malapit at malayo ng pamilya sa iyong pagkatao. Sinasabing ang pamilya ay *malapit* sa iyo dahil sa sumusunod na patunay:

1. Nakasentro sa iyo ang mga ugnayan na maaaring ikinatutuwa mo o ikinaiinis mo. Hindi ba't natutuwa ka kung nararamdaman mo ang pagmamalasakit ng iyong mga magulang kung kinukumusta nila ang iyong pag-aaral at ibang aspekto ng iyong buhay at kung natutugunan ang iyong mga pangangailangan? At minsan naman ay naiinis ka, kung paulit-ulit ang kanilang pagpapaalala sa iyo o kung minsan ay napapagalitan ka?
2. Ang iyong pag-iral ay bunga ng pagtugon sa dalawang taong pinagbuklod ng pagmamahalan. Hindi ka iiral at mabubuhay sa mundo kung hindi dahil sa pagmamahalan ng iyong mga magulang.

Ang pamilya ay malapit sa iyo dahil sa:

- Nakasentro sa iyo ang mga ugnayan na maaaring ikinatutuwa mo o ikinaiinis mo.
- Ang iyong pag-iral ay bunga ng pagtugon sa dalawang taong pinagbuklod ng pagmamahalan.
- Ang iyong pagkatao ay nagiging hatol o husga sa mga taong nagpalaki sa iyo.

3. Ang iyong pagkatao ay nagiging hatol o husga sa mga taong nagpalaki sa iyo. Ang iyong pagkatao ay nagiging patunay ng maayos o di maayos na pagpapalaki sa iyo.



Ang pamilya ay *malayo* sa iyo dahil nagmula ang iyong pag-iral sa magkakasunod at makasaysayang proseso na mula sa mga ugnayang nauna sa iyong pag-iral. Ang iyong pagkilala at pakikipag-ugnayan sa iyong mga lolo at lola, mga magulang ng iyong lolo at lola, mga tiyuhin at tiyahin, iba pang mga kamag-anak at ka-angkan, ang nagpapatunay ng pagiging *malayo* ng pamilya. Gayunpaman, malaki pa rin ang impluwensya ng iyong mga ka-angkan sa iyong pagkatao. Hindi ba't may mga tinataguriang "angkan ng mga doktor o guro," "angkan ng matatalino o masisipag" o "lahi ng mga palaaway o mga basagulero?" Hindi maaaring ipagwalang-bahala ang nagiging implikasyon ng ganitong pagkakakilanlan sa iyong pamilya at sa iyong pagkatao.

> Ang pamilya ay *malayo* sa iyo dahil nagmula ang iyong pag-iral sa magkakasunod at makasaysayang proseso na mula sa mga relasyong nauna sa iyong pag-iral.


Sa ganitong di mapaghihiwalay na pagkakaisa ng malapit at malayo, nakaraan at hinaharap, mahalagang mapukaw ang iyong kamalayan sa kahalagahan ng pagkilala sa mga ugnayang bahagi ng iyong pag-iral. Ang mga kasalukuyang suliranin tulad ng kawalan o humihinang pagpapahalaga sa kabanalan, kawalan ng paggalang sa buhay at kamatayan (na nagiging dahilan nang kayabangan, pagkukunwari, pagkabagot o kawalan ng interes at kawalan ng pag-asa) ay ilan lamang sa mga patunay ng di pagkilala sa *halaga ng pamilya* sa paghubog ng iyong pagkatao. Kung kaya't sa pamilya unang nararanasan ang epekto ng mga suliraning ito. Halimbawa nito ay ang pakikipagtalo at pagsigaw sa mga magulang, pagrerebelde ng mga anak, pagpapabaya sa nakatatanda at maysakit na mga kamag-anak, pag-aasawa nang hindi handa, pananakit, kayabangan o labis na pagpapasikat sa ibang tao na

> Ang mga kasalukuyang suliranin tulad ng kawalan o humihinang pagpapahalaga sa kabanalan, kawalan ng paggalang sa buhay at kamatayan (na nagiging dahilan nang kayabangan, pagkukunwari, pagkabagot o kawalan ng interes o kawalan ng pag-asa) ay ilan lamang sa mga patunay ng di pagkilala sa halaga ng pamilya sa paghubog ng iyong pagkatao.

nagpapakita nang mapagkunwaring buhay, na madalas ay nahahantong sa pagkalubog sa utang, at marami pang ibang nakalulungkot na suliraning dulot ng kawalan ng pagbibigay ng halaga sa pamilya. Dahil dito, hindi masasabing umiiral ang pamilya kung ang pamilya ay hindi mapagtitibay bilang halaga at presensya.

Ang Pamilya Bilang Halaga

Sa mga bahay na iyong napuntahan, napansin mo ba ang mga nakadisplay na larawan ng pamilya, mga medalya, mga diploma, mga tropeo at mga patunay ng pagkilala? Nakadisplay din ba ang mga katulad nito sa iyong tahanan? Ano ang iyong nararamdaman kapag nakikita mo ang mga ito?



Ang pakiramdam na maipagmamalaki mo ang iyong pamilya at isang karangalan ang maging bahagi nito ang madalas na nangingibabaw na damdamin, hindi ba? Ang nararamdamang karangalan (*pride*) at hindi kayabangan (*vanity*), ay isang tugon na bahagi ng iyong pag-iral. Kasalungat naman ang iyong mararamdaman kung mga bagay na *hindi* ikararangal ang naiuugnay sa iyong pamilya. Kung kaya't ang damdaming ito ang makatutulong sa iyo upang magkaroon ng pundasyon at gabay ang iyong pagkilos. Maaari kang kumilos upang mapatunayan mong nararapat kang maging bahagi ng karangalang taglay ng iyong pamilya o kikilos ka upang mabigyan ng karangalan ang iyong pamilya. Ang pagkilala sa halaga ng pamilya at mga kasapi nito ay naipakikita sa pagsusumikap na gumawa ng mabuti at umiwas sa paggawa ng masama. Ang karangalang tinataglay ng pamilya ang nagbibigay dito ng awtoridad na dapat kilalanin ng bawat kasapi nito.



Halimbawa, lumaki ka sa isang pamilyang pinahahalagahan ang edukasyon, ang paggalang sa pagnanais ng iyong mga magulang na makapagtapos ka ng iyong pag-aaral ay maipakikita mo sa pamamagitan ng pagsunod mo sa kanilang bilin at utos na mag-aral kang mabuti.

Ang pagkilala sa halaga ng pamilya at mga kasapi nito ay naipakikita sa pagsusumikap na gumawa ng mabuti at umiwas sa paggawa ng masama. Ang karangalang tinataglay ng pamilya ang nagbibigay dito ng awtoridad na dapat kilalanin ng bawat kasapi nito.


Kung ikaw naman ay bahagi ng isang pamilyang nagpapahalaga sa katarungan, pagmamahal at pagmamalasakit sa kapwa, at namamalas ang pagsasabuhay ng batas ng malayang pagbibigay o *'law of free giving'*, kakikitaan ng kapayapaan at lalim ng unawa ang ugnayan ng bawat kasapi. Halimbawa nito ang pagkilala at paggalang sa karapatan ng bawat kasapi na makapagpahayag ng pananaw, at karapatang makaalam ng mahahalagang impormasyon sa ikabubuti ng lahat, makiisa sa mga gawain, paggalang sa mga personal na gamit at sa karapatang maging pribado (*right to privacy*). Kaya kung nais mong hiramin ang gamit ng iba, nararapat lamang na ikaw ay magsabi o humingi ng pahintulot, bilang pagpapakita ng paggalang.

Maipakikita rin ang paggalang sa pamamagitan nang nararapat at naaayon na uri at antas ng komunikasyon. May marapat na antas ng komunikasyon para sa mga bagong kakilala at sa mga mahal mo sa buhay, at di kailanman marapat ang magsalita nang masama, magmura o manglait ng kapwa.

Maipakikita rin ang paggalang sa pamamagitan ng nararapat at naaayon na uri at antas ng komunikasyon sa kapwa. May marapat na antas ng komunikasyon para sa mga bagong kakilala at sa mga mahal mo sa buhay, at di kailanman marapat ang magsalita ng masama, magmura o manglait ng kapwa. Maging ang mga isyu ng pananakit at pang-aagrabyado ng kapwa ay malayong gawin mo, bilang pagsunod sa Gintong Aral o “Golden Rule” at mga utos ng magulang mo, tulad ng *'huwag kang makipag-away*', *'huwag kang mananakit ng kapwa*' at *'makitungo ka nang maayos sa iyong kapwa'.* Mahalagang tandaan ng bawat isa ang isinasaad ng Gintong Aral: Anuman ang gawin mo sa iyong kapwa ay ginagawa mo rin sa iyong sarili.

Ang Pamilya Bilang Presensiya

Kanino mo natutuhan ang pagmamano sa nakatatanda at pagsasabi ng ‘Po’ at ‘Opo’? Naaalala mo ba ang iyong mga nagiging paghahanda kapag mayroon kang kapamilya o kamag-anak na




magdiriwang ng kaarawan, ikakasal, magtatapos sa pag-aaral, o may namatay? Sino ang iyong tinatakbuhan, noong ikaw ay bata pa (at maaaring hanggang ngayon), upang humingi ng tulong kapag ikaw ay inaway o nasaktan ng iyong mga kalaro?

Bilang presensiya, ang pamilya ang nagsisilbing proteksyon sa mga kasapi, duyan ng pagmamalasakit at pagmamahalan, pinaglalagakan ng lahat ng mga karanasan, kalakasan, kahinaan, damdamin at halaga. Itinuturing ang pamilya na isang tahanang nag-iingat at nagsasanggalang laban sa panganib, karahasan at masasamang banta ng mga tao o bagay sa paligid at labas ng pamilya.

Bilang presensiya, ang pamilya ang nagsisilbing proteksyon sa mga kasapi, duyan ng pagmamalasakit at pagmamahalan, pinaglalagakan ng lahat ng mga karanasan, kalakasan, kahinaan, damdamin, at halaga. Itinuturing ang pamilya na isang tahanang nag-iingat at nagsasanggalang laban sa mga panganib, karahasan at masasamang banta ng mga tao o bagay sa paligid at labas ng pamilya. Napagtitibay ang presensiya ng pamilya ng mga nakasanayang gawi o ritwal, at pagkakaroon ng disiplina. Sa pamamagitan ng karaniwang gawain ng pamilya sa araw-araw, nakakasanayan ang pagkakaroon ng mga gawi, tulad ng pagmamano o paghalik sa kamay ng mga magulang o nakatatanda, paggamit ng ‘po’ at ‘opo’, ang pagkain nang sabay-sabay, pagkakaroon ng diyalogo, pagtulong sa mga gawaing-bahay, at pakikibahagi sa mga pagdiriwang sa iba’t ibang okasyon. Hindi ba’t marami ang nagkaroon ng interes sa pagbabasa dahil sa nakikita nila ang kanilang mga magulang na nagbabasa ng dyaryo o mga aklat? O ang pagpapahalaga sa kalinisan at kaayusan dahil sa palagiang pagpapaalala sa iyo ng iyong magulang na linisin at ayusin mo ang iyong silid?

Kung ano ang nakasanayan at palaging nakikita na ginagawa ng mga kasapi ng pamilya, lalo na ng mga magulang at nakatatanda, ay makakalakihan at makakasanayan ng mga anak. Dahil dito, naipagpapatuloy ang mga tradisyon ng pamilya na nakatutulong sa pag-unlad, hindi lamang ng bawat kasapi ng pamilya, pati na rin ang pagkakabuklod-buklod ng mga henerasyon. Kung kaya’t may pananagutan ang pamilya na bumuo at ingatan ang mga magagandang tradisyong nakalakihan at nakasanayan ng mga kasapi nito.

Ang Hamon sa Pamilya



Maraming suliranin ang naidudulot nang pagkawala o unti-unting paghina ng nakagisnang gawi o ritwal na dulot ng pagkawala ng mahal sa buhay, paglipat ng tirahan o paghahanapbuhay ng magulang sa malayong lugar, at epekto ng teknolohiya at industriyalisasyon. Kung ikaw ay nasanay na sabay-sabay kayong kumakain, hindi ba't hahanap-hanapin mo iyon kung ang iyong magulang ay abala sa paghahanapbuhay upang maitaguyod ang pangangailangan ng pamilya? Kung nasanay ka sa mapagkalingang pag-aalaga ng iyong magulang at ikaw ay nakatira ngayon sa inyong kamag-anak (sa kung ano pa mang kadahilanan) na malayo sa inyong tirahan, hindi ba't nakalulungkot iyon? Maaaring humina ang ugnayan dahil sa mga pagbabagong nararanasan ng mga kasapi sa pamilya. Kadalasan, ito rin ang nagiging sanhi ng di pagkakaunawaan, paghihiwalay, at minsan ay humahantong pa sa pananakit, dahil unti-unti nang nawawala ang paggalang at pagbibigay ng halaga sa pamilya at sa mga kasapi nito. Nakalulungkot isipin na may mga pamilyang hindi naiingatan ang mga kasapi laban sa karahasan mula sa mga tao o bagay sa labas at maging sa loob ng pamilya. Unti-unti na ring dumarami ang insidente ng karahasan at pang-aabuso sa mismong kasapi ng pamilya.



Kung ang pansariling interes ng mga tao ang patuloy na mangingibabaw, magdudulot ito ng kaguluhan. Dahil dito, tungkulin ng lipunan na mapangalagaan ang kapayapaan, disiplina at kapakanan ng mga taong kaniyang nasasakupan, alang-alang sa kabutihang panlahat. Sa pamamagitan ng mga batas na ipinatutupad, maiingatan at maipaglalaban ang dignidad at karapatan ng mga tao at mapagbubuklod sila tungo sa pagkamit ng layuning maging ganap.

Ang Paggalang at Pagsunod sa May Awtoridad at ang Kahalagahan ng Pagsangguni

Kung ang pansariling interes ng mga tao ang patuloy na mangingibabaw, magdudulot ito ng kaguluhan. Dahil dito, tungkulin ng lipunan na mapangalagaan ang kapayapaan, disiplina at kapakanan ng mga taong nasasakupan, alang-alang sa kabutihang panlahat. Sa pamamagitan ng mga batas na ipinatutupad, maiingatan at maipaglalaban ang dignidad at karapatan ng mga tao at mapagbubuklod sila tungo sa pagkamit ng layuning maging ganap.

Sino ang mga taong may awtoridad na nararapat igalang at sundin?

Lahat ng tao ay napasasailalim sa awtoridad. Maging ang pinakamataas na taong napagkalooban ng awtoridad, tulad ng pangulo ng bansa, ay napasasailalim din sa isang awtoridad na kailangan din niyang sundin. Ang sinumang tao na napagkalooban ng awtoridad ay may kapangyarihang magtalaga at magpatupad ng mga panuntunan. Ang pagkakaroon ng ganitong tungkulin ang nagbibigay ng karapatan sa taong may awtoridad upang mapanatili ang pagkakaisa, pagtutulungan, kapayapaan, disiplina at kapakanan ng mga taong nasasakupan upang makamit ang kabutihang panlahat. Kung kinikilala ng kaniyang nasasakupan ang halaga ng kaniyang awtoridad, ang paggalang at pagsunod sa kanila ay madaling maisabuhay.

Ano ang iyong gagawin kung ang iniuutos sa iyo ng iyong magulang, nakatatanda at may awtoridad ay maghahatid sa iyo sa kapahamakan at nalalaman mong labag sa kabutihang-asal? Susundin mo ba?



Sa mga ganitong pagkakataon, mahalaga ang pagsangguni sa mga taong pinagkakatiwalaan at tunay na nagmamalasakit, na maaaring bahagi rin ng pamilya (malapit o malayo), tulad ng iyong nanay o tatay, mga nakatatandang kapatid, tiyuhin o tiyahin, lolo o lola. Maaari ding sumangguni sa mga awtoridad na labas sa pamilya na binigyan ng lipunan ng kapangyarihang ingatan ang dignidad, ipaglaban ang karapatan, at tugunan ang pangangailangan ng mga taong kaniyang nasasakupan. Ilang halimbawa nito ay ang mga guro, mga opisyal sa mga ahensya ng pamahalaan, puno ng simbahan at lider ng kinikilalang pananampalataya, upang

mapanatili ang kapayapaan, disiplina at kapakanan ng pangkat, alang-alang sa kabutihang panlahat.

Natututuhan ba ang paggalang at pagsunod? Kailan ito dapat ituro?

Kritikal ang ikatlo hanggang ikaapat na taon dahil kinikilala ng bata ang awtoridad ng kinagisnan niyang pamilya nang walang pagtatangi o bahid ng pag-aalinlangan. Mas madali para sa isang bata ang sumunod sa kaniyang mga magulang at nakatatanda dahil sa direktang pagtanggap niya mula sa mga ito ng seguridad, pagmamahal at pag-aaruga para sa kaniyang kaayusan at kagalingan.

Mahalagang isaalang-alang ang edad ng bata sa paghubog ng magagandang ugali, tulad ng pagiging masunurin o pagsunod sa magulang, nakatatanda at may awtoridad. Kritikal ang ikatlo hanggang ikaapat na taon dahil kinikilala ng bata ang awtoridad ng kinagisnan niyang pamilya nang walang pagtatangi o bahid man ng pag-aalinlangan. Mas madali para sa isang bata ang sumunod sa kaniyang mga magulang at nakatatanda dahil sa direktang pagtanggap niya mula sa mga ito ng seguridad, pagmamahal at pag-aaruga para sa kaniyang kaayusan at kagalingan. Pagkatapos ng tatlo hanggang apat na taon, nagsisimula nang mahubog ang kilos-loob ng isang bata. Kaya't habang siya ay nagkakaedad, nabibigyang katwiran niya ang kaniyang ikikilos kung kailangang sundin ang ipinag-uutos at tuluyang magpasakop o mangangailangan muna siya ng pagsangguni kung ang ipinag-uutos ay kaniyang gagawin o hindi (Isaacs, 2001; nabanggit sa Kurikulum ng Edukasyong Sekundarya Gabay sa Pagtuturo ng Edukasyon sa Pagpapahalaga, 2010; Sheen, 2009).

Natututuhan ng bata ang paggalang at pagsunod sa pamamagitan ng:

1. *Pagmamasid* sa kanilang magulang at ibang kasapi ng pamilya kung paano sila gumagalang sa ibang tao, sa nakatatanda, sa mga may awtoridad, sa pamahalaan, mga opisyal nito at sa mga batas na kaniyang ipinatutupad; maging ang paggalang sa Diyos at sa kinikilalang pananampalataya ng pamilya.
2. *Pagkikinig at pagsasabuhay* ng mga itinuturong aral ng mga magulang tungkol sa paggalang at pagsunod. Ang pagtuturo at paggabay ay isa sa mga pangunahing tungkulin ng mga magulang upang mapalaki nila ang kanilang mga anak na nagagabayan ng kagandahang-asal.

3. *Disiplina at pagwawasto* nang may pagmamahal at pagmamalasakit. Hindi maiiwasan ang mga di sinasadyang pagkakamali kaya't mahalaga ang pagwawasto ng mga magulang at nakatatanda upang ang tunay na diwa ng pagiging magalang at masunurin ay makasanayan at maisabuhay.

(mula sa: http://www.bibleclassbooks.com/teaching-values/respect.html)

Kung naging maayos ang paghubog sa mga naunang taon ng iyong buhay, mauunawaan mo ang kahalagahan ng marapat na paggalang at pagsunod, dahil sa pagkilala mo sa pamilya bilang hiwaga, halaga at presensiya.

Paano maipakikita ang paggalang at pagsunod at sa mga magulang?

Ang paggalang at pagsunod sa magulang ay maipakikita sa pamamagitan ng sumusunod na gawain (http://www.ehow.com/info_12004304_5-ways-respect-parents.html):

1. *Pagkilala sa mga hangganan o limitasyon.* Kapag ang magulang ay nagtakda ng hangganan, dapat itong igalang sa pamamagitan ng di pag-abuso sa itinakda. Ang pagkatok sa kuwarto ng iyong mga magulang bago pumasok at paghingi ng permiso bago kainin ang anumang pagkaing nakatago sa refrigerator ay nagpapakita ng paggalang.

> "Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at kapag tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan."

2. *Paggalang sa kanilang mga kagamitan.* Naipakikita mo ang paggalang kung naiingatan mo ang mga bagay na iyong ginamit at hiniram.
3. *Pagtupad sa itinakdang oras.* Naipakikita mo ang paggalang kung umuuwi ka nang maaga at di na kung saan-saan pa pupunta nang walang paalam.
4. *Pagiging maalalahanin.* Isa pang paraan ng pagpapakita ng paggalang sa kanila ay ang pag-alaala sa mga mahahalagang okasyon sa buhay nila, tulad ng kaarawan, anibersaryo, at iba pa.
5. *Pagiging mapagmalasakit at mapagmahal.* Maipakikita ang paggalang sa pamamagitan ng paggamit at pagbigkas ng mga magagalang na pananalita at pakikinig sa kanilang mga sinasabi o ipinapayo.

Paano maipakikita ang paggalang at pagsunod sa mga nakatatanda?



Ang pagpapakita ng paggalang sa nakatatanda ay isang magandang bahagi ng kultura ng mga Pilipino. Sa simula pa lamang, ang mga bata ay tinuturuang gumamit ng 'Po' at 'Opo' sa kanilang pakikipag-usap at pagmamano sa mga nakatatanda. Narito ang ilang paraan ng pagpapakita ng paggalang sa mga nakatatanda (ayon sa aklat ng Respect for the Elderly: Implications for Human Service Providers ni Sling, 2004):

1. Sila ay arugain at pagsilbihan nang isinasaalang-alang ang maayos na pakikipag-usap. Sa kanilang edad, marami na sa kanila ang lubhang maramdamin, kung kaya't maging maingat sa mga gagamiting salita at kilos.
2. Hingin ang kanilang payo at pananaw bilang pagkilala sa karununggang dulot ng kanilang mayamang karanasan sa buhay.
3. Iparamdam sa kanila na sila ay naging mabuting halimbawa lalo na sa pagiging matiisin at matiyaga sa maraming bagay.
4. Kilalanin sila bilang mahalagang kasapi ng pamilya sa pamamagitan ng pagsasama sa kanila sa mga karaniwang gawain ng pamilya at mga espesyal na pagdiriwang.
5. Tugunan ang kanilang mga pangangailangan at kahilingan na makabubuti sa kanila. May mga pagkakataong sila ay nagiging makulit at mapilit sa kanilang nais kainin, inumin o gawin. Maging sensitibo sa kanilang mga kagustuhan, kakayahan at damdamin. Hindi lahat ng nais nila ay makabubuti sa kanilang kalusugan at kalagayan. Isaalang-alang lagi ang kabutihang maidudulot ng mga bagay na kanilang hinihiling.

Paano maipakikita ang paggalang sa mga taong may awtoridad?

Narito ang ilan sa mga paraan upang maipakita ang paggalang sa mga taong may awtoridad (ayon kay Wolff, n.d.)

1. *Magbasa at pag-aralan ang tunay na tagubilin ng Diyos sa paggalang sa mga taong may awtoridad.* May mga taong pinili ang Diyos upang pagkalooban ng tungkulin at pagkatiwalaan ng Kaniyang awtoridad. Malaki ang maitutulong ng kanilang taglay na karunungan at kakayahan upang magampanan ang tungkuling ipinagkaloob sa kanila sa pagkamit ng layunin at pagtugon sa kabutihang panlahat.

2. *Lagi mong ipanalangin ang mga taong may awtoridad na ikaw ay pamahalaan.* Ang pagkakaroon ng awtoridad ay isang maselang tungkulin dahil nakasalalay ang kapakanan ng mga nasasakupan sa mga pagpapasiya na kaakibat ng mga ipinatutupad na batas o patakaran. Sa pamamagitan ng panalangin, hilingin na pagkalooban ang mga taong may awtoridad na magkaroon ng sapat na karunungang gagabay sa makatwirang pagpapasiya, lakas ng loob at malusog na pangangatawan upang makapagpatuloy sa paggawa at paglilingkod sa kapwa.

3. *Maging halimbawa sa kapwa.* Kung nais mong makaimpluwensya ng kapwa upang sila ay maging magalang at masunurin, mas maraming pakinabang ang maidudulot nang pagsasabuhay ng birtud ng paggalang at pagsunod. Mas madaling mauunawaan ng iyong kapwa ang kahalagahan ng paggalang at pagsunod kung nakikita nila ang iyong pagsusumikap na igalang at sundin ang iyong mga magulang, nakatatanda at may awtoridad, at nakikita rin nila ang mabuting naidudulot nito sa kanilang pagkatao at sa lipunang kanilang kinabibilangan.

4. *Alamin at unawain na hindi lahat ng pagpapasiya at mga bagay na dapat sundin ay magiging kaaya-aya para sa iyo.* Hindi sa lahat ng pagkakataon ay nagkakalapat ang mga pananaw at paniniwala. Subalit, maipakikita pa rin ang paggalang kahit na magkasalungat ang mga pananaw at paniniwala. Kailangan lamang ng maayos na diyalogo upang maisaalang-alang ang kabutihang panlahat.

Paano mo maisasabuhay ang paggalang na ginagabayan ng katarungan at pagmamahal?

> Tungkulin ng lipunan ang pangalagaan ang dignidad ng matatanda sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga batas na mangangalaga sa kanila. Nararapat na tugunan ng lipunan ang pangangailangan ng bawat kasapi nang walang pagtatangi.
>
> (Pope John Paul II, 2002)

Maipakikita mo ang paggalang at pagsunod sa iyong mga magulang, nakatatanda at may awtoridad kung kinikilala mo ang kanilang halaga. Dahil dito, kinikilala at pinahahalagahan mo ang kanilang tungkuling hubugin, subaybayan at paunlarin ang iyong mga magagandang ugali at mga pagpapahalaga. Mapagtitibay mo ang mga birtud na ito sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal, pananagutan at pagkilala sa kanila bilang biyaya ng Maylalang.

Maisasabuhay natin ang paggalang na ginagabayan ng katarungan at pagmamahal sa pamamagitan ng sumusunod na mungkahi ayon kay *David Isaacs* (Character Building, 2001)

1. Panatilihin ang pagkakaunawaan, bukas na komunikasyon, at pagkilala sa halaga ng pamilya at ng lipunang kinabibilangan.
2. Kilalanin ang kakayahan ng bawat tao na matuto, umunlad at magwasto ng kaniyang pagkakamali.
3. Pagtugon sa pangangailangan ng kapwa, sa pamamagitan ng patuloy na pagtulong at paglilingkod sa kanila.
4. Laging isaalang-alang ang damdamin ng kapwa sa pamamagitan ng maayos at marapat na pagsasalita at pagkilos.
5. Isaalang-alang ang pagiging bukod-tangi ng bawat tao sa pamamagitan ng pagpapakita ng angkop na paraan ng paggalang.
6. Suriing mabuti ang kalagayan o sitwasyon ng kapwa upang makapagbigay ng angkop na tulong bilang pagtugon sa kanilang pangangailangan. Hangga't maaari makipagtulungan sa mga institusyong maaaring makatulong sa kanila.
7. Bilang bahagi ng katarungan, ibigay sa kapwa ang nararapat sa kaniya at ang nararapat ay ang paggalang sa kaniyang dignidad.

8. Sa pakikipag-usap sa kapwa, iwasan ang madaliang panghuhusga at pagbibitiw ng masasakit na salita. Mahalaga ang aktibong pakikinig at pag-iwas sa anumang uri ng diskriminasyon.
9. Laging isaisip ang kahalagahan ng tunay na paglilingkod sa kapwa na may kalakip na pagmamahal at pagpapatawad.

Bilang kabataan, inaasahan na magiging mabuting halimbawa ka sa lahat ng aspeto ng iyong pamumuhay. Kung ikaw ay kinakikitaan ng iyong kapwa ng pagiging magalang at masunurin, hindi mahirap para sa iyo ang makaranas ng paggalang mula sa iyong kapwa. Sa pag-iingat mo sa iyong karangalan sa pamamagitan ng patuloy na paggawa ng mabuti at pag-iwas sa paggawa ng masama, ang paggalang ng iba ay iyo ring mararanasan at ipagkakaloob ito sa iyo nang may kusa at may lakip na pagmamahal.

Tayahin ang Iyong Pag-unawa


Pagkatapos mong magkaroon ng mas malalim na kaalaman at pag-unawa sa mga konsepto ng paggalang at pagsunod, pag-isipan at sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Bakit nararapat na igalang at sundin ang mga magulang, nakatatanda, at may awtoridad?
2. Sa paanong paraan mahuhubog at mapauunlad ng mga magulang, nakatatanda at may awtoridad ang mga pagpapahalaga ng paggalang at pagsunod?
3. Bakit nagsisimula sa pamilya ang pagkilala at pagtuturo ng mga birtud ng paggalang at pagsunod?
4. Gaano kahalaga ang paggabay at pagtuturo sa mga bata ng mga kagandahang-asal, sa mga unang taon ng kanilang buhay, lalo na't pagtuturo ng paggalang at pagsunod ang isasaalang-alang? Ipaliwanag.
5. Ano ang marapat mong gawin kung ang ipinag-uutos sa iyo ng iyong magulang, nakatatanda ay may may awtoridad ay nagdudulot sa iyo ng alinlangan? Ipaliwanag.

6. Paano mo maipakikita ang marapat na paggalang at pagsunod mo sa iyong mga magulang, nakatatanda, at may awtoridad?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Pagkatapos ng aralin, anong mahalagang konsepto ang iyong naunawaan? Punan ang graphic organizer. Isulat ito sa iyong kuwaderno.




Pagkatapos mong maunawaan ang Batayang Konsepto ng aralin, mahalaga na maiugnay mo ito sa pag-unlad mo bilang tao. Sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

Batayang Konsepto:

_____
_____
_____

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?




E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Mapagtitibay ang pagpapahalaga sa mga birtud ng paggalang at pagsunod sa pamamagitan ng pagkalap ng mga kawikaan at mga tanyag na aral ng Islam, Hinduismo, Buddhismo, mga aral ni K'ung Fu Tze (Confucius) at ni Hesukristo at ng kaniyang mga Apostol, tungkol sa paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad.

Panuto:

1. Sa paggabay ng guro, hatiin ang klase sa limang pangkat. Pipili ng lider at kalihim. Magbibigay ang lider ng mga tungkulin sa ibang mga kasapi.
   a. Unang pangkat – Islam
   b. Ikalawang pangkat – Hinduismo
   c. Ikatlong pangkat – Buddhismo
   d. Ikaapat na pangkat – Mga aral ni K'ung Fu Tze
   e. Ikalimang pangkat – Mga aral ni Hesukristo at ng kaniyang mga Apostol
2. Magsaliksik ng limang tanyag na kawikaan tungkol sa paggalang at pagsunod sa magulang, nakatatanda at may awtoridad. Itala ang mga nasaliksik sa talaan. Gawing gabay ang nakasaad na halimbawa.
3. Sa pagbabahagi, inaasahan na nauunawaan mo ang mga aral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga halimbawa. Maging malikhain sa pagbabahagi: maaaring sa pamamagitan ng pagsasadula o maikling *symposium*, maaari ding gumamit ng *Powerpoint* o *Prezi presentation,* o magpamigay ng *brochure* o *flyers*.

Pinagkunan ng aral / turo	Mga Aral / Turo	Mga Halimbawa
 Mula sa Mga Tinipong Wikain ni K'ung Fu Tze	Halimbawa: "Iilan lamang sa mga masunuring anak at magalang na kapatid ang magpapamalas ng kawalang-pitagan sa mga nakatataas, at kailanman wala pang taong di lapastangan ang lumikha ng gulo…. Nasa paggalang sa mga magulang at pagpipitagan ng mga kapatid ang ugat ng pagmamahalan." (1:2).	Ang kabataang magalang sa magulang at sa kapatid ay di nagiging lapastangan sa mga taong may awtoridad at di pinagmumulan ng gulo.
	1.	
	2.	
	3.	
	4.	
	5.	

4. Ang sumusunod na bahagi ay kailangang makita sa iyong presentasyon:
    a. Maikling panimula upang bigyan ng ideya ang mga manonood ukol sa nilalaman ng inyong presentasyon (maaaring kasaysayan o maikling talambuhay ng tagaturo)
    b. Limang aral tungkol sa paggalang at pagsunod, paliwanag at mga halimbawa
    c. Kaayusan sa paghahanda at aktuwal na pagbabahagi
    d. Kooperasyon ng pangkat
    e. Paglalahat mula sa mga nasaliksik na aral at katuruan

Pagninilay

Sapat na kaya ang iyong pag-unawa sa mga konsepto ng paggalang at pagsunod? Sa iyong pagninilay, basahin ang sumusunod na **Sulat Ni Nanay at Tatay,** mula sa http://www.youtube.com/watch?v=hc-WrzQMjHA. (Kung may pagkakataon, maaaring ipabahagi ng guro sa pamamagitan ng Powerpoint presentation o ipabasa sa piling mag-aaral nang may damdamin at saliw ng musika).

Mahal kong Anak,

Sa aking pagtanda, unawain mo sana ako at pagpasensyahan, kapag dala ng kalabuan ng mata ay nakabasag ako ng pinggan o nakatapon ng sabaw sa hapag kainan, huwag mo sana akong kagagalitan. Maramdamin ang isang matanda; naaawa ako sa sarili ko sa tuwing sinisigawan mo ako. Kapag mahina na ang tenga ko at hindi ko maintindihan ang sinasabi mo, huwag mo naman sana akong sabihang bingi. Pakiulit na lang ang sasabihin mo o pakisulat na lang.

Pagpasensyahan mo na rin ang aking amoy. Amoy matanda, amoy lupa. Huwag mo sana akong piliting maligo. Mahina na ang katawan ko. Madaling magkasakit kapag nalamigan, huwag mo sana akong pandirihan. Natatandaan mo noong bata ka pa? Pinagtitiyagaan kitang habulin sa ilalim ng kama kapag ayaw mong maligo.

Pasensiya ka na anak, matanda na talaga ako. Kapag mahina na ang tuhod ko, pagtiyagaan mo sana ako at tulungang tumayo, katulad ng pag-alalay ko sa iyo noong nag-aaral ka pa lamang lumakad.

Pagpasensyahan mo sana ako kung ako ay nagiging makulit, paulit-ulit at parang sirang plaka. Basta pakinggan mo na lang ako. Huwag mo sana akong pagtawanan o pagsawaang pakinggan. Natatandaan mo ba anak noong bata ka pa? Kapag gusto mo ng lobo, paulit-ulit mo 'yong sasabihin, maghapon kang mangungulit hangga't hindi mo nakukuha ang gusto mo. Pinagtiyagaan ko ang kakulitan mo.

Pagpasensiyahan mo sana kung madalas ako'y masungit, dala na marahil ng katandaan. Pagtanda mo, maiintindihan mo rin ako. Kapag may konti kang panahon magkuwentuhan naman tayo, kahit sandali lang. Inip na ako sa bahay, maghapong nag-iisa. Walang kausap. Alam kong busy ka sa trabaho, subalit nais kong malaman mo, na sabik na sabik na akong makakuwentuhan ka. Kahit alam kong hindi ka interesado sa mga kuwento ko. Natatandaan mo anak noong bata ka pa.

Pinagtiyagaan kong pakinggan ang pautal-utal mong kuwento tungkol sa iyong teddy bear.

At kapag dumating ang sandali na ako'y magkakasakit at maratay sa banig ng karamdaman, huwag mo sana akong pagsasawaang alagaan.

Pagpasensiyahan mo na sana kung ako man ay maihi o madumi sa higaan. Pagtiyagaan mo sana akong alagaan sa mga sandaling ito ng aking buhay. Tutal hindi na naman ako magtatagal. Kapag dumating ang sandali ng aking pagpanaw, hawakan mo sana ang aking kamay at bigyan mo ako ng lakas ng loob na harapin ang kamatayan.

Anak, huwag kang mag-alala, kapag kaharap ko na ang Diyos na Lumikha, ibubulong ko sa Kaniya na pagpalain ka sana … dahil naging mapagmahal ka sa iyong ama't ina … Maraming salamat sa iyo, Anak.

Nagmamahal,

Nanay at Tatay

Gamit ang mga gabay na tanong sa ibaba, isulat sa iyong journal ang iyong pagninilay.

Mga Gabay na Tanong sa Pagninilay:

1. Ano ang iyong naramdaman matapos mong basahin ang sulat? Ipaliwanag.
2. Ano-ano ang iyong mga reyalisasyon?
3. Ano ang iyong gagawin upang maisabuhay mo nang may katarungan at pagmamahal ang paggalang at pagsunod sa iyong mga magulang, nakatatanda at may awtoridad?
4. Bilang pagtugon sa sulat, gumawa ng liham para sa iyong mga magulang, o lolo at lola o ibang malapit na kamag-anak, na naglalahad ng iyong gagawing pagsusumikap na maisabuhay ang mga birtud ng paggalang at pagsunod.

Pagsasabuhay

Panuto:

1. Balikan ang ikalawang bahagi ng Paunang Pagtataya. Tunghayan ang iyong mga sagot, lalo na ang mga pahayag na paminsan-minsan lang ginagawa.
2. Sa journal, isulat sa tsart ang pahayag na bibigyan ng pansin upang imonitor mo ito sa loob ng dalawang linggo.
3. Subaybayan o imonitor ang iyong pagsusumikap na maisabuhay ang mga paraan gamit ang tseklis.
4. Maging TAPAT sa pagmomonitor. Ipakita sa guro ang tseklis pagkatapos ng dalawang linggo.
5. Pagkatapos ng dalawang linggo, bibilangin mo ang lahat ng tsek at isulat ito sa kolum ng “Kabuuan.” Kunin ang porsyento ng iyong pagtupad sa bawat kilos na nagawa mo. Gamiting gabay ang nasa unang bilang sa talahanayan sa ibaba.

Mga paraang nais kong paunlarin	**Lunes**	**Martes**	**Miyerkules**	**Huwebes**	**Biyernes**	**Sabado**	**Linggo**	**Lunes**	**Martes**	**Miyerkules**	**Huwebes**	**Biyernes**	**Sabado**	**Linggo**	**Kabuuan**	**Average ng Pagtupad**
Halimbawa: Isinasaalang-alang ko ang kanilang damdamin sa pamamagi-tan ng maayos at marapat na pagsasalita at pagkilos	√	√	X	√	x	√	√	√	x	√	x	√	√	√	10 /14	0.71
1.																
2.																
3.																
4.																
5.																

Ipagpatuloy ang pagsasagawa ng mga angkop na kilos ng paggalang at pagsunod sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad. Mahalaga rin na isaalang-alang mo kung paano mo maiimpluwensiyahan ang kapwa mo kabataan upang maipamalas ang mga birtud na ito.

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Narito ang ilang paanyaya:

1. Gamit ang iyong *Facebook account,* magsulat ng maikling *Facebook status* (araw-araw), tungkol sa iyong mga nagawang kilos na nagpakita ng paggalang at pagsunod sa mga magulang, mga nakatatanda at mga taong may awtoridad. (Maaaring gumawa ang guro ng isang grupo sa *Facebook* tungkol dito. Kung walang pagkakataon, siguraduhing naibahagi ito sa mga kaibigan at guro).
2. Sa mga walang *Facebook account*, gumawa ng ***PAGGALANG*** at ***PAGSUNOD*** LOGBOOK (Maaaring gawa sa mga tinipong recycled na papel). Pipili ka ng kaklase na magsisilbing kapareha mo, upang magpaalalahanan kayo sa isa't isa. Ang iyong mga nagawang kilos ay isusulat sa logbook ng iyong kapareha at ganoon din naman siya sa iyong logbook.
3. Araw-araw, isusulat ninyo sa logbook ang mga kilos na inyong nagawa na nagpakita ng paggalang at pagsunod. Hikayatin ang kapareha na magkaroon ng target na bilang araw-araw ng mga isasagawang kilos pati na rin ng komitment na maisagawa ito.
4. Pagkatapos ng itinakdang panahon, ibahagi sa klase ang natapos na gawain.

Mga Kakailanganing Kagamitan

- LCD Projector
- CD player
- TV
- CD ng pelikulang anak
- Camera
- Laptop
- CD

Mga Sanggunian

Dy, M. (2007). *Mga Babasahin sa pilosopiyang moral.* Quezon City: Ateneo de Manila University Office of Research & Publication.

Isaacs, D. (2001). *Character building. A guide for parents and teachers*. Glasgow: Omnia Books Ltd.

Sheen, F. (2009). *Children and Parents: Wisdom and guidance for parents.*

Otero, O. (2001). *Authority and obedience: Focus on family life*. Manila: Sinag-tala Publishers Inc.

Wolff, K. (n.d.). Submitting to and Respecting Authority.

Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Kagawaran ng Edukasyon. (2011). *Gabay sa Pagtuturo ng Kurikulum ng Edukasyong Sekundarya ng 2010 (Edukasyon sa Pagpapahalaga II).* Pasig City: Awtor.

Institute for Development Education for Research & Communication. (____). Virtue: *The value of education.* Manila: Sinagtala Publishers, Inc.

http://www.sonomacongregational.org/3.15.2009sermon.pdf

http://www.youtube.com/watch?v=gqFnsP2ikvE

http://www.youtube.com/watch?v=hc-WrzQMjHA

http://voices.yahoo.com/has-society-lost-respect-our-elderly-293222.html

http://www.scribd.com/doc/19421233/paggalang

http://www.ehow.com/info_12004304_5-ways-respect-parents.html

http://christianity.about.com/od/topicaldevotions/qt/respectauthorit.htm

http://www.google.com.ph/search?q=respect+for+authority&hl=fil&gbv=2&prmd=ivns&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=vwCGUOXBo3JmAXj94GICg&ved=0CAcQ_AUoAQ

http://www.google.com.ph/search?hl=fil&gbv=2&tbm=isch&gs_l=img.3...19438.23353.0.24180.16.14.0.0.0.0.499.1529.21j1j2.4.0...0.0...1c.1.4aC38rQwGsU&oq=pictures+of+a+5+year+old+kid+&q=pictures%20of%20a%205%20year%20old%20kid

http://www.google.com.ph/search?q=pictures+of+a+5+year+old+kid&hl=fil&gbv=2&tbm=isch&ei=lMaHUKWJO62emQXu-YHgBg&start=40&sa=N

http://www.google.com.ph/search?q=plants+in+a+pot&hl=fil&gbv=2&tbm=isch&prmd=ivns&ei=_UWSUITyIdDymAW5xIDICw&start=120&sa=N

http://www.google.com.ph/search?q=picture+of+parents+and+children&hl=fil&gbv=2&prmd=ivns&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=roSSUP7yEYXLmgW0moDgBg&ved=0CAcQ_AUoAQ

http://www.google.com.ph/search?q=picture+of+a+filipino+public+high+school&hl=fil&gbv=2&tbm=isch&ei=uD6TUK3TCuqyiQe6toGABg&start=840&sa=N

http://www.google.com.ph/search?q=picture+of+filipino+parents+%26+children+talking&hl=fil&gbv=2&prmd=ivns&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=Jh-XUNi0NMTkmAXN7YCQBQ&ved=0CAcQ_AUoAQ

http://www.google.com.ph/search?hl=fil&source=hp&q=picture+of+a+tree+with+fruits&gbv=2&oq=picture+of+a+tree+with+fruits&gs_l=heirloomhp.3..0i19.1419.18377.0.18579.35.25.4.6.7.0.188.3573.0j24.24.0...0.0...1c.1.HkboABH5qSU

http://www.netplaces.com/understanding-islam/the-extended-muslim-family/respect-for-parents-and-elders.htm

http://online.sfsu.edu/rone/Buddhism/BuddhismParents/BuddhismParents.html

http://www.bibleclassbooks.com/teaching-values/respect.html

Modyul 11: PAGGAWA NG MABUTI SA KAPWA



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Maganda ka ba? Sa panahong ito kapag ikaw ay tinanong kung ikaw ay maganda ang unang papasok sa isipan ng karamihan ay ang panlabas na kaanyuan. Ang panlabas ba na kaanyuan ang sukatan ng kagandahan ng isang tao? Sa modyul na ito ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa paggawa ng mabuti sa kapwa ay magsisilbing gabay mo sa mapanagutang pagsasabuhay ng mabuting gawain na tutugon sa pangangailangan ng mga kapwa mo mag-aaral, mga salat sa buhay o “marginalized” sa lipunan at ng ibang nilikha dito sa mundo.

Pinag-aralan mo sa nakaraang modyul ang pagsunod at paggalang sa mga magulang, nakatatanda at may awtoridad. Inaasahan naipamalas mo bilang kabataan ang pang-unawa sa pagiging masunurin at magalang sa iyong magulang, nakatatanda at nasa kapangyarihan. Kasunod nito ay naisagawa mo ang angkop na kilos na nararapat para sa gawain ng pagsunod at paggalang. Natukoy mo ang bunga ng hindi pagtalima at paglabag na maaari mong gawin sa iyong magulang, nakatatanda at mga nasa kapangyarihan. Nahinuha mo na ang pagsunod at paggalang sa kanila ay dahil sa pagmamahal, sa malalim na pananagutan at pagkilala mo na sila ay mga *kaloob* ng Diyos. Ang iyong magulang, mga nakatatanda at nasa kapangyarihan ay binigyan ng awtoridad ng Diyos upang mahubog, mabantayan at mapaunlad ang mga pagpapahalaga dito sa mundo. At dahil sa mga nabanggit, inaasahan ka bilang kabataan na impluwensiyahan ang kapwa mong kabataan sa aspeto ng pagsunod at paggalang sa lahat.

Sa huli’y inaasahang masasagot mo ang mahahalagang tanong na: **Bakit mahalaga ang paggawa ng mabuti sa kapwa? Paano ka makagagawa ng mabuti sa iyong kapwa?**

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Nagugunita ang mga kabutihang ginawa niya sa kapwa
b. Natutukoy ang mga pangangailangan ng iba't ibang uri ng tao at nilalang na maaaring tugunan ng kabataan
c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
d. Naisasagawa ang mga angkop na kilos sa isang mabuting gawaing tumutugon sa pangangailangan ng kapwa

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput sa titik d:

1. Nakagawa ng malinaw at makatotohanang plano ng paggawa ng mabuti sa kapwa sa loob ng paaralan o sa lipunan
2. Naisagawa nang indibidwal at pangkatan ang plano
3. May kalakip na pagninilay tungkol sa kanilang karanasan at epekto ng indibidwal at pangkatang gawain sa kanilang pagkatao at pakikipagkapwa



Paunang Pagtataya

Gumagawa ka ba ng mabuti sa kapwa?

Panuto:

1. Narito ang tseklis na susukat kung ikaw ay gumagawa ng kabutihan sa kapwa. Tayahin mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (✓) sa angkop na kolum.

2. Pagkatapos, kunin ang iyong pangkalahatang iskor at tingnan ang katumbas nitong interpretasyon.

Mga kilos na nagpapakita ng paggawa ng mabuti sa kapwa	**Palagi (4)**	**Paminsan-minsan (3)**	**Madalang (2)**	**Hindi Kailanman (1)**
Sa Pamilya				
1. Tumutulong ako sa mga gawaing bahay.				
2. Sumusunod ako sa mga ipinag-uutos ng aking mga magulang at nakatatanda.				

3. Tinutugunan ko ang pangangailangan ng aking kapamilya sa abot ng aking makakaya.				
4. Sumasama at nakikibahagi ako sa mga selebrasyon sa pamilya.				
Sa Pamayanan				
5. Kinikilala at kakilala ko ang aming mga kapitbahay.				
6. Nagbibigay ako ng tulong sa abot ng aking makakaya sa mga nangangailangan sa pamamagitan ng mga organisasyon at institusyon (hal., sa sambahan).				
7. Sumasama at nakikibahagi ako sa mga angkop na selebrasyon at gawain sa pamayanan.				
8. Ipinakikita ko ang malasakit sa kalikasan at mga hayop at halaman .				
Sa Paaralan				
9. Nakikitungo ako nang mabuti sa aking mga kamag-aral, mga guro, mga magulang, mga janitor at iba pang manggagawa sa loob ng paaralan.				
10. Bumabati ako nang may paggalang sa mga guro at opisyal ng paaralan.				
11. Sumasama at nakikibahagi ako sa mga angkop na selebrasyon at gawain sa pamayanan.				
12. Tumutulong ako sa taong may pangangailangan sa paaralan.				
Pangkalahatang Iskor				

Interpretasyon


Saklaw ng Iskor	Katumbas na Paglalarawan	Interpretasyon
3.01- 4.00	Palagi (Always)	Ikaw ay may angking kakayahan sa paggawa ng mabuti sa kapwa. Napahahalagahan mo ang kapakanan ng iyong kapwa. Ipagpatuloy mo ito!
2.01- 3.00	Paminsan-minsan (Sometimes)	Likas sa iyo ang paggawa ng mabuti sa kapwa kaya nga lamang ay may maliit kang pagtatangi sa paggawa mo nito. Maging masigasig sa pagpapamalas nito.
1.01-2.00	Madalang (Seldom)	Ang paggawa mo ng magandang bagay sa kapwa ay bihira. Maaaring may takot ka o pag-aalinlangan na dapat iwaksi mo upang ang maipamalas mo ang paggawa ng mabuti sa kapwa.
0.01-1.00	Hindi Kailanman (Never)	Likas sa iyo ang gumawa ng mabuti sa kapwa ngunit marami kang agam-agam sa pakikipagkapwa. Iyong suriin ang sarili mo upang malinang ang paggawa ng mabuti sa kapwa.

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto:

1. Tukuyin mo kung sino ang nagawan mo ng mabuti sa mga nakaraang araw.
2. Sa isang bond paper, gumuhit ng tulad ng nasa ibabang halimbawa.




3. Ang tao na nasa kanan mo ay ikaw. Isulat mo ang iyong pangalan sa lugar ng "AKO". Ang nasa kaliwa ay kumakatawan sa mga taong nagawan mo ng kabutihan nitong mga nagdaang araw.
4. Isulat mo ang pangalan nila sa bandang itaas ng kanilang ulo.
5. Sa loob ng "arrow" isulat kung ano ang ginawa mong kabutihan para sa kanila.
6. Tukuyin mo rin kung anong pangangailangan nila ang natugunan mo. Isulat sa loob ng kanilang bag o maleta.

Sagutin sa kuwaderno:

1. Kailan ka huling gumawa ng mabuti sa kapwa? Ano-ano ito?
2. Ano ang iyong naramdaman matapos kang gumawa nito? Ipaliwanag.
3. May maganda bang bunga ang paggawa mo ng kabutihan? Patunayan.

Gawain 2 (Dyad)



Maghanap ng kapareha upang maibahagi mo ang natuklasan. Narito ang gabay sa pakikibahagi sa dyad:

a. Kapwa o mga taong ginawan ng kabutihan
b. Dahilan ng paggawa ng kabutihan
c. Pangangailangan ng iyong kapwa na tinugunan
d. Paraan ng paggawa ng kabutihan



C. PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA


Natukoy at naibahagi mo kung sino ang nagawan mo ng kabutihan sa mga nagdaang araw at ang kanilang mga pangangailangang iyong natugunan. Ngayon naman, inaasahang malilinang pa ang iyong mga kaalaman sa konsepto ng paggawa ng mabuti sa kapwa.

Weez weez



Gawain 1

1. Narito ang larawan ng isang hardinero na kumakatawan sa iyo. Hawak niya ang kaniyang pandilig na may tubig na magbibigay-lakas at sustansiya sa mga halaman. Ang mga halaman na iyon ay ang mga tao na nagawan mo ng kabutihan.
2. Makikita mo rin sa larawan ang bawat patak ng tubig. Ang mga patak na ito ay sumasagisag sa mga *dahilan* kung bakit mo pinamalas ang iyong kabutihan sa kanila.
3. Isulat mo ang dahilan kung bakit ka gumawa ng maganda sa mga taong nabanggit mo sa Gawain 1 sa *Pagtuklas ng Dating Kaalaman*. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



May mga reyalisasyon ka ba sa katatapos na gawain? Mahirap bang harapin ang hamon ng paggawa ng kabutihan sa kapwa?

Rubric sa Pagsusuri ng Sarili sa Gawaing Weez-weez

Kraytirya/Puntos	2	1	0
Natutukoy ang mga taong pinakitaan ng kagandahang-loob	May apat o higit pang natukoy na mga taong napakitaan ng kagandahang-loob	May natukoy na isa hanggang tatlo na napakitaan ng kagandahang-loob	Walang magunita o matukoy na ginawan ng kagandahang-loob
Nasusuri ang kadahilanan sa pagpapamalas ng kagandahang-loob sa kapwa	May nasuring 3 o higit pa na magkakaibang kadahilanan sa pagpapamalas ng kagandahang-loob	May isa o dalawang kadahilanan na nasuri sa paggawa ng maganda sa kapwa	Walang kakayahan suriin ang mga bagay o kadahilanan ng paggawa ng maganda sa kapwa
Naipapaliwanag ng mabuti ang mga kadahilanan sa paggawa ng maganda sa kapwa	May higit sa tatlong paliwanag na naipahayag tungkol sa kadahilanang nasuri	May isa o dalawang paliwanag na naipahayag tungkol sa kadahilanang nasuri	Hindi maipaliwanag ang kadahilanan sa paggawa ng maganda sa kapwa

Gawain 2

Panuto: Sa iyong kuwaderno, sagutan ang sumusunod na tanong sa higit sa tatlong pangungusap. Maging TAPAT sa iyong pagsagot. Pagkatapos, ibahagi sa isang kamag-aral ang mga sagot mo.

1. Sa mga naisaad mong kadahilanan ng iyong pagtulong, ano sa mga ito ang masasabi mong pinakapangunahing dahilan? Bakit?

2. Sa iyong palagay, ang pagtulong ba ay para lamang sa mga kaibigan at malapit sa iyo? Pangatwiranan.

3. Papaano mo tutulungan ang mga taong nakasamaan mo ng loob o nakagalit?

4. Saan nag-uugat ang paggawa ng kabutihan sa kapwa?

5. Ang paggawa ba ng kabutihan ay nangangahulugang *pagpapakatao*? Pangatwiranan.

D. PAGPAPALALIM

Mabuti Ka Ba sa Iyong Kapwa?



Ang buhay dito sa mundo ay masasabing walang katiyakan. Iniluwal ang bawat nilalang sa oras nang walang nakaaalam at ang buhay na kaloob na ito ay maaaring mawala o bawiin sa takdang oras. Kaya naman nararapat na gawin ng tao ang kaniyang tungkulin habang naririto siya sa mundong ibabaw. Isa na sa kaniyang moral na tungkulin ay ang pagpapamalas ng kabutihan o kagandahang-loob sa kapwa.



Sa kasalukuyang panahon, maririnig at mapapanood sa mga balita ang tungkol sa iba't ibang krimeng nagaganap sa ating bansa at sa buong mundo. Sa Tsina halimbawa, isang munting bata ang hinayaang masagasaan ng sasakyan at walang pakundangang iniwan sa daan. Dito naman sa ating bansa noong nakaraang taon, isang MMDA traffic enforcer ang pinagalitan at sinaktan ng isang pribadong mamamayan. Sa isa pang kaganapan, isang bata na nasa unang baitang ang napatay ng isa ring mag-aaral na nasa ika-limang baitang nang dahil lamang sa paglalaro ng holen. At ang huli, isang kasambahay ang minaltrato ng kaniyang amo sa pamamagitan ng pagplantsa ng kaniyang mukha, pagkukulong dito, at pagpapakain ng sirang pagkain.

Tila nagiging mahirap ng magpakabuti o magpakita ng kagandahang-loob sa kapwa. Tunay na bang nawala ang kabutihan o kagandahang-loob dito sa mundo? Napakasakit matunghayan at maramdaman na may mga pangyayaring ganito.


Ang kabutihan o kagandahang-loob ay isa sa mahirap unawain at maisabuhay lalo na kung ang pakikipagkapwa ang tatalakayin. Ano nga ba ang kahulugan ng kabutihan o kagandahang-loob? Ano ang kinalaman nito sa pakikipagkapwa?

Kahulugan ng Kabutihan o Kagandahang-loob

Ang salitang kabutihan o kagandahang-loob ay magkasingkahulugan. Ang una ay hango sa salitang-ugat na *buti* na nangangahulugang kaaya-aya, kaayusan, at kabaitan. Ang kagandahang-loob naman ay hango sa dalawang payak na salita na *ganda at loob***.** Ang *loob* ay tumutukoy sa "inner self o real self". Ang "inner or real self" na tinatawag ay ang kakanyahan ng tao. Dito sa "inner self" na ito naroon ang tunay na kahalagahan o silbi ng isang tao. At ayon sa ilang may-akda, ang lahat ng mga pagpapahalaga at birtud ng tao ay bumubukal sa kabutihan o kagandahang-loob.

Kaligayahan, Kabutihan, o Kagandahang-loob ayon sa Etika ni Aristoteles

Binigyang-lalim ni Aristoteles, isang Griyegong pilosopo ang naisaad na kahulugan ng kabutihan o kagandahang-loob. Siya ay mag-aaral ni Platon at guro ni Alexander the Great. Ang kaniyang pilosopiya ay nagkaroon ng pangmatagalang impluwensya sa pag-unlad ng lahat ng "Western philosophy".




Isa sa mga etikang naisulat ni Aritoteles ay ang Etika Nikomakiya. Dito sa nabanggit na etika ay tinalakay niya ang kaligayahan. Bago niya pinalawig ang tungkol sa kaligayahan, binigyang-diin niya kung ano ang pagpapakatao. Ayon sa kaniya, hindi ang pagsunod sa mga iniidolo nakasalig ang pagiging tao na tao. Ang pagpapakatao ay nag-uugat sa kalikasan niyang magpakatao at ang pagkilos na may layunin (telos).

Para kay Aristoteles, ang "ultimate end" o huling layunin ng tao ay ang kaligayahan. Pero saan ba natin matatagpuan ang kaligayahan? Ang kaligayahan ay maaaring nasa kasarapan, karangyaan o yaman sa buhay. Ito ay nasa karangalan na maibibigay ng ibang tao. At ang kaligayahan ay maaaring nasa birtud na moral. Kailangan ba natin ang mga ito?

Kinakailangan pa rin ng tao ang kasarapan, karangalan at moral na birtud ngunit isaisip na ang kaligayahan ay may angking katangian. Ito ay pangmatagalan, may kasarinlan, aktibo at panghabang-buhay. Mula sa mga katangian na nabanggit, dito makikita na ang layuning makagawa ng maganda o mabuti ay ang magbibigay ng kaligayahan sa tao. Ang tao ay magiging lubos ang pagpapakatao kung siya ay makikipagkapwa-tao.

Kaligayahan, Kagandahang-Loob/Kabutihan at Pagkatao ng Tao



Dayagram 1. Ugnayan ng Loob, Kabutihan o Kagandahang-Loob, Pakikipagkapwa at Kaligayahan

Suriin ang dayagram sa itaas. Ipinakikita rito ang ugnayan ng loob o inner self ng tao, ang paggawa ng kabutihan o kagandahang-loob sa pakikipagkapwa at kaligayahan.

Ang kabutihan o kagandahang-loob ng indibidwal ay tunay na nag-uugat sa kaniyang pagkatao. Likas sa tao ang pagiging maganda o mabuti dahil may paniniwala na ang lahat ng nilikha ng Diyos ay kaaya-aya, maayos at may angking kabutihan. Kaya naman ang tao ay ginawa bilang tagapangasiwa ng mga nilalang dito sa sanlibutan.

Ang tao bilang persona ayon kay Santo Tomas de Aquino ay indibidwal na maaaring tumindig sa sarili niya dahil sa kaniyang kamalayan at kalayaan. Ang tao dahil siya ay persona ay origihal ang kabutihan at ang paggawa ng mabuti ay pagpakapersona o pagpapakatao (Dy, 2012).

Ang angking kabutihan o kagandahang-loob ng tao ay nakaugat sa kaniyang loob. Ang loob ng tao ang siyang nagsisilbing munting tinig na gagabay o gumagabay sa bawat kilos nito. Ang pagkakaroon ng likas na kagandahang-loob ang magbibigay-daan para sa pakikipagkapwa. At ang pakikipagkapwa-tao ang siyang magbibigay ng kaligayahan sa tao na siyang huling layunin o hantungan niya.

Ang Kabutihan o Kagandahang-loob bilang Ekspresyon ng Magandang Buhay

Ang kagandahang-loob sa kapwa ay isang ekspresyon ng kagandahan ng buhay. Ang kabutihan o kagandahang-loob ay maipaliliwanag sa iba't ibang pagkaunawa:

1. Ang tao ay nilikhang kawangis ng Diyos na manlilikha. Ang kagandahang-loob o kabutihan ay likas na kaloob ng Diyos sa tao. Kaya naman ang tao ay pinagkalooban ng ispiritwal at materyal na kabutihan.
2. Ang kabutihan o kagandahang-loob ay ang pinag-uugatan ng mabuti at magandang pag-iisip, damdamin, at gawa ng tao habang namumuhay ito nang matiwasay.
3. Ang kabutihan o kagandahang-loob ay hindi magiging ganap kung hindi ito maipamamalas sa iba. Ito ay nararapat na magmula sa *kalooban* at maibahagi sa kapwa para sa kabutihang panlahat.
4. Ang kabutihan o kagandahang-loob at mabuting buhay ay nakasalalay sa antas ng kamalayan o pang-unawa kung ano nga ba talaga ang mabuti. (Alejo,1990)

Ang Kabutihan o Kagandahang-Loob sa Kapwa

Ang tao upang maging makatao ay nararapat na tunay na mabuti sa kapwa. Ang kagandahang-loob ay hindi patungkol sa sarili lamang. Sa halip, ito ay patungo sa kabutihang panlahat. Ang tunay na paggawa ng kabutihan o kagandahang-loob ay nangangailangan ng pagsasakripisyo. Dumarating sa punto na kailangang kalimutan mo ang sarili alang-alang sa ikabubuti ng iba.

Ang kagandahang-loob ay matutunghayan sa iba't ibang pamamaraan ng pagmamahal at pagkalinga sa kapwa. Makikita rin ito sa maayos at mapayapang pamumuhay o pakikitungo sa kapitbahay at iba pang kasapi ng pamayanan. Maipamamalas din ito sa pamamagitan ng pagmamalasakit sa mga palaboy sa lipunan. Ang kagandahang-loob ay di lamang para sa tao kundi sa ating kalikasan na nangangailangan ng ating pag-aaruga.

Kadalasan ang paggawa ng kabutihan ay nagkakaroon ng limitasyon. Nanaisin na lamang natin gumawa o magpakabuti sa mga taong alam nating masusuklian ang ating ginawa. Sa pagkakataong ito, masusubok ang ating *pagpapakatao*: kung likas tayong may kabutihan o kagandahang-loob.

Hangganan ng Kabutihan o Kagandahang-Loob

Sa pang-araw-araw na pamumuhay ng bawat isa nasusubok kung hanggang saan tayo magiging mabuti o maipakikita ang kagandahan ng ating kalooban. Paano ka magiging mabuti sa iyong kamag-aral na lagi ka na lang kinukutya dahil sa panlabas mong kaanyuan, ang guro na lagi ka na lang pinagagalitan, ang kapitbahay mo na lagi kang hinahamon ng away?

Isang magandang halimbawa ay si Blessed Papa Juan Pablo II. Noong siya ay nabubuhay pa, isang Turkish national, si Mehmet Ali Agca, ang naglagay ng buhay niya sa bingit ng kamatayan. Binaril ni Mehmet at nagtamo ang Santo Papa ng apat na tama ng baril - dalawa sa kaniyang bituka, isa sa kanang braso at sa kaniyang kaliwang kamay. Matapos ang pagpapagaling ng Santo Papa ay nakuha pang dalawin, kausapin, at gawaran ng kapatawaran si Mehmet sa nagawa niya.

Isang natatanging ugali at birtud ang magpakita ng kagandahang-loob sa kabila ng sakit na naramdaman. Dahil likas ang kagandahang-loob sa isang nilalang, walang hanggan ang paggawa nito sa kapwa. Ang magiging daan ng isang indibidwal para hindi niya sukuan ang paggawa ng mabuti ay ang kaniyang "transcendent self". Sa Pilosopiya, ang transcendence ay nangangahulugang "going beyond". Ang isang tao ay may kakayahang malampasan ang anumang pagsubok o tukso na darating dahil may talino at lakas na nagmumula sa kaniyang kalooban.

Dito rin papasok ang tinatawag na “unconditional love” o pag-ibig na walang pinipili o pasubali.

Sa Bibliya, napatunayan ang kagandahang-loob sa katauhan ni Hesus ng kaniyang pakitunguhan nang mabuti sina Maria Magdalena, Zakeyo, at Pedro. Si Pedro, sa kabila ng kaniyang munting pananampalataya, ay nagawa pang ipagkatiwala sa kaniya ang Simbahan. Sa iba pang pangyayari, matutunghayan natin na ang paggawa ng mabuti o pagpapakita ng kagandahang-loob ay nagmumula sa pagkatao ng tao na nag-aangkin ng “unconditional love”.

Ang paggawa ng kabutihan o kagandahang-loob at ang tinatawag na “unconditional love” ay mga hamon na nagbibigay-daan upang maisabuhay din natin ang pagiging mapagbigay ng sarili o maisakripisyo ang sarili para sa isang higit na pinapahalagahan.

Isang Testimonya ng Kagandahang-loob

Narito ang isang patunay ng kagandahang-loob.

Lingid sa kaalaman ng karamihan, may mga tao o grupo ng mga mapagkawanggawa ang patuloy na gumagawa ng kagandahang-loob kahit na walang kamera o media na nakabantay. Isa na rito ang Buddhist Tzu Chi Foundation dito sa ating bansa. Ang grupo ay binubuo ng mga Pilipino at Tsino na ginagabayan ng mga turo at aral ng kanilang *foundress* na si Dharma Master Cheng Yen. Ang grupo ay tumutulong sa aspekto ng edukasyon, medisina, pangangalaga ng kalikasan, at kawanggawa sa mga nasalanta ng kalamidad. Tulad na lamang ng magkapatid na Leah and Rachel Awel na nabiyayaan ng kabutihan ng grupong nasabi. Ang magkapatid ay *conjoined twin* na sa pamamagitan ng operasyon ay napaghiwalay ang magkadikit na puso noong sila ay bagong panganak. Matapos ang siyam na taon, sila ay sinusuportahan pa rin ng Foundation. Ang magkapatid ay nag-aaral sa isang Chinese-Buddhist na paaralan at ang kanilang ama ay nabigyan ng trabaho bilang isang volunteer sa Foundation. Patuloy rin silang tinutustusan sa kanilang pangangailangang pinansyal. Ayon sa magkapatid na Leah at Rachel, pangarap nilang maging doktor at guro upang makagawa rin sila ng kabutihan sa kapwa.

Sa halimbawang nasaad, kagandahang-loob sa kapwa ang malinaw na naisabuhay.

Kung ating babalikan, sa simula pa lamang ng paglikha, ang kabutihan o kagandahang-loob na ang sanhi kung bakit narito ang sangkatauhan. Ito ay dahil sa kabutihan ng ating Manlilikha. Ang kabutihan o kagandahang-loob Niya ay nag-uugat sa pagmamahal. Ang Diyos ay nagtataglay nang walang kapantay na pagmamahal. Ipinakita rin Niya ang kagandahang-loob sa mga taong makasalanan at itinakwil ng lipunan. At sa makabagong panahon, may mga tao pa rin na nagsusumikap na maipamalas ang kagandahang-loob sa kapwa.

Likas sa ating mga nilalang ang kabutihan/kagandahang-loob dahil ito ay nakaugat sa pagkatao at kalooban natin na may kakayahang magmahal.

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Bakit mahalaga ang paggawa ng kabutihan sa kapwa?
2. Paano nalilinang ang pagkatao ng bawat indibidwal sa paggawa ng kabutihan?
3. May hangganan ba ang paggawa ng kabutihan? Ipaliwanag.
4. Ano ang epekto ng paggawa ng kabutihan ating buhay?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Panuto: Anong mahahalagang konsepto ang iyong natutuhan sa aralin? Isulat ang sagot sa mga kamay sa ibaba.




Batayang Konsepto:

_____
_____
_____

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gawain 1: "Kagandahang-loob, I-patrol mo"

Pamilyar ba kayo sa mga programa sa radyo at telebisyon na nagkakawanggawa? Nariyan ang Sagip Kapamilya, Lingkod Kapamilya, Wish Ko Lang, at Kapwa Ko Mahal Ko na patuloy na gumawa ng kabutihan sa kabila ng pagsubok sa pakikipanayam sa lansangan. Ikaw, handa ka bang maging Kabutihan/Kagandahan Patroler?

Panuto:

1. Magbuo ng grupo na may 3 - 4 na miyembro.
2. Sa gawaing ito, kakailanganin mo ang *gadget* tulad ng celfone na may video o isang videocam.
3. Magmasid sa iyong pamayanan kung may pangangailangang dapat tugunan.
4. Maging sensitibo sa pangangailangan na kaya mong tugunan. Maaari ka ring maging daan para humingi ng tulong sa kinauukulan.
5. Lagyan ito ng dokumentasyon sa pamamagitan ng mga makabagong *gadget*.
6. Maaari mo itong i-upload sa iyong *Facebook, Twitter account* (kung mayroon) o di kaya ipadala sa ilang mga programa sa telebisyon na nagpapalabas ng mga ganoong uri ng kabutihan.

Rubric sa Pagganap – KAGANDAHANG-LOOB, I-PATROL MO!

Kraytirya/Puntos	**4**	**3**	**2**	**1**
Pagtugon sa pangangailangan ng kapwa	Nakatugon sa apat o higit pa na pangangaila-ngan ng kapwa	Nakatugon sa tatlo na pangangaila-ngan ng kapwa	Nakatugon sa dalawang pangangaila-ngan ng kapwa	Nakatugon sa isa lamang na pangangaila-ngan ng kapwa
Paggawa ng dokumentaryo na: a. Malinaw ang pagpapakita ng kabutihan b. Maikli at madaling unawain c. Iginagalang ang karapatan ng mga taong kabilang sa gawain d. Malinaw ang pagpapaha-yag o pagpapatrol	Nagpama-las ng apat na katangiang nakasaad sa kraytirya ng paggawa ng doku-mentaryo	Nagpamalas ng tatlo sa katangiang nakasaad sa kraytirya ng paggawa ng dokumen-taryo	Nagpamalas ng dalawa sa katangiang nakasaad sa kraytirya ng paggawa ng dokumentar-yo	Nagpamalas ng isa lamang na katangiang nakasaad sa kraytirya ng paggawa ng dokumentaryo
Paglathala sa mga programa o *social networking site* na may karampatang permiso	Nailathala ang apat o higit pa na kabutihang nai-patrol	Nailathala ang tatlong kabutihang nai-patrol	Nailathala ang dalawang kabutihang nai-patrol	Nailathala ang isa lamang na kabutihang nai-patrol

Pagninilay

Panuto: Sumulat ng pagninilay sa iyong journal tungkol sa konsepto ng kabutihan o kagandahang-loob. Isaalang-alang ang sumusunod na dapat bigyang-diin:

1. Sino ang mga taong natulungan ko at ano ang epekto sa kanilang buhay ng pagtulong ko?
2. Ano ang mensahe o aral na aking natutuhan sa modyul na ito tungkol sa paggawa ng kabutihan sa kapwa?

3. Paano ko itatalaga ang aking sarili upang maisabuhay ang natutuhang aral tungkol sa paggawa ng kabutihan sa kapwa?
4. Sa paanong paraan ko hihikayatin gumawa ng kabutihan sa kapwa ang ibang kabataan lalo na sa aming pamayanan o barangay (halimbawa, mga batang kalye o istambay sa kanto)?

Rubric sa Pagninilay

Mga Layunin:

1. Pagsulat ng pagninilay sa mga natuklasan sa konsepto at paggawa ng kabutihan o kagandahang-loob sa kapwa
2. Pagtukoy sa mga natulungan at epekto sa kanilang buhay
3. Pagtukoy sa mensahe o aral na natutuhan sa paggawa ng kabutihan sa kapwa
4. Pagtatalaga sa pagsasabuhay ng natutuhang modyul tungkol sa paggawa ng kabutihan sa kapwa

Kraytirya/ Puntos	**4**	**3**	**2**	**1**
Natukoy ang mga taong natulungan	Natukoy ang apat o higit pa na taong natulungan	Natukoy ang tatlong tao na natulungan	Natukoy ang dalawang tao na natulungan	Isa lamang ang natukoy na taong natulungan
Nabanggit ang epekto ng paggawa ng kabutihan sa kapwa	Nabanggit ang apat o higit pa na epekto ng paggawa ng kabutihan sa kapwa	Nabanggit ang tatlong epekto ng paggawa ng kabutihan sa kapwa	Nabanggit ang dalawang epekto ng paggawa ng kabutihan sa kapwa	Isa lamang ang nabanggit na epekto ng paggawa ng kabutihan sa kapwa
Nakapagbi-gay ng malinaw na aral o mensahe ng paggawa ng kabutihan sa kapwa	Naipaliwanag ng tahasan at malinaw ang aral o mensaheng nakuha sa paggawa ng kabutihan	Naipaliwanag ang aral o mensahe ngunit may pag-aalinlangan sa kabutihang nagawa	Nakapagbigay ng aral o mensahe ng paggawa ng kabutihan ngunit hindi maipaliwanag	Hindi malinaw ang pagpapahayag ng aral o mensaheng nakuha sa paggawa ng kabutihan
Naitalaga ang sarili sa pagsasa-buhay ng paggawa ng kabutihan sa kapwa	Nangakong gagawa ng kabutihan sa kapwa ng apat o higit pa na beses	Nangakong gagawa ng kabutihan sa kapwa ng tatlong beses	Nangakong gagawa ng kabutihan sa kapwa ng kahit dalawang beses	Nangakong gagawa ng kabutihan sa kapwa makaisang beses lamang


Pagsasabuhay

Ang konsepto ng paggawa ng kabutihan sa kapwa ay maisasakatuparan lamang kung iyong isasabuhay ito, hindi lamang ngayong ikatlong markahan. Maaari mo itong ipagpatuloy hanggang sa susunod na taon o panghabang-buhay. Narito ang indibidwal at gawaing pangklase.

"Tree of Good Deeds"

Panuto Para sa Indibidwal na Gawain

Kumuha ng isang halamang luntian na nasa paso at sundin ang rubric sa pang-indibidwal na gawain.



Panuto Para sa Buong Klase:

Mga kakailanganing kagamitan:

- Isang drift wood
- Mga pinatuyong sanga
- Isang matibay na pagtatayuan ng drift wood
- Mga plastic na dahon, kulay berde
- Tali o string para sa mga dahon
- Mga pakong bakya

1. Tukuyin ang mga mag-aaral na gagawa ng sumusunod:
    a. Paghahanda ng driftwood (lilinisin, lalagyan ng pako)
    b. Pagtatayo ng driftwood sa labas ng silid-aralan o sa lugar na madaling makita o makikita ng karamihan
    c. Paghahanda ng mga plastik na dahon (lalagyan ng tali ang bawat dahon)

2. Narito ang mga dapat gawin para sa *tree of Good Deeds*:
    a. Kapag ang puno ay tapos na, maaari na itong gamitin. Sa pagkakataong ito, ang bawat isa ay may tungkuling dapat gampanan.
    b. Balikan ang konsepto ng kagandahang-loob na natutuhan.

c. Maging mulat sa paggawa araw-araw ng kabutihan sa kapwa tulad ng kamag-aral, magulang, kapatid, at sa mga taong ‘marginalized’ ng lipunan.
d. Sa bawat kabutihan o ginawa, may kaukulang dahon ka na isasabit sa puno. Sa bawat dahon na isasabit mo, maaari mong isulat ang nagawa mong mabuti sa kapwa. Maaari mo ring isulat ang iyong pangalan o pirmahan ito.
e. **Tandaan:** Ang puno ay dapat magkaroon ng buhay. Ang buhay nito ay nakasalalay sa mga kabutihan na nagawa mo at ng iyong mga kamag-aral sa kapwa na sinisimbolo ng mga luntiang dahon na kolektibong isasabit ng bawat isa sa inyo.

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Rubric sa Pangkatang Paggawa ng "TREE of GOOD DEEDS"

Layunin:

1. Paggawa ng "tree of good deeds" na magsisilbing paalala sa pagsasabuhay ng patuloy na paggawa ng kabutihan sa kapwa
2. Pagpapamalas ng galing sa pagbuo ng "tree of good deeds" sa pamamagitan ng pagpili ng angkop na materyales, kulay, disenyo, lokasyon, atbp.

Kraytirya/Puntos	**4**	**3**	**2**	**1**
Pagkamalikhain sa paggawa ng "tree of good deeds" sa: a. pagpili ng angkop na kulay, b. disenyo, c. anyo, at d. balance / proporsyon	Nagpakita ng apat na pamamaraan ng pagiging malikhain	Nagpakita ng tatlong pamamaraan ng pagiging malikhain	Nagpakita ng dalawang pamamaraan ng pagiging malikhain	Nagpakita ng isang pamamaraan ng pagiging malikhain
Pagpili ng materyales na: a. mura, b. pangmataga-lan, c. kaakit-akit, at d. katutubo	Nakapili ng materyales ayon sa apat na katangian	Nakapili ng materyales ayon sa tatlong katangian	Nakapili ng materyales ayon lamang sa dalawang katangian	Nakapili ng materyales na may isa lamang na katangian
Paglagay ng "tree" sa lokasyon na: a. may sapat na ilaw b. nakikita ng karamihan c. "accessible" sa lahat at d. maayos at malinis	Nailagay ang "tree of good deeds" sa lokasyon na nagtataglay ng apat na katangian	Nailagay ang "tree of good deeds" sa lokasyon na nagtataglay ng tatlong katangian	Nailagay ang "tree of good deeds" sa lokasyon na nagtataglay ng dalawang katangian	Nailagay ang "tree of good deeds" sa lokasyon na nagtataglay ng isa lamang na katangian

Rubric sa Indibidwal na Pagsasabuhay – "Tree of Good Deeds"

Ang paggawa ng "Tree of Good Deeds" ay kakatawan sa mga kabutihang gagawin sa kapwa. Ito ay magiging bahagi ng pang araw-araw na gawain hanggang sa matapos ang "school year". Maaari din itong gamitin sa susunod na taon, sa ika-siyam na baitang sa asignatura ng Edukasyon sa Pagpapakatao.

Kraytirya/Puntos	**4**	**3**	**2**	**1**
Pagbigay-buhay sa "Tree of Good Deeds" sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan sa: a. kapamilya b. kapitbahay c. kamag-aral d. awtoridad e. hindi kilalang tao f. hayop, halaman o ibang nilalang sa kalikasan	Nakagawa ng kabutihan sa lahat ng mga nabanggit sa kraytirya	Nakagawa ng kabutihan sa kahit na tatlong nabanggit sa kraytirya	Nakagawa ng kabutihan sa kahit na dalawang nabanggit sa kraytirya	Nakagawa ng kabutihan sa isa lamang na nabanggit sa kraytirya
Pagyabong ng luntiang puno sa pamamagitan ng bilang ng dahon naisasabit	Nakapagsa-bit ng pito o higit pa na dahon sa loob ng isang linggo	Nakapagsabit ng limang dahon sa loob isang linggo	Nakapagsabit ng tatlong dahon sa loob ng isang linggo	Nakapagsabit ng isa lamang na dahon sa loob ng isang linggo
Paghikayat sa kapwa na gumawa rin ng kabutihan sa kapwa	Nakahikayat ng 4 na ginawan ng kabutihan na gumawa rin ng mabuti sa kapwa	Nakahikayat ng 3 na ginawan ng kabutihan na gumawa rin ng mabuti sa kapwa	Nakahikayat ng 2 na ginawan ng kabutihan na gumawa rin ng mabuti sa kapwa	Nakahikayat ng 1 na ginawan ng kabutihan na gumawa rin ng mabuti sa kapwa

Mga Kakailanganing Kagamitan

- Mga kopya ng tseklis sa Paunang pagtataya
- Maigsing bond paper (2) , lapis, eraser, at ruler
- Mga kopya ng Weez weez (Gawain 1 sa Paglinang…)
- Kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapakatao
- Computer at LCD para sa Multi-media presentation
- Mga kopya ng worksheet –Mga Kamay (sa paghinuha ng Batayang Konsepto)
- Driftwood (isa lamang para sa buong klase)
- Mga pinatuyong sanga ng puno
- Artipisyal o gawa sa “recyclable” plastic bag na mga dahon (kinortihan at ginupit)
- String o tali para sa mga dahon
- Pakong bakya
- Marker
- Journal notebook

Mga Sanggunian

A. Print Source

Alejo, A. (990). *Tao Po! Tuloy!: Isang landas ng pag-unawa sa loob ng tao*. Quezon City. Ateneo De Manila University Office of Research and Publications.

De Mesa, J. (1991). *In solidarity with culture*. Quezon City. Maryhill School of Theology.

Dy, M. (2007). *Mga babasahin sa Pilosopiyang Moral*. Quezon City. Ateneo De Manila University Office of Research and Publications.

Esteban, E. (1990). *Education in values: What, why and for whom*. Manila: Sinagtala Publishers.

Marte, N. et.al. (2008). *Goodness in service*. Makati City: Don Bosco Press.

Punsalan, Twila G. et.al. (2008). *Goodness in me*. Makati City: Don Bosco Press.

B. Web Source

Ikalawang Aklat ng Etika Nikomakeyo ayon kay Aristoteles. http://etika107.blogspot.com/2004/09/ikalawang-aklat-ng-etika-nikomakeyo.html

Goodness: A Reflection of God. http://www.suscopts.org/resources/literature/532/goodness-a-reflection-of-god/

The Goodness of God. http://bible.org/seriespage/goodness-god

Transcendence (Philosophy).

http://www.wikipedia.org/wiki/Transcendence_(philosophy)

www.philippinesnews.com

www.abs-cbnnews.com

www.graphicshunt.com

www.book-clipart.com

www.js210.K12.sd.us

www.clipartOf.com/15513

www.inmagine.com

www.webweaver.nu

http://www.youtube.com/watch?v=R0kA3fmX9Pw&feature=player_embedded

http://ph.video.search.yahoo.com/video/play;_ylt=A0S00xrUO4dQeEsAu3veRwx.;_ylu=X3oDMTBrc3VyamVwBHNlYwNzcgRzbGsDdmlkBHZ0aWQD?p=kindness&vid=ABCFC0A49AA754474089ABCFC0A49AA754474089&l=4%3A25&turl=http%3A%2F%2Fts3.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DV.4618988984664110%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.godtube.com%2Fwatch%2F%3Fv%3DWD7GWPNX&tit=Simple+Acts+of+Kindness+-+Heartwarming!!+-+Inspirational+Videos&c=16&sigr=1180rlh9f&b=31&fr=yfp-t-711

C. Ibang sanggunian:

Dy, Manuel. Panayam sa “Pagkatao ng Tao” sa Pambansang Pagsasanay ng mga Tagapagsanay ng mga Guro sa Edukasyon sa Pagpapakatao para sa Batayang Programa ng Edukasyon (K to 12) noong Abril 2012 sa Pamantasang Normal ng Pilipinas, Taft Avenue, Manila.

Modyul 12: KATAPATAN SA SALITA AT GAWA



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Nakaranas ka na ba ng pagtatalo ang iyong isip at kilos? Iyon bang ayaw naman talaga ng isip mo ngunit ginawa mo pa rin. Maraming mga pagkakataon sa buhay ng tao na nangyayari ang ganito at marahil hindi natin maikakaila na sa usapin ng katapatan, ganito rin ang madalas na sitwasyon. Alam natin na dapat lamang na maging matapat tayo sa salita at gawa ngunit para bang hindi sumusunod ang ating katawan at ang ating bibig.

Sa araling ito, palalawakin ang iyong pag-unawa sa katapatan sa salita at gawa - isang birtud na nangangailangan ng kolektibong pagkilos upang mapanatiling buhay at nag-aalab. Ang pagkakaroon mo ng malawak na kaalaman at sapat na kakayahan ang iyong magiging sandata upang maging kaisa ka sa pagpapanatili ng buhay at kinang nito. Paano nga ba tunay na maisasabuhay ang pagiging tapat sa salita at gawa? Masasagot ang tanong na ito sa modyul na ito.

Inaasahan din na masasagot ang mahalagang tanong na: **Paano mapatutunayan ang pagkakaroon ng pananagutan sa katotohanan at mabuti o matatag na konsensya? Ano ang tunay na layunin ng pagiging tapat sa salita at gawa?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

a. Nakikilala ang
   - kahalagahan ng katapatan
   - mga paraan ng pagpapakita ng katapatan
   - bunga ng hindi pagpapamalas ng katapatan

b. Nasusuri ang mga umiiral na paglabag ng mga kabataan sa katapatan

c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin

d. Naisasagawa ang mga mga angkop na kilos sa pagsasabuhay ng katapatan sa salita at gawa

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput sa titik d:

1. Nakapagtala ng pansariling kuwento ng katapatan at kawalan ng katapatan
2. Nakapagtala ng kuwento ng katapatan at kawalan ng katapatan na nasaksihan mula sa kaibigan, kaklase o kakilala
3. Nagawa ang gawain sa loob ng isang linggo
4. May kalakip na pagninilay



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin nang mabuti ang sumusunod na aytem at piliin ang pinakaangkop na sagot. Isulat ang titik ng napiling sagot sa iyong kuwaderno.

1. Si Manuel ay isa sa kinikilalang mag-aaral na magaling sa pasulat na pagsusulit. Minsan nahuli siyang may kodigo sa pagsusulit at nalaman ito ng kaniyang mga kamag-aral. Ano ang maaaring ibunga nito kay Manuel kaugnay ng pagtingin sa kaniya na isang magaling na mag-aaral?

    a. Hindi na siya pagbibigyang makakuha ng pagsusulit.
    b. Mas lalakas ang loob ng iba na mangodigo upang maging magaling na mag-aaral
    c. Hindi na siya paniniwalaan at pagkakatiwalaan
    d. Hindi na siya kakaibiganin ng mga mag-aaral

Para sa bilang 2-5. Tukuyin kung anong uri ng pagsisinungaling ang isinasabuhay ng mga tao sa sumusunod na sitwasyon. Piliin ang pinakaangkop na sagot mula sa sumusunod na pagpipilian. Isulat ang titik ng tamang sagot.

a. Pagsisinungaling upang pangalagaan o tulungan ang ibang tao
b. Pagsisinungaling upang isalba ang sarili upang maiwasan na mapahiya, masisi o maparusahan
c. Pagsisinungaling upang sadyang makasakit ng kapwa
d. Pagsisinungaling upang protektahan ang sarili kahit pa makapinsala ng ibang tao

2. Ipagkakalat ni Flor na ampon ang kaniyang kaklase kahit na ito ay hindi naman totoo. Naiinggit kasi siya rito dahil maraming tao ang nais na makipagkaibigan sa huli.

3. Pinatatawag sa paaralan ang magulang ni Joey dahil sa isang paglabag sa panuntunan sa paaralan. Sa takot na mapagalitan, humanap siya ng ibang kakilala na magpapanggap na magulang niya.

4. Kilala si Angelo sa kaniyang labis na pagiging madaldal sa klase. Madalas na nahuhuli siya ng kaniyang guro na hindi nakikinig sa klase at sa halip ay kinakausap at ginagambala ang kaniyang kaklase. Kapag siya ay nahuhuli ng guro sinasabi niya na nadadamay lamang siya dahil palagi siyang kinakausap ng kaklase.

5. Pumunta kayo sa kaarawan ng isang kaklase kasama ang inyong mga kaibigan. Hindi nakapagpaalam sa kaniyang mga magulang ang iyong matalik na kaibigan dahil alam niya na hindi naman siya papayagan. Ngunit dahil napasarap sa pakikipagkuwentuhan, hindi na ninyo namalayan na gumagabi na pala. Alam mo na pagagalitan siya ng kaniyang mahigpit na ama. Kung kaya kinausap ka niya upang magsinungaling sa mga ito upang sabihin na ginabi kayo dahil sa paggawa ng proyekto sa inyong bahay. Ginawa mo ito dahil ayaw mong mapahamak ang iyong kaibigan.

6. Ang sumusunod ay mga dahilan sa pagsasabi ng totoo maliban sa:

    a. Mas magtitiwala sa iyo ang iyong kapwa.
    b. Ang pagsasabi ng totoo lamang ang magtutulak sa iyo upang makaramdam ng seguridad at kapayapaan ng kalooban.
    c. Ang pagsasabi ng totoo ang magsisilbing proteksyon para sa isang tao hindi upang masisi, maparusahan at masaktan.
    d. Hindi mo na kinakailangang lumikha pa ng maraming kasinungalingan para lamang mapanindigan ang iyong nilikhang kuwento.

Para sa bilang 7-10. Tukuyin kung anong pamamaraan ng pagtatago sa katotohanan ang ipinakikita sa sumusunod na sitwasyon. Piliin ang pinakaangkop na sagot mula sa sumusunod na pagpipilian. Isulat ang titik ng tamang sagot.


a. Pag-iwas
b. Pananahimik
c. Pagtitimping pandiwa (*mental reservation*)
d. Pagbibigay ng salitang may dalawang ibig sabihin o kahulugan

7. Kahit na nasasaktan dahil sa pamimilit ng hindi kilalang tao na sabihin niya ang lugar kung nasaan ang kaniyang ama ay hindi pa rin nagsalita si Alvin.

8. Sinabi ni Joy sa kaniyang ina na pupunta siya sa bahay ng kaniyang kaibigan ngunit hindi niya sinabi rito na malayo ang tirahan ng mga ito dahil alam niyang hindi siya papayagan ng mga ito.

9. Hindi tuwirang sinagot ni Ramil si Rene nang tanungin siya nito kung may gusto siya kay Charmaine. Sa halip ay sinagot niya ito na magdadala kay Rene na mag-isip nang malalim at ang kaniyang sagot ay maaaring mayroong dalawang kahulugan.

10. Iniiba ni Leo ang usapan sa tuwing tatanungin siya sa tunay niyang damdamin para sa kaniyang mga magulang na matagal na nawala at hindi niya nakasama. Mas ipinararamdam na lamang niya rito na siya ay nasasaktan sa kaniyang tanong sa halip na sabihin niya rito ang tunay niyang nararamdaman.




B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto: Pamilyar ka ba sa larong *snakes and ladders*? Isa itong laro na may ginagamit na board katulad ng nasa pahina 317.


1. Sa pagkakataon na ito ay gagawa ka ng isang "*Honesty Game Board*" sa isang kalahating kartolina o illustration board.
2. Gumuhit ng 100 kahon. Sampung kahon pababa at sampu pahalang. (Maaaring gamiting batayan ang "*Snakes and Ladders*" *gameboard* na nasa ibaba.)
3. Mag-isip ng mga gawaing umaayon at sumasalungat sa katotohanan o katapatan. Maaari din namang mga bagay na maaaring magsimbolo sa katapatan at kawalan ng katapatan. Gumupit ng larawan sa mga magasin o iguhit ang mga ito sa mga kahon. Ang mga ginupit na larawan ay idikit sa mga kahon.



Halimbawa:

Katapatan	Kawalan ng Katapatan
	

4. Pagkatapos, lagyan ng hagdan pataas kung ito ay umaayon sa katapatan at ahas kung ito ay sumasalungat sa katotohanan o katapatan (maaaring mag-isip ng mas magaganda o mas angkop na mga simbolo).



5. Matapos ito ay sagutin ang sumusunod na tanong:
    a. Naging mahirap ba ang pag-iisip ng mga gawaing umaayon at tumataliwas sa katotohanan o katapatan? Ipaliwanag.
    b. Ano ang nais ipakahulugan ng hagdan at ahas sa ginawang *game board*?

Gawain 2

Panuto:

1. Panoorin ang patalastas na Gustin sa *YouTube*
(url: http://www.youtube.com/watch?v=zJcTtetwB0E&feature=relmfu)

2. Sa proseso ng panonood ay tingnan ang sumusunod na punto:
    a. Ano ang mga kataga sa patalastas na nagpapakita ng katapatan?
    b. Ano ang mga kataga sa patalastas na sumusubok sa katapatan?
    c. Ano ang mga kilos na nasaksihan mula sa patalastas ang nagpapakita ng katapatan?
    d. Ano ang pangunahing balakid sa pangingibabaw ng katapatan?
    e. Ano ang pinakamahalagang mensahe na ipinakikita sa patalastas?

3. Gumawa ng komprehensibo at malikhaing ulat matapos mapanood at masuri ang kabuuan ng patalastas.

4. Maaaring gumawa ng scrapbook page, webpage, pahina ng magasin, at iba pa. Ang pagpapasiya ay nakabatay sa iyong kakayahan.

5. Maaaring makatulong sa iyo ang sumusunod na websites.

    a. http://wallwisher.com - kung nais gumawa ng online bulletin board
    b. http://www.toondoo.com - kung nais gumawa ng komiks
    c. http://www.scrapbookgenerator.com - kung nais gumawa ng *scrapbook page*
    d. http://www.webpage-maker.com - kung nais gumawa ng *webpage*



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Panuto:

1. Makipag-ugnayan sa mga kaklase, kaibigan o kasapi ng pamilya upang isagawa ang pagtatayo ng isang pansamantalang *honesty store*. Ito ay isang tindahan na walang nagbabantay. Iiwan ang mga paninda nang walang bantay at ang mga mamimili ang mag-iiwan ng kanilang bayad at magsusukli sa kanilang sarili kung kinakailangan.)

2. Magkalap ng mga maaaring paninda sa mga kakilala o kamag-anak. Maaaring biskwit, kendi, *cupcakes, juice*, atbp. Ipaliwanag sa mga ito ang tunay na layunin ng isasagawang gawain.

3. Pagsama-samahin ang lahat ng mga nakalap na paninda sa itatayong *Honesty Store*.

4. Makipag-ugnayan sa isang istratihikong lugar na siyang paglalagyan ng *Honesty Store.* Ilagay ang lahat ng paninda sa isang mesa at ang bawat isa ay lalagyan ng *tag price* upang matukoy kung magkano ang babayaran ng sinumang bibili rito. Walang magbabantay sa tindahan na ito. Iiwan lamang ang mga paninda at isang kahon na lalagyan ng bayad ng sinumang bibili rito.

5. Magbantay nang malayo sa tindahan upang obserbahan ang mga lalapit sa tindahan at ang kanilang mga reaksyon.

6. Matapos ang isang buong araw ay bilangin ang halaga ng napagbilhan mula sa tindahan.

7. Maaaring magsagawa ng panayam sa ilang mga bumili sa tindahan kung may pagkakataon.


8. Matapos maisagawa ang gawain ay itala sa *journal* ang lahat ng naging obserbasyon sa gawain at ang resulta ng ginawang panayam sa mga mag-aaral na bumili sa tindahan. (Maaari ding gumawa ng online journal. Pag-aralan ito sa website na: http://penzu.com)

9. Sagutin ang sumusunod na tanong:
   a. Alin ang mas marami – ang mga naging tapat o ang hindi? Ano ang iyong naging batayan?
   b. Anong mensahe ang ipinararating ng kinalabasan ng gawain?
   c. Kung isa ka sa bibili sa tindahan na ito, ano ang magiging damdamin mo habang bumibili?
   d. Ano ang mga bagay na posibleng tumakbo sa iyong isipan?
   e. Bakit mahalaga ang pagiging matapat?

D. PAGPAPALALIM

Panuto: Basahin ang sanaysay sa ibaba, pagnilayan ang mahalagang mensahe na ipinararating nito at bumuo ng mahalagang konsepto mula rito.

Katapatan sa Salita at sa Gawa
(Totoo ba? Talaga?)



Nakaranas ka na bang *lumikha* ng kuwento sa harap ng iyong mga kaibigan? Habang ibinibahagi mo ito sa kanila, marahil labis ang nararamdaman mong kagalakan dahil nakikita mong naniniwala sila sa lahat ng iyong sinasabi. Nakukuha mo ang kanilang pansin, ang kanilang paghanga. Ang mga ganitong pangyayari ang patuloy na nagtutulak sa iyo upang gawin ito nang paulit-ulit, hanggang sa ito ay iyo nang makasanayan. Isa itong hindi magandang palatandaan. Ang hindi pagsasabi ng totoo o panloloko ng kapwa ay parang isang bisyo. Kapag ito ay paulit-ulit na isinagawa, nagiging bahagi na ng pang-araw-araw na buhay at magiging mahirap na para sa iyo na ito ay maialis sa iyong sistema. Ito ay isa lamang sa mga halimbawa ng mga nakaaalarmang sitwasyon lalo ng mga kabataan sa kasalukuyan.



May isang islogan nga mula sa isang social networking site sa internet na tunay na nakaaagaw ng pansin ang naglalaman ng ganito: *“Teachers call it cheating. We call it teamwork”.* Malikhain ang pagkakagawa nito ng isang mag-aaral sa hayskul. Ang pangongopya sa klase sa oras ng pagsusulit o ng mga takdang-aralin ay isa ng lumalalang suliranin, hindi lamang sa bansa kundi maging sa buong mundo. Ito ay nakaaapekto, hindi lamang sa taong nangongopya kundi mas higit sa mga taong napipilitang makibahagi sa maling gawaing ito. Sa labis na pagiging laganap ng gawaing ito, hindi na kinikilala ng mga mag-aaral na mali ito. Labis na nakagugulat at nakalulungkot kung paano binibigyang-katwiran ng mga kabataan sa kasalukuyan ang kanilang mga pagkakamali. Ginagawa nilang tama ang mali at ang mali ay ginagawang tama.

Marahil, mula ng ikaw ay nasa elementarya hanggang sa kasalukuyan naririnig mo ang mga katagang "*Honesty is the best policy.*" Mula pa sa simula ay itinatanim na ito sa isipan ng isang bata upang kaniyang isabuhay. Ngunit sa kabila nito, parami pa rin nang parami ang bilang ng mga kabataan na para bang napakadaling paglaruan ang isip at damdamin ng kanilang kapwa sa kanilang mga kasinungalingan. Sabi nga ng marami, sa panahong ito, napakahirap malaman kung ano at sino ang paniniwalaan, kung sino ang may kredibilidad at katiwa-tiwala. Minsan tuloy, hindi maiwasang maitanong, mahirap nga ba ang pagyakap sa tama at totoo?

Katapatan sa Salita

Ang salita ng tao na tumutulong sa atin upang maging ganap ay ginagamit at madalas na inaabuso; ang pagsisinungaling ay isang paraan ng pag-abuso rito. Ang pagsisinungaling ay pagbaluktot sa katotohanan, isang panlilinlang. Ang pagsisinungaling ay ang pagtatago ng isang bagay na totoo sa isang taong may karapatan naman dito. Hindi kailanman binigyan ng karapatan ang sinumang ipagkait ang katotohanan lalo na kung karapatan naman niya na ito ay malaman. Anumang uri ng pagsisinungaling ay kalaban ng katotohanan at katapatan. Ayon sa isang artikulo mula sa internet ang sumusunod ay ang iba't ibang uri ng pagsisinungaling.

Anumang uri ng pagsisinungaling ay kalaban ng katotohanan at katapatan.

A. *Pagsisinungaling upang pangalagaan o tulungan ang ibang tao (Prosocial Lying).* Madalas na nagagawa ito para sa isang taong mahalaga sa kaniyang buhay. Halimbawa, pumunta kayo sa isang pagdiriwang sa kaarawan ng isang kaklase kasama ang inyong ibang mga kaibigan. Hindi nakapagpaalam sa kaniyang mga magulang ang iyong matalik nakaibigan dahil alam niya na hindi naman siya papayagan. Ngunit dahil napasarap sa pakikipagkuwentuhan, hindi na ninyo namalayan na gumagabi na pala. Alam mo na pagagalitan siya ng kaniyang mahigpit na ama. Kung kaya kinausap ka niya upang magsinungaling sa mga ito upang sabihin na ginabi kayo dahil sa paggawa ng proyekto sa inyong bahay. Ginawa mo ito dahil ayaw mong mapahamak ang iyong kaibigan. Sa maraming

pagkakataon, hindi man natin ninanais, hindi natin mapabayaan ang taong mahalaga sa atin kung kaya napipilitan tayong magsinungaling para sa kanila.

B. *Pagsisinungaling upang isalba ang sarili upang maiwasan na mapahiya, masisi o maparusahan (Self-enhancement Lying).* Marahil naoobserbahan mo ang ilang mga kaklase na nakagawa ng pagkakamali sa paaralan. May mga pagkakataon na ipinatatawag sa paaralan ang kanilang mga magulang. Ngunit sa halip na sabihin sa mga magulang ay makikiusap sa isang kakilala upang magpanggap na kaanak. Sa ganitong paraan, hindi siya mapagagalitan ng kaniyang mga magulang sa kaniyang pagkakasala na nagawa. Dumarami ang taong kaniyang niloloko upang maisalba ang kaniyang sarili sa anumang kahihinatnan ng kaniyang pagkakamali.


C. *Pagsisinungaling upang protektahan ang sarili kahit pa makapinsala ng ibang tao (Selfish Lying).* May mga taong labis na makasarili. Ang tanging iniisip ay ang pansariling kapakanan at hindi na iniisip kung makasasakit ng kaniyang kapwa. Halimbawa, may isa kang kaklaseng lalaki na labis ang pagiging pilyo. Kahit sa oras ng klase ay pinaiiral niya ang ugaling ito. Binato niya ang isang kaklase ng bolang yari sa papel. Ngunit sa hindi inaasahang pagkakataon, ang tinamaan nito ay ang kaniyang guro na nakatalikod habang nagsusulat sa pisara. Sa pagtatanong ng guro kung sino ang may kagagawan ay bigla na lamang niyang ituturo ang isang tahimik na kaklase upang siya ang pagalitan ng guro. Hindi ba nangyayari talaga ito sa silid-aralan?

D. *Pagsisinungaling upang sadyang makasakit ng kapwa (Antisocial Lying).* Minsan kapag may galit tayo sa isang tao, lumilikha tayo ng maraming kuwento na makasisira sa kaniyang pagkatao. Ikakalat ito sa mga taong nakakikilala sa kaniya na may hangarin na sirain ang pagtingin ng mga ito sa kaniya. Sa paraang ito nakararamdam ng kasiyahan ang taong gumagawa nito. Ito ay dahil sa kaniyang palagay na makagaganti siya sa kaniyang kaaway.

Marami pang ibang mga dahilan kung bakit nagsisinungaling ang isang tao. Ang sumusunod ay ilan lamang sa mga ito.

a. Upang makaagaw ng atensyon o pansin
b. Upang mapasaya ang isang mahalagang tao

c. Upang hindi makasakit sa isang mahalagang tao
d. Upang makaiwas sa personal na pananagutan
e. Upang pagtakpan ang isang suliranin na sa kanilang palagay ay seryoso o “malala”



Ang pagsisinungaling sa edad na anim na taon ay kailangang bigyan ng tuon. Sa edad na ito, ang isang bata ay marunong nang kumilala ng kasinungalingan at katotohanan. Sa edad na pito, napaninindigan na ng isang bata ang pagsisinungaling. Ang mga bata sa edad na ito ay nakakikilala na ng pagkakaiba ng kanilang iniisip at kung paano paglalaruan ang kilos ng ibang tao para sa kaniyang sariling kapakanan. Halimbawa, ang isang pitong taong gulang na bata na nakasira ng kaniyang laruan at nananaig ang takot na mapagalitan ng kaniyang magulang dahil sa kaniyang kapabayaan ay mas pipiliin na isisi ang pagkasira nito sa kaniyang kalaro upang hindi mapagalitan.

Ang maagang yugto na ito ang pinakakritikal, dahil kapag ito ay napabayaan, magtutulak ito upang makasanayan na ang pagsisinungaling at maging bahagi na ito ng kaniyang pang-araw-araw na buhay. Kung kaya minsan, mahirap nang matukoy kung ang isang bata ba ay nagsisinungaling o nagsasabi ng totoo. Sabi nga nila, marahil hasang-hasa na.

Marahil dapat maunawaan ng bawat isa, gaano ba kahalaga ang mamuhay para sa katotohanan? Sa ganitong paraan, mas magiging madaling ipaunawa sa mga bata na mayroong kabuluhan ang pakikipaglaban para sa katotohanan, upang panindigan ang katapatan sa kaniyang salita at higit sa lahat sa gawa. Bakit nga ba kailangang magsabi ng totoo? Narito ang walong pinakamahalagang dahilan sa pagsasabi ng totoo.

1. Ang pagsasabi ng totoo ang natatanging paraan upang malaman ng lahat ang tunay na mga pangyayari. Sa ganitong paraan, maiiwasan ang hindi pagkakaunawaan, kalituhan at hindi pagkakasundo.

2. Ang pagsasabi ng totoo ang magsisilbing proteksyon para sa mga inosenteng tao upang masisi o maparusahan. Nangyayari ito sa mga pagkakataong ginagamit ang ibang tao upang mailigtas ang sarili sa kaparusahan.

3. Ang pagsasabi ng totoo ang magtutulak sa tao upang matuto ng aral sa mga pangyayari. Sabi nga nila, minsan masakit talaga malaman ang katotohanan ngunit mas magiging masakit kung ito ay pagtatakpan ng kasinungalingan.

4. Mas magtitiwala sa iyo ang iyong kapwa. Ang tiwala ay inaani mula sa patuloy na pagpapakita ng magandang halimbawa ng katapatan sa kapwa. Hindi ito hinihingi dahil hindi naman din ito basta ibibigay sa hindi karapat-dapat. Ito ay itinatanim at inaani sa tamang panahon. Isang pagkakataon lamang na masira ang tiwala ng iyong kapwa sa iyo napakahirap na itong mabawi o mabura. Ang isang saglit ng pagsisinungaling, panloloko at pagnanakaw ay kapalit ng habang buhay na pagkasira ng iyong pagkatao sa mata ng iyong kapwa.

5. Hindi mo na kinakailangang lumikha pa ng maraming kasinungalingan para lamang mapanindigan ang iyong nilikhang kuwento. Sa mahabang panahon gagawin mo ito para lamang mapagdugtong-dugtong ang mga kasinungalingang iyong kinatha.

6. Inaani mo ang reputasyon bilang isang taong yumayakap sa katotohanan – isang birtud na pinahahalagahan ng maraming tao.

7. Ang pagsasabi ng totoo lamang ang magtutulak sa iyo upang makaramdam ng seguridad at kapayapaan ng kalooban. Ang pagsisinungaling ay nagdudulot ng bigat ng kalooban, isang dikta ng konsensya na patuloy na babagabag sa iyong kalooban. Ito ang magiging dahilan upang hindi ka magkaroon ng katahimikan.

Ngunit may mga pangyayari na nagbubunsod sa tao upang itago ang katotohanan. Ito ay bunga ng isang seryosong dahilan o obligasyon na kapag nilabag ay mas lalong magdudulot ng pinsala hindi lamang para sa sarili kundi maging sa ibang tao. Ang pagtatago ng totoo ay hindi maituturing na kasinungalingan. May apat na pamamaraan ayon sa aklat ni Vitaliano Gorospe (1974) ng pagtatago ng katotohanan.

1. *Pananahimik (silence).* Ito ay nangangahulugang pagtanggi sa pagsagot sa anumang tanong na maaaring magtulak sa kaniya upang ilabas ang katotohanan. Sa kabila ng pamimilit ng ilang tao na ang nais ay makialam sa buhay ng iba ngunit wala namang karapatan sa katotohanan ay mas pinipiling manahimik na lamang. Ngunit sa mga taong hindi gaanong malawak ang pag-iisip, sasabihin lamang nila ang kahulugan ng pananahimik ay pag-amin sa katotohanan.

2. *Pag-iwas (evasion).* Ito ay nangangahulugan ng pagliligaw sa sinumang humihingi ng impormasyon sa pamamagitan ng hindi pagsagot sa kaniyang mga tanong. Ito ay maaaring sa pamamagitan ng pag-iiba ng usapan, pagbibigay ng ibang tanong, pagtrato sa tanong ng kausap bilang isang biro o kung minsan ay pagpapakita na siya ay nasasaktan. Ang pag-iwas ay nangangailangan ng bilis at talas ng pag-iisip.

3. *Pagbibigay ng salitang may dalawang ibig sabihin o kahulugan (equivocation).* Ito ay pagsasabi ng totoo ngunit ang katotohanan ay maaaring mayroong dalawang kahulugan o interpretasyon. Upang maging lehitimo ang paraang ito, kailangan na ang parehong kahulugan ay pawang magdadala sa kanila sa malalim na pag-iisip. Dahil dito, maaaring matuon ang kaniyang pansin sa isang kahulugan na magliligaw sa kaniya sa katotohanan lalo na kung hindi naging maingat sa kaniyang mga paghuhusga.

4. *Pagtitimping Pandiwa (Mental Reservation).* Ito ay nangangahulugang paglalagay ng limitasyon sa tunay na esensya ng impormasyon. Ito ay mag-aakay sa taong humihingi ng impormasyon na isipin kung ano ang nais na ipaiisip ng nagbibigay ng impormasyon. Ito ay nangangahulugang pagsasabi ng totoo ngunit hindi ang buong katotohanan. Ang isang bahagi ng katotohanan ay nananatili sa isip ng taong nagbibigay ng impormasyon upang ang bahaging sinabi ay magdulot ng kalituhan.

Mahalagang tandaan na ang ganitong mga pamamaraan sa pagtatakip o pagtatago ng katotohanan ay hindi ginagamit sa lahat ng pagkakataon o sa kahit na anong dahilan. Ang hindi mapanagutang paggamit nito ay maituturing na rin na pagsisinungaling na maaaring makasira ng panlipunang kaayusan at ng tiwala ng kapwa.

Ang hindi mapanagutang paggamit ng pamamaraan sa pagtatago ng katotohanan ay maituturing na rin na pagsisinungaling na maaaring makasira ng panlipunang kaayusan at ng tiwala ng kapwa.

KATAPATAN SA GAWA

May kasabihan na “action speaks louder than words”. Patunay ito na mas binibigyan ng halaga ang gawa kaysa sa salita. Sa usapin ng katapatan, minsan ay natutuon lamang ang pansin ng marami sa kasinungalingan bilang paglabag sa katotohanan. Nakaliligtaan na ang kilos din ng tao ay may kakayahang lumabag sa katapatan.

Halimbawa, ang korapsyon o ang pagnanakaw sa kaban ng bayan ay isang malalang suliranin sa bansa. Isa ito sa pangunahing itinuturong dahilan kung bakit patuloy na naghihirap ang maraming mamamayan. Ito ay sa dahilang sa halip na napupunta ang pera ng pamahalaan para sa serbisyo para sa mamamayan ay napupunta sa iilang tao na nasa kapangyarihan na hindi yata nauunawaan ang halaga ng katapatan. Ang pera ang isa sa pangunahing kalaban ng katapatan sa gawa. Marami ang nabubulag sa maaaring maibigay na ligaya ng pagkakaroon ng maraming pera kung kaya binabalewala ang pangangalaga sa sariling integridad. Mas higit na hindi napahahalagahan ang moralidad ng kanilang kilos. Mulat ang iyong mga mata sa ganitong mga gawain. Ngunit kailangang maging malinaw sa iyo na isa ito sa halimbawa ng pinakamasamang paglabag sa katapatan sa gawa. Ito ay lubos na hindi katanggap-tanggap. Tandaan mo na mas higit na nakamumuhi ang kawalan ng katapatan sa gawa kaysa sa salita. Ipinagkakait ng taong gumagawa nito ang nararapat para sa mga taong dapat na makinabang dito. Maraming tao ang nagtitiis ng hirap at namamatay sa gutom dahil sa pagiging sakim sa pera ng iilan.

Kung minsan pa, masyadong mapagpaimbabaw ang mga taong ito, ang kanilang mga pananalita at kilos ay kaya nilang gamitin sa panlilinlang ng ibang tao. Marami ang naniniwala na sila ay mabuti at laging nakahandang tumulong sa kanilang kapwa. Ngunit hindi alam ng marami na sa likod nito ay ang mga gawaing bumabaluktot sa katapatan at katotohanan. Magiging ganap na matapat lamang ang kilos ng tao kung tunay niyang isinasabuhay ang kaniyang mga sinasabi.

Ang matapat na tao ay hindi kailanman magsisinungaling, hindi kukuha ng bagay na hindi niya pag-aari at hindi manlilinlang o manloloko ng kaniyang kapwa sa anumang paraan. Ito ay ang pagkakaayon ng isip sa katotohanan.

Ang matapat na tao ay hindi kailanman magsisinungaling, hindi kukuha ng bagay na hindi niya pag-aari at hindi manlilinlang o manloloko ng kaniyang kapwa sa anumang paraan. Ito ang pagkakaayon ng isip sa katotohanan.

Ang bawat tao ay nararapat na magtaglay ng mataas na pamantayang moral para sa kaniyang sarili at maging tapat sa kaniyang salita at gawa. Maaaring madaling sabihin ngunit mahirap na ganap na maisabuhay. Ganoon naman talaga ang buhay, hindi mo basta makakamit ang ganap na kabutihan nang hindi ka nagsasakripisyo para sa isang bagay na nais mong makamit. Mahalaga ang pagiging matapat dahil ito ang batayan ng pagtitiwala na nararapat na umiiral sa mga kasapi ng lipunan. Ito ang pundasyon na maaaring magbuklod at magpatatag sa anumang samahan. Hindi na kailanman magkakaroon ng pagdududa tungkol sa integridad at pagkakaisa dahil ang birtud na ito ay ang pagpapakita ng tunay na sarili sa ibang tao; sa isip, sa salita at higit sa lahat sa gawa na walang halong takot o pag-iimbot. Ito rin ay pagbabantay sa sarili laban sa panlilinlang, pagtatago at pagpapanggap. Kung talagang nais nating mamuhay nang may pagkakaisa, kailangan nating yakapin ang katotohanan sa lahat ng pagkakataon. Ito ay batayan ng anumang sibilisasyon at ng lipunan – ang maging totoo sa sarili at sa kapwa. Ngunit kapansin-pansin na nagkukulang na ang maraming tao sa birtud na ito. Parami nang parami ang taong namumuhay sa kasinungalingan, sa panlilinlang, at sa pagiging makasarili.

Mahalaga na sa lahat ng ating iniisip, sinasabi, at ginagawa, malaking bagay man ito o maliit, lagi nating sinisiguro na ito ay yumayakap sa katotohanan. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pagsisimula sa maliliit na bagay. Katulad na lamang ng tatlong maliliit na huwaran ng asal (*behaviour patterns*) na nagpapakita ng tatlong malalaki at magkakaugnay na birtud:

Una, Gumagawa ka ba ng tama at mabuting mga pagpapasiya at naninindigan para rito? (*decisiveness*)

Ikalawa, Ikaw ba ay bukas sa iyong kapwa? Sa pagbabahagi mo ba ng iyong sarili sinisiguro mo na ito ay may kalakip na moral na awtoridad (*moral authority*). Ikaw ba ay marunong tumanggap ng pagkakamali? (*openness and humility*)

Ikatlo, Ang lahat ba ng iyong iniisip at ginagawa ay sinisiguro mo na yumayakap sa katotohanan? (*sincerity or honesty*)

Ang pagyakap sa lahat ng mga ito ang maglalayo sa iyo sa sitwasyon na kakailanganin mong gumawa ng mga bagay na labag sa katotohanan para lamang pagtakpan ang iyong mga pagkakamali. Kailangang sa simula pa lamang ay gabay mo na ang mga ito upang makapamuhay ka nang puno ng katapatan.

Ang desisyong yumakap sa katotohanan o pagiging matapat ay bunga ng sarili nating pagpapasiya. Wala itong katumbas na halaga ngunit hindi kailanman mabibili ng salapi. Makakaya nating palaguin ang birtud na ito kung tunay na sinusubukan nating matapat na maisabuhay ito sa araw-araw. **Katulad ng anumang birtud, kailangan ang paulit-ulit na pagsasabuhay nito upang ito ay ganap na maangkin.**

Laging tandaan na ang katotohanan ay hindi nililikha ng tao, nag-iisa lamang ito at hindi kailanman mababago ng panahon o ng lugar.

Upang mahubog ang karangalan, katapatan, at integridad, kailangang mamuhay sa katotohanan at ipanig mo ang iyong sarili sa kung ano ang tama. Mas magiging madali para sa iyo ang sumunod sa batas ng pamahalaan, ng iyong pananampalataya at ng iyong pamayanan kung iyong mauunawaan na ang mga ito ay nariyan para sa iyong proteksyon at para sa kaayusang pansarili (*well-being*).


Ito ay isang hamon na hindi madaling harapin kung hindi taos sa iyong puso ang pagnanais na makamit ito. Ngunit ang pangako nito para sa patuloy na paglago ng iyong pagkatao bilang tao ay hindi matutumbasan ng anumang yaman o kasikatan. Ikaw, tinatanggap mo ba ang hamon na ito?

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Bakit may mga pagkakataon na mas nangingibabaw ang mga gawaing taliwas sa katapatan?
2. Ilarawan ang isang taong matapat. Magbigay ng halimbawa.
3. Paano mo mailalarawan ang mundong pinaiiral ang katapatan? Ng kasinungalingan?
4. Bakit mahalagang isabuhay ang katapatan sa salita at gawa?
5. Ano ang maaari mong gawin upang mapangibabaw sa lahat ng pagkakataon ang katapatan?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Buuin ang Batayang Konsepto sa tulong ng *graphic organizer* na nasa ibaba.



Batayang Konsepto:

_____

_____

_____

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap



1. Batay sa mga nabasa ukol sa katapatan, tayain ang iyong katapatan gamit ang "*Honesty Meter*." Gawin mo ito matapos ang pagsusuri sa iyong sarili at sa lahat ng mga naging karanasan na sumubok sa iyong katapatan.
2. Batay sa iyong mga naging tugon sa bawat pagsubok, ayain mo ang iyong sarili gamit ang "*Honesty meter*."
3. Maaaring gamiting halimbawa ang larawan sa kanan. Guhitan mo ng arrow paturo sa bilang na mapipiling pagtataya para sa iyong sarili. Sa baba nito sumulat ng maikling paliwanag kung bakit ito ang ibinigay na pagtataya sa sariling katapatan.

Paliwanag:

_____
_____
_____
_____
_____


4. Matapos ang pagtataya ay gumawa ng mga tiyak na hakbang kung paano mas patatatagin ang sarili sa pakikipaglaban para sa katapatan sa salita at sa gawa.
5. Bantayan ang paglalapat ng mga tiyak na hakbang sa loob ng isang linggo.
6. Ilapat ang mga tiyak na hakbang sa katulad na pormat sa ibaba. Inihanda ang unang bilang upang magsilbing halimbawa.

Mga Tiyak na Hakbang	**Nagawa ko…**							**Hindi ko Nagawa**						
	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo
1. Magiging matapat sa mga pagsusulit. Hindi ako mangongopya at magpapakopya sa aking mga kamag-aral.	√	√		√	√					√				

7. Gumawa ng pagninilay pagkatapos ng isang linggo. Kailangang itala ang lahat ng mga naging karanasan sa pagsasagawa ng gawain.

Pagninilay

1. Mag-"*sign up*" sa http://www.wallwisher.com upang makalikha ng sariling *bulletin board.*



2. Sundan ang mga hakbang na nakasaad sa *website* upang masimulan ang *bulletin board*.
3. Iyong ipapaskil sa *bulletin board* ang lahat ng mga pagkatuto mula sa natapos na aralin. Banggitin dito ang mga hindi malilimutang karanasan at mga pagtuklas tungkol sa sarili na naidulot ng mga gawain at babasahin.
4. Gawing bukas para sa lahat ang *bulletin board,* mas mabuti kung mababasa ng lahat ang nilalaman nito upang magsilbi ring paalala sa iyong kapwa sa kahalagahan ng katapatan sa salita at sa gawa.

Pagsasabuhay

1. Sa pagkakataong ito, gagawa ka naman ng isang "*Truth Log.*" Maglalaman ito ng iba't ibang kuwento ng kapatan.
2. Hahatiin mo sa dalawang bahagi ang iyong "*Truth Log.*"
   a. Sa unang bahagi, itala ang iyong sariling kuwento ng katapatan sa salita at sa gawa sa bawat araw. Kailangan mong ilahad ang detalye ng kuwento at ang iyong damdamin dahil sa iyong naging karanasan.
   b. Sa ikalawang bahagi, magtala ng kuwento ng katapatan na iyong naobserbahan mula sa kapwa mag-aaral, kaibigan o kapamilya. Maaari ding magtala ng mga karanasan kung saan nasaksihan ang kawalan ng katapatan ng iba at iyong isalaysay ang iyong naging damdamin dito. Itala mo rin kung ano ang iyong ginawa matapos na masaksihan ng kawalan ng katapatan ng kapwa.
   c. Gawin ang gawaing ito sa loob ng isang linggo.
   d. Gumawa ng pagninilay matapos ang isang linggo batay sa ginawang "*Truth Log."*

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Cartolina o illustration board
Ruler
Marker
Mga larawan
Biskwit, candies, cupcakes, juice, atbp. na maaaring gamitin sa honesty store
Larawan ng honesty meter

Mga Sanggunian

Alejo, P. (2004). *Values Guisado.* Mandaluyong City: SIBS Publishing House

Gorospe, V. (1974). The Filipino *search for meaning: Moral philosophy in a Philippine setting*. Quezon City: Jesuit Educational Association.

Isaacs, D. (2000). *Character building*. Portland Oregon: Four Courts Press.

Institute for Development Education Center for Research and Communication. (1989). *Virtue: The value of education*. Manila: Sinagtala Pubishers Inc.

Encyclopedia of Childrens's health. Lying. Retrieved from http://www.healthofchildren.com/L/Lying.html on September 1, 2010

Seven benefits of telling the truth. (2010). Retrieved from http://ekhoz.com/2007/03/22/seven-benefits-of-telling-the-truth/ on September 1, 2010

Yunit IV
Mga Isyu sa Pakikipagkapwa

Modyul 13: ANG SEKSWALIDAD NG TAO



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Sa unang markahan ng Baitang 7, pinag-aralan ninyo sa klase ang mga inaasahang kakayahan at kilos na dapat linangin ng isang nagdadalaga o nagbibinata. Ngayong may sapat ka nang kaalaman sa pagkatao ng tao, mahalagang pag-usapan natin muli ang tatlo sa mga kakayahan at kilos na ito: *ang pagtatamo ng bago at ganap na pakikipag-ugnayan (more mature relations) sa mga kasing-edad, ang pagtanggap ng papel sa lipunan na angkop sa babae o lalaki at ang paghahanda para sa pag-aasawa at pagpapamilya*.

Ang mga inaasahang kakayahan at kilos na ito ay may kaugnayan at nangangailangan ng tamang pag-unawa sa mahalagang sangkap ng pagkatao ng tao – ang sekswalidad.

Sa huli'y inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Bakit mahalaga ang tamang pananaw sa sekswalidad?**

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Natutukoy ang tamang pagpapakahulugan sa sekswalidad
b. Nasusuri ang ilang napapanahong isyu ayon sa tamang pananaw sa sekswalidad
c. Nahihinuha ang Batayang Konsepto ng aralin
d. Naisasagawa ang tamang kilos bilang paghahanda sa susunod na yugto ng buhay bilang nagdadalaga at nagbibinata at sa pagtupad niya ng kaniyang bokasyon na magmahal

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

1. Nakagawa ng plano ng gawain ayon sa:
   - **L** - ayunin
   - **A** - ktuwal na Gampanin
   - **P** - aglilingkuran
   - **P** - amantayan at Kraytirya
   - **I** - naasahang Pagganap
   - **S** - itwasyon
2. Naglahad ng komprehensibong pangangatwiran (*rationale*) para sa isinagawang gawain
3. Ayon sa moral na batayan ang inilahad na paliwanag
4. Malinaw at madaling maunawaan ang paliwanag




Paunang Pagtataya

A. Pagtapat-tapatin

Panuto: Suriin ang mga larawan sa Hanay A. Hanapin sa Hanay B ang mga katangian ng tunay na pagmamahal na tumutukoy sa bawat larawan sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

Hanay A









1. _____ 2. _____ 3. _____ 4. _____

Hanay B

a. Ang tunay na pagmamahal ay malaya at nagpapahalaga sa kalayaan ng minamahal.

b. Ang pagmamahal ay isang birtud.
c. Ang pagmamahal ay mapagbuklod.
d. May kamalayan at kalayaan ang sekswalidad sa tao. Ito ay bunga ng pagpili, may tuon, at nag-uugat sa pagmamahal.
e. Ang pagmamahal ay mapanlikha.

B. Pagsusuri ng Sitwasyon

Panuto: Sa Bilang 5 hanggang 7, suriin ang bawat sitwasyon at piliin ang sagot na sa palagay mo ay akma sa pagbubuo ng kaganapan mo bilang lalaki o babae. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

5. Kinausap ka ng kasintahan mo at sinabing nag-aalinlangan siya sa pag-ibig mo. Masyado ka raw mailap sa kaniya. Sa pag-aalala mong iwan ka niya, tinanong mo siya kung ano ang kailangan upang mapatunayan mong talagang mahal mo siya. Tinitigan ka niya at tinanong, “Kung talagang mahal mo ako, handa ka bang ibigay ang sarili mo sa akin kahit hindi pa tayo mag-asawa?” Bilang isang mapanagutang lalaki o babae, ano ang gagawin mo?

    a. Makikipaghiwalay sa kasintahan, dahil hindi ka pa handa sa nais niya.
    b. Isusumbong siya sa mga magulang niya upang hindi siya mapariwara.
    c. Kakausapin siya at sasabihing kapwa pa kayo hindi handa para sa ganitong uri ng ugnayan.
    d. Magtatanong o kukunsulta sa *guidance counselor* o sa guro dahil ikaw ay nalilito.

6. Nakaramdam ka ng paghanga sa iyong kaibigan. Sapagkat ikaw ang itinuturing niyang *best friend*, pinakiusapan ka niya na maging tulay upang mapalapit sa iyong kaklase na kaniyang naiibigan. Pumayag ka ngunit habang sila’y unti-unti nang nagkakamabutihan ay nasasaktan ka at nakakaramdam ng pagseselos. Ano ang iyong gagawin?

    a. Hindi na ipagpapatuloy ang pagiging tulay upang hindi sila lubos na magkalapit.
    b. Kakausapin ang kaibigan at sasabihin ang nararamdaman.
    c. Kokonsulta sa ibang mga kaibigan upang malaman ang dapat gawin.

d. Sasangguni sa guro o *guidance counselor*.

7. Niyayaya ka ng iyong mga kaklase na manood ng mga pelikulang may malalaswang tema. Halos lahat ng malapit mong kaibigan ay sasama sa kaniya. Kailangan daw nilang gawin ito upang hind maging mangmang tungkol sa *sex*. Ano ang gagawin mo?

   a. Isusumbong ang iyong kaklase sa inyong guro o sa kaniyang mga magulang, sapagkat alam mong makasasama sa kanilang murang isip ang pornograpiya.
   b. Hindi sasama sa kanila, uuwi na lamang at pababayaan sila sa gusto nila.
   c. Kakausapin ang mga kaibigan, at hihimukin silang huwag gawin ito dahil ito'y hindi makabubuti sa kanila.
   d. Natural lamang sa mga kabataan ang mag-eksperimento, kaya't sasama ka sa kanila.

C. Pagpili ng Mensahe ng Pahayag

Panuto: Sa Bilang 8 hanggang 10, piliin ang titik ng pangungusap na tumutugma sa mensahe ng pahayag sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa kuwaderno.

8. Ang sekswalidad kung gayon ay ang behikulo upang maging ganap na tao - lalaki o babae - na ninanais mong maging. Hindi ito pisikal o bayolohikal na kakanyahan lamang.

   a. Ang sekswalidad ay ang kabuuan ng iyong pagkatao.
   b. Ang sekswalidad ay daan upang maging ganap na tao.
   c. Maaari mong piliin ang iyong sekswalidad.
   d. Mahalaga ang iyong pagiging lalaki o babae sa pipiliin mong kurso o karera balang araw.

9. Isang moral na hamon sa bawat tao ang pagbubuo ng sekswalidad at pagkatao upang maging ganap ang pagkababae o pagkalalaki.

   a. Hindi moral ang taong hindi buo ang sekswalidad at pagkatao.
   b. Ang lalaki ay dapat na lalaki sa sekswalidad at pagkatao, ganoon din naman ang babae.
   c. Maaaring hindi magtugma ang sekswalidad at pagkatao ng tao.
   d. Mahalagang behikulo ng pagpapakatao ang sekswalidad.

10. “Tao lamang ang may kakayahang magmahal, at ang tao lamang ang makapagsisilang ng isa pang tao, na tulad niya ay may kakayahang magmahal. Ang kakayahang ito na magmahal – at maghatid ng pagmamahal sa mundo – ang likas na nagpapadakila sa tao.”


a. Ang tao ay nilikhang sekswal kaya siya ay kabahagi ng Diyos sa Kaniyang pagiging Manlilikha.
b. Higit na mahalaga ang kakayahang magmahal ng tao kaysa sa kaniyang kakayahang magsilang ng sanggol, dahil ito ang nagpapadakila sa kaniya.
c. Ang tao ay likas na dakila dahil siya’y nilikhang kawangis ng Diyos.
d. Mas marami ang mga anak mas dakila ang isang tao.

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN


Gawain 1. **Pagsusuri ng mga *Comic Strip***

Panuto: Kumpletuhin ang pag-uusap ng dalawang tauhan sa bawat *comic strip*. Gamit ang iyong natutuhan tungkol sa isip at kilos-loob, matapat na sagutin ang pahayag ng unang tauhan sa bawat *comic strip*. Isulat ang iyong sagot sa pahayag sa iyong kuwaderno.


A.



B.



C.



Panuto: Punan ang sumusunod na tsart.


Comic Strip	**Alam Ko Tungkol sa Pinag-uusapan**	**Ginagawa/ Ginawa Ko**	**Natuklasan Tungkol sa Aking Sarili**
1			
2			
3			

1. Sa iyong palagay, kung pamimiliin ng isa, ano ang angkop na pamagat sa mga *comic strip* na sinuri? Ipaliwanag.
2. Magkatugma ba ang alam mo at ang ginagawa mo tungkol sa usapin? Bakit?

3. Ano-ano ang natuklasan mo sa iyong sarili matapos ang ginawang pagsusuri? Ipaliwanag.

Gawain 2. Pagninilay sa "Pangako sa Kasal"

Panuto. Basahin ang "Pangako sa Kasal." Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.



Mga Tanong:

1. Pagnilayan: Bilang paghahanda sa hinaharap (kung sa palagay mo ay bokasyon mo ang pag-aasawa), paano ka magiging karapat-dapat sa mga pangakong ito? Ipaliwanag.
2. Ano ang implikasyon ng unang pangungusap sa pagpapasiya sa kalinisang puri? Sa iyong pananaw sa sekswalidad? Bakit?

3. Itala sa iyong *journal* ang iyong mga natuklasan tungkol sa iyong sarili kaugnay ng pagmamahal.

Pagtataya:

Batay sa mga naging pagsusuri at pagninilay, sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Ano ang kahulugan ng pagmamahal? Ipaliwanag.
2. Ano ang tamang pananaw sa sekswalidad, kaugnay ng pag-aasawa? Pangatwiranan.



C. PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 1: *Think-Pair-Share*

Panuto: Basahin ang dalawang sitwasyon. Pagkatapos, sagutin ang mga gabay na tanong.

Si Ruben ay lihim na nahihilig sa panooring pornograpiya. Lingid ito sa kaalaman ng kaniyang kasintahang si Gigi. Habang nalululong si Ruben dito, tumitindi rin ang kaniyang pagnanais na makipagtalik kay Gigi. Si Gigi at Ruben ay hindi lamang minsan nang nagkaroon ng pisikal na pagpapahayag ng kanilang damdamin sa isa't isa ngunit hindi ito humahantong sa pakikipagtalik. Napapansin ni Gigi na wari'y nag-iiba na ang pakikitungo sa kaniya ni Ruben. Madalas ay nagagalit ito kung hindi pumapayag si Gigi na makipagtagpo at pumunta sa isang tahimik at madilim na lugar na maaari silang magkasarinlan. Ibig din ito ni Gigi ngunit hindi sa dahilang tulad ng kay Ruben. Alam ni Gigi na mahalaga ang komunikasyon sa isang relasyon. Ngunit bihira naman silang mag-usap nito kahit magkasarinlan. Madalas hilingin ni Ruben na tuluyan na silang magtalik upang maipahayag ang kanilang pag-ibig sa isa't isa ngunit nagdadalawang isip si Gigi.

Iba naman ang sitwasyon ni Ramon. May kasintahan din si Ramon – si Venus. Kakaiba si Venus sa ibang babaeng kilala niya. Bukod sa mahilig ito sa mga

kasuotang maiikli at masisikip, hindi rin ito nahihiyang magpakita ng kaniyang damdamin sa pisikal na paraan. Busog si Ramon sa pangaral ng magulang tungkol sa halaga ng edukasyon at mga paghihirap sa maagang pag-aasawa. Ayaw ni Ramon na mapariwara si Venus o humantong sila sa maagang pag-aasawa, ngunit sadyang naiibigan niya ang ugnayan niya kay Venus. Madalas siya'y nalilito, "nais nga ba ni Venus ang ugnayang pisikal?"

Mga Gabay na Tanong:

1. Ano ang iyong masasabi sa sitwasyong kinalalagyan ni Gigi sa pakikipag-*date* kay Ruben? Sa sitwasyon ni Ramon?
2. Sa iyong palagay, tunay bang mahal ni Ruben si Gigi? Ni Ramon si Venus? Ipaliwanag.
3. Kung pumayag si Gigi sa hiling ni Ruben, ibig ba nitong sabihin ay mahal niya si Ruben? Pangatwiranan.
4. Kung papayag si Gigi, ano ang mga maaaring maging kahahantungan nito? Bakit?
5. Bakit *dapat* tumanggi si Gigi sa hiling ni Ruben? Bakit *dapat* pigilan ni Ramon ang simbuyo ng damdamin? Ipaliwanag.
6. Kung ikaw si Gigi, paano ka tatanggi sa bawat pahayag sa ibaba? Ipaliwanag.
   a. "Kung mahal mo ako ayos lang ang gagawin natin."
   b. "Wala ka bang tiwala sa akin?"
   c. "Sa panahon ngayon, wala ng naghihintay ng pagpapakasal."
   d. "Lahat ay gumagawa ng ganoon."
   e. "Kung talagang mahal mo ako, papayag ka sa hinihiling ko."
   f. "Abnormal ka ba o ano?"
7. Kung ikaw si Ramon, paano ka tatanggi sa bawat pahayag sa ibaba? Ipaliwanag.
   a. "Patunayan mong lalaki ka."
   b. "Bakla ka ba?"

Gawain 2: *Brainstorming*

A. *Panuto:* Basahin ang sumusunod na artikulo tungkol sa ilang mga napapanahong isyu.

1. Teenage Pregnancy

Isa itong kuwentong hindi kanais-nais, ngunit madalas nating marinig na nangyayari maging sa ating mga kamag-aral: ang *teenage pregnancy*.

Ayon sa pinakahuling sensus, may 16.5 milyong Pilipino ang kabilang sa grupong kinse hanggang bente kwatro anyos. Tatlumpung porsyento (30%) ng mga sanggol na ipinanganganak sa bansa ay isinisilang ng grupong ito. Bago pa man sila tumuntong ng bente anyos, dalawamput limang porsyento (25%) ng mga kabataang babae ay nagiging mga ina na.

Maaaring dahil sa kahihiyan at sa pangamba sa mabigat na responsibilidad na kaakibat ng maagang pagbubuntis, nakagagawa ang maraming kabataang babae ng isang kalunos-lunos na krimen: ang pagpapalaglag o aborsyon.

Ayon sa istadistika, taun-taon, halos 64 000 na mga kabataang babae ang nagpapalaglag sa ating bansa. Ang aborsyon ay hindi legal sa ating bansa. Maraming nagiging kumplikasyon sa kalusugan ng isang babae ang pagpapalaglag. Tulad na lang halimbawa ng labis na pagdurugo dahil sa pagkasugat ng matris, pagkabaog, pagkakaroon ng kanser sa matris, at sa iba'y kamatayan.

Isa ring pangmatagalang epekto ng pagpapalaglag ang tinatawag na *post abortion syndrome o PAS*. Isa itong karamdaman sa isip na maihahalintulad sa depresyon. Ngunit di tulad ng karaniwang depresyon ang sakit na ito ay di maiibsan ng gamot tulad ng *anti-depressants*. Sinasabing ito ay 'di naiiwasan; maaaring dumating nang mas maaga o sa huling bahagi na ng buhay ng isang nagpalaglag o nasangkot sa prosesong ito. Karaniwan nang nagiging sugapa sa alak o droga ang mayroong PAS. Marami rin sa kanila ang nagpapapalit-palit ng karelasyon at hindi na muli pang nagkakaroon ng malusog na ugnayan o relasyon sa katapat na kasarian.

Ang mga emosyonal at pangkaisipan na epekto ng *pre-marital sex* ay nakababahala din. Ang pakikipagtalik sa unang pagkakataon para sa isang babae ay maaaring maging sanhi ng labis na emosyon at pakiramdam na siya'y mahina, ayon

sa sikolohistang si Joan Kinlan. Maraming kababaihan ang nagsisisi matapos gawin ito na nagiging sanhi ng depresyon o labis na kalungkutan. Pakiramdam nila ay marumi sila at nagamit. Maraming mga kabataan ang hindi nakakayanan ang ganitong pakiramdam kung kayat nalululong sa alak o bawal na gamot. Mayroon ding ilan na nagtatangkang magpatiwakal. Binabagabag sila ng kanilang konsyensya at ito ay may pangmatagalang epekto. Karaniwang nahihirapan na silang magkaroon ng isang malusog na ugnayan sa kabiyak o asawa pagdating ng panahon.

Ang pagkalito ay isa rin sa mga epekto ng *pre-marital sex* lalo na sa mga kalalakihan. Nahihirapan na silang tukuyin kung sila nga ay tunay na nagmamahal o mayroon lamang pagnanasa sa babaeng kanilang karelasyon.

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ayon sa artikulo, bakit hindi kanais-nais ang *teenage pregnancy*? Sang-ayon ka ba dito? Ipaliwanag.
2. May kakilala ka ba na isang *batang* ina o ama? Batay sa iyong obserbasyon at namamasid sa kanila, nanaisin mo ba ang maging isang batang ina o ama? Bakit?
3. Sa iyong palagay, bakit maraming mga kabataan sa ngayon ang nagiging batang ina o ama? Ipaliwanag.
4. Bakit isang krimen ang pagpapalaglag o aborsyon? Pangatwiranan.
5. Bilang isang kabataan, paano ka makaiiwas sa pagiging batang ina o ama? Magbigay ng ilang mga paraan.

2. Pornograpiya o Malalaswang Babasahin at Palabas

Marami na ang pag-aaral tungkol sa masamang epekto ng pornograpiya sa kalusugan ng isipan, lalung-lalo na sa mga kabataan. Ano ba ang pornograpiya? Ang pornograpiya ay mga mahahalay na paglalarawan (babasahin, larawan, o palabas) na layuning pukawin ang sekswal na pagnanasa ng nanonood o nagbabasa. Ayon sa mga eksperto, ang epekto nito sa maraming tao ay nagsisimula sa mababaw hanggang sa lumala at maging sugapa na dito.

Batay sa pag-aaral ni Iyoob (2008), ang maagang pagkahumaling sa pornograpiya ay may kaugnayan sa pakikibahagi o paggawa ng mga abnormal na gawaing sekswal, lalung-lalo na ang panghahalay. Kadalasang ang tema ng mga

mahahalay na palabas na ito ay nakapagpapababa sa pagkatao ng mga babae. Sila'y sinasaktan o pinahihirapan sa karamihan nito. Wari ba'y kinamumuhian sila kung tratuhin sa mga palabas na ito. Ang mga kalalakihang nanonood ng palabas na malaswa ay nagkakaroon ng pagkamanhid sa pananaw nila sa mga kababaihan. Nagiging animo'y mga bagay lamang ang mga ito. Nagiging mababaw din ang pagtingin nila sa kasal. Ang pinakamalala, ang panghahalay ay hindi na nila tinitingnan bilang isang krimen.

Ayon pa rin kay Iyoob (2008) may mga kalalakihan at kababaihan ding dahil sa pagkasugapa sa pornograpiya ay nahihirapang magkaroon ng malusog na pakikipag-ugnayan sa kanilang asawa. Ang mga taong sugapa sa pornograpiya ay nakararanas lamang ng sekswal na kasiyahan sa panonood at pagbabasa ng pornograpiya at pang-aabuso sa sarili (*masturbation*) at hindi sa normal na pakikipagtalik. Sa Amerika, isa sa itinuturong nagiging dahilan ng diborsyo o paghihiwalay ang tinatawag na *sexual dysfunction* na kaugnay nito.

Ang pornograpiya rin ang ginagamit ng mga *pedophiles* sa internet upang makuha ang kanilang mga bibiktimahin. Ang *pedophiles* ay mga lalaki o babae na nasa hustong gulang na nagnanasa at bumibiktima sa mga bata at paslit. Nilalason nila ang isipan ng mga bata sa pamamagitan ng pornograpiya upang maging madali sa kanilang akitin ito na pumayag sa kanilang mga sekswal na pagnanais.

Dagdag pa sa panganib ng pornograpiya sa *internet* at sa mga piniratang palabas na tinda sa mga bangketa, karamihan ng mga pelikulang drama o aksyon na ipinalalabas sa mga sinehan at sa telebisyon ay mayroong mahalay na eksena. Ito nga ang nanghihikayat sa mga kabataan na panoorin ang mga ganitong palabas. Maging sa pelikulang pampamilya ay mayroong eksenang sekswal ang tema. Maging ang ilang mga *cartoon* o *anime* na palabas mula sa Hapon ay mayroong malalaswang paglalarawan sa kababaihan, halikan at mga eksenang sekswal ang nilalaman. Ang mga mahahalay na eksenang ito ay pumupukaw ng mga damdaming sekswal sa mga kabataang wala pang kahandaan para dito. Ang mga damdaming sekswal na ito ay nakalilito at labis para sa kanilang murang edad.

Bukod pa dito, ayon kay Dr. Melvin Anchell, isang psychiatrist, sa edad na 8 hanggang 12, ang ibang enerhiyang sekswal ng tao ay naibabaling at ginagamit sa paglinang ng damdaming pagkamahabagin na kinakailangan para makontrol ang

simbuyo ng kalupitan. Ang pagkapukaw na sekswal sa murang edad na ito sa pamamagitan ng pornograpiya ay nakasisira sa paglinang ng pagkamahabagin. Kung wala ang pagiging mahabagin, ang mga kabataan ay nasusuong sa mga silakbo ng bayolenteng asal.

Karamihan ng mga awitin ng mga kabataan ngayon ay nakabababa ng pananaw sa mga kababaihan at sa sekswalidad. Nakasisirang-puri rin ito para sa mga kalalakihan dahil sa ang mga awit na ito ay madalas na tungkol sa kung ano ang kanilang makukuha at hindi ang kanilang maibibigay sa pakikipag-ugnayan sa kababaihan. Maling pananaw sa pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian ang mensahe ng mga awiting ito.


Habang paparami nang paparami ang mga kabataang nalululong sa pornograpiya, isang mapanganib na mensahe ang nakikintal sa kanilang isipan: ang pakikipagtalik nang walang kaakibat na pagmamahal o pananagutan.

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ayon sa artikulo, ano-ano ang maaaring maging masasamang epekto ng pornograpiya sa isipan ng tao? Isa-isahin at ipaliwanag ang mga ito.
2. Paano pinabababa ng pornograpiya ang dignidad ng tao? Ipaliwanag.
3. Paano naaapektuhan ng pornograpiya ang kalayaan ng mga taong nalululong sa pornograpiya? Ipaliwanag.
4. Anong maling pananaw sa pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian ang pinalalaganap ng pornograpiya? Ipaliwanag.
5. Bilang isang kabataan paano mo mapangangalagaan ang iyong sarili laban sa mga midyang nagpapalaganap ng pornograpiya? Magbigay ng ilang mga paraan.

B. *Panuto:* Makipagpangkat sa ibang mga kamag-aral at talakayin ang mga konseptong sa iyong palagay ay nangangailangan ng paglilinaw o mas malalim na talakayan. Sa tulong ng mga kamag-aral, punan ang mga kahon/bilog sa *Brainstorming Web* ng mga mahahalagang konsepto na inyong tinalakay tungkol sa mga artikulo. Gamit ang *brainstorming web*, iulat sa klase ang naging resulta ng inyong talakayan.

Brainstorming Web



Gawain 3. *Think –Pair- Share*
Panuto: Basahin ang sumusunod na babasahin mula sa *Pro-Life Philippines (*Pilar et. al., 2005):

Ako ay isang responsableng babae…	**Ako ay isang responsableng lalaki…**
1. Ang aking mga halik ay di hamak na mas matimbang kaysa anumang party o sine. 2. Ang aking katawan ay templo ng Diyos at hindi isang laruan. 3. Ang unang "AYAW KO" ay mahirap ngunit ang mga susunod ay madali na. 4. Ang pagkabirhen ay isang kanais-nais na katangian at halaga pa rin. Ang kahalayan ay malaking paglabag sa batas moral. 5. Ang aking pananamit, pagkilos, at pananalita ay maaaring magsilbing tukso sa aking kasintahan. Ako ay magiging mabini para sa aming proteksyon. 6. Malaki na ang nagawa ng aking mga magulang para sa akin, nais kong lagi nila akong ikapuri. 7. Ang nobyo ko ay magiging asawa at ama balang araw. Kailangan siyang maging bayani sa mata ng kaniyang asawa at mga anak. Hindi ako gagawa ng anumang bagay sa aming pagtatagpo na hahadlang sa katuparang niyon. 8. Gusto kong maging isang ina at asawa. Ilalaan ko ang aking puri at damdamin para sa aking magiging asawa at anak.	1. Pinagkakatiwalaan ako ng mga magulang ng aking kasintahan at ng aking mga magulang. Hindi ko ito sisirain. 2. Igagalang ko ang aking nobya katulad ng pag-asa kong igagalang ng ibang lalaki ang aking kapatid na babae. 3. Igagalang ko ang pagkababae niya dahil ang aking ina ay isang babae. Hindi ko hihilingin sa aking nobya na gumawa ng mga bagay na ikahihiya kong malaman ng aking ina. 4. Ikinararangal at ikinalulugod kong makasama ang aking nobya. Isang pagkakamali ang umasa nang higit pa bilang kabayaran sa pagtatagpong ito. 5. Balang araw, magiging isang ina at asawa ang aking nobya. Dapat siyang magsilbing halimbawa sa kaniyang mga anak at maipagmalaki ng kaniyang asawa. Tutulungan ko siyang maging malinis ang puso at maging disente tulad ng gusto ko sa mapapangasawa ko. 6. Ang pagkalalaki ay nangangahulugan ng lakas ng karakter gayon din ng katawan. Isang kahinaan ang *kakulangan* ng pagpipigil sa sarili. Gusto kong malaman ng aking kasintahan na ako ay tunay na lalaki. 7. Ang Panginoong Diyos ay nasa lahat ng lugar, nakikita ang lahat, at alam ang lahat. Maaaring itago ako ng kadiliman ngunit hindi ako maitatago nito sa Diyos.

Sagutin ang mga tanong**:**

1. Ano-anong positibong pananaw sa pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian ang isinasaad ng babasahin? Maglista ng lima at ipaliwanag ang mga ito.
2. Batay sa babasahing ito, ano ang kahulugan ng pagiging responsable, kaugnay ng sekswalidad?
3. Ayon sa babasahin, ano ang ibig sabihin ng pagiging tunay na lalaki? Ipaliwanag.
4. Sa iyong kuwaderno, maglista ng *sariling pangako* bilang responsableng babae/ lalaki kaugnay ng pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian.

Gawain 4: "Patnubay N'yo, Kailangan Ko"

Panuto: Magsagawa ng isang panayam tungkol sa mga isyung kaugnay ng sekswalidad at pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian na nais mong lubos na maunawaan. Makipagpangkat sa tatlo o limang kamag-aral para sa gawaing ito.

Gabay mo ang mga hakbang sa ibaba.

<u>Mga Hakbang sa Pagsasagawa ng Panayam</u>

1. Bumuo ng 3-4 na tanong tungkol sa ilang isyu ng sekswalidad na gusto ninyong maliwanagan (hal., isyu ng pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian, mga pisikal/pisyoholikal na pagbabago sa sekswalidad na aspekto, homosekswalidad atbp.)
2. Pumili ng taong kakapanayamin na sa palagay mo'y may sapat na kakayahang sagutin at gabayan ka sa tama at moral na batayan ng paglinang ng sekswalidad (hal., guro sa EsP, guidance counselor, pari / madre / pastor / ministro, sikolohista)
3. Magsagawa ng dokumentasyon para sa panayam (hal. *photo documentation*, *video documentation*, *voice tape* atbp.) Hingin ang lagda ng kinapanayam bilang patunay sa dokumentasyon.
4. Ihanda ang sarili sa pag-uulat ng panayam sa klase.
5. Makatutulong sa gawain ang pormat sa ibaba bilang gabay sa pakikipanayam.

Pakikipanayam kay: _____

(Pangalan ng kinapanayam na guro / *guidance counselor* / pari / madre / ministro)

TANONG	SAGOT
1. _____ _____ 2. _____ _____ 3. _____ _____ Mga Nagsagawa ng Pakikipanayam: 1. 2. 3.	1 _____ _____ 2. _____ _____ 3. _____ _____ (Petsa ng Pakikipanayam/Lagda ng kinapanayam)

Sagutin ang mga tanong:

1. Naging mahirap ba ang inyong pakikipagpanayam? Bakit?
2. Nakatulong ba ang inyong ginawang panayam upang bigyang-linaw ang inyong mga tanong tungkol sa sekswalidad? Sa paanong paraan?
3. Ano-anong isyu ng sekswalidad ang naging malinaw sa iyo bunga ng panayam? Ipaliwanag ang mga ito.
4. Bakit kailangang pag-usapan nang may bukas at mapanuring isip ang mga isyu ng sekswalidad? Paano ito makatutulong sa iyong paghahanda sa pagdadalaga o pagbibinata? Ipaliwanag.
5. Ano ang kaugnayan ng sekswalidad at pagmamahal? Ipaliwanag.

D. PAGPAPALALIM



Basahin ang sumusunod na sanaysay.

Sekswalidad


Ang sekswalidad kung gayon ay ang behikulo upang maging ganap na tao - lalaki o babae - na ninanais mong maging. Hindi ito pisikal o bayolohikal na kakanyahan .

Nagbibinata o nagdadalaga ka na. Kaya ang mga interes mo ay nagbabago na rin. Ang mga dati mong kinahihiligan ay hindi na nakalilibang sa iyo. Ang mga pisikal mong kakanyahan bilang lalaki o babae ay patuloy na lumalaki at nagiging ganap. Kasabay ng mga pagbabagong ito ay napupukaw na rin ang iyong sekswal na interes. Hindi ito dapat na ikabahala o ikahiya. Bahagi ito ng proseso upang maging ganap ang iyong pagkalalaki o pagkababae. Ang prosesong ito ay mahaba at hindi dapat na madaliin. Katunayan magpapatuloy ang paglago mo bilang isang lalaki o babae hanggang sa iyong pagtanda.

Sa ngayon ang tungkulin mo ay paghandaan ang pagdating ng tamang panahon upang hanapin ang iyong kapares o magiging kabiyak sa katapat na kasarian (kung sa palagay mo ay pag-aasawa ang iyong bokasyon). Ang tamang babae o lalaki ay matatagpuan mo sa tamang panahon – ito ay sa panahong handa ka na at kaya mo nang magmahal nang lubos at wagas.


Sa panahong ito ng paghahanda, kailangan mo ang masusing pag-aaral tungkol sa tamang pananaw sa sekswalidad at ang paglinang ng isa sa pinakamahalagang birtud – ang pagmamahal.

Ang Sekswalidad ng Tao



Ano nga ba ang sekswalidad? Ang sekswalidad ng tao ay kaugnay ng kaniyang pagiging ganap na babae o lalaki. Hindi ka magiging ganap na tao maliban sa iyong ganap na pagiging babae o lalaki. Maaari ding sabihing, sa iyong pagkalalaki o pagkababae magiging ganap at bukod-tangi kang tao. Halimbawa, may kaugnayan ang iyong pagiging babae o lalaki sa papel na ginagampanan mo sa pamilya at sa lipunan. Sa pamilya, babae lang ang maaaring maging ina, ate, lola, o tiya; at lalaki lang ang puwedeng maging ama, kuya, lolo o tiyo. May mga gampanin din na kakaiba sa lalaki o babae ayon sa dikta o pamantayan ng lipunan o kulturang kinamulatan.

Ang unang katangian na nagpabukod-tangi sa iyo nang ikaw ay ipanganak – o noong una kang makita sa *ultrasound imaging* ng iyong magulang - ay ang iyong pagiging lalaki o babae. Ito ang unang itinatanong sa doktor ng mga magulang mo at itinatanong naman sa magulang mo ng ibang tao tungkol sa iyo. Ngunit ang pagkalalaki o pagkababae ng isang tao ay *hindi* nakikita lamang sa pisikal o bayolohikal na kakanyahan niya. Ang kaniyang pagkalalaki o pagkababae ang mismong katauhan niya. Gayonpaman kailangang tanggapin at igalang natin ang ating katawan, dahil ito ang pisikal na manipestasyon ng ating pagkatao.



Bagama't tiyak na natutukoy sa kapanganakan pa lang ang pagiging lalaki o babae ng isang tao, ito'y malaya ring tinatanggap at ginagampanan ng tao ayon sa tawag ng pagmamahal at batay sa kaniyang pagkatao.

Ang pagkababae o pagkalalaki na malayang pinili ay hindi mo taglay lang o katangian, kundi ikaw mismo at kung ano pa ang magiging kaganapan mo bilang tao: may pamilya, dalaga o binata, namamasukan o nagnenegosyo, namumuno o tagasunod, relihiyoso, at iba pa - depende sa iyong potensyal.

Ang sekswalidad kung gayon ay ang behikulo upang maging ganap na tao - lalaki o babae - na ninanais mong maging. Hindi ito pisikal o bayolohikal na kakanyahan lamang, ang pagpapakalalaki at

pagpapakababae ay isang malayang pinili at personal na tungkulin na gagampanan mo sa iyong buong buhay.



Isang moral na hamon sa bawat tao ang pag-iisa o pagbubuo ng sekswalidad at pagkatao upang maging ganap ang pagkababae o pagkalalaki. Kung hindi mapag-iisa ang sekswalidad at pagkatao habang nagdadalaga o nagbibinata, magkakaroon ng kakulangan sa kaniyang pagkatao pagsapit ng sapat na gulang (adulthood). Sa isang taong nasa sapat nang gulang, ang kakulangan na ito ay maaaring magkaroon ng manipestasyon bilang kawalan ng kumpiyansa sa sarili, mga karamdamang sikolohikal o karamdaman sa pag-iisip, at mga suliraning sekswal. Sa ngayon nasa proseso ka ng pag-iisa o pagbubuong ito. Kailangan mo ang masusing pagkilala sa iyong sariling pagkatao, maingat na pagpapasiya at angkop na pagpili upang makatugon sa hamong ito.

Ang tao ay tinawag upang magmahal. Ito ang natatanging bokasyon ng tao bilang tao. May dalawang daan patungo dito – ang pag-aasawa at ang buhay na walang asawa (celibacy).

"Tao lamang ang may kakayahang magmahal, at ang tao lamang ang makapagsisilang ng isa pang tao, na tulad niya ay may kakayahang magmahal. Ang kakayahang ito na magmahal – at maghatid ng pagmamahal sa mundo – ang likas na nagpapadakila sa tao." (Banal na Papa Juan Paulo II)

May kamalayan at kalayaan ang sekswalidad sa tao. Ito ay bunga ng *pagpili,* may tuon, at nag-uugat sa pagmamahal.

Ayon sa Banal na si Papa Juan Paulo II sa kaniyang akdang "Love and Responsibility", upang gawing higit na katangi-tangi ang pagmamahal, at upang ito ay maging buo at ganap kailangang ito ay magkaroon ng integrasyon. Ibig sabihin, kailangang mailakip dito ang lahat ng elemento ng tunay na pagmamahal ayon sa kung alin ang dapat mangibabaw o mauna. Ilan sa mga elementong ito ang kailangan nating linawin.

Kabilang sa mahahalagang elementong tinutukoy dito ay: ang sex drive o sekswal na pagnanasa, ang kilos-loob (will), mga pandama at emosyon, pakikipagkaibigan at kalinisang puri.

Ang *Sex Drive* o *Libido*




Sa tamang panahon, ang mga isdang salmon ay nangangailangang iwan ang karagatan upang maghanap ng ilog. Mula dito sila'y lumalangoy pasalubong sa agos ng tubig paakyat ng bundok. Sinasagupa nila ang rumaragasang tubig at lumulundag paakyat sa mga talon. Kadalasan sa labis na pagod, marami ang namamatay. Ngunit ang mga natitirang buhay ay nagpapatuloy hanggang makarating sa kanilang destinasyon, ang pinag-ugatan ng ilog at sapang kanilang nilangoy. Sa malinis na tubig sila'y nagpapares-pares, babae at lalaki. Magsasanib ang punla ng lalaking salmon at ang itlog ng babaing salmon at sa maikling panahon ay mapipisa ang mga itlog sa malamig na tubig at magkakaroon ng maraming supling na salmon na lalangoy pabalik sa dagat.

Marahil maitatanong mo kung bakit ginagawa ito ng mga salmon. Ang mga salmon, ikamatay man, ay patuloy na susundin ang dikta ng kanilang kalikasan (instinct), sa pagkakataong ito ay nangingibabaw ang tinatawag na sex drive o katutubong simbuyong sekswal.




Sa yugto ng pagdadalaga at pagbibinata, may mga pagbabago sa iyong katawan na nagiging dahilan ng pagpukaw ng iyong interes sa katapat na kasarian. Sa tamang panahon lilisanin mo rin ang sariling tahanan at hahanap ng kapares sa katapat na kasarian upang magsimula ng sariling pamilya. Sa ngayon ang mga pagbabagong ito ay maaaring makalito sa iyo dahil hindi mo lubos na maunawaan ang mga pagbabagong ito. Halimbawa, hindi mo maunawaan kung bakit ka namumula tuwing ngumingiti sa iyo ang "crush" mo. O kaya'y labis ang iyong pag-aalala sa iyong isusuot, lalo't naroon ang mga kasing-edad mo. O kaya'y napapansin mong may kakaiba sa iyong pakiramdam kapag may nakikitang larawan ng magagandang babae o lalaking halos walang saplot. Hindi mo dapat na ipagtaka o ikahiya ang pagkakaroon ng di mo maipaliwanag na pagkaakit sa katapat na kasarian. Natural lamang ito, at kung mapamamahalaan mo, ito ay makatutulong upang ihanda ka sa pagiging ganap na lalaki o babae. Huwag kang mangamba

sapagkat ang ating simbuyong sekswal bagamat mayroon din nito ang tao, ay ibang-iba kaysa sa hayop.



Hindi maaaring ikumpara ang katutubong simbuyong sekswal (sex drive) ng hayop sa sekswal na pagnanasa ng tao. Ang instinct sa hayop ay isang awtomatikong kilos o reflex mode na hindi nangangailangan ng kamalayan. Kaya nga kapag nasa panahon na, hindi mo maawat ang mga hayop na gawin kung ano ang likas sa kanila. Gagawin nila ito kahit sa gitna ng kalye tulad halimbawa ng mga asong lansangan. Isa lamang ang layunin ng sekswal na pagsasama ng hayop, ang pagpapanatili ng kaniyang uri. Kaya nga mas angkop na tawaging udyok o simbuyo ng damdamin ang sekswal na pagnanasa kung tao ang pag-uusapan. May kamalayan at kalayaan ang sekswalidad sa tao. Ito ay bunga ng pagpili, may tuon, at nag-uugat sa pagmamahal.




Ang sekswal na pagnanasa sa tao ay maaari niyang supilin o hayaang mangibabaw sa kaniyang pagkatao. Kung hahayaang mangibabaw, maaari itong magbunga ng kakulangan sa kaniyang pagkatao o maging sanhi ng abnormalidad sa sekswal na oryentasyon. Sa kabilang banda, kung mapamamahalaan at mabibigyan ng tamang tuon, ay maaaring makatulong sa paglago niya bilang tao at magbigay ng kaganapan sa kaniya bilang lalaki o babae.



Hindi winawalang-halaga ng Banal na si Papa Juan Paulo II ang emosyon at ang mga pandama sa pagsibol ng tunay na pagmamahal. Sa katunayan, sinabi niya na “ang lahat ng tao ay nararapat na gamitin ang lakas at sigla sa likod ng kaniyang senswalidad at emosyon, upang ang mga ito ay maging katuwang sa pagsisikap na makamit ang tunay na pagmamahal… Ang udyok o pagnanasang sekswal ng tao ay isang katotohanang kailangang kilalanin at tanggapin bilang bukal ng likas na enerhiya…” Ang hamon sa atin ay ang paggamit sa likas na enerhiyang ito upang mapaglingkuran ang tunay at tapat na pagmamahal.

Ang likas na lakas na ito ay maaari nating ituon sa isports, sa pagpapaunlad ng talento, mga hilig o interes at sa pag-aaral.


Ang *Puppy Love*



Sa panahon ngayon, ang unang paghanga sa katapat na kasarian ng isang nagdadalaga o nagbibinatang tulad mo ay para sa mga artista, mga mang-aawit o mga sikat na atleta o mga celebrity. Paano nga kasi, ang pang-araw-araw na buhay ng maraming tao ngayon ay nakababad sa media: sa telebisyon, sa radyo, sa pelikula, magasin, sa internet at ngayon, pati sa mga naglalakihang billboards sa kalsada. Kahit saan ka pumunta, ang media ay isang reyalidad na hindi maiwasan. Ang pamantayan tuloy ng kung ano ang kaakit-akit at kaibig-ibig ay kadalasang ayon sa impluwensya ng media. Kaya nga, madalas ang mga nagiging "crush" mo o hinahangaan ay iyong may pagkakahawig o may pagkakatulad sa isang celebrity na iniidolo.

Ang *puppy love* ay kadalasang pinagkakamalan nating tunay na pagmamahal. Ang totoo maaari naman talaga itong maging simula o pundasyon ng isang tunay at wagas na pagmamahalan sa pagdating ng tamang panahon. Kailangan lamang ng tamang integrasyon ang nararamdamang senswalidad at damdamin.

> Ang mahalaga, huwag mong kalilimutan na ikaw ay nasa proseso pa lamang ng paghahanda para sa tunay at wagas na pagmamahal at ang iyong nararamdaman ay *paghanga lamang* at hindi pa tunay na pagmamahal.



Ang *puppy love* ay maaaring bunga ng senswalidad, na pinupukaw ng mga pandama (senses) at damdamin na tinatawag na *sentiment,* na bunsod naman ng emosyon. Kapag nakakilala ka ng isang tao na sa iyong pamantayan ay nakaaakit, natural lamang na ang una mong naging batayan ng paghuhusga ay ayon sa iyong mga pandama. Maaaring sa una ang nakapupukaw ng iyong interes sa kaniya ay ang ganda ng kaniyang mukha, katawan, kilos, pananamit o kaya'y talento at hindi ang kaniyang pagkatao; dahil nga hindi mo pa naman siya lubos na nakikilala. Katunayan nga minsan dahil hindi naman kayo nagkakaroon ng pagkakataon na magkasama, at lubos na magkakilala, nawawala rin kaagad ang interes mo sa kaniya. O kaya naman naroon

> Ang tunay na pagmamahal ay malaya at nagpapahalaga sa kalayaan ng minamahal.

lang ang interes kapag kasama mo o nakikita siya. O di kaya'y may nakita kang bagay na hindi mo nagustuhan sa kaniya. Nalaman mo halimbawa na mabaho pala ang hininga niya.



May mga pagkakataon naman na ang paghanga ay mas masidhi o sabi nga "intense". Hindi ka makakain, hindi makatulog, palagi mo na lamang siyang naiisip. Gusto mong lagi siyang nakikita. Gusto mong lagi siyang nakakasama. Wala kang makitang kapintasan, perpekto ang tingin mo sa kaniya. Nakatutunaw ang mga tingin niya at nakakapaso ang dampi ng palad niya. Siguradong-sigurado ka na siya na ang mamahalin mo habang buhay. Pagmamahal na nga kaya ito? Huwag malungkot o madismaya kung sabihin man sa iyo ng mga nasa hustong edad at nakaranas na nito – hindi ito ang tunay na pagmamahal na pinaghahandaan mo.

Ngunit, tulad nga ng nabanggit na, maaari naman itong gawing pundasyon para sa isang tunay at wagas na pagmamahal. Kaya nga kung nararamdaman mo ito ngayon, tingnan mo ito sa isang positibong pananaw at hayaan mong maging masaya ka sa ugnayang ito. Gamitin mong inspirasyon ang hinahangaan upang mapagbuti pa ang iyong mga gawain, pag-aaral at mapaunlad ang sarili. Ang mahalaga, huwag mong kalilimutan na ikaw ay nasa proseso pa lamang ng paghahanda para sa tunay at wagas na pagmamahal at ang iyong nararamdaman ay paghanga lamang at hindi pa tunay na pagmamahal.

Ang Paggamit sa Kapwa at Pagmamahal

Sa mga nagdaang aralin ay nakilala mo na ang tao ay may kilos-loob. Ang kilos-loob ay may kalayaan. Kaya nga kailan man walang ibang taong maaaring magpasiya para sa iyo. Ang tunay na pagmamahal ay malaya at nagpapahalaga sa kalayaan ng minamahal. At dahil nga may malayang kilos-loob ka, walang makapagdidikta sa iyo kung sino ang mamahalin mo. Gayon din naman, hindi mo madidiktahan ang sinuman na mahalin ka! Hindi ba masakit na para lamang makuha ang pagmamahal mo ay linlangin ka ng taong itinuturing na kaibigan. Tulad halimbawa ng kaibigang nagpapanggap o nagsisinungaling na magkatulad kayo ng interes sa isports, gayong nababagot pala siya rito, dahil lang sa pagnanais na

makuha ang simpatiya mo. Kung tunay kang mahal, ipakikita niya ang tunay niyang pagkatao at bibigyan ka ng pagkakatong magpasiya kung mamahalin mo siya sa kung ano ang tunay na siya. At dapat gayon ka din naman sa iyong kaibigan.

Tinanong ng isang lalaki ang kaniyang asawa kung bakit siya mahal nito. Nagbigay ng tatlong dahilan ang babae. Tinanong naman ng babae ang lalaki, at sinabi nitong, “ikaw ang dahilan ng aking pagmamahal, mahal kita dahil ika’y ikaw.” Ang tamis pakinggan di ba? Ang pagmamahal ay pagmamahal sa buong pagkatao ng kapwa hindi ang pagmamahal sa ilang bahagi niya lamang dahil may ilang bagay kang naiibigan sa kaniya.



Kung paglalaruan natin ang damdamin ng kapwa ay itinuturing mo siyang isang *bagay* at *hindi* tao. Ginagamit mo lamang siyang pampuno sa pangangailangan mo na magkaroon ng kasama upang hindi maiwang nag-iisa. Tandaan mong ang Diyos nga binigyan ka ng laya na piliin kung Siya’y mamahalin mo o hindi.

Ang pagmamahal ay nagsisimula sa isang pagpapasiyang magmahal. Ang mga paghangang nararamdaman mo ay maaari ngang mauwi sa pagmamahal kung kapwa kayo malayang magpapasiya na pagsikapang mahalin ang isa’t isa. May mga mahahalagang elementong isinasaalang-alang ang tunay na pagmamahal. Una, tinitingnan mo ang minamahal bilang kapares at kapantay. Ikalawa, iginagalang ninyo kapwa ang dignidad at kalayaan ng bawat isa. Hindi ka niya dapat piliting gumawa ng mga bagay na labag sa iyong kalooban at gayon din naman hindi mo siya dapat pagawin ng bagay na alam mong hindi niya gustong gawin. Dapat na mahalaga sa iyo ang kaniyang ikabubuti at gayon din naman ang ikabubuti mo ay mahalaga sa kaniya. Kaya nga, hindi dapat na mapabayaan ang iyong pag-aaral. Pagdating ng tamang panahon at nagpasiya ka nang bumuo ng sarili mong pamilya katuwang ang iyong minamahal, dapat din na handa kayo para sa mga magiging responsibilidad dito.

Kung nakasasama sa iyo o sa iyong kaibigan ang isang ugnayan, hindi ito tunay na pagmamahal!

Ang Kalinisang Puri at Pagmamahal

> "..Ang taong may kalinisang puri lamang ang may kakayahang magmahal ng tunay."

Naalala ko nang unang nakipag-"date" ang isa kong pamangkin na nasa tulad mo ring yugto. Bago siya umalis kinausap ng kaniyang ama ang kaniyang kaibigan upang ibigay ang kaniyang mga kundisyon. Isa itong mahabang listahan ng mga HINDI maaaring gawin ng lalaki sa aking pamangkin. Bagama't alam niyang pinangangalagaan lamang siya ng kaniyang ama, hindi nito maiwasan ang magdamdam dahil tila nalimot ng kaniyang ama na siya'y may sarili ring pag-iisip.

Ito rin marahil ang pananaw ng marami sa kalinisang puri. Isang mahabang listahan ng mga HINDI dapat gawin! Ngunit ang totoo, ang kalinisang puri ay isang pagkilos. Ito ay pag-oo at hindi pag-hindi. Ito ang pag-oo sa pagkatao ng tao. Kung tinitingnan natin ang tao bilang tao, hindi na kailangan ang mahabang listahan ng HINDI na ito. Ang birtud na ito ay tumitiyak na kailanman hindi titingnan ang minamahal bilang isang *bagay*. Sa mga mag-asawa na sa ganitong pananaw nagsimula, malaya at may buong pagtitiwala ang pagbibigay ng sarili sa isa't isa sapagkat ang pagtatalik ay hindi bunga lamang ng sekswal na pagnanasa, kundi ang pagbibigay ng buong pagkatao. Kung ang pagtatalik nilang ito ay bunsod lamang ng sekswal na pagnanasa, ginagamit lamang nila kapwa ang isa't isa upang pagbigyan ang tawag ng laman. Hindi nagiging tagumpay ang pagsasamang sa kasiyahan ng katawan nakabatay dahil hindi nito pinahahalagahan ang pagkatao ng tao.

Hindi nga ba, sa panliligaw, ang madalas sabihin ng mga lalaki sa kanilang nililigawan at sa pamilya nito, "Malinis po ang hangarin ko sa kaniya." Ibig sabihin, hindi katawan lamang niya ang habol ng lalaki, kundi ang buong pagkatao ng kaniyang nililigawan. Ang iba naman ang sinasabi, kung nasa husto nang gulang, "Handa ko po siyang pakasalan."

Sabi nga ng Banal na Papa Juan Paulo II, ang taong may kalinisang puri lamang ang may kakayahang magmahal ng tunay.

Ang Pagmamahal ay Mapagbuklod




Ang pagmamahal, dahil malaya ay dapat kapwa nasa mga taong nagmamahalan. Hindi maaaring isa lamang sa kanila ang nagmamahal. Hindi magkaiba o hiwalay ang pagmamahal ng bawa't isa sa isa't isa. Ang pagmamahal ay nagbubuklod sa dalawang taong nagmamahalan. Samakatuwid iisang pagmamahal lang ito na pinagsasaluhan ng mga nagmamahalan. Hindi ito basta pagsusukli lamang sa pagmamahal sa atin kundi pakikibahagi sa iisang karanasan. Sabi nga ninyo sa wikang Ingles, "the feeling is mutual" o MU, pero mas angkop siguro ang "the feeling is shared".

Ang tunay na pagmamahal ay ang lubos na paghahandog ng buong pagkatao sa minamahal. Ang pinakamahalagang palatandaan ng paghahandog na ito ay ang pagpapakasal. Ipagkakaloob mo ang iyong kalayaan at itatali mo ang iyong sarili sa minamahal habambuhay. Mangangako kayong magmamahalan sa hirap at ginhawa, sa sakit at sa kalusugan hanggang kamatayan. Iyo na siya at ika'y kaniya; mabaho man ang hininga, malakas man maghilik, malakas kumain, maging sino man siya, habambuhay!

Magagawa mo lamang ito kung ganap na ang iyong pagkatao – ang pagkalalaki o pagkababae. Kung sa wakas ikaw ay handa na at nakatagpo ng kabiyak, magiging responsibilidad ninyo kapwa ang isa't isa, at ito'y malugod ninyong tatanggapin dahil sa pagmamahal na inyong pinagsasaluhan. Ngunit, sa yugtong ito ng buhay mo, hilaw pa at hindi pa ganap ang iyong pagkalalaki at pagkababae. Sa katunayan, sa ngayon, kulang ka pa sa kakayahan na pangalagaan ang iyong sarili. Sa ngayon, responsibilidad ka pa ng iyong mga magulang. Karapatan mo ang makinabang ng pagkatuto sa mga naging karanasan nila sa pagmamahal kaya't hindi dapat mahiya o matakot na sumangguni sa kanila. Kaya nga pang- PG 13 ka sa panonood ng sine at telebisyon, kailangan mo pa ang gabay at patnubay ng iyong mga magulang!

Ang Pagmamahal ay Isang Birtud





"Maraming nagsasabi na ang pagmamahal ay maaaring sukatin sa pamamagitan lamang ng pagiging tunay na damdamin,' ngunit ang pagmamahal ay isang birtud at hindi isang emosyon; at lalong hindi pagpukaw lamang sa diwa at mga pandama."



Dahil nga ito'y birtud, ang pagmamahal ay nangangailangan ng paglinang at pagkilos upang mapaunlad ito. Laging ang tuon dito ay ang ikabubuti ng minamahal at ng dalawang taong ngayon ay pinag-isa. Higit na masusubok ang tunay na pagmamahal sa panahong lumipas na ang paghanga na bunsod ng mga pandama at ng matinding emosyon. Sa panahong ito masusukat kung ang minahal mo ay ang pagkatao ng minamahal at hindi ang konsepto lamang ng inakala mong siya. Matutukoy lamang kung tunay ang pagmamahal kung sa paglipas ng panahon ay lalo pang napabubuti nito ang mga taong nagmamahalan.

Isa pang mahalagang katangian ng tunay na pagmamahal ang pagiging mapanlikha nito. Katunayan kung itatanong ang tunay na katuturan ng buhay natin sa mundo, masasabing narito tayo sa mundo upang magbigay-buhay at makibahagi sa pagigng manlilikha ng Diyos. Dalawang uri ito, ang pagbibigay-buhay na ito ay maaaring sa paraang pisikal o sekswal – ang pagsisilang ng sanggol, o sa paraang ispiritwal – ang mabuhay bilang biyaya na nagbibigay-buhay din sa iba.

Kaya nga piliin man natin ang bokasyon sa pagmamahal bilang isang babae o lalaki na walang kabiyak, kung ang pagmamahal natin sa kapwa ay nagbibigay-buhay, magiging mabunga at makabuluhan din ang ating buhay, tinutupad din natin ang bokasyon sa pagmamahal.

Ngayon, maaring sabihin mo na napakasalimuot pala nang tunay na pagmamahal! Tila ba napakahirap nitong masumpungan sa mundo na ang nangingibabaw ay labis na materyalismo at ang halagang ibinabantog ay ang pagiging makasarili. Ah, huwag mong kalilimutan na ikaw ay tao, ang iyong potensyal ay hindi masusukat. Sa tulong ng iyong kapwa tao, mahirap man ito, masusumpungan mo rin ang tunay na pagmamahal! Sa ngayon, matuto ka sa mga naging karanasan ng mga dumanas na ng tunay na pagmamahal. Ngunit ang

pinakamahalaga sa lahat, huwag mong kalilimutan na ang pagmamahal ay patuloy na bumubukal mula sa Diyos sa tulong ng kaniyang grasya.


Tayain ang Iyong Pag-unawa

Panuto: Sagutin ang mga tanong:

1. Paano inihahambing ang sekswalidad ng tao sa sekswalidad ng hayop? Ipaliwanag.
2. Paano nagiging pundasyon ng tunay na pagmamahal ang *puppy love*? Ipaliwanag.
3. Bakit sinasabing, “Ang tunay na pagmamahal ay malaya”? Ipaliwanag.
4. Paano nakatutulong ang pagkakaroon ng tao ng kilos-loob sa pagpapanatili ng kalinisang-puri? Ipaliwanag.
5. Ano ang kahulugan ng kasal? Ipaliwanag.
6. Bilang isang birtud, paano nalilinang ang pagmamahal? Ipaliwanag.

Paghihinuha ng Batayang Kaisipan:

Gamit ang graphic organizer sa ibaba, sagutin ang mahalagang tanong: Bakit mahalaga ang tamang pananaw sa sekswalidad?



Batayang Konsepto:


_____

_____

_____

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Ang aking *new year's resolution*:

Panuto: Magtala ng mga gawain na maaaring isasagawa sa buong taon bilang paghahanda mo sa pagganap sa bokasyon sa pagmamahal kapag ikaw ay ganap na binata o dalaga na.

Halimbawa:

1) Ang pagsasakilos ng mga pangunahing responsibilidad sa tahanan, sa paaralan at komunidad tulad ng: sa tahanan - paghuhugas ng pinggan; sa paaralan – paggawa ng homework o proyekto nang maaga; pagtawid sa tamang tawiran.

   a. Magtala ng iba pa at lagdaan ang ibaba ng talaan.

   b. Ipaski ito sa lugar na palaging makikita.

   c. Pagsikapang tuparin ang mga ito sa buong taon.

Pagninilay

Sa ikapitong baitang ay nagbuo ka ng plano o balangkas ng kursong akademiko, teknikal-bokasyonal o negosyo. Mahalagang maisaalang-alang mo rin

kung paano makatutulong ang napiling kurso o karera sa pagtupad mo ng iyong bokasyon na magmahal.

Ang mga taong tulad nina Blessed Mother Theresa ng Calcuta, Martin Luther King Jr., at Dr. Jose Rizal ay ilang halimbawa lamang ng mga taong nagamit ang kanilang napiling karera sa pagtupad sa kanilang bokasyon sa pagmamahal.

Sagutin sa iyong journal: Paano makatutulong ang aking napiling kurso o karera sa pagtupad ko sa aking bokasyon sa pagmamahal?

Pagsasabuhay

Pumili ng isang napapanahong isyu kaugnay ng sekswalidad. Halimbawa: pornograpiya sa iba't ibang media – internet, comics, magasin, pelikula, telebisyon, musika, radyo etc.; child-trafficking o prostitusyon; maagang pagbubuntis; at iba pa. Makipagpangkat sa tatlo o lima pang kamag-aral. Magplano at gumawa ng isang pagkilos (rally, kampanya, seminar, forum, fun run bilang fund raising para sa institusyong nagtataguyod ng programa kaugnay nito atbp), upang masugpo o mapigilan ang paglaganap ng mga ito. Gamitin ang sumusunod bilang gabay sa inyong pagpaplano.

L - ayunin
A - ktuwal na Gampanin
P - aglilingkuran
P - amantayan at Kraytirya
I - naasahang Pagganap
S – itwasyon

Isangguni sa guro ang inyong nabuong plano.

Isagawa ito batay sa sumusunod na kraytirya;

a. Malinaw ang balangkas o plano
b. May ginawang pagsangguni sa guro
c. May ginawang ulat tungkol sa isinagawang gawain
d. Nagkaroon ito ng positibong epekto sa mga kapwa kabataan o sa komunidad

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Sanggunian

Dy, M. (2011). *Ang Tao Bilang Panlipunang Nilalang at Pakikipagkapwa*. Panayam sa Pambansang Pagsasanay ng mga Tagapagsanay ng Pinagyamang Programa ng Batayang Edukasyon (K to 12) sa Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP). Abril 17, 2013, Teachers Camp, Baguio City.

Esteban, E. (1990). *Education in values: What, why and for whom*. Manila: Sinag-tala Publishers, Inc.

Pope John Paul II. (2003). Theology of the body, Retrieved November 28, 2012 from www. theologyofthebody.net.

Pope John Paul II, The Challenge of Human Sexuality, Love and Responsibility Foundation, New York, 2002, Retrieved November 28, 2012 from www.catholic.org

The Theology of the Body: Human Love in the Divine Plan and *Letter to Families of Pope John Paul II; Pauline* Books & Media, Boston, MA, Retrieved November 28, 2012 from www.pauline.org.

_____. (2004). *Compendium of the Social Doctrine of the Church*. Makati City:Word and Life Publishing.

Johann Gottlieb Fichte, translated by Adolph Earnst Kroeger.*The Dignity of Man*(n.d.)

Retrieved January 9, 2010 from http://en.wikisource.org/wiki/The_Dignity_of_Man

Lee, Patrick. *Human Dignity* (n.d.) Retrieved January 9, 2010 from

http://www2.franciscan.edu/plee/human_dignity.htm

Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Kagawaran ng Edukasyon. (2010). *Gabay sa Pagtuturo sa Edukasyon sa Pagpapahalaga para sa 2010 Kurikulum ng Edukasyon Sekundarya (SEC)*. Pasig City: Awtor

Modyul 14: KARAHASAN SA PAARALAN



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Masaya mo rin bang kakantahin ang mga linyang ito? Ano nga ba ang damdamin mo sa yugtong ito ng hayskul? Masaya ka ba dahil maganda ang iyong pakikipag-ugnayan sa lahat ng tao na nasa iyong paligid? Masaya ka ba dahil marami kang natututuhan at mas nais mong manatili sa paaralan? O malungkot ka dahil mayroon kang mga karanasan na kung maaari lamang ay iyo ng kalilimutan? Ang paaralan ang itinuturing na pangalawang tahanan ng maraming mga mag-aaral. Katulad ng kaligtasan at kapanatagan na mayroon sa tahanan ay inaasahan din na makakamtan ito sa paaralan.

Cm Bb
High school life oh my high school life
Ab Eb
Ev'ry memory kay ganda
Cm Bb
High school days oh my high school days
Ab G Cm
Are exciting kay saya

Ngunit hindi lingid sa iyo ang mga balitang may mga kaguluhan na nagaganap sa paaralan, kaguluhan na maaaring nakararating sa kaalaman ng mga guro na nabibigyang-pansin at naisasaayos, ngunit maaaring mas marami rito ang lingid sa kaalaman ng mga namamahala ng paaralan dahil pilit na itinatago at pinagtatakpan. Haaay… masalimuot ano?

Sa araling ito, bibigyang-tuon ang iba't ibang mga karahasan na nangyayari sa paaralan. Bakit nga ba ito nagaganap? Bakit ito lumalawak? Bakit mahalagang umiwas sa anumang uri ng karahasan sa paaralan? Bakit mahalagang ito ay mapigilan? Sa kasalukuyan, isa itong suliranin na nangangailangan ng agarang solusyon. At ang lahat ay nagsisimula sa pagkakaroon ng kaalaman … malawak na kaalaman. Ika nga nila, "*knowledge is power.*" Handa ka na bang makaalam? Halika na at ating suriin ang balakid sa paglaganap ng karunungan!

Sasagutin ng modyul na ito ang mahalagang tanong na: **Bakit mahalaga ang pag-iwas sa anumang uri ng karahasan sa paaralan at ang aktibong pakikisangkot upang masupil ito?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

a. Nakikilala ang mga uri, sanhi at epekto ng mga umiiral na karahasan sa paaralan
b. Nasusuri ang mga aspekto ng pagmamahal sa sarili at pagmamahal sa kapwa na kailangan upang maiwasan at tugunan ang karahasan sa paaralan
c. Naipaliliwanag ang Batayang konsepto ng aralin
d. Naisasagawa ang mga angkop na kilos upang maiwasan at masupil ang mga karahasan sa kaniyang paaralan.

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput sa titik b:

1. May patunay ng ginawang pakikipag-ugnayan sa guidance counselor
2. Nakagawa ng komprehensibong plano para sa pagbubuo ng support group
3. Nakagawa ng plano para sa isasagawang kampanya para sa paghihikayat ng mga nais lumahok sa pangkat
4. Nakagawa ng *action plan* sa pakikipag-ugnayan sa guidance counselor at mga kasapi ng pangkat
5. May pagninilay mula sa naging karanasan sa mga gawain



Paunang Pagtataya

Panuto: Isulat ang titik ng pinakaangkop na sagot sa sagutang papel.

1. Ang sumusunod ay mga umiiral na karahasan sa paaralan *maliban* sa:
   a. Pambubulas
   b. Pandaraya
   c. Fraternity
   d. Gang

2. Ang sumusunod ay mga sanhi ng pambubulas sa paaralan *maliban* sa:
   a. Pagkakaranas ng karahasan sa tahanan
   b. Paghahanap ng mapagkatuwaan
   c. Pagkakaroon ng pagkakaibang pisikal
   d. Pagkakaroon ng mababang marka sa klase

3-4. Basahin at unawain ang kaso ni Rebecca sa ibaba. Pagkatapos, sagutin ang bilang 3-4.

Ang unang mga taon sa hayskul ay isang labis na pahirap sa akin. Pinatindi ito ng mga taong walang ibang pinagkatuwaan kung di ang pambubulas sa kapwa.

May mag-aaral na natuwang sulatan ako ng mga masamang salita, tinukso-tukso, sinundan-sundan pag-uwi at niloko sa telepono.

Isinumbong ko na siya sa aming guidance counselor at ipinaalam ko rin sa aming prinsipal ngunit wala paring nagbago. Isang araw sa aming klase, sinuntok niya ako, sinaklot ang aking kamay na sobrang masakit na. Hindi ako nakatiis. Sinampal at minura ko na siya, kaya binitawan niya ako. Mula noon, iniwasan niya na ako at di na sinaktan.

Ayaw ko ng karahasan, kaya di ko lubos maisip bakit ako gumanti. Dahil dito, kinamuhian ko ang sarili ko. Sana pinalampas ko na lang ang panggugulo niya. Sa panahon ng pag-aaral kasi, naghahanap ang isang kabataang tulad ko sa aking sarili, na kahit ganoon kaliit na bagay ay may epekto sa aking buhay hanggang pagtanda.

Hango sa: www.adelaide.now.com.au/news/south-australia/victims-ofbullying/story-e6frea83-1111117332518

3. Ano ang pangunahing paksa ng sanaysay?
   a. Ang pagtuntong ng hayskul
   b. Ang kasamaan ng ugali ng isang nambubulas
   c. Ang epekto ng pambubulas sa biktima
   d. Ang paghihiganti, nagpapahinto sa panggugulo

4. Ano ang naging epekto kay Rebecca ng pambubulas sa kaniya ng kaniyang kaklase?
   a. nahirapan sa pag-aaral
   b. napilitang gumanti
   c. kinamuhian ang sarili
   d. hinanap ang sarili

5. Ano ang nararapat na tugon ng mga may kinauukulan ng paaralan sa pambubulas?
   a. Hindi iintindihin dahil natural lamang sa mga kabataan ang kalikutan.
   b. Pagalitan ang nambubulas pagkatapos ay pabalikin sa klase.
   c. Suspindihin ang gumagawa ng pambubulas sa paaralan.
   d. Humanap ng pangmatagalan at mabisang paraan sa pagsupil sa karahasan sa paaralan.

6. Bakit may mga mag-aaral na sumasali sa fraternity at gang?
   a. Wala silang mapaglaanan ng kanilang oras.
   b. May kikilala sa kanila bilang kapatid.
   c. Kulang sila ng atensyon mula sa kanilang mga magulang.
   d. Marami ang lalaban para sa kanila kung masangkot sila sa gulo.

7. Maiwasan at masupil ng mga mag-aaral ang karahasan sa paaralan sa pamamagitan ng
   a. Pagsunod sa payo ng mga magulang
   b. Paggalang sa awtoridad ng paaralan
   c. Pag-aaral nang mabuti
   d. Pagmamahal sa sarili at sa kapwa at paggalang sa buhay

8. Kailangan sa pagmamahal ang paggalang sa sarili sapagkat
   a. Nakatutulong ito sa pagbuo ng malusog at mapanagutang pananaw sa buhay.
   b. Nakatutulong ito sa pag-unawa sa mga gumagawa ng karahasan sa paaralan.
   c. Nakatutulong ito sa paghanap ng paraan paano mapansin at mahalin ng iba.
   d. Nakatutulong ito sa pagbuo ng mga pangarap sa buhay habang nag-aaral.

9. Ang sumusunod ay kailangan sa pagmamahal sa kapwa *maliban* sa
   a. Pagtanggap sa kaniya anuman ang estado niya sa buhay
   b. Pagbibigay sa kaniya sa lahat ng nais niya sa buhay
   c. Paggalang sa kaniyang dignidad bilang tao
   d. Pagmamahal sa kaniya na may kaakibat na katarungan


10. Ano ang pinakamaituturing na dahilan kung bakit dapat iwasan at supilin ang mga karahasan sa paaralan?
    a. Upang makatuon sa pag-aaral
    b. Upang wala ng banta sa buhay sa loob ng paaralan
    c. Upang mabawasan ang pagliban o paghinto sa pag-aral
    d. Upang wala ng suliranin ang mga magulang at ang awtoridad ng paaralan


B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

1. Buuin ang mga *puzzle* na matatagpuan sa sumusunod na website. (Kopyahin lamang ang mga *url* na nasa ibaba.)

   http://three.flash-gear.com/npuz/puz.php?c=v&id=3882786&k=25591969
   http://three.flash-gear.com/npuz/puz.php?c=v&id=3882788&k=1710495
   http://three.flash-gear.com/npuz/puz.php?c=v&id=3882789&k=6547285
   http://three.flash-gear.com/npuz/puz.php?c=v&id=3882791&k=56111771
   http://two.flash-gear.com/npuz/puz.php?c=v&id=3031409&k=66648408





2. Matapos mabuo ang lahat ng puzzle ay sagutan ang sumusunod na tanong:

   a. Ano ang sinisimbolo ng mga larawang iyong nabuo sa *puzzle*? Tukuyin ito isa-isa.

   b. Anong mga sitwasyon sa pang-araw-araw na buhay sa paaralan ang iyong naalala nang makita mo ang mga larawan? Ibahagi.

Gawain 2

1. Panoorin ang video na may pamagat na "*Bullying victim speaks out*" sa youtube na may *url*: http://www.youtube.com/watch?v=ziIfZx0XX5Ih at sa http://www.youtube.com/watch?v=ToPwDFFt6Sk na may pamagat na *Kapuso Mo, Jessica Soho Bully learns his lesson* upang matukoy ang isa sa mga pangunahing dahilan ng karahasan sa paaralan.

2. Habang pinapanood ang mga *video,* itala ang hinihingi ng bawat kolum sa ibaba:

Sanhi ng pagkakaroon ng karahasan sa paaralan	**Epekto ng pagkakaroon ng karahasan sa paaralan**

3. Matapos magawa ang mga ito ay sagutin ang sumusunod na tanong:

   a. Mayroon ka bang katulad na karanasan sa paaralan o di kaya ay nakasaksi ng katulad na mga sitwasyon sa paaralan o sa pamayanan? Ibahagi.

   b. Sa iyong palagay, bakit kaya may nambubulas (bully)? Bakit may binubulas?

c. Bakit kaya lumalaganap ang ganitong sitwasyon sa paaralan maging sa ating bansa? Ipaliwanag.

Gawain 3

1. Tunghayan mo ang kuwento ng isang lalaking nilisan ang kanilang tahanan sa edad na 14. Ayon sa kaniya siya ay araw-araw na binubugbog ng kaniyang ina at ama. Sabi niya maituturing na nasa "*middle class*" ang kanilang pamilya. Nasa pribadong paaralan ang kaniyang mga kapatid, ang kaniyang mga magulang ay nagpapatakbo ng kanilang sariling negosyo, siya mismo ay nasa ikalawang taon na sa hayskul sa isang "*Christian University.*" Ngayon sa edad 19, namumuhay sa kalye, nagnanakaw, at ayaw ng umuwi sa kaniyang sariling tahanan.

2. Makikita mo ang video sa website na ito:
www.youtube.com/watch?v=KnNWGZZXofs...

3. Habang pinapanood ang video ay itala ang mga mahahalagang mga pangyayari sa napanood gamit ang katulad na pormat na nasa ibaba.

Sanhi ng paglahok sa gang	**Epekto ng paglahok sa gang**	**Mga maling paniniwala at pagpapahalagang nakita mula sa palabas**


4. Matapos ang gawain ay sagutin ang sumusunod na tanong:
   a. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit mas pinili ng tauhan na iwan ang kaniyang pamilya?
   b. Ano ang naging epekto sa kaniya ng paglahok sa gang? Isa-isahin.
   c. Ano-anong mga paniniwala ang maituturing mong mali kung ibabatay sa tamang pamantayan?
   d. Anong bahagi ng *video* ang nagpapakita ng sitwasyon kung saan napagmumukhang mabuti ang isang bagay o gawa na masama? Patunayan.
   e. Ano ang "gang" para sa iyo?
   f. Ano ang maidudulot ng paglaganap ng ganitong uri ng samahan sa paaralan?
   g. Ano ang magagawa ng isang kabataang katulad mo upang ito ay mapigilan at masusugpo?





C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA


Gawain 1

Panuto: Basahin mo ang kuwento sa ibaba.




Parang lason sa aking puso ang kanilang bawat sigaw. Payapa lamang ako sa piling ng aking koleksyon ng mga komiks at ang aking tanging kasiyahan ay ang pagguhit habang nasa harap ng telebisyon.
Sa paaralan ako ay tila ba may nakahahawang sakit. Nilalayuan ng mga kapwa ko lalaki dahil sa hindi pagkakaroon ng kumpiyansa sa sarili at sapat na pagkalalaki upang mapabilang sa kanilang hanay.
Kaiba ako sa mga kamag-aral kong lalaki sapagkat ako ay tahimik at kaibigan ng lahat ng mga babae sa paaralan.
Kumikilos at nagsasalita na wari ba'y babae rin. Hindi ko maipagtapat sa iba ang ginagawang pananakot at pananakit ng aking mga kamag-aral na lalaki. Hindi ko ito masabi sa aking mga guro, magulang, mga kapatid, at maging sa napakarami at napakalapit kong mga kamag-anakan at pininsan.
Ngayon ko naunawaan kung paanong ang mga biktima ng pambubulas ay nagdurusa ng tahimik.
Labis na nakahihiya ang maging biktima ng pambubulas. Ako ay nahihiya sa aking sarili, kung paanong hinahayaan kong saktan nila ako at maramdamang ako'y walang kwenta. Nahihiya ako na hindi ko sila kayang labanan. Ipinaramdam nila sa akin na may mali sa aking pagkatao.
Nahihiya ako na malaman ito ng aking mga mahal sa buhay. Nahihiya ako na hindi ko sila kayang labanan.
Ipinaramdam nila sa akin na may mali sa aking pagkatao. Nahihiya ako na malaman ito ng aking mga mahal sa buhay. Nahihiya ako na malaman nila ang ibinabansag ng mga kapwa ko bata sa akin. Nahihiya ako na malaman nila na ako ay isa ngang binabae.


Kaya't tulad ng iba pang naging biktima nito, pinasan kong nag-iisa ang kahihiyan ng ginagawa nilang pananakit sa akin.
Habang naglalakad ako papauwi nang araw na iyon na itinalaga ko nang syang magiging huling araw ko, naalala ko nang ako'y gulantangin ng isang sasakyang dumaraan.
"Hoy, bata! Ayos ka lang ba?"
Sabi ng mamang noon ko lamang nakita.
Naalala kong ako'y nabubulol pang tumugon na mabuti ang aking lagay.
"Sigurado ka ba? Baka may maitutulong ako? Mukhang malungkot ka."
Habang tuluyan na nyang inihinto ang kaniyang sasakyan natatandaan kong siya'y nakatingin sa akin na puno ng pag-aalala.
Muli ay sinabi kong ako'y maayos at saka lamang siya nagmaneho papalayo.
Habang minamasdan ko ang papalayong sasakyan, bigla kong naramdaman ang init nang panahong iyon.
Noon ko lamang napansin ang liwanag ng nakatirik na araw. Hindi ko malilimot ang mga sandaling iyon na tila ba napawi ng init ng araw ang lahat ng aking kalungkutan sa puso.
May taong nagbigay pansin sa akin.
Isang taong noon ko lamang nakita at hindi na muli pang masisilayan, ang nag-alala at nag-abala para sa akin – isang binabae, bakla, walang kwentang nilalang. Nagbigay sya ng kaniyang panahon upang alamin kung ako ay may dinaramdam. Mahalaga ako; nagbago ang lahat sa akin.
Natapos ang aking balak na pagpapatiwakal noon din at hinding hindi ko na muli ito binigyan ng pagkakataong guluhin ang aking isip.



Mga Tanong:

1. Paano nakaapekto sa isang bata ang pambubulas? Ipaliwanag.
2. Bakit masama ang pambubulas? Pangatwiranan.
3. Paano malalampasan ng isang kabataan ang mga masamang epekto ng pambubulas?
4. Paano ka matutulong sa kapwa mga kabataang biktima ng pambubulas?
5. Kung ikaw ay naging biktima na nang pambubulas, paano mo ito nalampasan?

Gawain 2

Matapos mabasa ang kuwento at mamulat sa mga makatotohanang epekto ng pambubulas at karahasan sa paaralan, ituon naman natin ang iyong pansin sa mga makatotohanang kuwento ng katulad na karanasan sa iyong sariling paaralan.

1. Magsagawa ng isang survey sa paaralan na tataya sa dalawang bagay:
   a. Ikaw ba ay nambubulas?
   b. Ikaw ba ay nabubulas?
2. Maaaring gamitin ang katulad na nilalaman o di kaya naman ay maaring magsaliksik upang makagawa ng sariling *survey sheet*, tiyakin lamang na ito ay ipakikita sa guro bago isagawa ang *survey*.

Ikaw ba ay Nabubulas?

1. Mayroon bang mga tao na sumisimangot sa iyo o nagpapakita ng hindi magandang senyales ng kamay?
2. Mayroon bang nagkalat ng tsismis o nagsabi ng masasamang salita tungkol sa iyo?
3. Madalas ka bang tinutukso ng ibang mga mag-aaral?
4. Madalas ka bang pinagbubulungan ng ibang mag-aaral?
5. Hindi ka ba isinasali sa mga laro o gawain o isinasabay sa pagkain?
6. Iniiwan ka ba ng mga barkada o maraming barkada ang hindi ka nais na isali?
7. Pinagkakatuwaan ka ba ng ibang mag-aaral dahil sa iyong pananamit, buhok, salamin sa mata, o kulay ng balat?
8. Naranasan mo na bang dumaan sa isang “hazing” bago isali sa isang pangkat o samahan?
9. May nagbabanta ba sa iyo na ikaw ay sasaktan?
10. Naranasan mo na ba ang maitulak, itaboy, o kaya ay saktan ng ibang mag-aaral?

Kapag ang nakuhang marka sa survey na “Ikaw ba ay NABUBULAS?” ay:

1 hanggang 10 sagot na OO ito ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay nakaranas na ng pambubulas

Ngunit kung ang marka ay 6 pataas, agaran ang tulong na kailangan ng mag-aaral upang malampasan ang kaniyang pinagdaraanan.

Ikaw ba ay nambubulas?

1. Natutuwa ka bang pagtuunan ng pansin ang mga taong mas maliit sa iyo o maging sa mga hayop?
2. Gusto mo bang manukso o manghamak ng ibang tao?
3. Kapag nanunukso ka ng ibang tao, natutuwa ka bang makita na sila ay napipikon o nagagalit?
4. Natutuwa ka ba sa pagkakamali ng ibang tao?
5. Gustong-gusto mo bang kumuha at sumira ng gawain ng iba?
6. Gusto mo bang isipin ng ibang mag-aaral na ikaw ang pinakamalakas at pinakamatapang sa buong paaralan?
7. Madalas ka bang magalit?
8. Matagal ba bago mapawi ang iyong galit?
9. Isinisisi mo ba sa ibang tao ang mga maling nangyayari sa iyong buhay?
10. Gusto mo bang gumanti sa mga taong nakasakit sa iyo?
11. Kapag ikaw ay nasa isang laro, nais mo bang laging ikaw ang panalo?
12. Kapag ikaw ay natatalo, lagi mo bang inaalala kung ano ang sasabihin ng ibang tao tungkol sa iyo?
13. Ikaw ba ay nagseselos o naiinggit kapag nagtatagumpay ang ibang tao?

Kapag ang nakuhang marka sa survey na “Ikaw ba ay NAMBUBULAS?” ay:

1 hanggang 2 - may potensyal na maging mambubulas sa hinaharap

Mahigit sa dalawa – isang mambubulas at nangangailangan ng tulong upang maisaayos ang mga gawi

3. Makipag-ugnayan sa iba pang mga mag-aaral hanggang sa makabuo ng 5-10 kasapi ng pangkat.

4. Gumawa ng 50 kopya ng survey sheet para sa bawat isang survey. (50 – para sa “Ikaw ba ay Nabubulas?” at 50 para sa “Ikaw ba ay Nambubulas?”)

5. Pumwesto sa isang bahagi ng paaralan kung saan marami ang mga dumadaan na mga mag-aaral. Maglagay ng isang mesang magagamit ng mga mag-aaral sa pagsagot ng survey.

6. Ipaliwanag sa kanila na ang layunin nito ay upang tayahin kung may umiiral na karahasan sa paaralan.

7. Matapos isagawa ang survey ay isa-isahin ang mga survey sheet upang mataya ang mga marka ng mga mag-aaral.

8. Gumawa ng pangkalahatang ulat para sa isinagawang survey.

9. Sumulat ng ulat o pagninilay tungkol sa natapos na gawain.

10. Matapos isagawa ang gawain ay sagutin ang sumusunod na tanong:
    a. Ano ang pangkalahatang resulta ng isinagawang survey? Ano ang mensaheng ipinahihiwatig nito?
    b. Ano ang maaari mong magawa bilang mag-aaral upang masugpo ang ganitong mga gawain?
    c. Ano ang nararapat na gawin ng pamunuan ng paaralan upang masugpo ang ganitong gawain?

D. PAGPAPALALIM



Larawan ng isang teenager na masayang papasok sa paaralan



Larawan ng isang teenager na malungkot papasok sa paaralan

SPOT THE DIFFERENCE … Napansin mo ba ang pagkakaiba ng dalawang larawan? Sa larawan sa kaliwa, mababakas mo ang kaniyang saya habang naglalakad papunta sa paaralan. Imahe ng isang mag-aaral na naniniwalang may naghihintay sa kaniyang bago at masasayang mga karanasan sa paaralan. Ang nasa kanan naman, mababakas ang lungkot na wari ba ay kung bibigyan ng pagkakataon, mas nanaisin na huwag na lang pumasok sa paaralan. Dalawang napakahalagang indikasyon na maaaring magpakita ng isang palatandaan. Ikaw, ano ang damdamin mo sa bawat umaga na alam mong papasok ka na sa paaralan? Ano ba ang imahe ng paaralan para sa iyo? Ano kaya ang dahilan ng ilang mga mag-aaral na hindi masaya sa paaralan? Ano kaya ang dahilan kung bakit ang ilan ay nagpapasiyang huwag na lamang bumalik sa paaralan? Maraming sagot marahil ang pumapasok sa iyong isipan ngayon. Sa araling ito, susuriin ang isa sa mga posibleng sagot sa mga naunang katanungan. Handa ka na ba?

Karaniwang kaalaman sa lahat na ang paaralan ay isang institusyon para sa pagtuturo sa mga mag-aaral sa ilalim ng paggabay ng isang guro. Ngunit mas malalim pa rito mailalarawan ang paaralan bilang isa sa institusyon na humahasa sa isang indibidwal sa pakikipagkapwa. Dito mas naging malawak ang mundong ginagalawan ng isang bata labas sa kanilang tahanan at dito nagsisimulang makitungo ang isang bata sa mga taong hindi niya kadugo o kamag-anak. Kaya nga natalakay sa nagdaang mga aralin ang kahalagahan ng paghahanda ng pamilya sa mga bata sa pakikipagkapwa. Kailangan ng isang bata ang kakayahang ito upang

makayanan niya anuman ang hamon na kaniyang haharapin sa paaralan, lalo na sa mas malawak na lipunan.

Ngunit marami nang binabago ang panahon at hindi nakaligtas dito ang kalagayan ng mga paaralan sa ating bansa. Sa mga nagdaang panahon, maririnig at mapanonood ang balita tungkol sa mga karahasan na nangyayari sa paaralan. Nakalulungkot na ang lugar na dating sagrado dahil dito dumadaloy ang karunungan at katuwiran ay nababahiran na ng karahasan. Ano nga ba ang dahilan nito? Bakit ito ay nagiging malalang suliranin na hindi lamang sa bansa ngunit maging sa mundo?

Nakalulungkot na ang lugar na dating sagrado dahil dito dumadaloy ang karunungan at katuwiran ay nababahiran na ng karahasan.

Sa isinagawang survey ng Plan Philippines noong 2008 sa 2,442 mga bata sa 58 pampublikong paaralan sa bansa lumabas na karamihan sa mga karahasan na nararanasan ng mga mag-aaral sa paaralan ay dulot ng kanilang kapwa kabataan. Ano nga ba karahasan sa paaralan? Ayon sa National Criminal Justice Reference Service ng Estados Unidos, ang karahasan sa paaralan ay anumang kilos na lumalabag sa misyon at bisyon ng edukasyon, sa paggalang sa kapwa mag-aaral o anumang kilos na humahadlang sa layunin ng paaralan na maging ligtas sa -pagdarahas ng tao, pag-aari, droga, armas o kaguluhan.

Ano-ano nga ba ang mga karahasan na maaaring nagaganap sa paaralan? Ang ilan sa mga pangunahing kategorya ng karahasan sa paaralan ay pambubulas o *bullying*, labanan, pag-aaway o pagsasakitan sa loob man o sa labas ng paaralan, pagdadala ng droga, *sexual harassment*, *vandalism,* pagnanakaw, pagdadala ng mga nakasasakit na bagay at marami pang iba.

Sa araling ito ay itutuon ang pansin sa pagtalakay sa dalawang pangunahing karahasan na laganap na sa paaralan sa kasalukuyan.

Ang Pambubulas o *Bullying*

Ang pambubulas o *bullying* ay isang sinasadya at madalas na malisyosong pagtatangka ng isang tao o pangkat na saktan ang katawan o isipan ng isa o mahigit pang biktima sa paaralan. Ito ay nagaganap dahil sa hindi pantay na kapangyarihan o lakas sa pagitan ng mga tao. Ang mga batang nambubulas ay ginagamit ang

kaniyang kapangyarihan, na nakahihigit sa kaniyang binubulas – pisikal na lakas, pagkakaroon ng kaalaman sa mga nakahihiyang impormasyon tungkol sa binubulas o kaya naman ay popularidad – upang kontrolin o magdulot ng panganib sa kapwa. Matatawag lamang na pambubulas kung ito ay isasagawa ng paulit-ulit o may potensyal na maulit sa takdang panahon.

Ang pambubulas ay hindi palaging marahas. Sa katunayan, mas malalim ang sugat na iniiwan ng pambubulas na hindi marahas. Upang mas maging madaling unawain ito ay tatalakayin ang dalawang uri ng pambubulas.

Uri ng Pambubulas

1. *Pasalitang Pambubulas*. Pagsasalita o pagsusulat ng masasamang salita laban sa isang tao. Kasama rito ang pangangantyaw, pangungutya, panunukso, panlalait, pang-aasar, paninigaw, pagmumura, pang-iinsulto, pagpapahiya sa iyo sa harap ng maraming tao, at iba pa.Sa nabanggit na pag-aaral ng PLAN Philippines, ang pangungutya at panunukso ang pinakapangunahin sa nararanasan ng mga mag-aaral sa paaralan. Kahit sa maagang yugto ng pag-aaral ng mga bata sa paaralan ay nararanasan na nila ang kutyain at tuksuhin bunga ng iba-ibang kadahilanan. 50% sa mga mag-aaral na nasa Una hanggang Ikatlong Baitang, 67% sa Ikaapat hanggang Ika-anim na Baitang ang 65% sa mga nasa high school ang mayroong ganitong karanasan. Hindi ito marahas ngunit nakaalarma ang maaaring maidulot nito sa mga batang madalas na nakararanas nito.

2. *Sosyal o Relasyonal na Pambubulas*. Ito ay may layuning sirain ang reputasyon at ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Kasama rito ang hindi pagtanggap sa isang tao o sadyang pang-iiwan sa kaniya sa maraming pagkakataon, panghihikayat sa ibang mag-aaral na huwag makipagkaibigan sa isang partikular na indibidwal o pangkat, pagkakalat ng tsismis, pagpapahiya sa isang tao sa gitna ng nakararami at iba pa.

3. *Pisikal na Pambubulas*. Ito ay ang pisikal na pananakit sa isang indibidwal o pangkat at paninira ng kaniyang mga pag-aari. Kasama rito ang panununtok, paninipa, pananampal, pangungurot, o ang biglang pag-alis ng upuan habang

nakatalikod upang matumba ang nakaupo. Kabilang din dito ang pagkuha at pagsira sa gamit o pagpapakita ng hindi magagandang sensyas ng kamay.

Profile ng mga Karakter sa Pambubulas

Ang Nambubulas

Ayon sa isinagawang pag-aaral ni Karin E. Tusinski (2008) ang dahilan ng pambubulas ng isang tao ay maaring maugat sa pamamaraan ng pagpapalaki ng kaniyang mga magulang. Sabi niya sa kaniyang pag-aaral, ang isang bata na nambubulas ay:

1. Mas malamang na napalaki ng isang pamilyang napabayaan na gawin ang lahat ng kaniyang gustong gawin at hindi napaaalalahanan lalo na sa mga hindi tamang nagagawa.
2. Hindi naramdaman sa kaniyang pamilya ang pagmamahal
3. Hindi napalago ang komunikasyon at ugnayan sa loob ng pamilya
4. Ginamitan ng pananakit bilang pagdisiplina
5. Nakita ang pagiging marahas ng magulang na magdudulot ng pagkakaroon ng damdamin ng poot sa kapwa at malaon ay makaramdam ng kasiyahan sa pananakit sa iba

Ito ang lumalabas na pasimula sa pagkakaroon ng kakayahan ng isang mambubulas na makapanakit ng kanilang kapwa. Ang isang mambubulas ay may pagkiling sa mga gawaing masama at nakasasakit ng kapwa at makikita ang kanilang malabis na pagnanais na mangibabaw (dominance) sa lahat. Ginagamit nila ang pangingibabaw na ito upang maisakatuparan ang kanilang mga ninanais, napasusunod nila ang mga batang mas mahina sa kanila. Nakalulugod sa kanila ang maramdaman ang kanilang kapangyarihan at kakayahang kontrolin ang ibang tao. Kumikilos sila ng ganito dahil labis na mataas ang kanilang tiwala sa kanilang sarili (Tusinski, 2008). Iniisip nila nararapat lamang para sa kanila ang sundin at katakutan ng iba (entitlement) at kailangang kilalanin bilang pinakamakapangyarihan sa buong paaralan.

Ang Binubulas

Ano naman ang madalas na sanhi kung bakit nabubulas ang isang tao? Narito ang ilan lamang sa mga posibleng dahilan:

1. *Kaibahang Pisikal(physically different)*. Ang mga halimbawa nito ay ang maaaring pakakaroon ng kapansanan sa katawan, masyadong mataba o payat, mahina o astigin, masyadong matangkad o bansot, at iba pa.

2. *Kakaibang Istilo ng Pananamit(dresses up differently).* Halimbawa, kung ikaw ay babae,maaaring magiging target ka nila kung masyadong maiksi o bulgar ka sa iyong pananamit, o di kaya masyado namang mahaba o balot ang katawan o konserbatibo ka kung manamit.

3. *Oryentasyong sekswal(sexual orientation)*. Lapitin ka ng mga mambubulas kung nakikitaan ka nila ng pagiging mahina bilang isang lalaki o di kaya sa pagiging astigin mo bilang isang babae.

4. *Madaling mapikon (short-tempered).* Matutuwa ang isang nambubulas kung makikitang kagyat ang galit na ipakikita kapag tinutukso o kinukutya. Alam nilang nakaaapekto ang kanilang ginagawa kung kaya matutuwa silang ito ay ulit-uliting gawin.

5. *Balisa at di panatag sa sarili (anxious and insecure).* Ang kawalan ng seguridad sa sarili ay isang palatandaan ng kahinaan. Madali itong nakikita ng mga nambubulas.

6. *Mababa ang tingin sa sarili (low self-esteem).* Maging ang kawalan ng tiwala ay isang napakagandang indikasyon na magiging madali para sa isang mambubulas na maipakita ang kaniyang nakahihigit na kapangyarihan. Mas tumataas ang tiwala nila sa kanilang sarili kung nakikita nilang walang kakayahan ang kanilang binubulas na ipakita ang kaniyang kakayahan at kalakasan.

7. *Tahimik at lumalayo sa nakararami (quiet and withdrawn).*

8. *Wala kang kakayahang ipagtanggol* ang sarili *(inability to defend oneself)* laban sa kanila.

Mga Epekto ng Pambubulas

Ayon nga kay Michael Diamond, Direktor ng Plan Philippines, “Nakababahala ang palaki nang palaking bilang ng mga nabibiktima ng pambubulas dahil ang mga biktima nito ay mayroong posibilidad na makalinang ng pagiging mailap at ng takot na makaaapekto sa pamamaraan ng kanilang pakikipag-ugnayan sa kanilang kapwa, makahahadlang sa kanilang pakikilahok sa paaralan at makapagpapababa ng kanilang marka sa pag-aaral”. Mas higit pa rito, maaari itong magdulot ng takot sa pagharap ng mga bata sa lipunan. Magdudulot ito ng madalas na pagliban sa klase na malaon ay magbubunga ng paghinto sa pag-aaral at pag-ayaw na muli pang bumalik sa paaralan. Narito pa ang ilan sa mga pangunahing epekto ng pambubulas:

1. May mga pag-aaral na makapagpapatunay na ang mga biktima ng pambubulas ay may posibilidad na magkaroon ng labis na pagkabalisa, kalungkutan, suliranin sa pagtulog (sleep difficulties), mababang tiwala sa sarili, maging sakit ng ulo at tiyan at pangkalahatang tensiyon kumpara sa mga kabataan na hindi nagiging biktima ng pambubulas. Ang pambubulas na ito ay magdudulot ng stress sa biktima na malaon ay magdudulot ng mahinang pangangatawan laban sa sakit at impeksyon kung kaya mas marami sa nakararanas ng ganito ay nagiging sakitin.

> Maaalala ko habangbuhay at hindi kailanman malilimutan
>
> Lunes: Kinuha nila ang aking pera
> Martes: Tinawag sa iba-ibang pangalan
> Miyekules: Pinunit nila ang aking uniporme
> Huwebes: Puno ng dugo ang aking katawan
> Biyernes: Tapos na ang lahat
> Sabado: Kalayaan
>
> Isinalin mula sa tulang sinulat ng isang batang 13 taong gulang na biktima ng pambubulas sa England. Winakasan niya ang kaniyang sariling buhay dahil sa seryosong pambubulas ng kaniyang kapwa mag-aaral.

2. Ang biktima ng pambubulas ay madalas na kakaunti ang kaibigan o maaaring walang kaibigan. Dahil sa kanilang labis na pagiging balisa at sa kanilang mababang pagtingin sa kanilang sarili, masyadong mahirap para sa kanila ang humanap at magkaroon ng kaibigan. Maaari itong magdulot ng pag-iisa at pagiging malayo sa nakararami at magkakaroon sila ng paniniwala na hindi sila

karapat-dapat na magkaroon ng kaibigan. Bukod pa rito, ayaw ding makipagkaibigan ng ibang mga mag-aral sa mga biktima ng pambubulas dahil sa takot na maging sila ay maging biktima rin at hindi rin sila magustuhan ng ibang mag-aaral kapag nakitang sila ay nakikihalubilo sa mga binubulas.

3. Isa pa sa posibleng epekto sa biktima ng pambubulas ay ang posibiliad na sila mismo ay maging marahas, maaaring sa panahon ng pambubulas o sa hinaharap. Ang karahasan na ito ay maaaring nilang gawin sa kanilang sarili, sa paaralan o maaaring sa taong nambubulas sa kanila. Maaaring makagawa sila ng mas marahas na bagay lalo pa at naging malabis ang sakit na kanilang naranasan mula sa mga nambubulas. Sila ay napipilitang gumanti at makapanakit.

Ito ay mga palatandaan na hindi nabibigyan ng tuon dahil sa pag-aakala ng marami na ang pambubulas ay bahagi ng yugto ng pagdadalaga/pagbibinata. Sabi nga ng ilan, "*That's part of growing up!"* Mahalagang maunawaan ng lahat ng kabataan na hindi normal na kasama sa paglago ang pagiging biktima ng pananakit ng kapwa.

Kung inaakala ng marami na ang pambubulas ay tanging sa binubulas lamang nakaapekto ito ay isang pagkakamali. Maging ang pambubulas ay mayroon ding epekto sa taong gumagawa nito. Mayroong panandalian at pangmatagalang epekto ang kanilang gawing pambubulas. Sila ay mas malamang na masangkot sa mga mapanganib na gawain bilang bata at maging sa kanilang pagtanda. Sa kanilang kabataan, mas mataas ang posibilidad na sila ay masangkot sa pagnanakaw, magsimulang makasama sa mga pisikal na away, masaktan sa pakikipag-away, lumiban sa klase, magdala ng mga armas upang magdulot ng takot sa ibang mag-aaral, gumamit ng alcohol at droga at marami pang iba.

Maaaring silang magsimulang magkakaroon ng di kanais-nais na asal sa pakikipag-ugnayan sa kapwa, di katanggap-tanggap na kakayahan sa pakikipagkapwa, at maaaring masasangkot pa sa mas maraming gulo sa hinaharap. Ang mga ganitong mga katangian ng isang nambubulas ay kailangang mabago dahil kung hindi ay maaaring magdulot ng mas malaking suliranin sa hinaharap. Ang hindi magandang imahe na nabubuo ng isang nambubulas sa lipunan ang magiging sanhi

upang hindi siya makatagpo ng tunay na kaibigan at hindi makatanggap ng tunay na paggalang mula sa kaniyang kapwa kabataan.

Ano ang mangyayari kung hindi matutulungan ang isang mambubulas na tumigil sa ganitong mga gawain? Lalala ang di kanais-nais na pakikipag-ugnayan sa kapwa at maaaring humantong ito sa isang trahedya sa kanilang buhay, sa kanilang pamilya, sa paaralan at sa lipunan. Halimbawa nito ay ang pangyayari sa isang mag-aaral na nambubulas ng kapwa mag-aaral sa Colegio de San Agustin sa Maynila. Umabot sa punto na kinampihan siya ng kaniyang ama at nanutok ito ng baril sa kaniyang biktima. Naging magulo ang buhay ng kanilang pamilya nang dahil sapangyayaring ito.

Hindi ito normal sa yugto ng pagdadalaga/pagbibinata. Hindi kailanman maaaring hayaan ang patuloy na ganitong pangyayari dahil lamang inaakala ng marami na bahagi ito ng kanilang pagbabago at paglago.

Paglahok sa *Fraternity* o Gang

Bilang panlipunang nilalang, likas sa atin ang pagnanais na mapabilang *(belongingness)*. Naghahanap tayo ng pangkat kung saan tayo mapabilang maliban sa ating pamilya. Ang usapin na lamang ay kung anong uri ba ng pangkat ang iyong ninanais na kabilang o sa kasalukuyan ay kinabibilangan.

Katulad ng lumalalang suliranin sa pambubulas ay ang paglago rin ng bilang ng mga kabataan na kabilang sa fraternity at gang maging sa loob ng paaralan. Noon ang imahe ng gang ay simpleng mga kalalakihan na walang malinaw na layunin at direksyon ang buhay, gusto nilang makialam sa maraming bagay ngunit hindi ito nangangahulugan na naghahanap sila o nagsisimula ng kaguluhan at karahasan at maaaring nasasangkot sila sa karahasan ngunit hindi nangangahulugan na kailangang magdala ng nakasasakit at nakamamatay na armas. Sa kasalukuyan, ang gang ay mas bata, mas marahas, walang takot at higit sa lahat mayroong ng mga kababaihan. Pabata na nang pabata ang hinihinging edad at ang bilang ng babae at lalaki na nagkakaroon ng interes ay palaki nang palaki. Lumipas na ang panahon na sapat na ang pare-parehong damit o panyo na nasa ulo o balikat, sa ngayon ay kinakailangan na ng mas permanenteng mga palatandaan katulad ng tattoo o kaya naman ay pagpaso sa nakatagong bahagi ng

katawan. Ganito na ang naging pagbabago ng imahe ng pagiging kasapi ng isang fraternity o gang.

Makatutulong ang babasahin na ito upang imulat ang mata sa bumubulagang katotohanan tungkol sa pag-iral at paglago ng mga fraternity at gang sa bansa. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman mas magiging malinaw kung bakit mahalagang iwasan na maging kasapi ng ganitong samahan.

Ano nga ba ang gang? Ano nga ba ang fraternity? Magkapareho ba ito? Walang unibersal na kahulugan ang gang. Ayon sa Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos ito ay:

1. Pagsasamahan ng tatlo o mahigit pang indibidwal;
2. Ang mga miyembro nito ay kolektibong kinikilala ang kanilang pangkat sa pamamagitan ng paggamit ng pangkatang pagkakakilanlan (group identity) na kanilang ginagamit upang makalikha ng takot o *intimidation,* madalas ay ginagamit nila ang isa o mahigit pa sa sumusunod:
    a. iisang pangalan o pagkakakilanlan
    b. islogan
    c. mapagkakakilanlan o palatandaan
    d. simbolo
    e. tattoo o iba pang marka sa katawan
    f. kulay ng damit
    g. ayos ng buhok
    h. senyales ng kamay o *graffiti*
3. Ang tanging layunin ay makilahok o sumali sa masasamang gawain o mga krimen at gumagamit ng karahasan o intimidation upang maisagawa ang mga ito.
4. Ang mga kasapi ay sumasali sa masasamang gawain o krimen na kung ang gagawa ay mga nakatatanda, ay mga krimen na may layuning mas palakasin ang kapangyarihan ng pangkat, reputasyon at pinansyal na panustos sa kanilang mga pangangailangan.

5. Ang samahan ay maaari ding magtaglay ng sumusunod na katangian:

    a. Mayroon silang sinusunod na mga panuntunan para sa pagsama o paglahok
    b. Nagkikita ang lahat ng miyembro sa mga on a recurring basis
    c. Nagbibigay ang mga kasapi nito ng proteksyong pisikal sa mga kapwa kasapi nito lalo na mula sa mga kapwa gang
    d. Mayroon silang itinuturing na partikular na lugar na tinatawag na “teritoryo”

Ang fraternity naman sa kabilang dako ay isang panlipunan o akademikong organisasyon o samahan na ginagamit ang alpabetong Griyego na batayan sa kanilang mga pangalan. Ito ay isang pagkakapatiran (latin:frater na nangangahulugang “brother) na pinag-isa ng layuning mapalago ang aspetong intelektwal, pisikal at sosyal ng mga kasapi. Malaya ang lahat ng mga kasapi nito na makilahok o makisama na hindi tinitingnan ang katayuan sa lipunan patungo sa makabuluhang layunin. Ito ay binuo dahil sa maraming layunin, kasama rito ang edukasyon lalo na sa mga pamantasan, kakayahan sa paggawa, etika, relihiyon, pulitika, pagtulong sa kapwa, o maging paggawa ng krimen at marami pang iba. Palaging ginagabayan ang mga kasapi nito ng kahalagahan ng pagbibigayan ng suporta sa isa’t isa.

Mapapansin ang ilang mga pagkakaiba sa kanilang kahulugan at layunin ngunit mapapansin na kapwa mayroong kapasidad ang fraternity at gang na makagawa ng masama sa kapwa at makapagdulot sa kanila ng kapahamakan.

Dahil sa kasalukuyan, ang mga kasapi ng fraternity at gang ay pabata nang pabata, nagkakaroon na rin ng malaking pagbabago sa layunin, pamamaraan at gawain ng mga kasapi nito.

Sa kasalukuyan, narito ang mga pangunahing katangian ng mga gang

    a. Itinuturong nangungunang dahilan sa pagdami ng karahasan o krimen sa kasalukuyan, sa loob man o sa labas ng paaralan.
    b. Upang maging kasapi ng isang gang, isang inisasyon ang kailangang maipasa. Ito ay kadalasang naglalaman ng mga marahas na gawain katulad ng pananakit na pisikal, pananamantala o pagpatay

c. Ang pagiging kalahok ng isang gang ay maaaring magdulot ng kapahamakan, maaaring maging dahilan ng pagkakakulong o kaya naman ay kamatayan
d. Ang paglahok sa isang gang ay halos palaging nangangahulugan ng paggamit ng alcohol at droga
e. Inilalagay nito sa kapahamakan maging ang sariling pamilya na siyang maaring pagbalingan ng mga kalabang gang bilang paghihiganti
f. Karamihan sa miyembro ng gang ay nadadala ang pagiging marahas hanggang sa kanilang pagtanda, mas madalas na labas masok sa kulungan kung humaba man ang kanilang buhay
g. Karamihan sa mga miyembro ng gang ay humihinto sa pag-aaral o di kaya naman ay natatanggal sa paaralan
h. Ang mga miyembro ng gang ay mas madalas na nasa kalye at kung minsan ay humahawak ng baril o iba pang mga armas na nakasasakit at nakamamatay

Hindi marahil tama na isisi lamang natin ang paglaganap ng gang sa musikang kanilang naririnig o sa mga pelikulang kanilang napanonood. Marami kasi ang nagsasabi na ang midya ang pinakamalaking impluwensya para sa mga kabataan. Ngunit lumalawak ang ganitong samahan dahil ang mga kasapi nito ay naniniwalang "*cool*" ang maging kasapi nito – nais nilang maramdaman na sila ay tinatanggap bilang tao sa ganitong uri ng samahan. Sa pananaw ng mga kabataang sumasali sa fraternity o gang, nakalilikha ang kanilang pagiging kasapi ng kanilang lugar o katayuan sa lipunan – na sila ay nagkakaroon ng impluwensya sa maraming tao. Isa itong malakas na panghimok lalo na sa mga kabataan na malungkot o nag-iisa. Nahihimok sila dahil sila ay pinangangakuan ng proteksyon at lakas o impluwensya at pinaniniwalang ang kanilang pakikiisa ay para sa kanilang kapakanan.

Mahalaga ang kaalaman na ito tungkol sa fraternity at gang upang mas maging madali para sa iyo ang magpasiya sa pag-iwas na mapabilang sa ganitong pangkat. Marami silang ipinangangako ngunit kailangan ay maging mulat ang lahat sa pangmadalian at pangmatagalang epekto ng pagsapi rito.

Ang pagsali sa gang sa loob ng paaralan ay isa sa mga sagabal sa pag-aaral ng mga kabataan. Ito ay nakagagambala sa pagpasok sa paaralan at naiiba ang tuon ng mga sumasapi rito. Natututo ang mga kasapi nito ng mga masasamang gawain-maaaring ang ilan ay napipilitang sumunod sa paggawa ng mga masasamang gawain upang maiwasan ang katulad na parusang ibinibigay ng mga pinuno at kasapi nito sa mga kabataang hindi nila kasapi o kasapi lalo na ng mga kalaban nilang gang. Nakalilimutan na rin ng mga kasapi nito ang paggalang sa mga nasa kapangyarihan dahil ang mas marami sa kanila ay naniniwalang walang sinuman ang mas makapangyarihan sa kanila. Ito at marami pang ibang dahilan ang nagiging sanhi upang mas lalong lumawak ang masamang gawain na maaari nilang gawin at dumarami ang mga taong nagiging biktima ng kanilang gawain. Halimbawa nito ang nangyaring pananaksak sa isang Mataas na Paaralan ng isang katorse anyos na mag-aaral, na miyembro ng gang, sa kaniyang guro na siyang ikinamamatay nito. May naiulat din na pamamaril ng isang miyembro ng gang sa kaniyang kapwa mag-aaral sa paaralan sa isang Rehiyon na ikinasasawi rin ng huli. Nakapanlulumong isipin na kakayanin itong gawin ng mga kabataan na dapat sana ay nagsisimulang bumuo ng kanilang mga pangarap at nagpaplano para sa pagkamit ng kanilang mga layunin sa buhay.

Malawak ang maaaring maging pinsala ng patuloy na pagdami ng mga kasapi ng fraternity at gang. Kung kaya nararapat lamang na maging malawak din ang pagkilos upang ito ay mapigilan o mas nararapat masugpo. Ano nga ba ang nararapat na gawin? Mayroon pa bang pag-asang ito ay masugpo? Oo naman, ang mahalaga lamang ay balikan ang pinakapangunahin at ang pinakamahalaga sa lahat… ang pagmamahal.

Mga Pamamaraan Upang Maiwasan ang Karahasan sa Paaralan

Ang layunin ng iba’t ibang pamamaraan na nabuo bunga ng mga pag-aaral sa ibang bansa pangunahin na ang Estados Unidos, ay pigilan ang pagkakaroon ng karahasan sa paaralan. May apat na antas kung saan maaring pakilusin ang programa laban sa karahasan sa paaralan: sa lipunan, sa paaralan, sa tahanan, at sa indibidwal.

Ang mga pamamaraan sa antas na panlipunan ay nakatuon sa sosyal at kultural na pagbabago dito upang mabawasan ang karahasan saan man ito nagaganap. Halimbawa ay ang regulasyon ng media upang mabawasan ang pagpapalabas at paglalathala ng karahasan dito, ang paghuhubog ng mga pamantayang sosyal, pagbabago sa sistema ng edukasyon. Ang mga programa sa antas na ito ay nangangailangan ng mahabang panahon at higit na mahirap ipatupad kaysa sa alinmang antas.

Ang programa sa antas na pampaaralan ay nakadisenyo upang baguhin ang mga kalagayan sa paaralan na kaugnay ng karahasan. Ito ay maisasagawa sa pamamagitan ng pagsasaayos at pagkakaroon ng sistema sa loob ng klase, *cooperative learning* at wasto at sapat na pamamatnubay ng mga guro sa mga mag-aaral. Sa mga paaralang elementarya ang pamamaraan o istratehiyang tinawag na *Good Behavior Game* ay nakatutulong upang mabawasan ang pagkaantala ng klase at magkaroon ng mabuting interaksyon sa loob ng klase. Nakatutulong naman ang *Second Step Curriculum* upang sanayin ang mga mag-aaral sa ikalawa at ikatlong baitang na magkaroon ng pagpipigil sa sarili at empathy upang mabawasan ang agresyon sa kanilang pagkilos at pakikitungo sa kapwa mag-aaral. Karamihan ng mga programa sa paaralan upang mabawasan o mawala ang karahasan ay nakatuon sa pagsugpo sa pambubulas sa loob ng paaralan. Gayun pa man napatunayan pa rin na higit na mabisa ang mga programa na kaugnay ng pagpapalakas ng ugnayan sa pamilya at mga programang nakapagpapataas ng kasanayang sosyal at akademiko ng mga kabataang nanganganib bumagsak o umalis sa paaralan. Samakatuwid ang mga estratehiya at programa sa antas na pantahanan at indibidwal ay mas dapat na bigyan ng tuon.

Pagmamahal sa SARILI, KAPWA, at BUHAY: Mga Sandata laban sa Karahasan sa Paaralan

Tama nga, ang lahat ay dapat na nag-uugat sa sarili. Ang pagmamahal sa sarili ang isa sa pinakamahalagang sandata na magagamit ng isang kabataan upang maiwasan na masangkot sa anumang karahasan sa paaralan.

Isapuso mo ang katotohanan na nag-iisa ka lamang sa mundo. Mahalaga ka, isa kang hindi na mauulit na ekspresyon ng diwa ng Diyos. Ikaw lang ang mayroong

natatanging pagkakataon upang kilalanin nang malalim ang iyong sarili at tuklasin ang landasin na para sa iyo.

Kaya mong mahalin ang iyong kapwa, mag-alala para sa kanila, bigyan sila ng lakas ng loob, suportahan, makinig, ngunit lahat ng biyaya ng kasiyahan, pag-unawa at pag-aaruga na iyong ibinibigay sa iyong kapwa ay nararapat din para sa iyong sarili. Kailangan mo ng pagmamahal na ikaw lamang ang makapagbibigay.

Marami tayong rason upang hindi mahalin ang ating sarili. Maaaring mataba ka o sobrang payat kaya, iyakin o hindi marunong umiyak, takot sa kabiguan o takot sa tagumpay, hindi sapat ang iyong kakayahan, ganda, kapangyarihan, tangkad, tapang, pagiging interesante. Madalas kinukumbinsi ng tao ang kaniyang sarili na hindi siya nararapat sa buhay na kaniyang hinahangad para sa kaniyang sarili. Ito at marami pang iba ang nagpapahina sa iyo, lalo na sa paningin ng ibang tao.

Dalawang bagay ang mahalaga upang maiwasan ang pagiging mapaghanap at ang kawalang ng kapanatagan ng tao:

1. Kaalaman sa Sarili - Mahalagang kilalanin ang sarili. Ano ang iyong talento at kakayahan? Ano ang iyong kalakasan at kahinaan? May kaalaman ka ba sa iyong damdamin? Ano ang tunay na layunin mo sa buhay? Ano ang gusto mong marating sa hinaharap? Ano ang tunay na makapagpapasaya sa iyo? Ito ay mahahalagang tanong na nangangailangan ng sagot upang masabi mong mayroon kang kaalaman sa iyong sarili. Mahalagang masagot ang mga tanong na ito upang maging panatag ang iyong damdamin at ang iyong kabuuan. Sa ganitong paraan mo lamang mauunawaan at matatanggap ang iyong sarili bilang ikaw at hindi maghanap ng mga bagay na hindi naman talaga para sa iyo. Ang pag-unawa at pagtanggap ay pangunahin patungo sa pagmamahal. Ganito mapagtatagumpayan ang pag-iwas na masangkot sa anumang kaguluhan lalo na sa paaralan.

2. Paggalang sa Sarili - Upang magkaroon ka ng paggalang sa kapwa, kailangan mo munang magkaroon ng paggalang sa iyong sarili. Ibig sabihin nito ay ang pagkakaroon ng pagpapahalaga sa sarili (self-esteem or self-worth). Sa madaling salita, mayroon kang positibong pagtingin sa iyong sarili.

Gaano ba kahalaga ang paggalang sa sarili? Ang paggalang sa sarili ay nakatutulong sa pagbuo ng malusog at mapanagutang pananaw sa buhay. Ito ay dahil kung panatag ka sa iyong sarili mas madali sa iyo ang magkaroon ng pag-unawa at simpatiya sa kalagayan ng iyong kapwa.

Kung panatag ka sa iyong sarili, hindi mo kailangang gumawa ng anumang bagay para lamang mapansin at makuha ang atensyon ng iba tulad halimbawa sa mga ginagawa ng mga nambubulas sa inyong paaralan. Ang iyong halaga (self-worth) ay hindi nakabatay sa mga taong nakapaligid sa iyo. Sa halip, ito ay nakabatay sa positibong pagtingin mo sa iyong sarili at kung paano mo ginagamit ang iyong mga kakayahan para sa ikabubuti ng iyong sarili at ng iyong kapwa. Ang paggalang sa sarili ay tutulong sa iyo na maging mapagkumbaba. Dahil dito maiwasang mangibabaw ang iyong pagkamaka-ako.

Mas magiging madali na ang maglaan ng pagmamahal sa kapwa kung may pagmamahal sa sarili. Likas sa tao ang makatanggap ng paggalang at pagmamahal mula sa kaniyang kapwa dahil siya ay anak ng Diyos at dahil lahat ng tao ay biniyayaan ng dignidad, lahat tayo ay karapat-dapat dito. Bakit mahalagang matutuhan ng lahat na igalang at mahalin ang kaniyang kapwa?

1. *Ang paggalang sa kapwa ay kailangan upang maging ganap ang pagmamahal na inilalaan.* Hindi ito hinihingi o binibili, bagkus inaani dahil sa itinanim na paggalang sa kapwa. Palaging pagsikapang gawin kung ano ang makabubuti para sa lahat at magkaroon ng positibong pagtingin sa lahat at nakatitiyak na susuklian din ito ng higit sa iyong ibinigay. Ngunit hindi nangangahulugan na palaging tayong maghihintay ng sukli mula sa ating ibinigay. Tandaan na ang tunay na pagmamahal ay wala kundisyon at walang hinihintay na kapalit.

2. *Ang pagmamahal sa kapwa ay nangangahulugan din ng pag-unawa sa kaniya.* Kapag mahal mo ang isang tao nakahanda kang tanggapin siya bilang siya. Walang kundisyon at walang inaasahang kapalit. At higit sa lahat palaging nakahandang dumamay sa tagumpay at lalo't higit sa kabiguan.

3. *Ang pagmamahal sa kapwa ay may kaakibat na katarungan.* Ang katarungan, katulad ng natalakay sa mga nagdaang aralin, ay pagbibigay sa kapwa ng nararapat para sa kapwa, ang paggalang sa kaniyang dignidad bilang tao.

Ang karahasan sa paaralan o sa kahit na saang lugar ay bunga ng pagtalikod ng taong gumagawa nito sa tunay at dalisay na kahulugan ng pagmamahal. Kahit na sino ay sasang-ayon na kapag mananatili ang pagmamahal sa gitna ng lahat ng ugnayan ay walang sinuman ang makaiisip na magdulot ng sakit o panganib sa buhay ng kaniyang kapwa. Ngunit katulad naman ng anumang halaman o puno ito ay kailangang ipunla, alagaan at palaguin dahil matututuhan lamang ang magmahal kung ito ay naiparamdam o naiparanas.

Palagi mong gamiting gabay ang mga katagang ito: Mahalin mo ang iyong sarili upang matutuhan mong mahalin ang iyong kapwa, pagmamahal na pinagniningas ng halimbawa ng tunay na pagmamahal na ibinibigay ng Diyos. Kapag ito ay naisapuso tiyak na hindi magtatagumpay ang karahasan sa anumang paraan. Maaari ka bang tumulong sa paghahasik ng binhi?

TAYAHIN ANG IYONG PAG-UNAWA

1. Ano ang sanhi ng karahasan sa paaralan? Isa-isahin ang mga ito?
2. Ano ang dahilan kung bakit umiiral ang karahasan sa paaralan? Talakayin.
3. Ano ang epekto ng pagkakaroon ng karahasan sa paaralan?
4. Paano ganap na masusugpo ang mga karahasan sa paaralan? Ipaliwanag.
5. Bakit mahalagang iwasan ang anumang karahasan sa paaralan? Ipaliwanag.
6. Paano mo mailalarawan ang isang paaralang ligtas sa anumang uri ng karahasan?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Gamit ang graphic organizer sa pahina 397, sagutin ang mahalagang tanong: Bakit mahalaga ang pag-iwas sa anumang uri ng karahasan sa paaralan at ang aktibong pakikisangkot upang masupil ito?

Ang pag-iwas sa anomang uri ng karahasan sa paaralan	ay patunay ng		na may kaakibat na _____
Ang aktibong pakikisangkot sa pagsupil nito			


Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

Batayang Konsepto:

_____
_____
_____

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO



Pagganap

Matapos magkaroon ng kamalayan sa kasalukuyang kalagayan ng paaralan sa usapin ng pagkakaroon ng karahasan dito sa anumang paraan, mahalagang maibahagi sa lahat ang kaalaman na natutuhan mula sa aralin.

1. Magplano para sa pagsasagawa ng isang "*panel discussion*" o "*symposium*" tungkol sa paksang "Karahasan sa Paaralan: Maiiwasan Kung May Kaalaman".

2. Makipag-ugnayan sa mga namamahala ng paaralan sa tulong ng gurong tagapayo upang maisagawa ang gawain. Hingin ang kanilang pagpayag sa isasagawang gawain sa pamamagitan ng paggawa ng isang liham. Mahalagang isalaysay ang pangunahing layunin sa pagsasagawa ng gawain at maikling pagsasaad ng magiging daloy ng gawain.

3. Tiyakin na bago isagawa ito ay naipakita sa tagapayo ang liham at lahat ng mga kalakip nito.

4. Matapos makuha ang pagpayag ng mga namumuno sa paaralan ay planuhin ang pagsasagawa ng proyekto.

5. Mag-anyaya ng mga tagapagsalita sa “*panel discussion*” o “*symposium*”. Makababuti kung mag-aanyaya ng sinuman sa sumusunod:
    a. Guidance counselor
    b. Namumuno sa paaralan (hal. Punongguro, o mga puno ng Kagawaran)
    c. Mga tauhan ng DSWD
    d. Mga dating kasapi ng fraternity o gang na sa kasalukuyan ay nabago ang buhay at may malalim na pagkatuto sa kanilang naging karanasan.
    e. Mga biktima ng bullying na nalampasan ang kanilang mga pinagdaanan
    f. At iba pa na may sapat na kaalaman tungkol sa paksa

6. Imbitahan ang ilang mga mag-aaral lalo na yaong naging bahagi ng isinagawang survey na sa iyong palagay ay nangangailangan ng kaalaman at paggabay.

7. Magtala ng mahahalagang pangyayari sa isasagawang gawain. Mas makababuti kung i-video ito upang maibahagi sa mas maraming tao sa pamamagitan ng *socal networking site*.

Pagninilay

1. Lumikha ng isang newsletter na ang pangunahing paksa ay tungkol sa karahasan sa paaralan.

2. Isalaysay dito ang sumusunod:
    a. Mga mahahalagang kaalaman na nais na ibahagi sa maraming mga mag-aaral sa paaralan
    b. Mga tunay ng kuwento ng karahasan mula sa mga kapwa mag-aaral na makatutulong upang mas maimulat ang mata ng lahat tungkol sa panganib na dulot ng pambubulas at paglahok sa *fraternity* o gang.
    c. Pagninilay tungkol sa naging karanasan sa kabuuan ng aralin
    d. Mga mungkahing proyekto o gawain na makatutulong upang mapigilan ang paglaganap ng karahasan sa paaralan

3. Tiyakin na magiging malikhain sa paggawa ng *newsletter* upang mahimok ang marami na basahin ito.

4. Ipakita sa guro ang nilalaman nito upang matiyak na walang maling impormasyon na mailalagay dito.

5. Matapos maipakita sa guro ay ibahagi ito sa *social networking site* katulad ng *facebook, twitter* atbp.

Pagsasabuhay

1. Makipag-ugnayan sa *guidance counselor* ng paaralan upang magplano para sa pagbubuo ng isang *support group* na aalalay sa mga mag-aaral na biktima ng anumang uri ng karahasan sa paaralan. Bigyang-linaw sa kaniya ang mahahalagang bagay na kailangang ihanda para sa pagsasakatuparan nito.

2. Matapos ang pakikipag-ugnayan ay magsagawa ng kampanya upang makahikayat ng mga kapwa mag-aaral na nagnanais na maging bahagi ng pangkat lalong-lalo na yaong mga mag-aaral na mayroon ng karanasan sa karahasan sa paaralan. Mas magiging makabuluhan din ito kung gagawing kabahagi sa pangkat ang iba pang mga kasapi ng pamayanan at pamunuan sa paaralan. (Hal. mga magulang, kasapi ng pamunuan ng barangay, mga NGO sa pamayanan at iba pa.)

3. Mahalagang maisagawa ang sumusunod na gawain ng *support group*.

    a. Pagsasanay para sa lahat ng mga mag-aaral na magiging kabahagi sa pangkat, ito ay magagawa sa pangunguna ng guidance counselor ng paaralan o iba pang mga tao na may kasanayan sa mga gawain kaugnay nito.

    b. Isagawa ang ilang mga mungkahing gawain:

        b.1. Mag-anyaya ng mga tagapagsalita na mas makapagpapalawak ng kaalaman tungkol sa karahasan sa paaralan at kung paano ito mapipigilan o masusugpo

        b.2. Magkaroon ng pagkakataon ng pagbabahagi ng mga kakayahan at talento ng mga kasaping mag-aaral

        b.3. *Positive action sessions*. Pagkakataon na bibigyan ang lahat na maibahagi sa pangkat ang kanilang mga positibong pasiya at kilos na nagawa sa loob ng nagdaang araw.

        b.4. Magtala ng mga paksa para sa talakayan at pagbabahaginan na isasagawa sa takdang panahon na magkikita-kita at magsasama-sama ang pangkat.

        b.5. Magkaroon ng taunang *potluck* upang ipagdiwang ang lahat ng mga magagandang gawain na naisagawa at mga pagbabagong naidulot sa mga kasapi dahil sa mga gawain

        b.6. *Outreach program* at marami pang iba.

    c. Gumawa ng *newsletter* na ibabahagi sa lahat (*online* o *print* kung may mapagkukunan ng pondo) upang maipaalam at maipakilala sa lahat ang pangkat.

4. Gumawa ng komprehensibong ulat tungkol sa naging epekto ng gawain sa iyong pagkatao.

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

- Sipi ng mga video clip
- Papel
- Marker
- Panulat
- Gunting

Mga Sanggunian

Types of school violence. Retrieved from http://www.nssc1.org/types-of-school-violence.html on November 28, 2012

stop bullying.gov. bullying definition
http://www.stopbullying.gov/what-is-bullying/definition/index.html

Oracle ThinkQuest Education Foundation. Consequences of Bullying
http://library.thinkquest.org/07aug/00117/bullyingconsequences.html

Alarming facts about gangs that you need to know
http://www.nssc1.org/alarming-facts-about-gangs.html

http://www.girlshealth.gov/bullying/quizzes/quiz.bullied.cfm

http://www.pamf.org/preteen/growingup/school/bullyquiz.html

http://books.google.com.ph/books?id=xGQGyjoDWNMC&printsec=frontcover&dq=loving+yourself&hl=en&sa=X&ei=7e-4UOjLDMaZiQfjtIDwDg&redir_esc=y

Modyul 15: AGWAT TEKNOLOHIKAL



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

"Techie" ka ba? Nasubukan mo na bang manood ng telebisyon nang walang *remote control*? Nakagamit ka pa ba ng teleponong *rotary*? Nakagamit ka pa ba ng camera na gumagamit ng film? Marahil nga hindi na. Ito ay dahil sa ipinanganak ka sa tinatawag na *digital age*. Ikaw ang tinatawag ni Mark Prensky (2001) na *digital native*. Napakabilis ng mga pagbabago sa teknolohiya ngayon. Ang mabilis na pagbabagong ito ay may epekto sa pakikipag-ugnayan natin sa ating mga magulang, guro, at sa ating pakikipagkapwa. Naiimpluwensyahan ng mga pagbabagong ito ang pamilya at ang lipunang ating ginagalawan.

Sa modyul na ito pag-uusapan natin ang isyung may kaugnayan sa mabilis na pagbabago sa teknolohiya – ang *technological gap* o agwat teknolohikal.

Sa huli'y inaasahang masasagot mo ang mahalagang tanong na**: Bakit mahalaga ang pag-unawa sa konsepto ng agwat teknolohikal?**

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Natutukoy ang kahulugan ng Agwat Teknolohikal
b. Nasusuri ang:
    - pagkakaiba-iba ng mga henerasyon sa pananaw sa teknolohiya
    - implikasyon ng pagkakaroon at di pagkakaroon ng *access* sa teknolohiya
c. Nahihinuha ang Batayang Konsepto ng aralin
d. Naisasagawa ng ang mga angkop na kilos upang makatugon sa hamon ng Agwat Teknolohikal

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

1. Nakagawa ng plano ng gawain ayon sa

   L - ayunin
   A - ktuwal na Gampanin
   P - aglilingkuran
   P - amantayan at Kraytirya
   I - naasahang Pagganap
   S – itwasyon


2. Naglahad ng komprehensibong pangangatwiran (rationale) para sa isinagawang Gawain
3. Ayon sa moral na batayan ang inilahad na paliwanag
4. Malinaw at madaling maunawaan ang paliwanag




Paunang Pagtataya

Panuto: Kilala mo ba ang iba't ibang henerasyon? Sa ibaba ay may limang grupo ng mga salita na tumutukoy sa mga henerasyon at sa konseptong kaugnay nito. Ayusin ang mga letra ng salita upang buuin ang tinutukoy sa pangungusap. Isulat sa patlang ang iyong sagot.


1. LISTEN GONTARIENE = _____



2. TEN RAGENETINO = _____



3. TALIRAM AWL EBBISA = _____




7.

=


Ang henerasyong ipinanganak sa panahon ng *Martial Law* ni Ferdinand Marcos. Tinatawag din itong Generation X.

4. ABBY OOMBERS = _____



Ang henerasyong ipinanganak at nagkaisip sa mga taong 1946-64. Sa ngayon sila ang mga namumuno at mga politiko sa bansa.

5. NITOREANEG APG = _____



9.

Ang agwat o pagkakaiba-iba sa pananaw ayon sa edad. Kadalasan itong pinag-uugatan ng di pagkakaunawaan sa pagitan ng mga magulang at mga anak.


Panuto para sa Bilang 6 hanggang 9: Connected ka ba?



Nangangailangan ng apat na kondisyon upang magkaroon ng *access* sa impormasyon. Matutukoy mo ba kung ano-ano ito? Isulat sa kahon ang mga kondisyon upang magkaroon ng access sa impormasyon. Gamiting gabay ang mga larawan sa tapat ng mga kahon.

6.		
7.		
8.		
9.		

Kung ang may *access sa internet* sa Pilipinas ay 16% lang, ano ang implikasyon nito kung:



10. Online ang pag-eenrol sa mga pangunahing pamantasan sa Pilipinas?
    a. Nararapat na maging bahagi ng kurikulum sa sekundarya ang paggamit ng *computer*
    b. Ang mga may *access* lamang ang makapag-aaral sa mahuhusay na pamantasan sa Pilipinas.
    c. Isang paraan ng pagsasala ng mga mag-aaral ang *online* na pag-eenrol sa mga pangunahing pamantasan sa Pilipinas
    d. Obligasyon ng pamahalaan na bigyan ng *computer* ang lahat ng pamilya sa bansa.

11. Online ang pagpapasa ng aplikasyon sa mga pangunahing kumpanya sa bansa?
    a. Pangunahing pangangailangan na ngayon ang pagiging *computer literate* sa pagpasok sa mga kumpanya
    b. Maliit lamang ang pagkakataon na makapasok sa isang pangunahing kumpanya sa bansa ang isang mahirap na tao
    c. Hindi mahusay ang kumpanya kung hindi online ang pagpapasa ng aplikasyon dito
    d. Mahirap makapasok sa isanng pangunahing kumpanya sa Pilipinas

12. Online ang pagpapasa ng mga aplikasyon para sa mga mahahalagang dokumentong personal tulad ng *birth certificate*?
    a. Magiging mas mabilis ang pagkuha ng mga personal na mahahalagang dokumento
    b. Hindi kailangang pumila ng mahaba at maghintay ng matagal sa pagkuha ng mahalagang dokumento
    c. Mahihirapang kumuha ng mga mahahalagang personal na dokumento ang taong walang *access* sa *IT*
    d. Hindi na dapat obligahin ang isang mahirap na tao na kumuha ng mga dokumentong ito

13. Online ang pagbabayad sa mga pangunahing serbisyo tulad ng kuryente at tubig?
    a. Hindi nito maapektuhan ang mga *informal settlers* dahil wala silang *access* sa mga pangunahing serbisyong ito
    b. Magiging madali na ang pagbabayad ng mga pangunahing serbisyo
    c. Uunlad ang negosyong *internet cafe*
    d. Pipila rin sa mga *internet café* ang mga Pilipinong nais magbayad ng mga pangunahing serbisyo

14. Online ang pagkuha ng mga mahahalagang pagsusulit tulad ng Professional Board Examination?
    a. Mga mayayaman na lamang ang makakukuha ng mga mahahalagang pagsusulit
    b. Uunlad ang negosyong *internet cafe*
    c. Hindi nito maapektuhan ang mga karaniwang mamamayan na high school lang ang natapos
    d. Hindi lahat ng mamamayan ay makakukuha ng mga mahahalagang pagsusulit

15. Batay sa mga naging sagot mo sa bilang 1 hanggang 5, nalalabag ng agwat teknolohikal ang batas moral dahil sa:
    a. Nagiging dahilan ito upang manatiling mahirap ang mahihirap
    b. Nakahahadlang ito sa pakikinabang sa mga pangunahing pangangailangan ng tao sa pag-aangat ng kaniyang kalagayan sa buhay
    c. Natatapakan ang mga karapatan ng tao sa pamamagitan ng paglilimita sa kanilang maaaring gawin
    d. Pinayayaman nito ang iilan tulad ng mga nagmamay-ari ng mga *internet café* at mga may pagawaan ng makabagong teknolohiya at mga nagbebenta nito

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto: Basahin ang mga *comic stri*p sa ibaba.





Sagutin:

1. Maaari bang mangyari sa totoong buhay ang sitwasyon sa *comic strip*? Bakit?
2. Kung ikaw ang kausap ng matandang babae sa *comic strip*, ano ang magiging reaksyon mo sa kaniyang mga sinabi? Ipaliwanag.
3. Kung tatay mo ang nasa ikalawang *comic strip,* ano kaya ang magiging reaksyon niya kung sasagutin mo rin ng "basahin nyo na lang po sa *blog* ko?" Ipaliwanag.
4. Nakatutulong ba ang teknolohiya upang mapabuti ang komunikasyon sa pagitan mo at ng iyong mga magulang at guro? Bakit?
5. Ano ang "*technological generation gap*" o agwat ng mga henerasyon sa teknolohiya? Ipaliwanag.

Gawain 2

Pag-isipan: Paano kaya kung mawala ang mga bagay na ito?





Panuto: Isulat sa iyong kuwaderno ang mga sagot sa sumusunod:

1. Paano ka maapektuhan ng pagkawala ng mga ito? Ipaliwanag.
2. Bakit mahalaga ang mga bagay na ito? Ipaliwanag.
3. Bakit mahalaga ang access sa impormasyon? Ipaliwanag.
4. Lahat ba nang tao ay may access sa mga ito? Bakit?

Pagtataya:

Batay sa mga tugon mo sa mga naunang gawain, ano ang kahulugan ng agwat teknolohikal?

_____

_____

_____

_____.



C. PAGLINANG NG KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Sa mga naunang mga gawain ay nalaman mo ang kahulugan ng agwat sa pagitan ng mga henerasyon at sa agwat teknolohikal. Sa mga susunod na mga gawain ay susuriin pa natin ang mga konseptong ito upang maunawaan kung bakit mahalagang malinawan ang isyung ito.

Gawain 1

Suriin ang larawan**.**



Kung ikaw ang bata sa naunang larawan, ano kaya ang mga bagay na iniisip mo? Isulat ito sa mga *speech bubble* para sa bata.

Kung mga magulang mo naman ang nasa larawan, ano-ano naman kaya ang mga sinasabi nila? Isulat ang mga ito sa *speech bubble* para sa nanay at tatay.

Pagsusuri:

Panuto: Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot sa sumusunod:

1. Ipaliwanag ang sitwasyong ipinakikita sa larawan.
2. May pagkakaunawaan ba sa pagitan ng mag-anak na ito? Ipaliwanag.
3. Karaniwan ba ang ganitong tagpo sa iyong tahanan? Bakit?
4. Ano-ano ang karaniwang pinag-uugatan ng di pagkakaunawaan sa iyong pamilya? Ipaliwanag ang mga ito.
5. Masasabi mo bang ang mga di pagkakaunawaang ito ay bunga ng agwat sa pagitan ng mga henerasyon o *generation gap*? Ipaliwanag.

Gawain 2

Suriin ang tula at sagutin ang mga tanong sa ibaba nito**.**

Ano Ba Naman Itong Anak Ko?

Ni Lara Faye Milallos

Ano ba naman itong anak ko?
Kagagaling lang sa eskwela,
kasama ang mga barkada,
akala' mo'y kaytagal na hindi nagkita,
cellphone ang hawak kausap ang kaeskwela,
may ka *Skype* sa *computer* nya,
naka *Facebook* pa!
kung may *Twitter account* kaya ako,
i-follow nya?



Iniwan ang gamit sa sala,
nagkalat ang mga *textbook* nya,
"Anak mag-aral ka na nang leksyon
at ang mga homework gawin mo na."
Ilang sandali pa maririnig na,
ubod ng lakas na t.v. sa kuwarto nya,
di raw sya makapag-aral kapag walang t.v.?

Labis akong nag-aalala,
siya kaya'y nakaririnig pa,
Ano ba naman itong anak ko?

Sa umaga sa almusal,
earpnones nakapasak na sa tenga,
Ipod nya ang kahunta,
ni ha ni ho, walang pagbati man lang,
sa nagluto ng almusal nya!
Ang anak ko kaya'y nakapagsasalita pa?
Namimiss ko na ang boses nya!
Ano ba naman itong anak ko?



Mabuti't nakaalalang humalik at magpaalam sa ina,
Ni hindi ko namalayang dumaan ang kaeskwela nya.
Kapag kasama nya ang barkada,
kalalakas ng boses nila,
Hindi ko nga lang matukoy kung alin ang sa kaniya,
Pano'y napakalas din ng
musika sa *CD player* nya,
Ano kayang pinag-uusapan nila?

Mga kuwento nila hindi
natatapos wari ko ba'y *exciting* talaga,
Ang anak ko ang saya-saya pag kasama ang barkada nya,
Minsan nga lang pag tinatanong ko sya
"Anak kumusta na ba ang eskwela?"
"Mabuti po." Yun lang ang sagot niya,
Nitong huli nga'y kibit na lang ng balikat ang tugon nya,
Ano ba naman itong anak ko?
Nag-aalala talaga ako sa kaniya!

Sagutin:


1. Ano-ano naman ang mga hinaing ng ina sa tulang “Ano Ba Naman Itong Anak Ko?” Ipaliwanag
2. Tulad ka rin ba ng anak sa tulang ito? Ipaliwanag.
3. Sa iyong palagay, bakit kaya nag-aalala ang nanay sa kaniyang anak sa tula? Ipaliwanag.
4. Kung ikaw ang kabataan sa tula, may magagawa ka ba upang maiayos ang pakikipag-ugnayan mo sa iyong magulang? Paano? Ipaliwanag.

Pagtataya: *Techie Maze*

Panuto: Subukin nating tayahin ang lawak ng agwat teknolohikal sa pagitan mo at ng iyong mga magulang. Kailangang mahanap mo ang tamang daan patungo sa pag-unawa sa iyong mga magulang. Sa bawat daan ay mayroong isang instrumento, *gadget,* o gamit na maaring maging tulay o maaaring maging pader na hahadlang sa pakikipag-ugnayan mo sa kanila.

Sundan ang sumusunod na hakbang:

1. Gumawa ng profile ng iyong mga magulang ayon sa kanilang kakayahan sa paggamit ng sumusunod na instrumento, *gadget,* o gamit.



Gamiting gabay ang halimbawang profile sa kaliwa.

Techie Profile ng Aking Mga Magulang

Ang aking nanay

-mahilig manood ng telenovela

-nakikinig ng balita sa radyo sa umaga

-may cellular phone na ginagamit sa networking sa pagbebenta ng beauty products at pangungumusta sa mga anak sa eskwela

-may Facebook account na ginagamit sa paghahanap ng potensyal na kliyente

-may linya ng telepono sa bahay

Ang aking tatay

-mahilig manood ng basketball at balita


-nakikinig ng balita sa radyo sa umaga

-may cellular phone na ginagamit sa pakikipag-usap sa kliyente at sa pangungumusta sa nanay

-mahusay sa computer dahil ginagamit ito sa negosyong paggawa ng mga tarpaulin banners, posters at iba pa

-may linya ng telepono sa shop

2. Mga Pamantayan sa Paggamit ng *Techie Maze*
   2.1 Bawat gadget na makikita sa kahon sa loob ng *maze* ay maaaring maging pantulong o hadlang sa pakikipag-ugnayan sa iyong mga magulang.
   2.2 Sa pagpasok sa unang kahon na may lamang *gadget*, punan ang *Pros* and *Cons Chart No*. 1. Isulat sa kanang bahagi ang mga dahilan kung bakit ito maaaring maging hadlang at sa kaliwa kung paano ito maaaring makatulong. Isaalang-alang ang profile ng iyong magulang at ang sarili mong kakayahan sa paggamit ng *gadget* o instrumentong ito.
   2.3 Bilangin ang mga naitala sa kanang bahagi ng kahon at ang mga nasa kaliwang bahagi.
   2.4 Sa inyong *Maze Block*, kung ang nasa kanan ang mas marami, lagyan ng tsek (✓)ang pader; Kung ang nasa kaliwa naman ang mas marami, lagyan ng tsek ang tulay.
   2.5 Kung pader ang iyong nalagyan ng tsek, tumungo sa kahon sa gitna ng maze at gawin ang hinihingi dito.
   2.6 Gawin ang hakbang 1.2 hanggang 1.5 sa mga susunod pang daraanang kahon ng gadget hanggang makarating ka sa finish line.



Balangkas ng Pros and Cons Chart No. ____ (Gumamit ng malinis na index card o papel para dito)

Magiging hadlang ito dahil…	**Makakatulong ito dahil…**

Kung nakarating ka sa *finish line* ng *Techie Maze*, ibig sabihin ay nakahanda ka nang gawin ang iyong makakaya upang mapatibay ang pakikipag-ugnayan sa iyong mga magulang na hindi nagiging hadlang ang makabagong teknolohiya;

sa halip ay nagagamit mo ito upang makatawid sa agwat ng henerasyon sa pagitan mo at ng iyong mga magulang. Binabati Kita!

Gawain 3

Bigyang tuon naman natin ang higit na masalimuot na isyung bunsod ng mga pagbabago sa teknolohiya, ang agwat teknolohikal na mas kilala sa tawag na *Digital Divide.*

Panuto: Magsagawa ng isang *telephone survey* sa inyong barangay o sa iyong mga kamag-aral. (Kung walang telepono ay maaaring pumunta sa mga bahay upang gawin ang survey.)

Mga Tanong sa Survey:

1. Sa inyong tahanan, ano ang pangunahing pinanggagalingan ng impormasyon tungkol sa sumusunod:
    a. Balita o mga kaganapan sa bansa at ibang bansa
    b. Presyo ng mga pangunahing bilihin
    c. Kalagayan ng panahon
    d. Nangyayari sa mga miyembro ng pamilya at kaibigan
    e. Mga bagay na nasa uso o napapanahon
    f. Mga inobasyon at impluwensya ng siyensya sa pamumuhay
    g. Iba pa
2. Anong mga appliances, instrumento, o gadget ang sa inyong palagay ay importante at hindi dapat mawala sa bahay?
3. Mayroon bang computer sa bahay? Kung mayroon, para saan ito madalas gamitin?
4. May internet connection ba sa bahay? Kung mayroon, para saan ito madalas gamitin?
5. May telepono ba sa bahay? Kung mayroon, para saan ito madalas gamitin?
6. May cellphone ba ang mga nakatira sa bahay? Kung mayroon, sino-sino ang mayroon nito? Saan nila ito pangunahing ginagamit?
7. May telebisyon ba sa bahay? Kung mayroon, para saan ito madalas gamitin?
8. May Am/FM na radyo ba sa bahay? Kung mayroon, para saan ito madalas gamitin?
9. Kung wala ang alinman sa mga bagay mula sa bilang 3 hanggang 8, bakit wala kayo ng mga ito?

Gumawa ng ulat tungkol sa nakalap na impormasyon.

Narito ang rubric para sa gawain:

Rubric sa Pagtataya ng Ginawang Ulat

Mga Kraytirya	**Mga Antas ng Pagganap**			**Kabuuang Marka**
	Angat sa Pamantayan **(3 Puntos)**	**Nasa Pamantayan** **(2 Puntos)**	**Patungo sa Pamantayan** **(1 Puntos)**	
Pagsasa-ayos at Pagbubuo ng Ulat	Naipakita ang nilalaman ng malinaw at maigsi ngunit malaman; tama ang mga pangangatwiran at lohikal ang daloy ng mga ideya. Mabisa at angkop ang ginamit na pagsasaayos upang mailahad ang mga nakalap na datos.	Naipakita ang karamihan sa nilalaman na may lohikal na daloy ng mga ideya at tama ang pangangatwiran Angkop ang ginamit na pagsasaayos upang mailahad ang mga nakapal na datos	Naipakita ang nilalaman ngunit nagkulang sa tuon o focus; hindi maayos at lohikal ang daloy ng mga ideya at kulang ng mga ebidensya at pagpapaliwanag Kinakailangang mamili ng higit na mabisang pagsasaayos ng mga nakalap na datos upang mailahad ang mga natuklasan sa pamamagitan nito.	

Paggamit ng Instrumento (Tools), banghay o balangkas sa pagbubuod o paglalagom	Nakalikha ang mag-aaral ng sariling pagpapakahulu-gan o perspektibo sa mga impormasyon o datos na nakalap at nailarawan ito sa pamamagitan ng mga paglalarawan, instrumento o diagram tulad ng concept maps, graphs, tsart at iba pa.	Bahagyang nakalikha ang mag-aaral ng sariling pagpapakahulugan o perspektibo sa mga impormasyon o mga datos na nakalap at may ilang paglalarawan, instrumento o diagram na ginamit.	Hindi nakapagbigay ng sariling pagpapakahulu-gan ang mag-aaral batay sa mga impormasyon o datos na kaniyang nakalap	
Paliwanag sa implikasyon ng nabuong ulat sa isyu ng Agwat Teknolohikal sa Bansa	Naipakita ng mag-aaral ang kahulugan ng mga datos na nakalap at naipaliwanag ng malinaw ang implikasyon nito sa isyu ng Agwat Teknolohikal	Naipakita ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga datos na nakalap at naiugnay ito sa isyu ng Agwat Teknolohikal, bagamat may pagkakataong hindi malinaw ang paliwanag dito	Nagtala lamang ng mga datos at impormasyon ang mag-aaral ngunit hindi ito naiugnay sa isyung pinag-aaralan	



Sagutin ang mga tanong sa iyong kuwaderno.

1. Batay sa ulat na iyong ginawa, masasabi mo bang salat sa impormasyon ang mga kabarangay mo o mga kamag-aral? Bakit?
2. Ano ang implikasyon nito sa kanilang pamumuhay? Ipaliwanag.

3. Sa mga aralin mo noong unang taon ay napag-aralan mo ang tungkol sa likas na batas moral at katarungan.
4. Batay sa iyong mga natutuhan tungkol sa mga paksang ito, masasabi mo bang makatarungan o di makatarungan ang pagiging salat sa impormasyon? Ipaliwanag.
5. Bilang isang kabataan, may magagawa ka bang tulong upang matugunan ang kasalatan sa impormasyon sa iyong barangay o kapwa mag-aaral? Ilahad ito.

Pagtataya ng Gawain 3

Panoorin ang video na "*Did You Know*" sa *Youtube* o kaya'y sa CD na kasama ng *Module* na ito.

Sagutin: Ano ang implikasyon ng mga pagbabago sa teknolohiya na iyong napanood sa *video* sa edukasyon at pamumuhay ng mga Pilipino? Ipaliwanag._____

_____

_____

_____

_____





D. PAGPAPALALIM

Basahin ang sumusunod na sanaysay.

Ang Agwat Teknolohikal



Nabubuhay tayo ngayon sa gitna ng mga kamangha-manghang pagbabago sa teknolohiya! Kung noong naunang mga henerasyon ay umaabot sa 12 taon bago makarating sa mga karaniwang mamamayan ang bagong teknolohiya, ngayon ay inaabot na lamang ito ng 3 hanggang 5 taon. Ang radyo 38 taon bago nagkaroon ng tagapakinig na 50 milyon. Ang telebisyon 13 taon sa katulad na dami ng manonood. Ang PC o *personal computer*, 16 na taon lang nagkaroon na ng 50 milyong tagatangkilik. Ang *Internet*, 5 taon, ang *IPod*, 3 taon, at ang *Facebook*, 2 taon lang! Ayon kay Alvin Toffler sa kaniyang aklat na *The Third Wave* (1980), pagdating ng dekada sitenta ay nakaranas na ang mundo ng tatlong bugso ng mga pagbabago sa teknolohiya. Ang panahon ng agrikultura ay umabot ng 3,000 taon. Ang panahong pang-industriya ay umabot ng 300 taon. Ang panahon ng *Computer* ay pumailanglang at bumulusok sa loob lamang ng 30 taon. Ngunit ayon sa pagtutuwid ni Rosen (2004), ang panahon ng *Computer* at *Internet* ay maihahambing sa patuloy na pagtaas at pagbaba ng alon sa dalampasigan. Sa pagbagsak at paghampas ng alon, may isang pataas naman na kasunod nito. Halimbawa, kalalabas lamang noong isang taon ng *Smart Phone* ay inaabangan at pinananabikan naman ngayon ang paglabas ng mga bagong *Internet Phone.* Dalawang taon lamang ang nakararaan nang ang *notebook* at

Techie Trivia:
Ang Pilipinas na may populasyong halos 80 milyon ay mayroong 14 milyon hanggang 16 milyon gumagamit ng mobile phone na nagpapadala ng 150 milyon hanggang 200 milyon text messages sa isang araw – isa sa pinakamarami sa buong mundo.


Ang generation gap o agwat sa pagitan ng mga henerasyon, ay salitang nagmula sa mga kanluraning bansa noong 1960s; nangangahulugan ito ng pagkakaiba sa pagitan ng mga nakababata at nakatatandang henerasyon, lalo na sa pagitan ng mga anak at mga magulang.
http://en.wikipedia.org/wiki/Generation_gap

netbook ang pinagkakaguluhan, ngayon ay ang *tablet* at *Ipad* na. Nalimutan na rin ang *manual keyboard* dahil mayroon na ring *voice activated computers* at *touch screen* na rin ang lahat mula sa *t.v. screen* hanggang sa *cellular phone*.

Tunay ngang napakabilis ng pagbabago sa teknolohiya ngayon. Kung hindi ka makasabay sa alon ay tiyak na malulunod ka. Para sa karamihan, sapat na ang makasabay sa pagbabago sapagkat halos imposible ang manguna dito. Sa loob lamang ng limang taon naging bahagi na ng pamumuhay ng mga Pilipino ang *cellular phone*. Bago magdekada nobenta, ni wala sa hinagap natin na tatagurian tayong "*texting capital of the world*" ngayon. (Manila Times.net; May 10, 2012)

Dalawang mahahalagang isyu ang kaugnay ng tinatawag na Agwat Teknolohikal: Una dito ang Agwat Teknolohikal sa Pagitan ng mga Henerasyon o ang agwat o pagkakaiba-iba sa pananaw at paggamit ng teknolohiya ayon sa edad. Ang ikalawa ay higit na masalimuot – ang tinatawag na *Digital Divide* o ang agwat sa paggamit ng teknolohiya bunga ng kalagayang pang-ekonomiya o sa madaling salita, sa pagitan ng mayayaman at mahihirap.

Agwat Teknolohikal sa Pagitan ng Mga Henerasyon



Ang *generation gap* o agwat sa pagitan ng mga henerasyon, ay salitang nagmula sa mga kanluraning bansa noong 1960s; nangangahulugan ito ng pagkakaiba sa pagitan ng mga nakababata at nakatatandang henerasyon, lalo na sa pagitan ng mga anak at mga magulang. Dahil nga sa pag-unlad sa teknolohiya, lalo pang lumawak ang agwat na ito.

Ang agwat teknolohikal sa pagitan ng mga henerasyon ay unang nararanasan sa pamilya. Kung hindi ito matutugunan ay maaaring magdulot ito ng di pagkakaunawaan sa loob ng pamilya. Ang pamilya ang una nating kapwa. Kung ano ang natutuhan nating pakikipag-ugnayan sa kapwa ay siya rin nating dadalhin sa labas ng pamilya. "Lahat ng miyembro ng pamilya ay may tungkuling pag-ibayuhin ang ugnayan sa bawa't taong nakakahalubilo nito sa araw-araw; sapagkat ang

pamilya ang paaralan ng mas malalim na pakikipagkapwa-tao." (*Familiaris Consortio*) Ang mga pagbabago sa teknolohiya, lalo na sa *information technology*, ay dapat na matutuhan nating gamitin bilang daan upang mapabuti ang pakikipag-ugnayan at pagsasama-sama ng mga miyembro ng pamilya.

Paano nga ba matutugunan ang agwat teknolohikal sa pagitan ng mga henerasyon? Para sa isang kabataan, ang susi dito ay ang paggalang at pagmamahal sa mga magulang. Tingnan natin bilang halimbawa si Alissa; siya ay panganay na anak sa tatlong magkakapatid. Nasa ibang bansa ang kaniyang ama at ang kaniyang ina ang nag-aalaga sa kanilang magkakapatid. Walang alam sa bagong teknolohiya ang kaniyang ina kung kaya't bagama't 16 taon gulang lamang, si Alyssa ang humahawak at kumukuha ng padalang pera ng kaniyang ama sa ATM o *automated teller machine.* Siya rin ang may hawak ng *laptop computer* at *cellular phone* na siyang daan para makausap ang kanilang ama. Mahal na mahal ni Alyssa ang kaniyang pamilya. Bagama't maraming gawain sa paaralan, binibigyan niya ng panahon ang kaniyang ina at mga kapatid sa tuwing kailangan nilang kausapin ang kanilang ama. Matiyaga rin niyang tinuturuan ang kaniyang ina sa paggamit ng mga teknolohiyang ito. Kahit kailan ay hindi niya naisip na bawasan ang perang ipinadadala ng kaniyang ama. Labis ang kaniyang paggalang sa kaniyang magulang para gawin niya ito.

Ang *technological gap* o agwat teknolohikal ay ang pagkakaiba ng mayroong *computer* at *high tech* na mga gamit at iyong mga wala nito; ito ang agwat sa pagitan ng mga sagana sa impormasyon at ang salat dito dahil sa pagkakaroon o kawalan ng *access* sa teknolohiya.

Sa loob ng pamilya, ang paggalang at pagmamahal na ito ay pinatitingkad pa ng ating pagkalinga sa ating mga lolo at lola. Ang ating mga lolo at lola, o ang mga matatanda sa pamilya ay wari bang may likas na talino na ayusin ang ugnayan sa pagitan ng mga henerasyon bago pa man maging malalim ang agwat sa pagitan nito. Ang mga bata ay nakakasumpong ng ganap na pag-unawa at pagmamahal sa paningin, pananalita at masuyong yakap ng mga lolo at lola nila. Hindi nga ba sila ang ating tagapagtanggol sa tuwing pagagalitan tayo ng ating mga nanay at tatay. Maririnig mo sa kanila "Di ba't ganyan ka rin noon!" ang madalas na paalala nila sa nanay at tatay natin. Ayon nga sa Kawikaan 17:6: "Ang mga anak ng mga anak ay

putong ng mga matatandang tao; at ang kaluwalhatian ng mga anak ay ang kanilang mga magulang.”

Sa labas ng pamilya, bilang mga *digital natives* dapat na ituring nating tulad sa ating magulang at mga kapatid ang mga tinatawag na *digital immigrants*; dapat natin silang pakitunguhan nang may pagmamalasakit at pagmamahal. Dahil sa malaking agwat sa pagitan ng mga *digital natives* at mga *digital immigrants* kaugnay ng paggamit ng teknolohiya, kadalasang nagkakaroon ng di pagkakaunawaan sa pagitan nila. Dahil sa mabilis na pagbabago sa teknolohiya, nahihirapan ang mga *digital immigrants* na makasabay sa mga pagbabagong ito. Kadalasan ang mga *digital immigrants* ay ang mga taong higit na nakatatanda sa mga *digital natives*. Kung itituring silang tulad sa mga magulang, ate, kuya o lolo at lola, higit na magiging maayos ang pakikitungo nila sa bawa’t isa.

Malaki rin ang maitutulong kung malalaman natin ang pagkakaiba ng mga *digital natives* at mga *digital immigrants*. Ang mga *digital immigrants* ay ang mga taong ipinanganak bago pa man naging laganap ang paggamit ng *digital technology*. Maaari din itong tumukoy sa mga taong hindi nagkaroon ng pagkakataong gumamit ng *digital technology* sa mas murang edad. Ang mga *digital natives* naman ay mga taong ipinanganak at lumaki sa mundo ng *digital technology*. Ginagamit nila ang teknolohiya sa pakikipag-ugnayan, pag-aaral at pagtuturo, at pag-unawa sa lipunan.

Ang mga *digital natives* ay tinatawag ding mga kabilang sa *Generation Y* at *Generation Z*. Samantalang mga digital immigrants naman ang katumbas ng mga kabilang sa *Silent Generation, Baby Boomers* at *Gen X*.

Ayon kay Rosen (2004), sa kasalukuyang panahon, apat na henerasyon ang tagatangkilik ng “modernong teknolohiya”. Mahalagang maunawaan natin ang mga pagkakaiba ng iba’t ibang henerasyon lalo na sa pananananaw sa makabagong teknolohiya. Ang kaalaman dito ay makatutulong upang makaiwas sa tinatawag na Agwat Teknolohikal sa Pagitan ng Mga Henerasyon.

Una, ang tinatawag na *Silent Generation* o ang mga ipinanganak at lumaking walang makabagong teknolohiya. Ang henerasyong ito ay nabuhay sa panahon ng tinawag na *Depression* sa Estados Unidos at sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Tinatawag din silang mga *Builders* at *War Babies*.

Noong 1946-64 ipinanganak at nagkaisip ang henerasyon ng tinatawag na *Baby Boomers*. Sa panahon ng kanilang kabataan iginigiit nila ang kanilang mga karapatan, at mga pagpapahalagang panlipunan at politikal sa lipunan. Sa ngayon sila ang mga namumuno at mga pulitiko sa bansa. Sa pangkalahatan, ang mga kabilang sa henerasyong ito ay may mataas na pagtingin sa sariling kakayahan. Naniniwala sila sa gawa higit sa salita, walang takot nilang ipinahahayag ang kanilang opinyon at damdamin, at kadalasan sila'y nagtatagumpay sa kanilang mga sinimulang gawain. Minsan nga lamang marami sa kanila ang nag-aakalang alam nila ang lahat ng bagay.



Sumunod dito ang tinatawag na *Generation X*. Ipinanganak sila sa mga taong 1965 hanggang 1979. Sa Pilipinas sila ang henerasyon na tinatawag ding *Martial Law Babies*. Ipinanganak sila sa panahon ng *Martial Law* ni Ferdinand Marcos. Iminulat sila sa paniniwalang ang lahat ay maayos, payapa at mabuti sa bansa, habang sa likod ng kanilang mga isip ay may munting tinig na nagsasabing hindi maayos ang lahat. "Bakit maraming hindi puwedeng panoorin sa telebisyon? Bakit ibinawal ipalabas ang mga huling kabanata sa Voltes V?" At higit na marami pang tanong ang bumagabag sa kanila habang sila'y nagkakaisip; Hanggang mangyari nga ang *EDSA Revolution* noong 1986. Karamihan ng iyong mga guro ngayon ay nasa henerasyong ito.

Ang henerasyon na tinatawag na *Y Generation* ay ang mga nagdadalaga at nagbibinatang kabataan sa ngayon. Sila ay ipinanganak sa pagitan ng 1980-1997. Sila ang henerasyong ipinanganak sa panahon ng *internet* at *mobile phones* at *computer* at telebisyon ang nagmistula nilang "yaya".

Kaya nilang magsimula ng isang *rave party* na aabot ng libo-libong kabataan sa pamamagitan lang ng *text messages*. Kaya din nilang magsimula ng tinatawag na *viral marketing* sa loob ng ilang oras lamang. Ang kanilang kinikita ay karaniwang ginugugol nila sa pagbili ng mga *gadgets* at *gizmo*. Sila ang mga ate at kuya mo.

Ang *Generation Z* ang mga kabataang ipinanganak sa taong 1998 pataas. Ipinanganak sila sa panahon ng *information overload*. Dahil dito mas mahusay silang magsala ng impormasyon kaya't hindi madaling kunin ang kanilang atensyon. Iba rin

ang pakahulugan ng mga kabataang ito sa salitang pamilya. Marami sa kanila ay ipinanganak sa pamilyang iisa ang magulang o hiwalay ang magulang. Lahat ay mabilisan o *instant*. Lahat ng tao ay wari bang nagmamadali. Ito ang kanilang mundo.

Ang *Generation Y* at ang *Generation Z* ay kapuwa tinatawag na *Net Generations.* Sa pangkalahatan, sa edad na tatlong taon ay gumagamit na ng *internet* o *cell phone* ang mga kabataan sa *Net Generation*. Naipadala nila ang kanilang unang Email bago pa man sila pumasok sa *Kindergarten.* Namumuhay sila sa *instant messaging*, at nakikipag-usap nang sabay sabay sa tatlo o higit pang tao sa IM habang nagtratrabaho gamit ang *computer*. Sanay silang mag *multi-tasking* at labis silang mainipin.



Magkakaiba rin ang paraan ng pagkatuto ng iba't ibang henerasyon. Ang mga *Baby Boomers* ay mga *auditory* at *visual learners*, samantalang ang mga nasa henerasyong Gen X at Net Gen ay mga *tactile learners.* Ang mga *visual learners* ay higit na natututo sa pagbabasa, ang *auditory learner* naman ay higit na natututo sa pakikinig at ang *tactile* ay mas natututo sa pamamagitan ng paggawa o sa karanasan. Kaya nga kapag ang *Baby Boomer* ang bibili ng bagong *gadget*, ang una nilang ginagawa ay basahin ang manual nito o kaya'y panoorin ang *video instruction.* Samantalang ang mga Gen X at Net Gen ay magkakabit na ng mga *wires* at susubukin ang mga buton nito.

Ang mga nabanggit na pagkakaiba-ibang ito ng mga henerasyon ay ugat ng *generation gap*. Sa halip na magdamdam ka dahil sa pakiramdam mo ay hindi ka maunawaan ng mga magulang, mga guro at iba pang nakatatanda, sikapin mong unawain ang kanilang pinanggagalingang pananaw ngayong alam mo na kung gaano ka kaiba sa kanila.

Digital Divide o **Agwat Teknolohikal**



Ang isyung ito ay nagsimulang pag-usapan mula pa nang maimbento ni Tim Bernes Lee sa CERN (European Organization for

Nuclear Research) ang *World Wide Web* noong 1984. Ang tanong noong una ay kung mapalalaki ba o mababawasan ang agwat sa pagitan ng mga mayayaman at mahihirap sa mundo sa pamamagitan ng *internet*?

Tulad ng iba pang mga pagbabago ang pagkakaroon ng *internet* ay nangangahulugan ng pagbabago sa kultura at bagong wika. Ang bagong paraang ito ng pakikipag-ugnayan o pagkuha ng impormasyon ay magbibigay ng malaking benepisyo para sa mga tao at mga organisasyong may kakayahang makinabang sa mga oportunidad na ibinibigay ng *internet.* Sa kabilang banda, maaaring maging tila parusa naman ito sa mga taong hindi makikinabang dito. Marami ang nagsasabi na lilikha ng bagong uri ng kamangmangan at kasalatan ang *internet.*

Habang nagiging mas nakadepende tayo sa teknolohiya upang makakuha ng impormasyon sa lipunan, dapat nating itanong kung may nalalabag bang karapatang moral dahil sa tinatawag na *Digital Divide*.

Nangangailangan ng apat na kondisyon upang magkaroon ng *access* sa impormasyon:

- Una ang kaalaman na mayroong makukuhang impormasyon o mayroong serbisyong magbibigay ng impormasyon
- May pag-aari ka o mayroon kang magagamit na kasangkapan o instrumentong kinakailangan upang makakuha ng impormasyon (hal. *computer*, telebisyon, telepono, *software, modem*)
- Mayroon kang kakayahan na magbayad o di kaya'y may libreng serbisyong nagbibigay ng impormasyon (hal. libreng *cable* o *internet connection*)
- May kasanayan ka sa paggamit ng mga kagamitan o instrumento at *software* (hal. *computer literate*)

Ang kakulangan sa alinman dito ay nangangahulugan ng kawalan ng *access.* Samakatuwid, sinumang hindi makabili ng *cellphone* o walang koneksyon ng telepono o hindi marunong gumamit ng *computer* ay maaaring nangangailangan o nagnanais ng impormasyon

Ang *subsidiary moral right* ay isang espesyal na karapatang moral. Binibigyang-proteksyon nito ang mga kundisyong kinakailangan upang maisulong ang karapatang moral.

ngunit hindi makakuha nito. Ang mga taong walang *access* ay kumakatawan sa isang bahagi ng di pagkakapantay sa lipunan na pinalalala ng teknolohiya: ang agwat sa pagitan ng mga salat sa impormasyon at sa mga sagana sa impormasyon.

Habang nagiging mas nakadepende tayo sa teknolohiya upang makakuha ng impormasyon sa lipunan, dapat nating itanong kung may nalalabag bang karapatang moral dahil sa tinatawag na *Digital Divide*.

Maraming uri ng karapatan. Ang *karapatang legal* ay ang mga karapatang ginagarantiyahan sa saligang batas. Ang *batas moral* naman ay mga karapatan na nakabatay sa mga pamantayang etikal sa halip na sa saligang batas. Ang mga karapatang moral ay maaaring ang karapatang magkaroon ng seguridad, mga kailangan sa pamumuhay (hal., sapat na pagkain, sapat na pananamit, at tirahan), ang pagkakaroon ng sapat na pangangalaga sa kalusugan, at malinis na hangin at tubig.

Ang *subsidiary moral right* ay isang espesyal na karapatang moral. Binibigyang-proteksyon nito ang mga kundisyong kinakailangan upang maisulong ang karapatang moral.

Ang karapatang makagamit ng telepono, halimbawa, ay isang *subsidiary moral right* o pantulong na karapatang moral. Kailangan ito upang mapanatili ang seguridad; halimbawa sa oras na may kagipitan tulad ng sunog o kalamidad o kaya'y kung nanganganib ang buhay at nangangailangan ng tulong ng pulis o awtoridad. Samakatuwid, ang pagkakaroon ng seguridad ay isang karapatang moral at ang pagkakaroon ng kakayahang makagamit ng telepono ay isang subsidiary o pantulong na karapatang moral.

Ang *access* sa impormasyon ay maaari nating ituring na isang *subsidiary moral* right. Halimbawa na lang uso na ngayon ang tinatawag na *online education* o *e-learning.* Ang pag-apply sa mga unibersidad, tulad ng Unibersidad ng Pilipinas, Ateneo de Manila at De La Salle University at trabaho sa maraming malalaking kumpanya, tulad halimbawa ng San Miguel Corporation, Meralco, PLDT at iba pa, ay ginagawa na rin *online*. Kung hindi nabibigyan ng pagkakataon ang mga taong nagnanais na makapasok sa mga kumpanya at paaralang ito dahil sa kawalan ng

access sa teknolohiya, maaaring nalalabag din ang kanilang karapatang moral sa pantay na oportunidad na makapag-aral at makapagtrabaho.

Ano nga ba ang kalagayan ng IT o *information technology* sa ating bansa?

Pumapangalawa sa telebisyon ang t*exting* o ang paggamit ng *cellular phone* sa pinakapopular na paraan ng pagkuha at paghahatid ng impormasyon sa bansa. Noong 2010, ang mga *mobile network* sa Pilipinas ay nagseserbisyo sa 99 na porsyento ng populasyon dito. Walumpung posyento (80%) naman ang mayroong sariling *cell phone*. Ayon sa artikulong isinulat ni Anna Roa para sa Philippine Daily Inquirer (2012), kinilala ng World Bank ang paggamit ng Pilipinas ng *cellular phone* upang palakasin ang pananagutan at pagiging bukas para sa publiko ng mga serbisyo at proseso sa gobyerno.

Ayon sa ulat ng *World Bank*, higit na nakikinabang sa paggamit ng *cell phone* ang mga magsasakang Pilipino. Mahalaga para sa kanila ang impormasyong kaugnay ng presyo ng produkto at pag-uulat tungkol sa kanilang kinikita o tinutubo na nakatutulong sa pagtaas ng kumpiyansa ng mga mangangalakal sa kanila. Sa kabilang banda, 7% lamang ng mga pamilyang Pilipino ang mayroong *personal computer* sa bahay noong 2003 (*FLEMMS*). Noong 2004, tumaas ito sa 17% kung saan 7% ay nasa mga lungsod (*4As Media Factbook*). Noong 2006, mayroong 408 na *Internet Service Providers* sa Pilipinas na nagseserbisyo sa 2 milyong *Internet Subscribers* lamang. (*NTC*) Noong 2007, tinatayang mayroon ng 14 na milyong *internet* users ang Pilipinas o 16 porsyento lamang ng kabuuang populasyon sa Pilipinas.

Sa kabila nito, sa isang *survey* na tinawag na "*Survey on Internet Access by Filipino Schoolchildren"* na isinagawa ng Asian Institute of Journalism and Communication para sa UNICEF, ang mga mag-aaral na Filipino raw ay *computer literate.* Halos 74% ang may *access* sa *internet*. Gayunpaman, hindi pa rin sapat ito upang itawid ang karamihan sa kanila sa tinatawag na *Digital Divide*. Bagama't maaaring gumamit ang mga mag-aaral ng *internet* sa mga nagkalat na *Internet Café*, maaari pa ring hindi nila makayanang bayaran ang upa dito na umaabot ng 15 hanggang 25 piso kada oras. Ayon din sa survey na ito, di tulad ng mga kasing-edad nila sa ibang bansa, ang ating mga kabataan ay mas matanda na nang makaranas na gumamit ng *computer.*

Hindi maikakailang mayroon ngang kasalatan sa impormasyon ang maraming mga Pilipino ngayon dahil sa kakulangan sa *access* sa teknolohiyang naghahatid ng impormasyon at sa sapat na kasanayan sa paggamit nito. Lalo lang pinalalaki nito ang agwat ng mga mayayaman at mahihirap sa bansa. Lalo lamang nitong pinatitingkad ang di pagkakapantay ng mga Pilipino batay sa kalagayan sa lipunan at sa ekonomiya. Ang di pagkakapantay na ito ay masasabi nating isang isyung etikal kaugnay ng katarungang panlipunan o *social justice*. Saan ka man nahahanay sa paghahating ito – salat ka man o sagana sa impormasyong hatid ng *cyberage*, may pananagutan ka na matugunan ang isyung ito. Hindi lamang ang kahirapan ng maraming Pilipino ang suliranin dito, suliranin din ang kasalatan sa pagbabantay sa ating mga karapatan. Hindi ito dahil sa wala tayong kakayahan; may kapangyarihan ang boto ng mga mahihirap sapagkat tayo ang nakararami. Gayon pa man madalas, ipinagbibili lamang ang karapatang ito. Naiipon tuloy ang lahat ng kapangyarihan sa iilan. Tunay na malaki ang tungkulin ng pamahalaan sa pagtutuwid sa di-pagkakapantay na ito. Ngunit, sabi nga, paalala ang gamot sa mga taong nakakalimot (o walang pakialam) – kailangan nating paulit-ulit na igiit ang ating mga karapatan, lalo na ang ating mga moral na karapatan!

Hindi maipagkakailang isang malaking rebolusyon ang nangyayari ngayon sa daigdig … isang rebolusyong teknolohikal. Ang tao sa kaniyang pagiging henyo sa siyensya ay napaliit ang mundo at nagawa ang mga bansang wari'y kapitbahayan na lamang. Gayon pa man, hindi pa rin niya matutuhang gawing kapatiran ang lahat ng tao sa mundo. Nakalulungkot dahil ito lamang ang tanging solusyon sa hindi pagkakapantay-pantay at kawalan ng katarungang panlipunan!


Tayain ang Iyong Pag-unawa

1. Paano nakaapekto ang teknolohiya sa agwat sa mga henerasyon(generation gap) sa pakikipag-ugnayan mo sa iyong mga magulang, guro at iba pang nakatatanda? Ipaliwanag.
2. Paano nakaapekto ang mabilis na pag-unlad sa teknolohiya, partikular na ang tinatawag na IT sa mga mahihirap na Pilipino? Ipaliwanag.
3. Ano ang ibig sabihin ng *subsidiary moral right* o pantulong na karapatang moral? Ipaliwanag.

4. Sa iyong palagay, nalalabag ba ang karapatang moral ng mga Pilipino dahil sa di pagkakapantay sa *access* sa teknolohiya? Ipaliwanag.
5. May magagawa ba tayo upang matugunan ang isyung ito? Ipaliwanag.

Paghihinuha ng Batayang Kaisipan:

Gamit ang graphic organizer sa ibaba sagutin ang mahalagang tanong:
Bakit mahalagang pag-aralan at maunawaan ang isyu ng agwat teknolohikal?
Pangatwiranan.



Batayang Kaisipan:


_____

_____

_____.

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Ngayong lubos mo nang nauunawaan ang konsepto ng agwat teknolohikal, handa ka nang ilapat ito sa pang-araw-araw mong buhay. Tunay ngang kahit na ikaw ay isang kabataan ay may magagawa ka upang makatugon sa hamon ng isyung ito. Sa bahaging ito ay maipakikita mo ang iyong kakayahang makatugon sa hamon ng Agwat Teknolohikal.

Pagganap

Isa sa magagawa mo upang makatulong sa pagharap sa isyu ng agwat teknolohikal ay ang pag-ibayuhin ang sarili mong kakayahan at kasanayan sa larangan ng *IT o Information Technology*. Bilang isang kabataan ay nararapat na hindi mo ipagwalang-bahala ang mga benepisyo ng paggamit ng teknolohiya sa pagpapaunlad ng iyong sariling kabuhayan balang araw at pagpapaunlad ng bansa. Kung tutuusin tungkulin mong makasabay sa agos ng mga pagbabago sa teknolohiya na mayroon sa bansa at may oportunidad kang gamitin. Bukod pa rito kailangan mo ring matutuhan at isagawa ang mapanagutang paggamit ng IT. *Halimbawa:* Ginagawa mo ba ang mga paalala sa "*Think before you click*," sa paggamit mo ng internet?

Bilang pagganap, gumawa ka ng isang resolusyon tungkol sa paggamit ng teknolohiya. Maaari mo itong isulat sa balangkas ng isang *blog*, at *i-upload* ito sa iyong Facebook account o ano pa mang *social networking account*. Makatutulong ang mga komento at pag-*Like* ng iyong mga kaibigan upang mapagbuti at matupad mo ang iyong mga ipinangako sa resolusyon. Kung wala ka naman nito ay isulat na lamang ang resolusyon sa iyong journal.

Para sa Modyul na ito ang *resolusyon* ay sumisimbolo sa isang pasiya, pangako o itinakdang gawain sa pagpapaunlad ng sarili na may determinasyon at paninindigan tungo sa pagkatupad nito.

Pagninilay

Dati, kung nais mo ng mapagkakatiwalaang mga impormasyon, may nais kang pag-aralan, naghahanap ka ng mga sagot sa mga mahahalagang katanungan, ito ang una mong hinahanap – ang aklat. Lumipas na nga ba ang panahon ng nakalimbag na aklat?

May paborito ka bang aklat? Sa iyong palagay, kung ang nilalaman ng aklat na ito ay babasahin mo bilang *e-book* at hindi aklat na nakalimbag, may mababago ba sa iyong pagkalugod at pagpapahalaga sa aklat na ito?

Isulat ang iyong mga opinyon tungkol dito sa iyong *journal* o sa iyong *blog*.

Pagsasabuhay

Balikan ang resulta ng ginawang telephone survey sa Gawain 3. Sa gawaing ito ay natukoy mo kung ano ang mga kakulangan ng iyong mga kabarangay o ng iyong mga kaklase kaugnay ng access sa teknolohiya. Batay sa iyong naging pag-uulat dito, nagbigay ka ng ilang rekomendasyon ng mga maaari mong gawin upang makatulong.

Sa bahaging ito ay isasagawa mo ang mga rekomendasyon mo. Gumawa ka ng balangkas ng iyong mga gagawin batay sa sumusunod**:**



L - ayunin
A - ktuwal na Gampanin
P - aglilingkuran
P - amantayan at Kraytirya
I - naasahang Pagganap
S – itwasyon

Maaari kang makipagpangkat sa iyong mga kamag-aral para sa gawaing ito. Maaari ka ring humingi ng gabay sa iyong guro sa EsP.

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Sanggunian

Murelli, E., (2002). *Breaking the digital divide: Implications for developing countries*. Commonwealth Secretariat and SFI Publishing

Selwyn N., Gorard S. and Furlong J. (2006), *Adult learning in the digital age:Information technology and the learning society*. CPI Antony Rowe.

Eastbournevan Dijk, Jan A.G.M. (2005). *The deepening divide: Inequality in the information society*. Thousand Oaks, California: Sage Publications Inc.

Mossberg K. et. al. (2003), *Virtual inequality beyond the digital divide.* Washington D.C.: Georgetown University Press.

Compaigne, B. (2001). *The digital divide: Facing a crisis or creating a myth.* Masachusets: Masachusets Institute of Technology.

Salkowitz, R. (2008). *Generation blend: Managing across the technology age gap*. New Jersey:John Wiley and Sons, Inc.

Monroe, B. (2004). *Crossing the digital divide barrier*. New York: Columbia University.

Glaser, Mark (January 17, 2007) Your Guide to Digital Divide. Retrieved from http://www.pbs.org/mediashift/2007/01/your-guide-to-the-digital-divide017.html on September 17, 2012

Roa, A. (July 17, 2012) Philippines cited for mobile phone use**,** Philippine Daily Inquirer. Retrieved, from http://technology.inquirer.net/14162/philippines-cited-for-mobile-phone-use on September 17, 2012

Santos, M (January 31, 2012). More Filipinos now using Internet for news, information–study, Inquirer.net. Retrieved, from http://technology.inquirer.net/14162/philippines-cited-for-mobile-phone-use on September 17, 2012

Modyul 16: EPEKTO NG MIGRASYON SA PAMILYANG PILIPINO



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Kapag narinig mo ang pahayag na ito, ano ang naiisip mo? Isa ka ba o ng iyong pamilya sa mga lumalaking bilang ng mga Pilipinong nangangarap magtrabaho sa ibang bansa? Magandang mangarap para sa pag-unlad ng kabuhayan o ng katayuan sa buhay, di ba? Ngunit kung titingnan natin nang mapanuri ang pangkalahatang epekto ng pangingibang bansa sa pamilyang Pilipino, kaakit-akit pa rin kaya ang pangarap na ito?

Sa mga nakaraang modyul, naunawaan mo kung paano tumugon sa iba't ibang isyu ng pakikipagkapawa. Sa modyul na ito, pag-aaralan mo naman ang isa sa mga lumalawak na isyu sa kasalukuyang panahon – ang mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino.

Bakit ba nangingibang bansa ang mga Pilipino? Ano-ano ang epekto ng pangingibang bansa o migrasyon sa mga Pilipino? Paano mapapatatag ang pagmamahalan ng pamilya para maging handa sa epekto ng migrasyon? Inaasahang sa pamamagitan ng mga gawain at babasahin sa modyul na ito, masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Paano mapagtatagumpayan ang banta ng migrasyon sa pamilyang Pilipino?**

Sa modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Natutukoy ang mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino
b. Nasusuri ang mga sanhi ng migrasyon sa pamilyang Pilipino
c. Nahihinuha ang batayang konsepto
d. Naisasagawa ang mga angkop at konkretong hakbang ng pagiging handa sa mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng awtput mo sa titik d:

1. Nakagawa ng makatuwirang hakbang ukol sa gawain
2. Malawak at malinaw ang pagpapaliwanag sa gawain
3. Batay sa pamantayang moral ang mga paglalahad at paliwanag
4. Makabuluhan at madaling maintindihan ang mga konsepto



Paunang Pagtataya

Gawain 1

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Isulat sa inyong kuwaderno ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit nangingibang bansa ang karamihan ng mga Pilipino?
   a. Makapaglibang
   b. Makapag-aral
   c. Makapagtrabaho
   d. Makapagshopping

2. Ano ang iyong mararamdaman kapag ang iyong mga magulang ay kailangang magtrabaho at mapalayo sa inyong pamilya?
   a. Magagalak sa pag-aabroad dahil sila ay makapagpupundar ng mga ari-arian at maiaangat ang pamumuhay
   b. Ang pagkalungkot dahil sila ay mapapalayo sa mga anak at asawa, sa kabila ng ito ay para sa kanilang ikauunlad
   c. Kasiyahan dahil makakapamasyal sa mga magagandang lugar na mapupuntahan dahil sa pagtatrabaho nila sa ibang bansa
   d. Mag-aalala dahil sa gagastusing pera para makapagabroad

3. Ano ang pananaw mo ukol sa konsepto ng Migrasyon?
   a. Ang migrasyon ay ang pamamasyal sa isang lugar para maglibang
   b. Ang migrasyon ay ang paglakbay at pagtira sa ibang lugar o bansa, sa kadahilanang gustong makapagtrabaho at makapanirahan sa ibang bansa.
   c. Ang migrasyon ay ang paglipat-lipat o paglalakbay sa mga iba't ibang bansa upang bumisita sa mga kamag-anak.

d. Ang migrasyon ay ang pagtitipun-tipon at pamamasyal para mabisita ang mga kamag-anak sa ibang bansa

4. Ano sa iyong pananaw ang tunay na dahilan ng migrasyon?
   a. Kakulangan ng mapapasukang trabaho at mababang pasahod para sa mga manggagawang Pilipino
   b. Kagustuhang makapagpundar ng mga bahay at kagamitan
   c. Kagustuhang makarating at makapamasyal sa mga iba't ibang bansa
   d. Upang mabayaran ang lahat ng mga pagkakautang

5. Alin ang positibong epekto ang naidudulot ng migrasyon sa pamilya?
   a. Ang makapaglibang at makapamasyal sa mga magagandang lugar
   b. Nakatutugon sa mga pangangailangang pangkabuhayan para maitaguyod ang mas maginhawang pamumuhay ng pamilya
   c. Ang pag-usbong ng makabago at mas mabilis na paraan ng komunikasyon
   d. Ang pagkakaroon ng mga imported na kagamitan

6. Ano ang iyong pakahulugan sa transnasyunal na pamilya?
   a. Ang ama ang siyang pangunahing naghahapbuhay para sa pangangailangan ng pamilya
   b. Ang ina ay naghahanapbuhay para maitaguyod ang mga pangangailangan ng pamilya, katuwang ng asawa
   c. Ang pagkakaroon ng kaunting anak dahil sa pagpaplano ng pamilya
   d. Ang mga miyembro ng pamilya naninirahan sa Pilipinas, ang ina o ama ay nasa ibang bansa para makapagtrabaho

7. Ano ang negatibong epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino para sa iyo?
   a. Ang posibilidad na maging dayuhan sa sariling bayan
   b. Ang pagbabago ng tradisyunal na pamilya sa transnasyunal na pamilya
   c. Ang pagtangkilik sa mga gawang dayuhan
   d. Ang pagkakaroon ng hindi pakakaunawaan ng magkakapatid

8. Sa paanong paraan makaiiwas sa epekto ng migrasyon na pagbabago sa mga pagpapahalaga at pamamaraan sa pamumuhay?
   a. Huwag papansinin ang mga makabagong teknolohiya at pamamaraan sa buhay.

b. Ang malalim na pagkakahubog ng mga magulang sa mga anak ukol sa mga pagpapahalaga at kultura bilang isang tunay na Pilipino

c. Ang hindi pagtanggap sa mga pagbabagong dulot ng globalisasyon

d. Ang pagtangkilik sa sariling gawang Pilipino

9. Ano ang isang mabisang paraan para maiwasan at mapaghandaan ang isa sa mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino ukol sa paghihiwalay ng mag-asawa?

a. Panatilihin ang bukas na komunikasyon sa isa't isa

b. Pagkakaroon ng matatag na pagmamahalan, respeto at tiwala sa isa't isa

c. Ang madalas na pag-uwi ng asawang nagtatrabaho sa ibang bansa

d. Ang pagkakaroon ng mga *counselling centers*

10. Sino ang pangunahing naaapektuhan ng mga banta ng migrasyon sa pamilyang Pilipino?

a. Ang asawang naiiwan sa pamilya

b. Ang Pamilya

c. Ang mga anak

d. Ang asawang nagtatrabaho sa ibang bansa

Gawain 2

Panuto:

- Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag sa unang kolum.

2. Lagyan ng tsek ang kolum na nagpapahayag ng antas ng iyong pananaw.

Mga Pahayag	**Lubos ang pagsang-ayon**	**Sang-ayon**	**Hindi gaanong sang-ayon**	**Hindi sang-ayon**
1. Ang pangingibang bansa ay karaniwan na sa mga Pilipino		✓		
2. May positibong epekto sa katatagan ng pamilya ang migrasyon				

Mga Pahayag	Lubos ang pagsang-ayon	Sang-ayon	Hindi gaanong sang-ayon	Hindi sang-ayon
3. Nakakaangat sa katayuan ng pamilya ang migrasyon				
4. Matatag ang komunikasyon ng pamilya dahil sa migrasyon				
5. Gumagaya ang anak sa magulang na mangibang-bansa				
6. Responsable ang anak na ang magulang ay nasa abroad				
7. Nararapat na makapagtrabaho ang Pilipino sa ibang bansa				
8. Lubos ang pagkakahubog ng anak na nasa abroad ang magulang				
9. Naipagmamalaki ang kultura ng Pilipino sa ibang bansa				
10. Ang migrasyon ang tumutugon sa pag-asenso sa Pilipino				

Pagsusuri: Pag-isipan at talakayin. Isulat ang kasagutan sa iyong journal.





1. Ano ang nalaman mo ukol sa iyong personal na pananaw sa migrasyon o pangingibang bansa ng mga Pilipino? Sang-ayon ka ba?
2. Ano ang iyong nararamdaman ukol sa nalaman mo sa iyong pananaw?
3. May kapayapaan ka ba ng kalooban sa iyong pinanghahawakang pananaw ukol sa pangingibang bansa at sa mga epekto nito?

B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1. Pagsusuri ng mga Larawan

Panuto:

- Batay sa mga larawan, sagutin ang sumusunod na mga gabay na katanungan
- Bumuo ng triad at talakayin sa grupo ang inyong mga ideya ukol sa mga gabay na katanungan at isulat ito sa manila paper

3. Pumili ng isa sa inyo na magbahagi sa klase para sa talakayan



4. Ano-ano ang positibong nagagawa ng migrasyon o pangingibang bansa ng mga karamihang mga Pilipino?

   a. *Nakapagpupundar ng bahay at mga kagamitan*

   b. _____

   c. _____

   d. _____

5. Ano-ano ang negatibong epekto ng migrasyon o pangingibang bansa sa pamilyang Pilipino?


   a. _____

   b. _____

   c. _____

   d. _____

Gawain 2: Pagsusuri ng *Comic Strip*



Panuto:

1. Suriin at sumulat ng isang refleksyon ukol sa mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino ayon sa dalawang sitwasyong ipinapakita sa mga comic strip.
2. Ano-ano ang paraan at patnubay upang mapaghandaan mo ang mga ito at matugunan ang hamon ng migrasyon? Ipaliwanag.
3. Paano mo maisasabuhay ang mga hakbang na iyong nabuo?
4. Isulat ang refleksyon sa isang bondpaper.




C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN AT PAG-UNAWA

Tuklasin mo ang iyong pagkakaunawa sa konsepto ng migrasyon sa kasalukuyang panahon.

Panuto:

1. Panoorin ang komersyal video na “Babalik ka rin” ni Gary V.
2. Bumuo ng limang pangkat at magkaroon ng “Brainstorming” at sagutin ang mga gabay na katanungan sa isang cartolina at maglalahad ang tagapag-ulat ng kanilang mga nabuong ideya ukol sa mga gabay na tanong na batay sa komersyal video

Gawain 1. Pagsusuri ng Komersyal



(Babalik ka rin - ni Gary V.)
http://wn.com/babalik_ka_rin/images, Oct. 2, 2012

Gabay na tanong:

1. Ano ang tema ng komersyal na napanood mo? Ano ang iyong naisip o may naalala ka ba na kaugnay sa napanood mo?
2. Sino-sino ang miyembro ng pamilya ang ipinakita sa komersyal? At ano ang mga damdaming naipadama nila? Bakit?
3. Ano ang karaniwang dahilan ng pagpunta sa ibang bansa ng mga Pilipino ang naipakita sa komersyal?
4. Ano ang tanging nag-uugnay sa mga miyembro ng pamilya na nagkalayo at ano ang nagpapatatag sa kanilang ugnayan?
5. Ano ang mga sakripisyo ng bawat miyembro ang naipakita sa komersyal?

Gawain 2: Pagsusuri ng Pelikula



http://www.youtube.com/watch?v=ouh8AG0IgRE, Oct. 2, 2012

Naliwanagan ka na ba sa iyong napanood at naunawaan mo na ba ang mga epektong maaaring makaimpluwensya sa ugnayang pamilya, dahil sa pangingibang bansa ng karamihan sa mga Pilipino sa kagustuhang umangat ang buhay?

Panuto: Magsulat ng isang sanaysay sa iyong journal batay sa film clip na Anak. Gamitin ang mga gabay na katanungan sa iyong pagninilay.

Mga Tanong:

1. Ano ang iyong naging pang-unawa sa mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino ang naipakita at batay sa iyong napanood na film clip na Anak? Palawakin.
2. Ano ang mga dahilan ng migrasyon na sanhi ng pagkakalayo ng mga miyembro ng Pamilya, ang naipabatid sa film clip? Paano tutugunan ang mga ito?
3. Ano ang iyong damdamin sa mga epekto ng migrasyon na iyong napanood sa film clip? Paano mo mapapamahalaan ang iyong damdamin upang maiwasan ang ganitong sitwasyon?
4. Kung ikaw si Claudine, ano ang mas makatuwirang kilos ang iyong gagawin upang malabanan ang mga epekto ng migrasyon na nagpapahina sa matatag na ugnayang pampamilya? Ipaliwanag.
5. Paano mo maisasabuhay ang mga konkretong hakbang sa pagharap mo sa mga epekto ng migrasyon tungo sa kinakaharap na mga hamon ng makabagong panahon?

Ang pangkabuhayang pangangailangan sa pamilya ang isa sa mga pangunahing dahilan ng migrasyon. ***Ayon kay* Dr. Manuel Dy Jr., *"Ang pamilya ang pinakaugat ng lipunan. Dito tayo unang natututong makipagsalamuha sa ibang tao labas ng ating pamilya. Sa pamilya nagsisimula ang mga pagpapahalaga at higit sa lahat ang pagmamahal."*** Kailangang mapagtibay ang mga birtud na ito, gayundin ang pagkamakapamilya, pagkamakabansa at pakikipagkapwa upang mahubog ang katatagan ng pagkatao. Ang mga ito ay makatutulong sa paghahanda sa mga epekto ng migrasyon, na siyang dapat pagtuunan ng pansin upang makaagapay sa hamon ng makabagong panahon.



D. PAGPAPALALIM

Ang Migrasyon at ang mga Epekto Nito sa Pamilyang Pilipino



"*Babalik Ka Rin*." Pamilyar ka ba sa awitin na ito ni Gary Valenciano? Tungkol ito sa mga Pilipinong

nangibang-bansa at pagkalipas ng ilang taon ay nagbalik sa sinilangang lupa. Sa makabagong panahon ito ay tinukoy na migrasyon.

Ano nga ba ang kahulugan ng migrasyon? Ano ang pinag-ugatan nito? Anu–ano ang mga epekto nito sa pamilyang Pilipino? Ang *migrasyon ay ang paglipat ng isang tao patungo sa isang lugar para humanap ng mga kalakal*. Ang *migrasyon ay ang pagiging dayuhan ng mga tao sa isang bansa*. Ang mga pinag-ugatan nito ay naayon sa mga pangangailangan ng bawat indibidwal at ng pamilyang kinabibilangan. May mabuti at masamang epekto ang migrasyon sa kabuuan at sa pamilyang Pilipino.

Ang Pag-usbong ng Migrasyon



Ang migrasyon sa Pilipinas ay makasaysayan, ang pangangalakal ng Tsina sa ating bansa na pinamunuan ni *Zulu royalty Padua Bazaar*, ang naitala na pinakaunang migrasyon sa ating bansa, 1417 (Ang, See 2006). Noong Hispanic period (1763), ang isa sa mga Pilipinong mandaragat ay tumalon buhat sa isa sa mga *Galleons* (katawagan sa mga sasakyang pangkaragatan noong panahon ng mga espanyol) na patungo sa Manila-Acapulco at namuhay na sa Louisiana, isa sa mga siyudad ng Hilagang America. (Bautista, 2002).

Ang migrasyon sa kulturang Pilipino ay nagsimula sa paglipat o pagdayo ng mga mamamayang taga baryo patungong lungsod. Ang mga *anak ay dumadayo sa lungsod upang makapag-aral sa mas mataas na paaralan o maging sa mga kolehiyo, hanggang sa doon na rin makapagtrabaho*. Gayundin ang ilan sa mga *magulang na lalaki ay nangingibang-bayan upang makahanap ng trabaho na may mas mataas na suweldo*. Ang ganitong mga sitwasyon ay nagpatuloy at nagpasaling-lahi. Sa pag-usad ng makabagong panahon, naging mas malawak ang saklaw ng pagdayo at paglalakbay ng mga Pilipino sa iba't ibang lugar at bansa. Maging ang kanilang mga dahilan sa paglakbay ay lumawig din ang saklaw.

Ang migrasyon sa makabagong panahon ay nagkaroon ng bagong mukha, na kung saan malimit noon ay mga anak ang nangingibang bayan upang makapag-aral at makapagtrabaho, at ang mga magulang na lalaki ang karaniwang dumadayo

sa ibang lugar o pook upang makapaghanapbuhay para sa kanilang mga pamilya. Sa kasalukuyan, karamihan ay mga magulang na ang dumadayo sa mas malalayong lugar o bansa, gayundin ang mga kababaihang ina, na sila na ang napapalayo sa piling ng mga anak at sa asawa na hindi likas sa kulturang Pilipino. Ang mga di mabilang na ganitong sitwasyon ang nagiging daan sa unti-unting pag-usbong ng bagong pananaw sa migrasyon sa ating bansa.

Ang Dahilan Ng Migrasyon



Ano nga ba ang dahilan ng paglawak ng migrasyon sa Pilipinas? Ang mga aspekto na nagtutulak sa kagustuhang makapagtrabaho sa ibang bansa ng mga Pilipino ay may iba't ibang dahilan, ayon sa Overseas Workers Welfare Administration (OWWA), 1991. Ang mga karaniwang dahilan ay mataas na antas ng pamumuhay, kakulangan ng oportunidad na makapagtrabaho, kagustuhang mapagtapos sa pag-aaral ang mga anak. Ayon naman sa Soroptimist International (1994), isang pandaigdigang pribadong organisasyon ang nagpahayag na ang pinakapangunahing dahilan ng mga *Overseas Contract Workers* (OCWs) ay ang edukasyon ng mga anak (80.7%). Ang mga iba pang kadahilanan ay may kinalaman sa panghanapbuhay na aspeto, mas mataas na sahod (63.3%), makabili ng bahay at lupa (50.0%), pambayad ng mga utang (31.3%), para sa pangkapital sa negosyo (29.3%), makabili at makapagpundar ng mga ari-arian (17.3%) at iba pang pang-ekonomikal na pangangailangan (22.0%). Ang mga kadahilanang ito ang patuloy na nagiging matibay na dahilan upang ang migrasyon sa bansa ay lumawig at maging isang panlipunang pangyayari o ganapin. Ito ang katotohanan sa lahat ng mga mahihirap na bansa at papaunlad pa lang na mga bansa. Ang walang humpay na pagyabong ng Filipino diaspora (*Overseas Filipinos*) sa buong mundo ay kapansin-pansin at nagdudulot ng iba't ibang epekto sa pamilyang Pilipino.

Mga Epekto ng Migrasyon sa Pamilyang Pilipino

Ang migrasyon ay may malaking impluwensya sa mga kabataan. Ang linyang *"Paglaki ko, Mag-aabroad ako!"* ay nagsasaad ng masidhing pagkagusto at

pagnanais ng mga anak na mangibang bansa para makapagtrabaho tulad ng kanilang mga magulang (Augustus T. Anonuevo at Joicel C. Sopena*)*. Ano-ano nga ba ang mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino? May mga kabutihan at kaaya-ayang resulta ang pagtatrabaho at pangingibang bansa sa pamumuhay, na senyales ng pag-unlad ayon kay Jimenez, 1988. Ayon sa kaniya, ang sumusunod ay ang mga naidudulot na kabutihan nito: pagpapagawa ng mga bagong bahay, ang pagkakaroon ng kalidad na edukasyon ng mga anak, ang mga patunay ng umaasensong negosyo na naipundar, at ang kakayahang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng pamilya.

Ang migrasyon ay patuloy na lumalawak dahil na rin sa mga positibo nitong epekto, narito pa ang ilan sa mga naidudulot na kabutihan nito: *Ang perang padala ng mga OFWs sa kanilang mga pamilya ay nakatutulong nang malaki sa pag-aangat ng kalagayang pangkabuhayan ng bansa, naipapamalas ang kulturang Pilipino sa ibang lahi, nagagamit at tumitingkad ang mga talino at kagalingan ng mga Pilipino sa ibang bansa.* Ang mga epekto ng migrasyon ay masasalamin sa iba't ibang kuwento ng totoong buhay sa likod ng pangingibang-bansa ng ilang mga Pilipino.

Ang kuwento ni Claire, siya ay sampung taong gulang ng umalis ang kaniyang mga magulang patungong Rome. "ako ay napakabata pa nang umalis ang aking mga magulang," kuwento pa niya. "Syempre naaalala ko sila palagi at nangungulila ako sa kanilang pangangalaga at atensyon. Mas lalo ko silang naalala sa tuwing pinapapunta ang aking buong pamilya sa paaralan. Mabuti na lang at nariyan palagi ang aking tiyahin at lola para samahan ako. Minsan nalulungkot ako, kaya lang wala akong magawa dahil sabi nila, para sa akin ang kanilang pagtatrabaho sa ibang bansa. Nasa akin na lang na matugunan ko sa aking sarili ang mga pangangailangan na hindi maibigay ng mga magulang ko tulad ng prisensya nila. Kailangan ko na lang mag-aral nang mabuti at gawin ko silang inspirasyon." Sa kasalukuyan si Claire ay kumukuha ng kurso na nursing sa isa sa mga unibersidad sa Maynila. Tulad ni Claire, may mga anak na nakakayanang labanan ang mga pagsubok ng kalungkutan at pangungulila sa mga magulang na nagtatrabaho sa ibang bansa at pilit na pinagbubutihan ang pag-aaral upang magkaroon ng magandang buhay at magkaroon ng malaking kabuluhan ang pagsasakripisyo ng mga magulang sa ibang bansa. Hango sa totoong buhay, (The Plight of Children of OFWs, Gina Melgar at Rene Borromeo, 2008).

Sa kabila ng mga nabanggit, hindi lingid sa ating kaalaman na hindi lahat ng mga OFWs at ng kanilang pamilya ay naging matagumpay sa kanilang pangingibang bansa at paglayo sa pamilya.

Si Leonil, 20 anyos ay drop-out sa high school noong siya ay nag-aaral. Naghihintay lang siya ng padalang pera ng kaniyang ina na nasa Italy. Ginagastos niya ang perang padala sa sugal, alak at babae. Naging pabaya siya sa pag-aaral at sa buhay niya. Sa kasalukuyan ay inaayos niya ang kaniyang buhay at nag-aaral sa isa sa unibersidad sa Batangas. Subalit, nasayang na niya ang napakaraming lumipas na taon at perang nilustay, nasayang sa kabila ng pagsasakripisyo ng kaniyang mga magulang. Hango sa totoong buhay, (The Plight of Children of OFWs', Gina Melgar at Rene Borromeo, 2008).

Hindi maikakaila ang mga nagiging epekto ng migrasyon sa katatagan at pangkultural na pananaw natin sa pamilyang Pilipino. At ito ay dulot ng kahirapan, mababang sweldo at kakulangan ng trabaho na siyang patuloy na dahilan upang mangibang bansa ang mga Pilipino. Sa ating kultura, ang pamilya ang siyang institusyon na naghuhubog sa mga mamamayan ng lipunan, ang dapat mangalaga at magbigay ng proteksyon sa kaniyang mga miyembro. Ito ay pinagtibay ng *The New Family Code (Executive Order No. 209 as amended by Executive Order no. 227)* "The Family, being the Foundation of the nation, is a basic social institution which public policy cherishes and protect." At ito ay dapat matugunan ng lipunan sa bawat pamilyang Pilipino. Sa kasalukuyang makabagong panahon, unti-unting nagbabago ang pananaw ng mga Pilipino sa ganitong konsepto ng pagpapamilya dahil na rin sa mga ibang epekto na dulot ng migrasyon.

Narito ang mga epekto ng migrasyon na dapat harapin:
(Anonuevo, Augustus T., et al, 2008)

1. *Ang pagbabago sa mga pagpapahalaga at pamamaraan sa pamumuhay.* Sa kabila ng patuloy na pagtugon sa mga gastusing pampamilya, ang mga anak na naiiwan ay masyadong nahihikayat sa mga materyal na



bagay dala ng mas maluwag na pagtatamasa sa mga naipapadala ng magulang. Ang mga kabataan ay nagkakaroon ng masidhing pagtangkilik sa produktong dayuhan kaya nakakaligtaan ang ating mga sariling produkto. At ang patuloy na pagbabalik at paghahangad na makapagtrabaho sa ibang lugar ay dahilan at hindi makapagserbisyo sa kapwa mamamayan at sa sariling bayan ang ilan sa mga Pilipino. Ang mga ito ay ilan sa mga pagbabago ng kamalayan sa pagpapahalaga at pamamaraan sa pamumuhay ng pamilyang Pilipino.

2. *Ang mabagal na pag-unlad sa pangkaisipan at panlipunan na aspekto ng mga anak.* Isang kritikal na yugto ang panahon ng pagdadalaga at pagbibinata, ito ang yugto na nahuhubog ang kanilang kabutihan, kaganapan ng kanilang sarili at ang pagpapaunlad buhat sa kabataan tungo sa mas mapanagutang pagkatao (Erikson, 1968). Mahalaga ang presensya at mabuting halimbawa ng magulang sa mga anak sa panahong ito. Ang kawalan ng presensya at tuwirang pagkalinga ng isa sa mga magulang ay may epekto sa moral na pagpapahalaga ng kabataan. Maaaring maging dahilan ito ng mga maling pagpapasiya ng kabataan, pagkakaroon ng maling kamalayan sa mga bagay-bagay at sitwasyong kakaharapin niya sa pamayanan.

3. *Maaaring maging dahilan ng paghihiwalay ng mag-asawa at panghihina ng katatagan ng pamilya.* Hindi natin maitatanggi na nagiging dahilan din ng paghihiwalay ng ilang mag-asawa ang matagalang pagkalayo sa isa't isa, na nagiging daan sa pagkasira ng kanilang ugnayang mag-asawa. Isa ring nakalulungkot na katotohanan ay ang pagkalayo ng loob ng mga anak sa magulang na napalayo sa kanila sa matagal na panahon dahil sa migrasyon, taliwas sa kung parehong nakalakihan ng anak ang mga magulang at nakapaghubog ng matatag na pakikipag-ugnayan sa isa't isa.

4. *Ang nagbabagong konsepto ukol sa tradisyunal na pamilya sa transnasyunal na pamilya.* Sa kulturang Pilipino, ang ama ang pangunahing tumutugon sa mga pangangailangang pampamilya. Ang ina ang nagtataguyod ng kaayusan at pangangalaga sa mga anak, at nakadepende sa asawa sa mga pangangailangang pinansyal. Ang ama naman ang pangunahing tagapagpasiya sa pamilya. Dahil sa ganitong sistema, kumpleto ang pamilya.

Sa transnasyunal na pamilya, ang mga babae ay tumutulong na sa pagtustos ng pangunahing gastusin, nagkakaroon ng pagkakataong magpasiya para sa pamilya subalit nawawalan ng pagkakataong gabayan ang mga anak, dahil sa malayo sila sa mga ito. Ito ang ilan lang sa mga pagbabago sa nakagisnang sistema at kultura ng pamilyang Pilipino.

5. *Ang pagkakaroon ng puwang at kakulangan ng makabuluhang komunikasyon at atensyon ng magulang sa anak at ng anak sa magulang.* Ang komunikasyon at paglalaan ng atensyon sa pamilya ang nagpapatatag ng pagkakaugnay ng bawat miyembro sa isa't isa. Ang hamon ng globalisasyon ang dahilan ng mga makabagong pamamaraan sa pakikipagtalastasan o ang tinatawag na *virtual* na komunikasyon, na madalas nagagamit ng mga anak at magulang dahil na rin sa makabagong panahon at ang tanging paraan para sa kanilang pakikipag-ugnayan. Ang dating harapang pag-uusap na mas nakapagpapadama ng iba't ibang positibong damdamin at malayang pagpapahayag ng saloobin ay unti-unting nagkaroon ng harang dahil sa mga sitwasyong tulad ng pagtatrabaho sa ibang bansa.

   Ang *cellphone, computer, video calling* at ang mga *internet connection* ang tanging nag-uugnay sa mga miyembro ng pamilya. At madalas, pinansyal na aspeto ang mga napag-uusapan lamang, dahil sa limitadong oras at panahon, ayaw mabigyan ng alalahanin ang mga magulang na malayo sa kanilang piling, ayaw maipaalam ng magulang ang tunay na sitwasyon sa ibang bansa. Dahil sa mga ito, ang tunay na pagkakalapit at pagpapalitan ng mga saloobin ay hindi na napaglalaanan ng atensyon.

Ilan lang ang mga ito sa mga pangunahing epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino. Sa kabila ng ganitong sitwasyon, hindi maiiwasan sa pamilyang Pilipino ang harapin ang ganitong kalagayan, dahil na rin sa kahirapan. Sa ganitong mga pagkakataon, dapat mangibabaw ang mga pagpapahalagang Pilipino tulad ng "katatagan ng pamilya at pag-uugnayan", na mga likas na katangian ng mga Pilipino (Shahani, Leticia 1984). Ayon naman kay Esther J. Esteban (1989), "sa pamilya nahuhubog ang mga magiging mapanagutang mamamayan ng lipunan," kaya dapat hubugin at patatagin ang pagmamahalan at ugnayan ng mga sumisibol na miyembro sa pamilya. Dahil dito mahuhubog ang mga kabataan upang maging handa sa

anumang mga pagsubok na kanilang kakaharapin sa makabagong panahon ng globalisasyon at migrasyon.

Pagharap sa Hamon ng Migrasyon

Ang pagharap sa mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino ay nangangailangan ng mga konkretong hakbang upang maging handa ang mga anak at mga magulang at upang mapagtagumpayan ang mga negatibong epekto ng pangingibang bansa.

Sa ganitong sitwasyon nagsisimula ang pagmamahalan ng mag-asawa. Ayon kay ***St. Thomas Aquinas, "itinuturing na ang pagaasawa at ang buhay pagpapamilya ay nauugnay sa kalikasan ng pagkatao."*** Kaya nararapat ang pagpapatatag ng pagmamahalan ng mag-asawa. Tulad ng natutuhan mo sa Modyul 1, ang pagmamahalan ng mag-asawa ang batayan ng katatagan ng pamilya. Sa katatagang ito nahuhubog ang pagkatao ng bawat miyembro na handang humarap sa mga hamon ng makabagong panahon.

Ang sumusunod ay mga hakbang upang maging handa sa mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino: (*Marie E. Aganon, 1995*)

1. Pag-oorganisa at pagbuo ng mga *counseling centers*
2. Patuloy na paghubog ng mga pagpapahalaga at birtud sa mga anak
3. Pag-oorganisa at pagbibigay ng mga programang pangkabuhayan
4. Pagbibigay ng mga programang pang OCWs tulad ng makabuluhang pamumuhunan sa negosyo at pagsasakatuparan ng R.A. 8042

Narito pa ang mga karagdagang hakbang upang maging handa sa epekto ng migrasyon:

1. *Pagpapanatili at pagpapatatag ng bukas na komunikasyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya.* Mahalaga na magkaroon ng mga pagkakataong makipag-usap at makipag-ugnayan nang may pagmamahalan sa bawat miyembro ng pamilya araw araw.
2. *Ang pagkakaroon ng regular na pang-ispiritwal na counseling sa mag-asawa.* Ang regular na pagsasangguni ng mag-asawa sa ispiritwal na *counseling* ay

makapagpapatatag ng ugnayan at pagmamahalan ng magulang na mahuhubog din nila sa kanilang mga anak.

3. *Ang pagpapaunlad at pagpapatatag sa kultura ng pamilyang Pilipino.* Ang pagpapatatag at pagpapalalim sa positibong kamalayan ng kabataan ukol sa kultura ay makapagpapayabong at makapagpapanaliti sa kahalagahan ng kultura at ng mga pagpapahalagang Pilipino.

4. *Mapanatili ang matatag na pagmamahalan, pagtitiwala at paggalang sa bawat miyembro ng pamilya.* Napakahalaga na mahubog nang may katatagan ang iba't ibang pagpapahalaga at pag-uugali ng kabataan upang mahubog ang pagkatao at harapin ang hamon ng migrasyon.

5. *Pagpapalawak sa kamalayan ng mga kabataan ukol sa pagiging mapanagutan sa mga gampaning pampamilya.* Ang pagggawa ng mga tungkuling pampamilya ay hindi lamang nababatay sa kasarian ng bawat isa. Ito ay nababatay sa pagiging mapanagutan sa pagganap ng tungkulin – babae man o lalaki upang maging handa sa banta ng migrasyon at para sa katatagan ng ugnayan sa pamilya at paghubog sa mabuting pagkatao ng bawat miyembro nito.

Mahalaga na maisabuhay ang mga angkop at konkretong paraan ng pagiging handa sa mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino.

Ang migrasyon ay may malalim na pinag-ugatan. Ang hamon nito ay ang pag-agapay ng mga pamilyang Pilipino sa patuloy na pag-usad ng globalisasyon nang may katatagan. Ayon kay **Dr. Manuel Dy, "ang moral na paghusga sa globalisasyon ay hindi madali, dahil sa katotohanang ito ay kasalukuyan pa lang nagaganap at patuloy na pinagdedebatihan."**

Mahirap buwagin ng isang ordinaryong pamilya ang ganitong sitwasyon. Subalit, hindi dapat maging balakid ito sa patuloy na pagpapatatag ng pamilyang Pilipino, sa paghubog sa pagkatao ng mga miyembro nito at ang pagpapanatili sa ating kulturang pagkakakilanlan. Sa halip harapin ito at tugunan ng may katatagan.

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Makatutulong ang sumusunod na mga tanong na ito upang masukat ang iyong pag-unawa sa natapos na babasahin. Isulat ang inyong sagot sa mga katanungan sa iyong kuwaderno.

1. Ipaliwanag ang iyong pananaw ukol sa migrasyon sa Pilipinas.
2. Ano-ano ang pinag-ugatan o dahilan ng migrasyon sa Pilipinas?
3. Ano ang kahalagahan na malaman at masuri ang mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino?
4. Ano-ano ang epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino?
5. Bakit mahalaga na maging handa sa mga epekto ng migrasyon sa pamilyang Pilipino?
6. Ano-ano ang konkretong hakbang upang maging handa sa mga epekto ng migrasyon? Ipaliwanag.
7. Paano mapatatatag ang pagmamahalan sa pamilya bilang isang hakbang sa pagharap sa banta ng migrasyon sa pamilyang Pilipino?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Ano ang iyong naunawaang mahalagang konsepto sa babasahin?

Ano-ano ang hakbang na dapat isabuhay para sa pagiging handa sa banta ng migrasyon sa katatagan ng pamilyang Pilipino?

Buuin sa kuwaderno ang Batayang Konsepto gamit ang *Graphic Organizer* sa ibaba.



Batayang Konsepto:

_____

_____

_____

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad Ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?


Ngayon ay ganap mo nang nauunawaan ang konsepto ng migrasyon hindi lamang ang mga epekto nito kung hindi pati ang mga dahilan ng pangingibang bansa ng mga Pilipino. Mahalaga ring maisapuso at maisabuhay mo ang mga angkop at konkretong hakbang ng paghahanda mo sa hamon ng migrasyon.

E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gawain 1: "Round Trip"

Panuto:



1. Ikaw ay magkakaroon ng paglalakbay. Mayroong limang istasyon na iyong pagdaraanan at bawat istasyon ay may nakasulat na gabay na katanungan upang makabuo ka ng pag-unawa sa dapat mong gampanan sa iyong paglakbay sa susunod na istasyon.

2. Ang iyong kasagutan ay isusulat sa mga nakalaang bakanteng papel na nakadikit sa bawat katanungan, isulat ang iyong pangalan sa bawat papel ng iyong kasagutan. Sa bawat istasyon na iyong iiwanan ay may bubunutin ka ring puntos, hanggang matapos mo ang iyong paglalakbay at makalikom ka ng lubos na pag-unawa sa batayang konsepto at mga puntos sa iyong pag-uwi.

(Maaaring isagawa ito sa mas malaking lugar, maliban sa silid-aralan)

Mga istasyon:

Unang istasyon: Ano ang pananaw mo ukol sa migrasyon? (5 puntos)

Ikalawang istasyon: Makatwiran ba ang mga dahilan ng pangingibang bansa ng mga karamihan sa mga Pilipino? Ipaliwanag. (5 puntos)

Ikatlong istasyon: Anu-ano ang mga tungkulin na dapat mong gampanan sa pagpapatatag ng inyong pamilya? (5 puntos)

Ikaapat na istasyon: Anu-ano ang mga angkop na paraan upang maging handa ka sa mga epekto ng migrasyon? (5 puntos)

Ikalimang istasyon: Paano mo haharapin ang epekto ng migrasyon kaugnay sa mga banta nito? (5 puntos)

Gawain 2


1. Pagtatala ng mga tungkulin o hakbang para sa pagpapatatag ng pamilya
2. Pagtatala ng tungkulin o hakbang sa pagpapanatili ng pagiging mapanagutan sa pagharap para paghandaan ang epekto ng migrasyon
3. Pagsulat ng komento sa kolum at paraan kung paano maisasabuhay ang mga tungkulin o hakbang sa paghahanda sa banta ng migrasyon.

Tungkulin o hakbang sa pagharap sa epekto ng migrasyon	**Paano mapapatatag ang pamilya bilang paghahanda sa epekto ng migrasyon**	**Paano maisasabuhay ang mga hakbang**
1. Pagpapatatag ng komunikasyon sa lahat ng miyembro ng pamilya		

Pagninilay

1. Sumulat ng isang pagninilay o repleksyon ukol sa kung paano mo pauunlarin ang pagtupad ng iyong mga tungkulin bilang anak para sa pagpapatatag ng inyong pamilya, upang makatulong sa pamayanan at magsilbing mga hakbang laban sa mga banta ng migrasyon sa pamilyang Pilipino.

2. Isulat ito sa iyong journal upang matugunan ang pagsasabuhay ng mga ito sa pang-araw-araw na gawain. Itala rito ang pagsasagawa ng iyong mga tungkulin o hakbang na nabuo.



Pagsasabuhay

Gumawa ng Talahanayan ng Pagtupad ng mga Hakbang o Kilos

Panuto:

1. Bumuo ng mga sariling hakbang sa paghahanda sa mga banta ng migrasyon sa pamilyang Pilipino ayon sa mga hakbang na nakasaad sa babasahin o aralin. Gawin ito sa iyong *journal* para masubaybayan ang paggawa nito.
2. Isabuhay ang mga konkretong hakbang ng paghahanda sa mga epekto o banta ng migrasyon at iyong patatagin upang mapaghandaan ang mga hamon ng kasalukuyang panahon.
3. Subaybayan ang pagsasakilos mo sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay sa loob ng dalawang linggo. Bigyan ng komento ang pagsasabuhay mo sa mga hakbang at itala sa talahanayan. Narito ang halimbawa ng gawain.

Talahanayan ng Pagtupad ng mga Hakbang o Kilos

Mga Hakbang	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes
1. Pagpapanatili at pagpapatatag ng bukas na komunikasyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya					
2. Mahubog at mapatatag ang pagmamahalan, pagtitiwala at paggalang sa bawat miyembro ng pamilya					
3. Ang mapaunlad at mapatatag ang kultura ng pamilyang Pilipino					
4. Ang paggawa ng mapanagutang gampanin bilang miyembro ng pamilya sa kabila ng kasarian					

Lagyan ng tsek (✓) ang bawat kolum ng araw kung ito ay nagawa at komento kung paano napaunlad ito at naisasakatuparan sa araw-araw.

Kumusta na?
Naisakatuparan mo ba nang maayos ang mga gawain sa modyul na ito?
Kung *oo*, binabati kita!
Kung *hindi*, balikan ang mga gawaing di natapos. Katangian ng isang mapanagutang mag-aaral ang sumangguni at humingi ng tulong o paggabay mula sa kaniyang kamag-aral o guro.

Mga Kakailanganing Kagamitan

- Bondpaper
- Cartolina
- Manila Paper
- Pentelpen

Mga Sanggunian

Agapay, R. (1991). Ethics and the Filipino.

Aganon, M. (1995). *Migrant labor and the Filipino family*. Quezon City: Office of Research Coordination, University of the Philippines

Anonuevo, A. et. al. (2008). *Children's response to the challenge of migration* (Trainors' Training Manual on Capacity Building for Children of Overseas Filipinos). Atikha Overseas Workers and Communities Initiative, Inc.

Anonuevo, A. et. al. (2008). *Children's response to the challenge of migration* (Reference Materials). Atikha Overseas Workers and Communities Initiative, Inc.

Dy, M. (1997). *Budhi:* A Journal of Ideas & Culture, Volume V Number 1, 2001

Esteban, E. (1989). Education in values: What, why and for whom.

Parrenas, R. (2006). *Children of global migration*. Quezon City: Ateneo De Manila University Press

Parrenas, R. (2003). *Servants of globalization*. Quezon City: Ateneo De Manila University Press

Timbreza, F. (2010). *Pagpapahalaga ng pamilya*. Society of The Divine Word.

Definition of Migration. Retrieved from www.ghs-mh.de/migration/projects/.../define.h... on September 25, 2012

Definition of Migration. Retrieved from *www.indepth-network.org/.../Migrationdefinit...on September 25, 2012*

Effects Of Migration On *Filipino* Families. Retrieved from www.ofwngayon.com/.../effects-of-migration...on September 25, 2012